# Tagumpay

## Laban sa Makasariling Buhay

**ni: Paul G. Caram, Ph.D.**

Pagkasumpong ng kalayaan mula sa mga sariling bilangguan

Pagpapayaman ng ating relasyon sa iba at sa Diyos

Pagdating sa ating mana at banal na pagkamabunga

Karapatang-sipi © ni Paul G. Caram
Fourth printing, March 1998
All rights reserved.
Printed in the U. S. A.

Para sa higit pang impormasyon o
Karagdagang mga kopya makipag-ugnay sa:

**Zion Christian Publications**
**Box 256**
**Ulysses, PA. 16948**
**Phone (814) 848-9775**
**Fax (814) 848-7315**

Inilimbag ng:

Swyers Printing
C.F. Swyers & Sons Incorporated
Four Center Drive, Quaker Centre
Orchard Park, New York 14127

ISBN # 0 - 9627490 - 3 - 6

# PAG-AALAY

Dahil sa labis na pasasalamat at buong pagmamahal na pagpapahalaga, itong "*Mga serye ng Kaganapan ng Kristiyano*" ay inihahandog sa kagalang-galang na:

**Brian J. Bailey**

**Pangulo ng Zion Fellowship International**

Ang aking espirituwal na ama at dalubhasang guro mula sa aking kabataan sa mga sagradong hiwaga ng kaharian ng langit, kung saan ang kapuri-puring buhay at ministeryo ay pumukaw sa aking pag-ibig para kay Kristo at sa Kanyang Katotohanan; na palagi para sa akin at sa ating lahat na nakakikila sa kanya, ay Kristiyanong uliran at maginoo, walang maipipintas at mapag-kawanggawa.  At higit sa lahat, siya ang lalaking pinagtibay ng Diyos, ang lalaki kung saan ay ipinapakita ng Diyos ang Kanyang mukha!

# PAUNANG SALITA

Ang mga pagkakasira, mga karaniwang gawain, mga pagkalugmok, mga pag-iisip, mga gawi, mga salungatan, at mga pagdurusa— lahat nang ito ay mga bilangguan ng makasariling buhay kung saan ang isang tao ay hindi maaari o hindi alam kung papaano palalayain ang kanyang sarili!

Ang aklat na ito ay hindi isinulat para sa mga hindi mananampalataya. Ito ay para sa mga ipinanganak na muli, sa mga Kristiyanong puspos ng Banal na Espiritu na nakikipaglaban sa mga isyung ito. Ang digmaan ng isang mananampalataya laban sa isang hindi makadiyos na sistema ng sanlibutan at ni Satanas, ngunit *hindi* ang mga ito sa katunayan ang kanyang pinakamatinding mga kaaway. Dapat kilalanin na ang ating pinakamatinding problema ay hindi si Satanas o ang kanyang mga demonyo at mga nahulog na anghel, ni ang sanlibutan at lahat nitong pang-aakit at panggigipit. Hindi! Ang ating pinakamatinding laban at problema ay higit na malapit sa ating tirahan. Ito ay nasa loob ng ating mga sarili, sa pinakasentro ng ating pagkatao. Ito ay *mula sa loob* na binubuksan at isinasara natin ang pintuan-alinman sa Diyos o kay Satanas at sa sanlibutan. Oo, ang pinakamatinding kaaway na ating kinakaharap ay nasa ating sarili - sa ating sariling mga puso.

Si Jesus ay nagturo tungkol sa pinaka-kritikal na mga isyu ng buhay, at nakatuon Siya sa paksa ng *puso* ng higit pa sa anumang bagay. Ginawa Niya ito dahil sa katunayan ay ito ang pinakabuod ng lahat ng mga isyu. (Kawikaan 4:23) ang pangangailangan para sa isang bagong puso ay *palaging* ang pinakamatinding pangangailangan sa tao.

Ngunit hindi iniwanan ng Diyos ang Kanyang bayan ng walang pag-asa, sapagkat ipinagkaloob Niya para sa ating lahat ang paraan upang magkaroon ng isang bagong puso at isang bagong espiritu. Gayunpaman ito ay hindi dumarating sa isang madaliang pagkampay na parang katulad ng isang mahikang patpat, sa halip ang bagong puso na ito ay dumarating ng paunti-unti, hakbang-hakbang, habang tayo ay nagpapatuloy sa pagsunod sa Kanyang mga plano para sa ating mga buhay. Ang pagkakasumpong na iyan ng bagong puso at kalayaan mula sa mga bilangguan ng makasariling buhay ay kung ano ang pinatutungkulan ng aklat na ito!

Tulad ng sinabi ng isang may-akda, wala ngayon ni saan man sa mga pinaka-pangunahing anyo ng siyensiya at pag-aaral ang maaaring makapag-alis sa tao mula sa kanyang pagkaalipin. Iyon ay dahil *ang pinagmumulan* ng problema ng tao ay hindi pinansin— ang problema sa kanyang puso ng isang likas na sakim na PAGKAAKO. Ang pagkamakasarili, gaya ng makikita mo sa kabuuan ng manwal na ito, ang siyang nasa pinakailalim sa maraming mga bilangguan na nilikha ng tao para sa kanyang sarili. Hindi si Satanas ang ating

pinakamatinding kaaway! Ang mga hindi naligtas, hindi naisuko, hindi naliwanagang mga bahagi sa kaloobang buhay ang mga matitinding kalaban na kinakaharap ng tao.

Naniniwala ako nang ilang panahon na ang Iglesya, hindi ang mundo ang dapat magkaroon ng sagot para sa karamdaman ng sangkatauhan; sapagkat ang tunay na problema ng tao ay espirituwal. Ito ay aming masidhing pag-asa at panalangin na ang manwal na ito ay maging bahagi ng kasagutan!

*Paul G. Caram*

# TAGUMPAY LABAN SA MAKASARILING BUHAY

## Ang Manwal sa Pagtaas ng Pagkilala

TAGUMPAY LABAN SA MAKASARILING BUHAY ay ang pangalawa sa isang serye ng paksa sa "*Kristiyanong paglago*". Ang layunin ng kursong ito ay magkaroon ng isang puso at isip na malaya mula sa lahat ng kaguluhan, at upang makahanap ng pangmatagalang mga sagot sa mga sakit na umaagaw sa ating kagalakan at kapayapaan. Ito rin ang maalab na hangarin at layunin ng ating Panginoong Jesu-Cristo, na ang katotohanan ay ipinakita sa atin upang palayain tayo…sapagkat binayaran Niya para sa atin ang *buhay*, at buhay na mas masagana (Juan 10:10). Mula sa simula ng lahi ni Adan, ang tao ay humukay na sa kanyang sarili sa mental, emosyonal at espirituwal na mga hukay, nang hindi nalalaman kung paano niya mapapalaya ang kanyang sarili mula sa mga ito. Binakuran ng tao ang kanyang sarili sa mga bilangguan ng sariling buhay— mga araw-araw na gawain, mga nakasanayan, mga kinagawian, mga pagkaalipin at makasalanang pagkahumaling kung saan siya ay *hindi maari* o *hindi alam kung paano* makakatakas.

Kahit ang isang ipinanganak na muli, puspos sa Banal na Espiritu na mga Kristiyano ay nakikipaglaban sa mga bagay na ito. At habang ito ay isang katotohan na ang mananampalataya ay nakikipagdigma laban sa sistema ng mundo at laban sa diyablo, hindi ang mga ito ang pinakamatindi niyang mga kaaway! Kinakailangang makilala na ang ating pinakamatinding problema ay hindi si Satanas, ni sa mga pamunuan at kapangyarihan, ni sa mundo at sa lahat nitong pang-aakit at panggigipit. Hindi! Ang ating matinding laban at problema ay mas malapit sa tahanan. Ito ay namamalagi sa loob ng *ating mga sarili*, sa pinaka sentro ng ating pagkatao. Ito ay *mula sa loob* na binubuksan o isinasara natin ang pintuan— alinman sa Diyos, o kay Satanas at sa mundo. Ang pinakamatinding problema na mayroon tayo ay nasa ating sarili, nasa ating puso (Mc. 7:20-23; Mt.15:19-20).

Gayunpaman, hindi iniwan ng Diyos ang tao ng walang pag-asa, sapagkat ibinigay Niya para sa atin ang pagkakaroon ng isang bagong puso at bagong espiritu sa pamamagitan ng isang bagong tipan. At kahit na ito ay hindi mangyayari sa isahang kumpas ng parang sa isang mahikang patpat, ngunit ito ay darating ng unti-unti habang patuloy tayong sumusunod at tumutugon sa Diyos. Si Jesus ay nagturo sa pinaka-kritikal na mga isyu ng buhay, at ang pangunahing paksa Niya higit sa lahat ng bagay ay *ang puso* sapagkat ito talaga ang pinakabuod ng lahat ng mga isyu (Kaw. 4:23). Ang pangangailangan para sa isang bagong puso *ay* at ang *palaging nagiging* pinakamatinding pangangailangan sa tao (Mc. 3:5; 6:52; 8:17; 10:5; 16:14).

### HINDI SI SATANAS ANG ATING PINAKAMATINDING PROBLEMA!

**Ang hindi-naligtas, hindi-naisuko, hindi-naliwanagang mga bahagi ng sariling buhay ay ang mga mabibigat na hadlang na kinakaharap ng tao!**

• **Tayo ay may makasalanang kalikasan.** Kahit na si Satanas at ang lahat ng kanyang masasamang espiritu ay nabilanggo at itinapon, ang tao ay mayroon pa ring makasarili, katigasan ng ulo, at mapaghimagsik na kalikasan upang makipaglaban. Ito ay makikita sa Zacarias 14:16-21. Si Satanas ay tatalian sa loob ng isang libong taon gaya ng ipinakita sa Pahayag 20, ngunit kahit na ganun pa man, ang kalikasan ng tao ay lumalaban at naghihimagsik pa rin laban sa Diyos. Ito ang dahilan kung bakit hindi natin maaaring isisi and lahat kay Satanas. Kung si Satanas ay inalis sa eksena sa araw na ito, ang lahat ng ating mga problema ay *hindi* rin kaagad na mawawala, sapagkat mayroong isang pagtutol, isang matigas na kalikasang nananahan sa kailaliman ng kalooban ng tao. Si Satanas ay nagkakaroon ng kalayaang pumasok kung saan siya nakasusumpong ng isang kahinaan o kung saan mayroong bukas na pintuang nag-aanyaya sa kanya na pumasok. Samakatuwid, ang problema ay hindi si Satanas gaya sa ating sariling mga puso. Ang mga hindi nailigtas, hindi isinuko, at hindi naliwanagang mga bahagi ng isang buhay ay mga paanyaya para kay Satanas na pumasok.

• **Ang isang dalisay na puso ang susi sa pagpapanatili kay Satanas sa labas.** Sinabi ni Jesus, "Ang Prinsipe ng sanlibutang ito ay dumarating. Tunay na wala siyang bahagi sa akin." (Juan 14:30). Bilang isang tao, si Jesus ay walang hindi naisukong bahagi ng Kanyang buhay na nagpahintulot kay Satanas na pumasok. Bawat pintuan ay nakasara, bawat siwang ay selyado—ang pag-iisip, ang mga pakiramdam, ang mga pagninilay-nilay, ang mga motibo, ang kalooban at ang mga paghahangad ng pagmamahal ay lahat nakatalaga sa Diyos. Si Satanas ay walang matagpuang nakabukas na pintuan kung saan ay maaari niyang maisingit ang isa niyang paa. Kung mayroong anuman sa ating buhay na maaaring paglaruan ni Satanas, gagawin niya. Si Satanas ay hindi takot sa taong kayang mangaral, magpropesiya, o gumawa ng mga himala. Sa katunayan, hinimok pa ni Satanas si Jesus na gumawa ng mga himala. (Mt. 4:3) Ngunit siya ay namamatay sa takot sa mga taong determinado sa pag-gawa ng kalooban ng Diyos, sapagkat sila ang mga sisira sa kanya at *papalit* sa kanya.

• **Ang pagpapaimbabaw ay nagbubukas ng pintuan kay Satanas.** Tinanong ni Pedro si Ananias, "Bakit pinuspos ni Satanas ang iyong puso?" (Gawa 5:3). Ito ay isang tanong ng pagsisiyasat sa puso. "Paano nakapasok ang diyablo sa iyo?" Sinubukan ni Ananias na lumabas na maging mas mapagbigay siya higit sa talagang siya, dahil sa paghahanap ng papuri ng tao. Nagkakaroon si Satanas ng matibay na muog sa mga pusong *mandaraya*. Si Satanas ay mandaraya at nakasusumpong ng matitirhan sa mga may kalikasang katulad niya. Bago makapagtanong si Pedro kay Ananias kung paano nakapasok ang diyablo sa kanya, kinailangan muna niyang harapin ang parehong tanong sa kanyang sariling buhay. May ilang taon lamang bago sumapit ito, Sinabi ni Cristo kay Pedro "Layuan mo ako, Satanas! Ikaw ay isang katitisuran sa akin; sapagkat hindi mo iniisip ang mga bagay ng Diyos, kundi ang mga bagay ng tao." Si Satanas ay nakagawa sa buhay ng kabataang si Pedro sapagkat ang kanyang puso ay may makasariling mga motibo.

• **Ang Panganib sa pagkakahawak sa kasalanan.** Ilang taon na ang nakalilipas ang mga matatanda ay nananalangin para sa isang babae na lubhang nangangailangan ng pagpapalaya. Siya ay naging kabahagi sa mundo ng mga saykiko sa kanyang nakaraan, subalit nagpatuloy sa pagtanggap ng iba pang mga espiritu, at mayroong halos animnapung demonyong kailangang palayasin mula sa kanya. Ang mga tagapaglingkod ay masidhing nanalangin at nagawang palayasin ang lahat ng mga espiritu maliban sa isa na nahuli. Ang maliit na diyablong ito ay nagsalita sa pamamagitan ng babae at kanyang sinabi, "Gusto ko nang lumabas pero ayaw niya akong payagan!" At binigyan ng Diyos ang babae ng pagpipilian, sinabi Niya, "Ang kapangyarihan Ko ay narito upang palayain ka kung ibig mong makalaya!" Nakalulungkot man, pinili niyang kumapit sa kanyang saykikong pamumuhay, at napakaraming mga espiritu ang nagmamadaling bumalik sa kanya. (Mt. 12:43-45). Kaya't tunay na ating makikita na ang problema ay hindi si Satanas kundi ang puso! *Minahal* niya ang kaniyang ginagawa, at si Satanas ay nagkaroon ng isang balwarte sa kanyang buhay dahilan sa pagtanggap na ibinigay niya para dito. Si Satanas ay nabubuhay sa mga taong ang kalikasan ay nakikisimpatiya sa kanya.

• **Ang mapangahas, padalus-dalos, malalaswang mga pahayag ay nag-aanyaya kay Satanas na pumasok. -** "Hiningi ka ni Satanas upang ikaw ay maliglig niyang gaya ng trigo" (Lu. 22:31-34). Nakakita si Satanas ng ilang *ipa* kay Pedro at dumating upang subukin si Pedro sa ilan sa kanyang mapanghamong mga pangungusap. Ang pagsisiwalat ng mga padalus-dalos, mapangahas na mga pahayag ay katulad ng pagwawagayway ng isang pulang watawat sa isang toro, at si Satanas ang sumasalakay. Ipinagmamalaki ni Pedro ang kanyang nakahihigit na dedikasyon, sa pagsasalaysay na hindi niya kailanman iiwanan ang Panginoon, kahit pa lahat ng kanyang mga kapatid ay gawin ito (Mc. 14: 29-31). Dahilan sa mapangahas na deklarasyon ni Pedro, inilagay niya ang kanyang sarili para sa isang hindi kinakailangang pagsubok. (Pinapahintulutan si Satanas na subukin tayo sa mga pangungusap na ginagawa natin, lalo na kung ang mga ito ay hindi totoo). Maiiwasan natin ang mga hindi kinakailangang pagsubok at mapanatiling mas malayo si Satanas sa pamamagitan ng paglalakad sa karunungan at kababaang-loob!

• **Ang pagmamahal para sa isang masamang kagawian –** Ang *kapangyarihan* ng isang nakagawian ay madalas nasa pagmamahal para dito. Hanggang sa ang isang tao ay mabago sa kanyang *hangarin*, wala siyang matatamo na walang hanggang kalayaan, sapagkat ang pagkakaalipin ay palaging bumabalik sa tuwing sila ay napapakain! Sa katunayan, anumang bagay na palagi nating ginagawa ay nagiging gumon sa atin. Maraming mga matapat na Kristiyano ang naghahangad na makalaya mula sa mga masasamang gawi, ngunit may isang bahagi sa kanila na minamahal ang kanilang ginagawa. Dahil dito, ay kailangang ayusin ng Diyos ang *kalooban* at *hangarin*. Kayang gumawa ng Diyos sa ating mga puso na *loobin at gawin* ang Kanyang kasiyahan kung hihilingin natin sa Kanya. (Filipos 2:13). Bigyan natin ng pahintulot ang Diyos na ayusin ang pagmamahal na meron tayo para sa ating mga nakagawian. Ibigay mo sa Kanya ang iyong puso at hayaan mo Siyang baguhin ang iyong mga hangarin (Kawikaan 23:26). Marami sa mga naghahangad na lumakad sa daan ng kabanalan ang nagtatapos sa pahayag na— "Napakahirap nito, hindi ko ito makakaya." Maaaring hindi ito isang madaling landas ngunit posible, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos.

• **Hindi pagpapatawad-** Ang hindi pagpapatawad ay nagbubukas ng pintuan kay Satanas. Si Satanas na may kapaitan sa kalooban at hindi pagpapatawad, ay nakikisama sa may mga katulad na kalikasan. Maraming pagkakataon na ang mga tao ay hindi nakakaramdam na pinatawad na sila ng Diyos dahil hindi rin sila nagpatawad sa iba. (Marcos. 11:26). Kapag ang isang tao ay hindi nagpatawad sa iba, siya ay magiging alipin sa taong kinasasamaan niya ng loob at ang kanyang kaisipan ay magiging kontrolado ng taong hindi niya pinatawad. Ang hindi pagpapatawad ang nagdadala sa isang tao sa tagapagpahirap nito. (Mt. 18:21-25). Ang depresyon at matinding pagod ay resulta ng pagkakahawak sa hinanakit. Sinabi ni Pablo na magkakaroon ng kalamangan si Satanas laban sa atin kung hindi tayo magpapatawad. (2 Cor. 10-11). Ang pagpapatawad ay hindi palaging isang pakiramdam! Ito ay gawa ng isang kalooban, sa biyaya ng Diyos na tumutulong sa atin.

• **Katigasan ng ulo-** "…*Hindi nila inihinto ang alinman sa kanilang mga gawa, ni ang kanilang mga pagmamatigas.*" (Hukom 2:19). Hindi natin masisisi kay Satanas ang lahat. Ang katigasan ng ulo at sariling kalooban ay ang tunay na problema ng tao, hindi si Satanas. Alam mo ba na ang pinakamatinding problema na kinakaharap ng isang misyonero sa lugar ng pagmimisyon ay ang makipagkasundo sa ibang mga misyonero! Ito ay isang suliranin ng puso (hindi ng isang Makademonyo). Sina Pablo at Barnabas ay naghiwalay dahil sa isang mainit na di-pinagkasunduan, at wala sa kanila ang may nais magparaya (Gawa 15:36-41). Pinatigas ni Barnabas ang kanyang puso, pinili ang ibang landas, at tuluyan nang nawala sa mga salaysay sa aklat ng mga Gawa. Siya ay hindi na muli pang narinig. Maaari pa sanang makapanatili si Barnabas sa unahan sa buong bahagi ng mga Gawa. Ngunit sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa kanyang puso na masaktan, pinili niya ang planong B. Maraming mga Kristiyano ang pinipili ang ibang landas dahilan sa sama ng loob, ngunit isinusuko nila ang bahagi ng kanilang korona sa kanilang ginagawa dahil sila ay *lumihis mula sa landas na pinili ng Diyos para sa kanila*. (Pahayag 3:11).

• **Mga kawalan ng katiyakan –** Ang mga kawalan ng katiyakan at iba pang mga bahagi ng kahinaan ay gumagawa din sa tao na mawalan ng lakas sa pagpapahirap ng demonyo. Basahin ang Bilang 5:12-14. Sa Bilang 5:14, ang espiritu ng paninibugho ay dumating sa isang lalaki dahil *inakala* niyang ang kanyang asawa ay hindi naging tapat sa kanya, ngunit hindi naman nito ginawa. Ang kanyang mga imahinasyon, mga pagdududa at mga kawalan ng katiyakan ay naging mga bukas na daan kung saan ang mga pagpapahirap ng demonyo ay dumating laban sa kanya, at kumilos sa pamamagitan niya. Huwag nang intindihin pa ang pagsaway sa espiritu ng paninibugho dito. Gawin na ang panloob na buhay ng tao ay maitatag sa Salita ng Diyos, sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, isang binagong isipan, at sa biyaya ng Diyos.

• **Kawalan ng disiplina –** Ang mga hindi disiplinadong pamamaraan ay magbubukas sa isang mananampalataya sa pag atake ng kaaway (Kaw.16:32; 25:28). Kapag ang mga tao ay maluwag at di-disiplinado, ang mga pader ng proteksiyon ay bumabagsak, at iniiwan silang mahina sa mga pag-atake ng masasamang espiritu. Ang pagbibigay-daan sa mga droga, alak at kahalayan ay mga halimbawa ng kawalan ng pamamahala sa ating espiritu. Ang lahat ng mga ito ay sanhi ng pagkaguho ng mga pader na ipinalibot ng Diyos sa atin, na nagpapahintulot sa masasamang espiritu na makapasok at magkaroon ng dominasyon. Ibinabagsak din nang hindi pagsunod at katamaran ang mga bakod na ito ng proteksiyon, pinahihintulutan ang mga lalaki na makagat ng Ahas (Basahin ang Mangangaral 10:8). Maupo minsan at gumawa ng listahan ng mga bagay na maaaring magpabagsak sa bakod ng proteksiyon ng Diyos na nakapalibot sa iyo.

• **Mga Imahinasyon –** Ang mga imahinasyon din ay nagpapahintulot sa kaaway na makalamang sa atin. (2 Cor. 10:3-5; Gen.37:28-35). Inisip o inakala ni Jacob na ang kanyang anak na lalaki na si Jose ay patay na. Si Jose ay *hindi* patay! Maging ito man ay tunay o naiisip lamang, maaari tayong magdusa ng labis sa ating mga isipan. Sa kaso ni Jacob, ang kanyang mga kaisipan ay nagdala ng espiritu ng kapighatian sa loob ng dalawampu't dalawang taon. Gumugol si Jacob ng maraming taon sa pagdadalamhati at sa depresyon sa mga imahinasyon na inilarawan niya sa kanyang isipan. Nais ng Diyos na palayain tayo mula sa ating likas na pag-iisip.

• **Pag-ibig sa sanlibutan –** Sinabi ni Pablo, *"pinabayaan ako ni Demas dahil inibig niya ang kasalukuyang sanlibutang ito."* (2 Tim. 4:10). Hindi natin masisisi si Satanas para sa pagtalikod ni Demas. Si Demas ay may napakahusay na aral. Nakakita siya ng mga hindi pang-karaniwang himala, nadama ang kapangyarihan ng Diyos, nagkaroon ng napakahusay na Kristiyanong pagkakapatiran, at isang mahusay na halimbawa (Si Pablo) sa kanyang harapan. Inibig ni Demas ang sanlibutan. Ang problema ay nasa kanyang puso. Ito ay hindi si Satanas o kakulangan ng isang Kristiyanong pagsasama-sama, o anumang iba pa na mga karaniwang dahilan na ginagamit ng mga tao para tumalikod.

• **Mga masamang motibo -** (Gawa 20:29-31) Si Pablo ay nangaral sa Efeso sa loob ng tatlong taon, nagbibigay babala sa kanila araw-araw na sila ay mag-ugat, magtumibay at maitatag sa Diyos at sa Kanyang Salita, sapagkat darating ang panahon kung kailan kailangan na ni Pablo na iwanan sila. Kinakailangan nilang tumayo sa kanilang sarili sa ilalim ng mga batang pamumuno at masubok. (Bawat iglesya at indibidwal ay susubukin sa ilang panahon). Nangaral si Pablo ng mahigit sa isang libong beses doon, ngunit sa lahat ng kanyang pagsusumamo at pag-uudyok, may iilan pa rin sa kongregasyon ang may *ibang mga motibo* sa kanilang mga puso. Ang ilan ay may gustong ilayo ang mga disipulo sa *kanilang sarili*. Nakikita ba natin na ang problema ay hindi si Satanas, hangga't may hindi natutubos, hindi naisusukong mga bahagi ng sariling buhay!

• **Ayaw umamin ng pagkakamali –** Tinanong ng pastor ang isang lalaki sa isang silid gamutan sa pag-iisip, "Mas gugustuhin mo ba na maging tama ka o mas gugustuhin mong nandito ka sa labas?" Agad siyang sumagot, "Mas gugustuhin kong maging tama!" Ang saloobing ito mismo ang naglagay sa kanya doon sa simula pa lamang (tingnan sa 2 Tim. 2:25-26). Kumbinsido ako na kung minsan ang tanging paraan upang mabawi natin ang ating mga sarili mula sa patibong ng demonyo ay sa pamamagitan ng pagtanggap ng katotohanan sa ating mga sarili sa halip nang pagbibigay ng katuwiran sa ating pamamaraan o pagtatanggol sa ating mga posisyon. Kadalasan ang tanging paraan upang magkaroon ng pagpapalaya ay una sa pamamagitan ng paghahayag na— "May problema ako! Ganito talaga ako." Sa gayon, dahil sa pagtanggi na kilalanin ang katotohanan tungkol sa kanyang sarili, hindi na karaniwan para sa isang Kristiyano na *hindi na kailanman* mapapalaya mula sa kanyang pagkaalipin. Samakatwid, si Satanas ay magpapatuloy sa pagkakaroon ng pamamahala at kapangyarihan sa bahaging iyon ng kanyang buhay. Si Job ay napalaya *lamang* sa kanyang pagsubok pagkatapos niyang kilalanin at tanggapin ang kanyang pagkakamali.

(1 Mga Hari 11) Si Solomon ay isang dakilang mangangaral na tumalikod sa Diyos sa mga panahon ng matinding pagtatagumpay. Ang Panginoon, na tapat sa kanya, ay nagbangon ng isang problema (isang kaaway) upang kunin ang kanyang pansin at panumbalikin siya. Hindi nakuha ni Solomon ang mensahe, kung kaya't muli't muli ay nagpadala ang Diyos ng panibagong mga problema (1 Hari 11:13, 23). At magkagayon nga ay ginawa ni Solomon ang ginagawa ng karamihan sa mga tumalikod na mangangaral. Sa halip na manumbalik sa Diyos ay nakipaglaban siya sa kaaway. Maraming mga Kristiyano at tumalikod na mga mangangaral ay hindi alam kung ang Diyos ba o si Satanas ang nagpapadala ng problema. Kung may kasalanan sa ating buhay *alam* natin kung sino ang nagpadala nito! Maraming mga tumalikod na ministro, sa halip na kilalanin na sinisikap ng Diyos na ayusin sila at panumbalikin, sinasabing si Satanas ay gusto silang wasakin at ang kanilang ministeryo. At pagkatapos ay aapela sila sa mga tao ng mas marami pang pera upang matulungan silang labanan ang demonyo. (Isaias 9:9-13). Kaya't ang problema ay hindi si Satanas! Ginagamit lamang siya ng Diyos upang parusahan tayo, at maging tagasalungat na nagpapalago sa atin. Ang tunay na problema ay ang ating puso. Si Satanas ay narito lamang upang subukan tayo (Pahayag 2:10; 20:10). Kapag tapos na ang Diyos na gamitin si Satanas upang subukan tayo, siya ay Kanyang wawasakin.

Ang mga maling motibo, paghihimagsik, pagkaawa sa sarili, kawalan ng pagpapasalamat, kawalan ng pagpapatawad, pagmamatigas ng puso, pagbabasa ng mga maling babasahin, pakikinig sa mga maling musika, nasa maling mga lugar at kasama ng maling mga tao—ang lahat ng mga ito ay ang tunay na mga dahilan na nakakapasok si Satanas. Ang kailangan nating gawin ay *mas maraming* pagsisisi at marahil ay *mas kaunting* pagsaway kay Satanas para sa lahat. May mga pagkakataon na ang *pagsindi ng ilaw* ay higit na mas naaangkop kaysa sa *sawayin ang kadiliman*.

## *ANG PANGANGAILANGAN PARA SA ISANG BAGONG PUSO*

**Ang paghihimagsik at isang matigas na puso** ay pinakamalalaking mga suliranin ng Israel at ganoon din sila sa atin. (cf. Neh. 9:26-30). Ang pangangailangan ng isang bagong puso at isang bagong espiritu ay palaging ang pinakamatinding pangangailangan sa sangkatauhan. Dahilan dito, ang Diyos ay nagbigay ng isang bagong tipan kung saan ang isang bagong puso ay magiging posible at makukuha ng sinuman na nakahandang magkaroon nang operasyon na ito sa kanyang buhay. (Jer. 31:31-33; Ezekiel 11:19-20; 36:25-27). Ngunit ang kabiguang manatili sa landas ng Diyos ay hahadlang sa gawaing ito!

**Ano ang ibig nating sabihin kapag sinabi nating "puso"?** Kapag binabasa mo ang tungkol *sa puso* sa kasulatan, ang tinutukoy nito ay hindi ang pisikal na bahagi sa ating katawan na bumobomba ng dugo. Hindi ito ang laman, pisikal na puso sa gitna ng ating dibdib na nagdudulot ng buhay at pagpapasigla sa buong katawan. Kapag ang Salita ng Diyos ay nagsasalita ng tungkol sa puso, ito ay tumutukoy sa pinakasentro ng ating espiritu, ang pinakabuod ng ating pagkatao kung saan naroon ang ating pinakamalalim na mga motibo. Ito rin ang sentrong pokus ng ating mga tunay na problema. *Sa katunayan ang puso ay mas malalim kaysa sa isip* (bagaman marami rin tayong mga suliranin sa ating isipan). Ang isip ay instrumento ng pagsusuri at lohika. Ngunit ang puso ang nag-uutos sa ating isipan kung ano ang dapat nating isipin. Ang puso ay ang upuan ng ating mga pagmamahal, motibo, at pagsamba. Ang isip ay pinapasigla ng puso. (Tingnan ang dayagram sa pahina 45).

**Si Jesus ay nangaral ng higit tungkol sa puso kaysa sa anumang isyu.** Ang puso ay kung saan naroroon ang *lahat* ng ating tunay na mga problema (Mt. 15:18-20; Mk. 7:21-23). Sinabi ni Jesus "Sapagkat nagmumula sa puso ang masasamang pag-iisip, pagpatay, pangangalunya, pakikiapid, pagnanakaw, pagsaksi sa kasinungalingan, at paglapastangan."  Ganyan, katindi ang pangangailangan natin para sa isang malambot, sumasang-ayon, at binagong puso. Tayo ay sinabihang "ingatan (o bantayan) ang ating mga puso ng buong sikap, sapagkat mula rito'y dumadaloy ang mga bukal ng buhay." (Kawikaan 4:23). Ang lahat ng mga pagkilos ng buhay, mga pagpili at mga desisyon ay dumadaloy mula sa kung ano ang nasa kaibuturan ng ating mga puso. Ang puso ng kahit na isang puspos sa Banal ng Espiritu, nakapako sa krus na mananampalataya ay kailangan pa ring buong ingat na patuloy na mabantayan laban sa pagmamataas at kalabisan. (2 Cor.12:7).

## *HINDI NATIN ALAM KUNG ANO ANG MGA NASA PUSO NATIN*

• **Hindi natin kilala ating mga sarili o kung ano ang mga tunay nating pangangailangan** (2 Cron. 32:31). Pinahihintulutan ng Diyos ang mga sitwasyon at mga tao na dumating sa ating mga buhay upang ipakita sa atin kung ano ang mga nasa puso natin. (1 Cron. 28:9).

• **Dinala ng Diyos ang Kanyang bayan sa ilang upang ipakita sa kanila kung ano ang talagang nananahan sa kanilang kalooban.** (Deut. 8:2). Ang layunin ng mahirap at tagtuyot na mga panahon, ay upang tulungan tayong makita kung ano ang mga nasa kalooban natin. Tunay nga na hindi talaga natin kilala ang ating mga puso. Kailangang ipakita ng Diyos ito sa atin.

• **Ang Mang-aawit ay nanalangin na ipakita ng Diyos sa kanya ang kanyang sarili.** "Patawarin mo ako sa mga pagkakamaling di nalalaman" (Awit 19:12). "Siyasatin mo ako, O Diyos, at alamin mo ang aking puso; subukin mo ako, at alamin mo ang mga pag-iisip ko!" (Awit 139:23-24).

• **Sinabi ni Pablo na gusto niyang makilala ang kanyang sarili, kung paanong nakikilala siya ng Diyos.** (1 Cor.13:12). Ipinahayag din niya na hindi niya alam kung ano ang nasa puso niya, ngunit alam ng Diyos.  (1 Cor. 4:3-5; tingnan din sa Lev. 4:2-3; 4:13; Lucas 9:55).

• **Sinabi rin ni Jeremias na ang puso ay mandaraya at lubhang napakasama, at walang sinuman ang makauunawa nito.** Kinakailangang ipakita ng Diyos sa atin ang Kanyang nakikita. Ito ay kahambugan na isiping sa pamamagitan ng ating sariling intuwisyon, likas na pag-iisip o katalasan ng isip ay mauunawaan natin kung ano ang nasa puso ng iba, o kung ano ang nasa ating sariling mga puso, *maliban sa pagpapahayag*. Tanging ang Diyos lang ang nakaaalam at kailangan Niyang ipakita sa atin. (Kawikaan 21:2; Jer. 17:9-10).

• **Si Job ay bulag sa isang problema sa kanyang puso.** Pagkatapos na siya ay napaniwala sa kanyang pangangailangan, ipinahayag niya ito at siya ay napalaya mula sa kanyang pagsubok. Kasunod ng pagkilala sa Diyos, ang pinakamahalagang bagay ay ang makilala ang ating mga sarili at malaman kung ano talaga ang nasa pinakailalim ng ating mga problema. Hindi tayo mapapalaya mula sa pagkagapos hanggang sa *makita* natin ito, aminin ito, at humingi sa Diyos ng habag at paglilinis. Siyamnapung porsyento ng solusyon ay kapag *nakita* na natin ang ating problema. Kung ano man ang *iniisip* natin na solusyon at kung ano talaga *ang* solusyon ay dalawang magkaibang bagay. Sa natural, maaaring magkaroon tayo ng gumuguhit na sakit pababa sa ating binti at iisipin natin na may problema tayo sa binti. Sa katunayan, ang ugat ng problema ay maaaring nasa mas mababang galugod dahilan sa isang naipit na ugat. Ang pagkakatulad ay totoo rin sa ating espirituwal na buhay. Nararapat na hilingin natin sa Diyos na ipakita sa atin kung ano *ang ugat* ng ating mga pakikipagbaka! Baka magulat tayo!

## *KATIGASAN NG PUSO*

**"Huwag mong pagmatigasin ang iyong puso."** Paulit-ulit na nagbibigay babala ang kasulatan sa tao na huwag pagmatigasin ang puso nito. Kapag sinabi ng Diyos na huwag gawin ito, ibig sabihin ay may biyayang (kakayahan) nakalaan na hindi magawa ito. Kung magkagayon, kapag pinagmatigas ng tao ang kanyang puso, ito ay gawa ng kalooban at isang pagtanggi sa biyaya ng Diyos (Heb. 3:8; 3:15; 4:7; Awit. 95:7-8; Deut.15:7; 1 Sam. 6:6; Kaw. 28:14; Dan. 5:20; 2 Cron. 36:12-13; Mk 3:5; 8:17; Mt. 19:8). Kahit ang mga Apostol ay kailangang magbantay laban dito sa araw-araw (Mk. 6:52).

**Ano ang isang pinatigas na puso?** Ang pagmamatigas ay nagsisimula kapag ang isang tao ay nasaktan sa isang bagay. Pagkatapos ay magsasara ang kanyang puso. Kapag ang sakit ay inalagaan, ang lalago ay kapaitan sa puso. Kung ipagpapatuloy ng tao na pagmatigasin ang kanyang puso, ang pagsuway at paghihimagsik ay nakahanda na rin. Sa tuwing pinagmamatigas ng isang tao ang kanyang puso, ibinabaon niya ng kanyang sarili sa isang hukay. Kapag ipinagpatuloy ang pagmamatigas ng puso, ito ay maaaring humantong sa pagpapakamatay. Ang paksang ito ay lalo pang mabubuo habang nagpapatuloy tayo sa kursong ito.

**Kapag ang isang tao ay pinatigas ang kanyang puso, ay tinanggihan niya ang kaloob na biyaya.** Ang biyaya (banal na kakayahan) ay palaging nakalaan kapag tayo ay nasa pangangailangan (Heb. 4:16; 2 Cor.12:9-10). Hindi pinahihintulutan ng Diyos na ang Kanyang mga anak ay subukin ng higit sa kanilang makakaya (I Cor. 10:13) Kung gayon, kapag ang pinsala, pagkabigo o kahit ang isang malaking kapahamakan ay dumating sa ating daraanan, ang biyaya ay *kaagad* na nakalaan. Kaagad din tayo ay mahaharap sa isang desisyon— "Pagmamatigasin ko ba ang aking puso at iingatan ang kasakitang ito, o tatawag ako sa Diyos na palakasin akong patuloy ng Kanyang biyaya?" Kapag ang isang indibiduwal ay naging mapait, ito ay dahil *pinili* niya ang tanggihan ang biyaya at sa halip ay pinatigas ang kanyang puso (Heb. 12:15) Kaya nga, ito ay isang pagpili!

**Paano pinatitigas ng tao ang kanyang puso?** Sa pamamagitan ng pagsasanay! Sa parehong paraan kung paanong ang isang nagbubuhat ng mabigat ay pinatitigas ang kanyang panlabas na katawan sa pamamagitan ng palagiang masiglang pag-eehersisyo, gayundin tumitigas ang kalooban. Ang pagkamanhid ay nalilinang at ang puso ay nagiging matapang habang *sinasanay* ng isang tao na pagmatigasin ang kanyang sarili kapag siya ay nasasaktan. Ang puso ay tumitigas sa pamamagitan ng *pag-eehersisyo.*

**Ang pagmamatigas ng puso ay ang unang hakbang patungo sa mga hukay.** Karamihan sa mga problemang emosyonal at sakit sa pag-iisip ay maaaring matunton pabalik kung saan pinagmatigas ng isang tao ang kanyang puso noong siya ay nasaktan sa isang pagkakataon. Kapag *ipinagpatuloy* ng isang tao na pagmatigasin ang kanyang puso kapag siya ay nasasaktan, maaari niyang maihukay ang kanyang sarili sa mas mababang kadiliman kung saan ay mawawalan na siya ng kakayahang makayanan ang kanyang nararamdaman at maging ang mismong mabuhay, at maaaring maging biktima ng pagpapakamatay. Ang paraan upang maiwasan ang kakila-kilabot na hukay na ito ay sa pamamagitan ng *kabaligtaran* ng kanyang pag-uugali at *pagsisisi* sa mga maling reaksyon na ito— sa pamamagitan ng pananangan sa biyaya at pagtugon ng may kababaang-loob at pagpapatawad, sa halip na pinagmamatigas ang puso.

**Bakit pinagmamatigas ng mga tao ang kanilang mga puso?** Ito ay isang *maling pag-aliw* sa kanilang kasakitan at ito ay nakakapabuti ng pakiramdam. Ngunit ito ay humahantong sa isang hukay ng kadiliman. Isang asawang babae ang nagsabi, "napakasarap sa pakiramdam na mapoot sa aking asawa pagkatapos ng lahat ng kanyang ginawa." Si Esau, *upang aliwin ang kanyang sarili* mula sa kanyang kasakitan na mawalan ng karapatan sa pagkapanganay, ay nilayon niya sa kanyang puso na patayin ang kanyang kapatid na si Jacob (Gen. 27:42). Pinatigas ni Job ang kanyang sarili sa panahon ng kanyang

kapighatian (Job 6:10). Ang kinahiligang gawin ng lahat ng tao ay ang patigasin ang kanilang mga sarili, kasama ka na at ako.

**Ang katigasan ng puso- ang dahilan kung bakit nabibigo ang pag-aasawa.** (Mt. 19:7-8; Mk.10:2-9). Ang katigasan ng puso ay ang kawalan nang kakayahang magpatawad o magmalasakit pa, isang pusong lumalamig na at walang pakialam. Kapag inalis natin ang ating espiritu sa ating mga asawa, isara ang ating mga sarili sa iba, itulak ang mga tao palabas sa ating buhay, at tumigil sa pakikipag-usap—ay pinatigas na natin ang ating puso.

**Ang *Pagmamataas* ay isang pangunahing dahilan na pinatitigas ng mga tao ang kanilang mga puso.** Ayon sa Exodo 8:15, ang isang matigas na puso ay isang *malakas* na puso na may labis na labanang naiiwan. Isang halimbawa dito si Faraon, na may ikasampung ulit na pinatigas ang kanyang puso. Ang kanyang puso ay mapagmataas at malakas. Ang mga taong may matinding kayabangan ang pinakanagmamatigas ng kanilang mga puso. Kaya nga, pinagmatigas ng Diyos ang Faraon. Ang *kapakumbabaan* ay ang susi sa pagkakaroon ng malambot na puso. Pinalalambot at binubuksan ng Diyos ang mga puso ng sinumang *nagsasanay* na magbukas ng kanilang mga puso sa Kanya (tingnan sa Gawa 16:14).

**Ang isang matigas na puso ay hindi kailanman makapagdadala ng pagpapala ng Diyos, sa halip ay ang kabaligtaran.** "Sino ang nagmatigas laban sa Kanya at nagtagumpay?" (Job 9:4). Kapag pinatigas natin ang ating sarili laban sa isang tao o dahil sa isang mahirap na kalagayan, ang totoo ay pinatitigas natin ang ating sarili laban sa Diyos na siyang nagpahintulot sa sitwasyon na dumating sa ating buhay. Mapapansin mo sa kasulatan na sa tuwing pinatitigas ng tao ang kanyang puso, kailanman ay hindi ito nagdadala ng pagpapala ng Diyos sa halip ay hindi pagsang-ayon. Imposible para sa Diyos na pagpalain ang isang pinatigas na puso. Ang pinatigas na puso ay nagsasabi na may epekto sa Espiritu ng biyaya—"Lumayo ka sa akin, mas gugustuhin ko pa na ingatan ang nararamdaman kong masama. Mayroon akong karapatan na masaktan."

**Ang isang pinatigas na puso ay magdudulot sa huli ng paghatol ng Diyos.** (Jos.11:20). Kapag ang isang tao ay *paulit-ulit* na pinatitigas ang kanyang sarili at tinatanggihan ang biyaya ng Diyos (cf. Heb. 10:29), hindi maglalaon ay sisimulan na ng Diyos na pagmatigasin siya. (Pinatitigas ng Diyos ang mga paulit-ulit na nagpapatigas ng kanilang mga sarili.) Isang malinaw na halimbawa dito ang Faraon.

# TAGUMPAY LABAN SA MAKASARILING BUHAY

**"Upang magpahayag ng kalayaan sa mga bihag, at buksan ang bilangguan sa mga bilanggo"**
**(Isaiah 61:1)**

***MGA PAKSANG TATALAKAYIN:***

- **Ang labanan ng dalawang kalikasan**
- **Ang ating tunguhin- magkaroon ng isang napakahusay na espiritu**
- **Mga bagay na ating namana mula sa ating unang mga magulang- Adan at Eba**
- **Ang Resulta ng Pagkahulog- Naka-sentro sa sarili**
- **Pagkatubos mula sa Pagkahulog- Naka-sentro sa Iba**
- **Panganib ng pagmamataas- ang pinakamatinding problema ng makasariling buhay**
- **Paglilinang ng isang pusong naglilingkod- ang susi sa pagtatagumpay laban sa sarili**
- **Ang pangangailangan para sa isang binagong isipan**
- **Mga palagay na gustong baguhin ng Diyos**
- **Ang pag-unawa sa tao – espiritu, kaluluwa at katawan**
- **Mga babala at gabay para sa pagkilala – pagdaig sa makakaluluwa**
- **Gabay para sa tamang doktrina – Mga dahilan kung bakit ang mga Kristiyano ay may pagkakamali**
- **Ano ang ating mana?**
- **Anong mga kaaway ang dapat talunin upang makamit ang ating mana?**
- **Anong mga sandata ang ating ginagamit sa ating espirituwal na mga kaaway?**
- **Espirituwal na pagkatuli**
- **Pagdaig sa huling mga pangkat ng kalaban – (31 Mga Hari)**
- **Tamang paraan ng pagtugon sa pinsala**
- **Buod ng mga susi sa pagkakaroon ng tagumpay laban sa sariling buhay**
- **Iba pang mga pangwakas na pangungusap**

• "Saan nagmumula ang mga digmaan at saan nagmumula ang mga pag-aaway sa inyo? Hindi ba mula sa inyong mga kalayawan na nakikipaglaban sa inyong mga sangkap?" (Santiago 4:1) Ang mensahe ni Santiago ay tumutukoy, *hindi* sa mga hindi natubos o hindi mananampalataya. Siya ay nagsasalita sa mga hinugasan sa banal na dugo, puspos ng Espiritu na mga Kristiyano. Tunay nga na mayroong digmaang nangyayari sa ating kalooban, ngunit ito ay isang digmaan na maaari tayong manalo, sa pamamagitan ng biyaya.

• "Bakit ako ganito?" (Gen. 25:22-23). Ito ay luma nang katanungan. Panginoon, bakit ako ganito? Bakit ganito ang nararamdaman ko? Ano ang mali sa akin? Ang sinaunang si Rebeka ay nakaranas ng kaparehong labanan sa kanyang sariling kalooban. Sa halip na pumunta sa saykayatrista upang matagpuan ang kasagutan, sumangguni siya sa Panginoon at nagtanong, "Panginoon, bakit ako ganito?" Tumugon ang Diyos na sinasabing, "Dalawang bansa ang nasa iyong bahay-bata."

Ang sagot na ito ay may mahalagang kahulugan, sapagkat ito ay kumakatawan sa pakikipagbaka ng laman at ng Espiritu sa ating kalooban. Mangyari pa, may mga kambal talaga na nakikipaglaban sa loob ng kanyang sinapupunan (si *Jacob* na kumakatawan sa espirituwal at si *Esau* na kumakatawan sa karnal), ngunit ang aplikasyon at kahalagahan ng talinghaga ay kapansin-pansin sa bawat isa sa atin.

• Ang mga mananampalataya sa Corinto, bagaman ipinanganak na muli, puspos ng Espiritu, pinabanal, at nagtataglay ng lahat ng kaloob ng Espiritu, ay nagkaroon ng ilang katakot-takot na labanan sa laman. Tinawag silang *karnal* ni Pablo. Sila ay sinasalot ng pagkainggit at alitan, at ang ilan pa nga ay bumabagsak sa imoralidad at paglalasing. Paano nakakapagpatuloy kumilos sa ganitong paraan ang mga mananampalataya na pinananahanan ni Cristo?

## Tayo ay may Dalawang Kalikasan

**(1 Juan 1:8 laban sa 1 Juan 3:9)**

### 1 Juan 1:8

"Kung sinasabi nating tayo'y walang kasalanan (likas), dinadaya natin ang ating sarili at ang katotohanan ay wala sa atin." Ang salita ng Diyos ay malinaw na nagsasaad na mayroon tayong makasalanang kalikasan, at nararapat na ating ipahayag na meron nga. Ang tanggihan na mayroon tayong makasalanang kalikasan ay isang panlilinlang. (1 Jn.1:9; Jer.17:9; Isa. 6:5; Rom. 7:24).

### 1 Juan 3:9

"Ang sinumang ipinanganak ng Diyos ay hindi patuloy na nagkakasala, sapagkat ang kanyang binhi ay nananatili sa kanya at hindi siya maaaring magkasala, sapagkat siya'y ipinanganak ng Diyos." Si Cristo na nasa atin ay hindi maaaring magkasala. Siya ang banal na binhi na ipinanganak sa atin at hindi Siya maaaring magkasala (1 Ped. 1:23). Ngunit kung minsan ay talagang nagkakasala tayo. Saan kung ganoon nanggagaling ang kasalanang ito? Ang kasalanang ito ay mula sa lumang kalikasan ni Adan kung saan tayo ay isinilang.

• Isinaad ni Pablo, ang tagapagsalinwika ng bagong tipan (sa pangkasalukuyan), “Nakita ko ang isang kautusan na, kapag gumagawa ako ng mabuti, ang kasamaan ay malapit sa akin” (tumutukoy sa lumang kalikasan); Subalit ngayo’y hindi na ako ang gumagawa nito, kundi ang kasalanang nananatili sa akin.” (Rom. 7:16-17; 20-23). Nililinaw ni Pablo ang katotohanan na mayroon pa talagang kalikasan ng kasalanan na *naninirahan* sa mga miyembro ng ating katawan (1 Cor. 9:27; 2 Cor. 12:7).

• Si Jesu-Cristo ay may dalawang kalikasan. Siya ang *Anak ng Tao*. Ang Kanyang katawan ay gawa mula sa sangkap ni Maria, ang lahi ni Adan. Siya ay sa binhi ni David, ni Abraham. Ang Kanyang katawan samakatuwid ay eksaktong inanyo tulad ng sa atin. Si Jesus ay ginawa sa pagkakahawig ng makasalanang laman. (Roma 8:3) at tinukso sa lahat ng paraang kagaya natin (Heb, 2:14-18, 4:15) Ngunit kailanman ay hindi Siya bumigay! Si Jesus ay at Siya rin ang *Anak ng Diyos*. Ang Kanyang espiritu at kaluluwa ay walang hanggan. Bumaba Siya mula sa langit upang manirahan sa katawan ng isang makasalanang laman. Bilang isang tao na nabubuhay sa isang katawan ng makasalanang laman, hinatulan Niya ang kasalanan sa laman sa pamamagitan ng hindi pag-ayon sa mga pita nito.

## *ANO ANG LUNAS PARA SA LUMANG KALIKASAN?*

• Nang tayo ay ipinangak na muli, Si Cristo ay pumasok sa atin at *nagsimula* tayong magkaroon ng isang bagong kalikasan. Siya ay literal na isinilang sa atin bilang isang binhi (1 Ped. 1:23). Hinahangad ni Cristo na lumago sa ating kalooban hanggang sa Siya ay ganap na mabuo (Gal. 4:19). Ngunit kahit sa pagkatapos nang ating bagong pagkasilang at pagkapuspos ng Banal na Espiritu, naririyan pa rin ang napakaraming mga pakikipagbaka sa laman! (*Ang laman, ang lumang pagkatao, ang lumang kalikasan*, at *ang karnal na tao* ay mga singkahulugang pananalita na naglalarawan kung sa ano tayo ipinanganak). Ang bagay na humaharap sa ating “lumang pagkatao” ay *ang karanasan ng Roma 6:6.*

• **Ang Roma 6:6** ay isang tiyak, ganap na karanasan na dapat ay makilala mula sa bagong pagkasilang at ang pagkapuspos ng Espiritu. *“Nalalaman natin na ang ating dating pagkatao ay kasama niyang ipinako sa krus, upang ang katawang makasalanan ay mawalan ng bisa, at upang tayo’y hindi na magpaalipin pa sa kasalanan.”* Ang salitang “nalalaman” ay nagmula sa salitang Griyego na nangangahulugang, “isang kaalaman na nagmumula sa pamamagitan ng isang karanasan.” Ang nalalaman na ito na ang ating lumang pagkatao [ay] ipinako ay hindi isang kaalaman o isang bagay na ating kinukuha sa pamamagitan ng pananampalataya. Ito ay isang pakikipagtagpo sa Diyos. Naghahangad ang Diyos na dalhin ang bawat mananampalataya sa karanasang ito. Isang malaking pagbabago ang nagaganap kapag ang Roma 6:6 ay naranasan na. Ang ating lumang pagkatao ay ginawang walang kapangyarihan. Ang ating lumang kalikasan ay *naaresto* at dinala sa pagkasakop upang tayo ay makapamahala ng higit sa kanya. Ang Roma 6:6 ay nagbibigay sa atin ng kapangyarihang gumawa ng isang pagpili— alinman para sa kabanalan o para sa laman.

### Isang Personal na Karanasan

Noong ako ay isang batang Kristiyano, labis akong nakipaglaban sa kapangyarihan ng kasalanan. Pagkatapos na ako ay mabautismuhan sa Banal ng Espiritu ako ay napalakas, subalit marami pa rin talagang pakikipaglaban at pagpapahirap sa isip at laman. Dumaan ako sa panahon ng isang mataimtim na pananalangin sa loob ng isang taon, at ang namumugnaw kong pagnanasa ay ang mapalaya mula sa mga pakikipagbaka sa dating buhay upang mamuhay ng banal na buhay para sa Diyos. Minsan ako ay nananalangin sa loob ng anim na oras kada araw dahil napakatindi talaga ng labanan. Isang gabi ay nakipaglaban ako katulad ng ginawa ni Jacob nang makipagbuno siya sa Diyos upang mabago ang kanyang kalikasan (Gen. 32:24-30). Kinabukasan ay sinalubong ako ng Diyos, at kailanman ay hindi na ako naging katulad ng dati simula noon. Ito ay isang palatandaang karanasan na lagi kong binabalikan dahil ang aking pakikipagbaka sa tukso ay *agad* na nasira at ako ay naging ibang tao (1 Sam. 10:9). Masasabi kong ito ang pinakadakilang karanasan ng aking buhay, higit na mas dakila kaysa sa bautismo sa Banal na Espiritu.

Nang umagang iyon, hindi ko alam kung ano ang humampas sa akin. Nagkaroon ng isang bagong pagpapahid sa aking buhay, at kahit ang aking mga mata ay nagsimulang makita ang mga bagay sa ibang pananaw. Katulad ito ng parang ang mga kaliskis ay nahulog mula sa aking mga mata. Ang kapayapaang pumuno sa aking puso ay hindi maipaliwanag, lalo na pagkatapos ng isang mahaba at matinding labanan sa laman. Ang kapangyarihan ng kasalanan ay hinarap ng isang nakamamatay na suntok. Sa wakas, ang mabigat na pasanin ay nawala at ang kasalanan ay wala ng kapangyarihan sa akin. Sa paglipas ng mga taon naunawaan ko na ang naranasan ko nang umagang iyon ay ang katotohanan ng Roma 6:6. Ang lumang pagkatao ko ay nawalan ng bisa, na mula ngayon ay hindi na ako dapat maglingkod sa kasalanan. Ang lunas para sa aking lumang kalikasan, na binayaran sa krus halos 2000 taon na ang nakaraan, ay pinakawalan sa aking buhay.

Habang buong ingat mong inihahambing ng lahat ng ibang kasulatan dito, ang Roma 6:6 ay *hindi* ang *pagkawasak* sa lumang kalikasan. Siya ay naririyan pa rin ngunit naaresto na at inilagay sa krus. Siya ay pahina ng pahina habang tinatanggihan nating pakainin siya o gamitin siya. Ngunit ang ating bagong pagkatao (si Cristo na nasa atin) ay palakas ng palakas habang siya ay inaalagaan at ginagamit. Makikita natin ang pagkakatulad ng labanan ng bagong pagkatao laban sa lumang pagkatao sa 2 Samuel 3:1. Sa talatang ito, si Saul (karnal) ay pahina nang pahina ngunit si David (espirituwal) ay palakas nang palakas.

Kahit na pagkatapos ng Roma 6:6, ang kabanalan ay isa pa ring pagpili, isang labanan. Kinakailangang *ibilang* natin (o ituring) na ang ating lumang kalikasan ay patay na, at pagkatapos ay ibigay ang mga bahagi natin sa Diyos (Rom. 6:11,13,14). Dahil dito, ang kabanalan ay isang labanan pa rin, isang pagpili. Bago ang Roma 6:6, ay halos wala tayong pagpipilian, at nangangahulugang ang kasalanan ay may kapangyarihan sa atin sa ilang mga bahagi ng ating mga buhay. Ang Roma 6:6 ay nagbibigay sa atin ng kapangyarihan upang gawin ang pagpili para sa kabanalan.

**Inilalagay ng Roma 6:6 ang ating lumang pagkatao sa krus. *Inaresto* siya nito. Gayunpaman, ang ating lumang kalikasan ay hindi kailanman napuksa. Ito ay hindi kailanman tumitigil sa pamamalagi habang nasa buhay na ito sa ating mga mortal na katawan. Sa pagkabuhay na mag-uli, matatanggap natin ang ating mga bagong katawan na wala ng bahid ng lumang kalikasan. Ang *buong* pagkatubos ay hindi kumpleto hanggang sa muling pagkabuhay (Roma 8:23). Alalahanin natin na ang salitang "patay" ay hindi kailanman nangangahulugan ng pagkalipol.**

# *ANG PAGKAKAROON NG ISANG NAPAKAHUSAY NA ESPIRITU*

**Ang ating Layunin** ay upang makamit ang kalidad ng isang *napakahusay na espiritu*. Ito ay nagdadala sa isang mananampalataya sa pabor sa Diyos at sa tao. Si Daniel ay nagtataglay nito (Daniel 6:3). Ang isang napakahusay na espiritu ay resulta ng karunungan na pumapasok sa ating mga puso (Lu. 2:40; 2:52). Ang karunungan ay ang pagkaalam kung paano gumanti at tumugon sa mga tao at mga sitwasyon. Ito rin ay ang kakayahang makita ang mga bagay mula sa pananaw ng Diyos. Ang karunungan ay kaloob ng Diyos sa mga karapat-dapat na naghahanap, at hinahangad niyang ipamahagi ito nang sagana (Santiago 1:5)



**Ang Karunungan** ay nagdudulot ng isang napakahusay na espiritu. Kapag sinisimulan nating tingnan ang sitwasyon sa pamamagitan ng mata ng Diyos, mababago tayo. Ang pag-uusig, pagrereklamo at pagkaligalig ay titigil. Ang isang nabagong isip ay ganap na nagbabago sa atin sa ibang pagkatao. Madalas ang ating mga problema ay nagsisimula sa hindi pagkakita sa mga bagay kung paano ito tinitingnan ng Diyos (Is. 55:8-9). Nagsalita ang Diyos sa isang pastor isang araw at sinabi, "Kung nakikita mo lamang kung ano ang nakikita ko, gagawin mo ang parehong bagay." Ang kanyang pagkaligalig ay tumigil!

Matutulungan din tayo ng karunungan na tuparin ang kautusan sa 2 Timoteo 2:24-25- huwag makipagtalo sa mga sumasalungat ngunit turuan sila nang may kaamuan at dalhin sila sa pagsisisi. Ang karunungan, din, ay nagdudulot ng kadalisayan sa ating mga puso. Alam ng karunungan kung papaano kilalanin ang mga bagay, at maingat na iniiwasang pagbukod-bukurin ang *bawat isa* at *lahat ng bagay* sa magkaparehong kategorya. Ang karunungan ang susi sa pagtatayo ng isang tahanan. Ang karunungan ay may pitong haligi kung saan ang isang tahanan ay dapat nakatayo. Basahin ang Kawikaan 9:1; Santiago 3:13-18.

## *ANG PAGKAHULOG NG SANGKATAUHAN*

***(Genesis kabanata tatlo)***

**Noong ang ating unang mga magulang ay nagkasala sa hardin, ang kanilang pagkahulog ay naging sanhi din sa ating lahat na mahulog, sapagkat tayo ay nasa kanila. Ang bawat isa sa atin ay apektado ng kung ano ang ginawa nila! Magmula noon, ang lahat ng kanilang mga kaparehong kasalanan at kagawian ay naipasa na sa atin. Pansinin ang mga sumusunod habang iyong binabasa ang talaan ng Pagkahulog sa Genesis kabanata tatlo:**

- Inatake ni Satanas ang babae noong malayo ito sa kanyang asawa. Inudyukan niya itong gumawa ng isang malaking desisyon nang hindi muna kumunsulta sa kanyang asawa, na kanyang pinuno. Mula pa sa simula ang pangunahing pag-atake ni Satanas ay laban na sa pagsasamang mag-asawa, sapagkat hinahangad niyang paghiwalayin ang lalaki at babae. Ang sentro ng tudlaan ni Satanas ay ang pagsasamang mag-asawa, lalo na ang babae.

- Ginagawa ni Satanas ang lahat sa kanyang kapangyarihan upang makuha niyang gawin din ni Eba ang ginawa niya, at iyon ay ang itaas ang kanyang sarili. Sinabi nito sa kanya, "Ang bungang ito ay gagawin kang katulad ng Diyos: ikaw ay magkakaroon ng katangi-tanging katalinuhan. Heto, subukan mo!"

- Mas lalong higit na natatanggap ni Eba ang kalikasan ni Satanas habang siya ay patuloy nakikinig dito. Ito ay isang salita ng babala! —Natatanggap natin ang kalikasan, espiritu at kaisipan ng ating mga pinakikinggan at pinagbubuksan. Huwag kailanman magkaroon ng pakikipag-usap kay Satanas kagaya ng ginawa ni Eba. Habang matagal siyang nakinig, mas lalo siyang naging katulad nito.

Ang mga kahinaan nila Adan at Eba ay naipasa na sa atin. Tayo ay *nasa* sa kanila. Tayo ang pinakasangkap nila, espiritu, kaluluwa, katawan at pag-iisip. Ngunit tayo rin ay responsable sa pagpasa ng isang kalikasan sa ating mga anak. Ang mga aksyon at desisyon na ating ginagawa ay nakakaapekto sa espirituwal na kalagayan ng ating mga anak. Ang espirituwal na kalagayan ng isang ina at ama noong ang isang sanggol ay ipinagbubuntis ang siyang ibinibigay nila sa kanilang anak. Ngunit kapag ang mga magulang ay masunurin sa Diyos, ang mga bata ay mayroon ding masunuring espiritu. Ang mga bata ay isang buhay na salamin sa kanilang mga magulang. Samakatwid bawat tagumpay na *ating* nakakamtan ay isang tagumpay para sa ating mga anak— natural o espirituwal.

## *MGA SULIRANING ATING NAMANA MULA SA ATING UNANG MGA MAGULANG*

**1.) Ang magduda, tanungin o hamunin ang Salita ng Diyos-** (Gen. 3:1). Ang unang hakbang ng estratehiya ni Satanas ay ang maghasik ng *pagdududa* sa salita ng Diyos. Sinabi niya, "Totoo bang sinabi Diyos?" Habang pinakikinggan ni Eba, ay nagsimula siyang mag-isip at magsalita ng kaparehong bagay. Tinanggap niya ang espiritu nito sa kanya. Ang ahas ay gumamit ng pangangatwiran upang ipaliwanag ang lahat ng bagay na ipinagbabawal ng Diyos. At pagkatapos ay gumawa si Satanas ng *mariing pagtanggi* na magkakaroon ng paghahatol, sa pagsasabing "Tiyak na hindi kayo mamamatay!" (Gen. 3:4). (Hindi magkakaroon ng anumang konsikuwensiya… hindi mo naunawaan ang ibig sabihin ng Diyos, magpatuloy ka at gawin mo!) At naniwala si Eba sa kanya. (Tingnan ang 2 Cor. 11:3.)

**2.) Pagmamataas! Paghahangad na maging isang bagay na hindi nilalayon ng Diyos sa atin na maging-** (Gen. 3:5) "Kayo ay magiging parang mga diyos". Palaging hinahangad ni Satanas na maging Diyos, kung kaya ngayon ay iminumungkahi niya ito kay Eba. "Ikaw ay magiging Diyos" (Isa. 14:12-14). Kung ano ang nasa puso ay lumalabas sa bibig. Tinanggap ni Eba ang ideya at ang parehong masamang espiritu sa kanyang isipan, ang espiritu na nagsasabing, *"Gusto kong maging Diyos."*

**3.) Pagtukoy sa mga bagay sa pamamagitan ng kung ano ang ating nararamdaman, o sa pamamagitan ng kung paano nakikita ang mga bagay-bagay,** sa halip na sa kung ano ang sinabi ng Diyos. Ang ipinagbabawal na bunga, ayon sa Genesis 3:6, ay "kaaya-aya sa mga mata". Ang mga bagay na ipinagbabawal ay may kakaibang *pang-akit*. Ito ay mukhang maganda, at ginawa nitong maganda ang pakiramdam niya.

Nanatiling *nakatingin* si Eba sa ipinagbabawal na bunga at *iniisip* ang tungkol dito. Sa wakas ay nakuha nang kahumalingan ang pinamakabuti sa kanya. Alalahaning ang ating mga mata at damdamin ay *mapanlinlang*. Binalaan tayo ni Jesus na huwag hatulan ang mga bagay ayon sa kung paano sila *nagpapakita* (Jn. 7:24, Isa. 11:3-4). Sinabi na ng Diyos, "huwag din ninyo itong hihipuin" (Gen. 3:3). Ang karamihan sa kasalanan ay nagsisimula sa *mga mata*, at napapalakas ng *mga pagninilay-nilay*. Sa huli ang kasalanan ay nagiging isang *gawa*. Ang kasalanan kung gayon ay maaari nang sugpuin hangga't bubot pa lamang.

**4.) Pagkamausisa na alamin kung ano ang hindi nilalayon ng Diyos para sa atin na alamin-** Ang ipinagbabawal na bunga ay "dapat nasain upang maging matalino" (Gen. 3:6). Gayunman, ito ay kaalaman na ayaw ipahayag ng Diyos. Ang ahas ay patusong iginigiit ito — "isang tikim sa bungang ito ay magbubukas ng iyong mga mata upang maging katulad ng Diyos. Magkakaroon ka ng nakahihigit na katalinuhan." Ang motibo ni Satanas ay dalhin si Eba na *itaas ang kanyang sarili*, katulad ng kanyang ginawa (tingnan sa 1 Hari 1:5). Nais ni Satanas na siya ay kumilos nang hiwalay sa Diyos at sa kanyang asawa! Gusto niya na siya ay maging *malaya*! Ibig sabihin nito ay *mawawalan ng proteksyon* si Eba at pagkatapos ay mabibitag na ng ahas.

Ang nahulog na tao ay may malalim na pagnanasang malaman kung ano ang ipinagbabawal. Ang nahulog na kalikasan ay nabibighani sa espiritismo, ang mundo ng saykiko, ang misteryo, astrolohiya, telepatiya (*e.s.p*), kakayahang kontrolin ang mga bagay sa pag-iisip, muling pagkakatawang-tao, at iba pa., ang pagnanais na malaman at mahulaan ang hinaharap. Iniibig ng nahulog na tao ang mga teorya, pilosopiya, sikolohiya at iba pang mga "lohiya" na nagmumukhang katalinuhan pero mali. Kung kaya, sinasabi ng kasulatan, "ginawang matuwid ng Diyos ang tao; ngunit nagbalak sila ng maraming pamamaraan." (Mang. 7:29; Rom. 1:21-22).

**5.) Hinangad ni Adan ang pag-ibig ng tao higit sa pag-ibig ng Diyos-** (Gen. 3:6; 1 Tim. 2:13-14). Si Eba ay nalinlang. Si Adan ay hindi. Dumating siya sa eksena at nalaman ang ginawa nito. Hindi niya gustong mawala ito sa kanya at agad na naharap siya sa isang mapanganib na desisyon. “Sino ang higit kong minamahal, ang Diyos o si Eba?” Hindi niya ninanais na mawala siya, ipinakilala niya ang sarili kasama niya at nakibahagi din sa ipinagbabawal na bunga sa halip na sumunod sa ipinag-uutos ng Diyos. Sa diwa, mahal *niya* ito nang mas higit sa pagmamahal niya sa Diyos. Ito ang ugat ng kasalanan ni Adan. Walang duda na ito rin ang matinding kahinaan ng sangkatauhan. Maka-ilang ulit na ang pag-ibig ng tao, pagkakaibigan at ang pagpili ng isang mapapangasawa (nang walang pagkunsulta sa Diyos) ay naging mas mahalaga sa isang Kristiyano kaysa sa paggawa ng kalooban ng Diyos! Ngunit kapag ang pag-ibig ng tao ay naitaas nang higit sa pag-ibig ng Diyos, ang resulta ay *palaging* alitan at kalungkutan.

**6.) Pagtatago ng ating sarili, pagtuon sa sarili-** (Gen. 3:8-11). “Itinago ni Adan at ng kanyang asawa ang kanilang sarili mula sa presensiya ng Panginoon.” Ang isa pang nakapangingilabot na katangian nang nahulog na makasalanang kalikasan ay ang ginawa nitong matakot ang tao sa Diyos at sa iba. Lumikha ito ng pader, paghihinala, imahinasyon at mga takot. Ang pagkahulog ang nagiging dahilan sa tao upang magtago, sumangga, umiwas, lumayo, dumepensa at umurong mula sa iba at mula sa Diyos. Ang pagkahulog ang gumawa sa tao na maging tahimik, sarado at ayaw ilantad o buksan ang kanyang puso sa Diyos. Ang pagkamakasarili at sariling-alalahanin ay ang derektang mga resulta ng Pagkahulog.

**7.) Pagpapatong ng sisi sa iba -** (Gen. 3:12-13) *Sinisi* ni Adan si Eba at ang Diyos! At *sinisi* naman ni Eba ang Diyablo. Sinabi ni Adan, “Ang babae na ibinigay *Mo* sa akin.” Sinabi ni Eba, “Ang ahas ay nilinlang ako.” Ang isang kapansin-pansin na katibayan nang nahulog na kalikasan ay na ang sangkatauhan ay labis na nagtatanggol sa kanyang mabuway na pagkaako at naglalayong ibaling ang pagsisisi sa iba para sa kanyang mga kasalanan. “Kung hindi lamang niya sinabi o ginawa ito. Kung hindi lamang ito nangyari.” *Sinisisi* ng tao ang iba upang pagaanin ang sarili nitong pakiramdam ng pagkakasala. Nais ng Diyos ng isang tapat na pag-amin mula sa *akin*! Ang aking mga problema ay nagsisimula *lamang* malutas kapag aking inihahayag kung saan ang tunay na problema namamalagi—*sa akin*, hindi sa ibang kapatid. Ang tapat na paghayag ng *ating* pagkakamali, hindi nang ating kapwa, ay nagpapalaya sa atin mula sa mga pagkaalipin! (Kaw. 28:13).

Ang bagay na pinakamahirap gawin para isang tumalikod ay ang aminin ang sarili nitong mga pagkakamali at kabiguan. Mas gugustuhin nitong sisihin ang Diyos, mga pangyayari, ang kanyang asawa, mga magulang, isang amo, o isang pastor na sinasabi niyang isang mapagkunwari. Sisisihin niya ang lahat ng tao at lahat ng bagay para sa kanyang kalagayan, pero hindi ang kanyang *sarili*. Si Cain na anak ni Adan ay hindi kailanman nagpakita ng pagsisisi sa pagpatay sa kanyang nakababatang kapatid, ni hindi man lamang ipinahayag ang kanyang pagkakasala. Nagreklamo lamang siya na ang kanyang kaparusahan ay labis na mabigat. Maraming mga kriminal ang sasabihin sa iyo na sila ay napagbintangan sa sabwatan, sa halip na magbigay ng isang tapat na pahayag ng sarili nilang pagkakamali. Naalala mo ang isang magnanakaw sa krus sa Ebanghelyo ni Lucas 23:39-43? Narito ang isang kriminal naghahayag ng isang tapat ng pag-amin na tinatanggap niya kung ano ang makatarungan para sa kanya. *Ito ang totoong pagsisisi!* Siya ay nakarating din sa langit! Alalahanin ang pagkakaiba ng dalawang kriminal na ito. Ang isa ay sinisi ang kanyang sarili ngunit ang isa ay sinisi ang Diyos at nagreklamo na labis siya Nitong pinarusahan.

## *GINAWA TAYONG MAGING MAKASARILI NANG PAGKAHULOG*

- Sinusubukang maging isang bagay na hindi naman tayo dapat na maging: Pagmamataas, ambisyon- “Ako ay magiging Diyos.”

- Pagkamausisa, pagkaakit na malaman ang mga bagay na hindi natin dapat malaman: Isang bagay para sa sarili

- Paggawa ng mga pangunahing desisyon sa pamamagitan ng mga emosyon, nang walang pagkunsulta sa Diyos o payo mula sa makadiyos

- Mas pinipili ang pag-ibig at pakikipagkaibigan ng tao kaysa sa pag-ibig at pabor ng Diyos

- Pagkatuon sa sarili: Natatakot sa Diyos, pangingilag sa iba, paglayo, pag-urong, pag-iwas

- Panghahamon, pagtatanong, pagdududa: ipinangangatwiran ang Salita ng Diyos

- Pagbabaling ng sisi sa iba upang maibsan ang mga pakiramdam ng pagkakasala, at upang protektahan ang sarili nitong pagkaako

Nais ni CRISTO na tayo ay palayain mula sa ating mga sarili at sa pagiging makasarili, upang tayo ay maging Kanyang kaibig-ibig na kasintahang babae na walang bahid ng dungis o kapintasan (Efe. 5:26-27; Rom. 12:2) Si Cristo ay hindi makasarili, at hindi Siya magpapakasal sa isang kasintahang makasarili. Siya ang naging huling Adan at napanalunan Niyang muli ang lahat ng bagay na nawala ng unang Adan. Ang unang Adan ay makasarili, ang huling Adan ay naka sentro sa iba, isang tagapanglingkod, at lubos na hindi makasarili. Ang pagiging *isang lingkod* katulad ni Jesus ay ang susi upang madaig ang pagiging makasarili at maging Kanyang Kasintahang Babae (2 Cor. 11:2-3).

## ANG RESULTA NG PAGKAHULOG

# NAKASENTRO SA SARILI

ANG MGA SINTOMAS NANG NAKASENTRO SA SARILI ay ang mga ito— pagmamataas, galit, pagkaawa sa sarili, pagkayamot, depresyon, kapanglawan, sumpungin, madaling masaktan at matisod, mga hinanakit at iba pang mga alitan. Ang kahulugan nang pagkamakasarili ay kung ano ang mga sinasabi nito— ang lahat ay umiikot sa AKIN. Iniuugnay nito ang lahat ng sinasabi o ginagawa sa sarili. Sa likas na katauhan tayong lahat ay makasarili.

Tinanong ng Diyos si Adan, ang ama ng ating lahi, "Nasaan ka?" patuloy Niyang tinatanong ang mga anak ni Adan ng parehong katanungan! May mga ilang bahagi sa ating buhay kung saan ay *nagtatago* pa din tayo. Madalas ay dahil sa hindi magandang nakaraan (maging hindi ginusto, tinanggihan, inabuso or pinabayaan) sinasara ng mga tao ang kanilang sarili at bumubuo ng pader palibot sa kanilang sarili at namumuhay sa kanilang sariling maliit na mundo.  Gustong sirain ng Diyos ang balat na ito na nabuong nakapalibot sa puso.

Ang ating panloob na pagkatao ay maraming mga *silid* at pinakaloob na mga silid. Tatawagin natin silang mga dakong pinakaloob. Marami sa mga silid na ito ay nakakandado pa rin. Ang Diyos ay may susi sa bawat isa sa mga dakong ito kung saan ay nakabilanggo pa rin tayo o di-mabunga. Ninanais Niyang palayain tayo sa lahat ng mga dakong panloob ng ating pagkatao. Nais ng Diyos na ang bawat bahagi natin ay maging bukas sa Kanya at mabunga.

### MGA TANDA NG NAKASENTRO SA SARILI

**(Pansinin ang kawalan ng isang pusong naglilingkod)**

**AKO**

A.) Huwag mong abalahin ang AKING gawain. Iwanan mo akong mag-isa! Hayaan mo akong mamuhay sa aking sariling maliit na mundo.

B.) Ang lahat ay nagiging mali para sa AKIN! Walang katarungan. Hindi naging patas sa akin ang buhay. May utang ang mundo sa akin.

C.) Pinag-uusapan AKO ng lahat. Bawat isa ay iniisip ang tungkol sa AKIN sa maghapon.

D.) Anong nandito para sa AKIN? Paano ako makikinabang dito? Kukunin ko ang nararapat na bahagi para sa akin.

E.) Sinaktan mo AKO at ininsulto! Hindi kita mapapatawad kailanman!  Ang pagpapatawad ay *pagbibigay*. *Tumatanggap* lang ako.

F.) Kailangan kong magtrabaho ng husto para sa lahat ng bagay mayroon ako. Kailangan kong makipaglaban para sa bawat sentimo. Ang lahat ay may magaang buhay. Ang lahat ay laban sa AKIN.

G.) Ang lahat ng sinabi ng pastor kaninang umaga ay deretsahan tungkol sa AKIN! Pinapahiya niya AKO! Hindi na ako babalik sa simbahan.

H.) "Ayaw ko nang ganito! May karapatan ako! Hindi ko na kaya" Akala ko alam ko kung ano ang gusto ko. (Ni hindi ko kailanman isinaalang-alang kung ano ang maaaring ninanais ng Diyos para sa akin!)

I.) Walang nakakaunawa sa AKIN. Hindi mo ako naiintindihan. Wala kang pakialam! Ikaw ay nabigong matugunan ang aking mga pangangailangan at ang aking mga inaasahan

J.) Walang nagmamalasakit sa AKIN. Walang sinumang tumatawag sa AKIN. Lahat ay umiiwas sa *akin*.

K.) Ang aking mga problema ay hindi pang-karaniwan. Lahat ay lubhang kumplikado. Walang sinuman ang kailanman ay nakaranas ng anumang bagay na ganito.

L.) "Kailangan kong isipin ang AKING kaligayahan. Utang ko ito sa aking sarili. Nararapat ako sa mas mahusay na bagay!" (ang *aking* pagkakilanlan, ang *aking* sariling katangian, ang *aking* mga hangarin, ang *aking* reputasyon, ang *aking* mga plano, ang aking buhay.) *Ako! ako!*

KATUNAYAN— Sa maraming mga nasirang pag-aasawahan, alam na alam ng asawang lalaki ang ginawa ng kanyang *kasama* na naging dahilan ng kanyang matinding pamimighati, ngunit wala siyang kamalayanan kung ano ang *kanyang* nagawa na naghatid din naman ng matinding kapighatian sa kanyang asawa! Ang mga makasariling mga tao ay mga napaka-sensitibo para sa kanilang sariling pangangailangan, ngunit walang pakialam sa mga pangangailangan ng iba. Ang pagkamakasarili at kasakiman ang mga pangunahing dahilan kung bakit nabibigo ang maraming pag-aasawahan.

**Ang isang taong nakabalot sa kanyang sarili ay nakakuha ng isang maliit na pakete!**

## ANG KATUBUSAN SA PAGKAHULOG

# NAKA-SENTRO SA IBA

## (Ang pagiging isang lingkod)

**ANG KALIKASAN NG DIYOS AY ANG *MAGBIGAY!***

* Juan 3:16 Gayon na lamang ang pag-ibig...na Kanyang *ibinigay*.
* Rom.15:3 Sapagkat si Cristo ay hindi *nagbibigay lugod sa Kanyang sarili*.
* Gawa 20:35 Higit na mapalad ang *magbigay* kaysa tumanggap.
* Mat. 20:26 Ang sinuman sa inyo na nagnanais maging dakila ay kailangang maging *lingkod* ninyo.
* Marcos 10:45 Sapagkat maging ang Anak ng Tao ay hindi naparito upang paglingkuran, kundi upang maglingkod. . . at *ibigay ang Kanyang buhay*.

**NAKASENTRO SA IBA**

**A.)** Panginoon, pinahihintulutan kitang guluhin ang aking gawain, at baguhin ang ilang mga bahagi kung saan ay mali ang aking iniisip. Pagod na akong mamuhay sa pagkalugmok!

**B.)** Napakaraming bagay ang meron ako upang maging mapagpasalamat. Hindi ako karapat-dapat sa mga bagay na mayroon ako ngayon! At ayon sa Awit 103:10, hindi ibinigay ng Diyos ang kaparusahang nararapat sa akin. Ang Diyos ay may isang nakatagong pagpapala sa bawat *kawalan ng katarungan* na naranasan ko. Gen. 50:20

**C.)** Naintindihan ko na kailangan kong pagtagumpayan ang aking mga imahinasyon (2 Cor. 10:5). Hindi naglalaan ang mga tao ng lahat ng kanilang mga oras sa pag-iisip ng tungkol sa AKIN. Iniisip nila ang *kanilang mga sarili* at kanilang sariling mga problema.

**D.)** Ang katibayan ng aking ministeryo ay *hindi* kung gaano ako nagpapatuloy kundi kung gaano ako tumutulong *sa iba* na makapagpatuloy. “Panginoon, sisikapin kong pagtibayin ang Katawan.” 1 Cor. 12:14

**E.)** Nauunawaan ko na ngayon ang dahilan ng pakiramdam ko na masyado akong nainsulto ay dahil sa napakataas ng aking palagay sa aking sarili! Kung ako ay maamo at mapagpakumbaba katulad ng Kordero ng Diyos, ang mga alitang ito ay hindi makakaapekto sa akin (Roma 12:3). *Magpapatawad* ako! *Ang pagpapatawad ay pagbibigay*. Hinahangad kong magbigay- sa biyaya ng Diyos.

**F.)** Oo, kinailangan kong pagtrabahuan ng husto ang lahat ng mayroon ako, pero ito ay hindi na pangkaraniwan, kaya ganun din ang karamihan sa mga tao.

**G.)** Hindi ako pinariringan ng Pastor. Naparakaming nandoon na nangangailangang marinig ang parehong mensahe. Ang lahat ng mga nasabi at nagawa ay hindi nakaplano na tanging sa akin lamang, kundi para rin sa iba.

**H.)** “Kaya aking tinitiis ang lahat ng mga bagay dahil sa mga hinirang” (2 Tim. 2:10; 1 Cor. 9:19-22). Magtitiis ako sa mga kagipitan. Madalas ang dahilan na *hindi na kinakaya* ng mga tao… ay dahil hindi nila nagagawa sa sarili nilang paraan at labis silang nagdurusa dahil dito.

**I.)** Sinubukan ko ba talagang intindihin kung bakit ang taong ito ay umaalma ng ganito? Hindi ko dapat gawing napaka-personal ang kanilang mga reaksyon! Marahil ay nasasaktan sila, o di kaya ay baka nag-aalala sila o masama ang loob sa ilang mga bagay na wala ni anumang kinalaman sa akin!

**J.)** Kailangan kong tanggihan ang saloobing ito- “Walang nagmamahal sa akin!” Ano ang nagawa ko sa araw na ito upang maipakita ang pagmamahal sa iba? Napakaraming malulungkot at bigong mga tao ang nakapaligid sa akin na nangangailangan ng pagpapalakas. Gamitin mo ako Panginoon.

**K.)** Alam ko na ang problema ko ay hindi ganun ka pambihira o hindi pangkaraniwan. Ang lahat ng tao ay may sariling mga sekretong kapighatian. Mahal na Panginoon tulungan mo po sila! (Tingnan 1 Cor. 10:13; 1 Ped 5:9)

**L.)** Panginoon, alam ko na hindi ako karapat-dapat sa anumang bagay! Pinipili ko ang maging mapagpasalamat sa lahat ng bagay (Mat. 5:3). Ikaw ay namuhay ng buhay nang pagtitiis at ako ay hindi nakahihigit sa Iyo! Ako ay nilikha upang magbigay ng kaluguran sa Iyo (Pahayag 4:11). Hindi mo hinanap ang katanyagan o pangalan, ni ako man (Fil. 2:7).

Kayang linisin ng Diyos ang lahat ng mga sakit na ito sa ating kaluluwa, kung gugustuhin natin. Kakailanganin ang *panahon*, at maaaring masakit ito paminsan-minsan- ngunit kaya Niya tayong tubusin ng lubusan (Awit 130:7). Palalayain ng Diyos ang kanyang bayan mula sa bawat imahinasyon, bawat bilangguan, bawat pagkagapos, at bawat nakagawian. Ang Diyos ay hindi isang Diyos ng mga *kinaugalian*. Hinahangad ni Cristo na iligtas ang Kanyang mga tinubos mula sa hanggang kamatayang-kapit na pag-ibig sa sarili, at liwanagan ang bawat bahagi ng ating mga kaluluwa kung saan may kadiliman at kung saan ay *nagtatago* pa rin tayo.

**Paghahalintulad ng LUMANG KALIKASAN**
**Sa BAGONG KALIKASAN na gustong ibigay ng Diyos.**
**(Gawa 20:35)**

**HIGIT NA MAPALAD ANG**
## MAGBIGAY

**Naka-Sentro Sa Iba**
***(Bagong Kalikasan)***

ISANG MALAKAS NA TAO

ISANG HINDI MAKASARILING TAO

ANG BUHAY AY UMIIKOT PALIBOT SA IBA
(Ano ang magagawa ko para makatulong?)

PUSONG NAGLILINGKOD- HINDI ANG KALOOBAN KO

POSITIBO- MASIGLA, MASAYAHIN
(May isang pusong naniniwala)

MATIWASAY- NASASABI ANG "AKO AY NAGKAMALI"

LIWANAG SA LOOB NG PAGKATAO
(Isang pusong nakalantad sa Liwanag)
(Siniyasat ng Diyos ang puso.)

KABABAANG LOOB = KALAKASAN

Si Jesus ay mapagpakumbaba- Malaya mula sa anumang alitan, at Siya ay may ganap na kapayapaan.

ANG BANAL NA PAG-IBIG AY ***NAGBIBIGAY.***

BAGONG KALIKASAN: Kapag tayo ay "ipinanganak na muli" ng binhi na walang kasiraan… tayo ay may bagong Ama, tayo ay nasa bagong pamilya, at nagsisimula tayo sa isang bagong isipan at isang bagong paraan ng pamumuhay!

**ANG NAGBIBIGAY AY HINDI KAILANMAN NANLILIMOS**

**KAYSA**
## TUMANGGAP

**Naka-Sentro Sa Sarili**
***(Lumang Kalikasan)***

ISANG MAHINANG TAO

ISANG MAKASARILING TAO

ANG BUHAY AY UMIIKOT PALIBOT SA SARILI
(Anong mayroon dito para sa *akin?*)

MAPAGSARILI – AKING KALOOBAN, AKING KARAPATAN

NEGATIBO – MAPANGLAW, NALULUMBAY
(May isang pusong hindi naniniwala)

MABUWAY-HINDI MASABING, "AKO AY NAGKAMALI."

KADILIMAN SA LOOB NG PAGKATAO
(Isang tabing ng pagkukunwari, kumukubli)
(Sisiyasatin ng Diyos ang ating mga *kublihang dako*)

PAGMAMATAAS=KAHINAAN

Si Satanas ay mapagmataas-puno ng mga alitan, at pagpapahirap.

ANG PAG-IBIG SA SARILI AY ***TUMATANGGAP.***

LUMANG KALIKASAN: Ang kalikasan ni Adan at Eba-Ang kalikasan na ating minana noong tayo ay ipinanganak. Ang lumang kalikasan na ito ay makasarili, sakim, mahiyain. Ito ay mapagpataas at kumakapit.

**ANG NANLILIMOS AY HINDI KAILANMAN NAGBIBIGAY**

**Si St. Francis ay nanalangin: "Panginoon. . . ang *umibig* kaysa sa ibigin; ang *umunawa* kaysa sa unawain!"**

# *PANGANIB NG PAGMAMATAAS*

## Ang Pagmamataas ay ang Pinakamalaking Suliranin na Mayroon ang Tao

Hindi si Satanas ang ating pinakamatinding kaaway. Ang ating pinakamatinding kaaway ay sarili, at ang pagmamataas ang pinakamalaking problema ng sarili. Ang kayabangan ang nasa ilalim ng ating mga pakikipagbaka! Kahit na kung si Satanas ay nakagapos ngayon, ang tao ay mayroon pa ring likas na katangian ng pagmamataas na dapat maingat na mabantayan at mapigilan. (2 Cor. 12:7). Ang mga tao ay nahuhulog dahil sa kayabangan (Kaw. 16:18; 29:23).

### Ang Pagmamataas ang dahilan na si Satanas ay Nahulog

Ang pagmamataas ay sumasalangsang sa Diyos at naghahangad na itaas ang sarili kaysa sa Diyos at sa kalooban ng Diyos. Ito ang dahilan kung bakit sinasalungat ng Diyos ang mga mapagmataas. Nais ni Satanas ng isang bagay para sa sarili na alam ng Diyos na hindi mabuting magkaroon siya. Gusto ni Satanas ng *pantay na karapatan*. Siya ay humingi sa Diyos ng pantay na tinig at sinasabi (Isa. 14:12-14). Nais ni Lusiper na patakbuhin ang daigdig. Ang kapalaluan ay bumangon mula sa kalooban niya at naisip niyang— "Ako ay may kakayahan ding patakbuhin ang langit katulad ng Diyos." (Pansinin ang limang ulit na sinabi ni Satanas "Ako ay.") Ang kapalaluan ay nasa ilalim din ng malaking panlilinlang. Pakibasa ang Obadias 1:3.

Ipinagkaloob na sa kanya ng Diyos ang pambihirang kagandahan, karunungan at karisma (Ez. 28:12-15), ngunit hindi siya nasiyahan sa lahat ng ito! Gusto ni Satanas na siya ay walang kapantay at hindi malalampasan. Hinangad niyang maging Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon. Nang tinanggihan siya ng Diyos sa palalo niyang paghahangad, pinagsumikapan niyang baligtarin ang kalangitan laban sa Diyos, at nagtagumpay siya kasama ng ikatlong bahagi ng mga anghel. Ang kapalaluan ay nasa ilalim ng matinding kasamaan at paghihimagsik. Sinira at pinahirapan ng kapalaluan si Satanas sa loob ng napakaraming taon, ngunit siya ay nagsisikap pa ring patakbuhin ang sanlibutan sa pamamagitan ng isang tao na kanyang lilikhain sa ating kapanahunan—ang Anticristo.

"Siya ay sumasalungat at nagmamataas laban sa lahat ng tinatawag na diyos o sinasamba" (2 Tes. 2:4, 2:3-12). Narito ang inaaring diyos ang sarili—-isang taong tumatawag nang pansin at pagsamba sa kanyang sarili. Si Satanas ay tatahan sa taong ito at tatanggap ng pagsamba para sa kanyang sarili. Ganito kung ano ang ibig sabihin ng pagmamataas—isang bagay na para sa *akin*. (1 Mga Hari 1:5, Gawa 20:30, Jer. 45:5).

### Pinapaalis ng Pagmamataas ang Diyos

ANG PAGMAMATAAS ay isang konsentrasyon sa AKIN- aking kalooban, aking mga ideya, kung ano ang gusto ko…at itinutulak nito ang Diyos paalis sa trono. Sinasalungat ng pagmamataas ang Diyos at ang kalooban ng Diyos, upang sa halip ay itaas ang *sarili*. Ang kapalaluan ay nasa ugat ng lahat ng kasalanan sapagkat inaalis nito ang Diyos at inilalagay ang sarili sa trono. Ang pinakamatinding problema ng tao ay ito— "*Amo ko ang sarili ko…Ako ang nagpapatakbo ng aking buhay, hindi ang Diyos*." Bilang Ama at ating Tagapaglikha, hinahangad ng Diyos na sangguniin Siya at magkaroon ng bahagi sa lahat ng ating ginagawa (Luc. 4:4, Isa. 50:4), ngunit sa wari ay sinasabi ng kahambugan sa Diyos— "Umalis ka sa buhay ko, ako ang nagpapatakbo ng palabas, hindi Ikaw." Roma 1:18-32 ay isang pag-aalis sa Diyos.

ANG PAGMAMATAAS ay hindi maaaring tiisin ang *masalungat*. Madaling masaktan at mainsulto ang pagmamataas, kung saan ay nagdadala pa ng ibang masasamang damdamin katulad ng mga hinanakit at sama ng loob. Ang kayabangan ang *pinagmumulan* ng halos lahat ng mga pagpapahirap. Ito ang dahilan

kung bakit wala sa halos lahat ng mga makabagong pamamaraan ng pagpapagaling (sikolohiya, saykayatris, atbp.) ang mayroong pangmatagalang solusyon, dahil ipinagwawalang-bahala nila ang pinakamatinding sakit ng tao— isang pinakalabis, makasarili, napakatakaw na pagkaako- Pagmamataas!

ANG PAGMAMATAAS ay hindi kailanman nagbibigay ng pahintulot sa tao na magpahinga! Si Jesus ay lubusang malaya mula sa emosyonal na pagpapahirap sapagkat napagtagumpayan Niya ang pagmamataas. Sinabi Niya, “Ako ay maamo at mababang loob” at sinabihan Niya ang Kanyang Kasintahang Babae na matutunan ito mula sa Kanya, na mula rito ay makakasumpong tayo ng kapahingahan sa ating mga kaluluwa. (Mt. 11:29). Ang pagpapakumbaba ang susi sa kalayaan sa puso ng mga tao. Ngunit si Satanas at sinuman na puno ng kayabangan, ay walang kapayapaan. Iminumungkahi sa Job 1:6-12 na si Satanas ay patuloy na nahihirapan at walang kapahingahan, “Sa pagpaparoo’t parito sa lupa, at sa pamamanhik-manaog doon.” Ang kayabangan at kawalan ng kapayaan ay palaging magkasama.

ANG PAGMAMATAAS ang dahilan kung bakit pinatitigas ng mga lalaki at babae ang kanilang mga puso. Kagaya nang nabanggit na natin, ang isang mapagmataas na puso ay isang malakas na puso. Ito ay isang puso na puno ng pakikipaglaban. Kapag pinatigas ng mga tao ang kanilang puso, ito ay dahil mayroon silang isang napakahambog, malakas na puso. Ang Faraon ang isang pinakamahusay na halimbawa para dito. (cf. Exo. 8:15).

## *WALA TAYONG DAHILAN NA MAGING MAYABANG DAHIL:*

• **Tayo ay nalikha sa pamamagitan ng iba.** Dumating tayo bilang walang magawang mga sanggol, at wala tayong masabi sa bagay na ito. Hindi natin pinili na maging babae o lalaki, malakas o mahina (Awit 100:3;1 Cor. 6:19-20; Job 38:4).

• **Tayo ay mayroong isang makasalanang kalikasan na hindi na natin mababago.** (Jer. 13:23; Aw. 39:5; Isa. 64:6). Kung may anumang bagay na matuwid sa kalooban natin, ito ay nagmula sa Diyos. Walang mabuti na nagmumula sa atin. (Rom. 7:18-21).

• **Tayo ay walang kakayahan o kapangyarihan kundi kung ano ang ipinagkaloob ng Diyos.** Lahat ng kakayahan—pisikal, kaisipan, o espirituwal – ay nagmumula sa Diyos (Deut. 8:18; 1 Cor. 4:7; Jn. 3:27). Ang tao ay walang kakayahan *sa kanyang sarili* na gumawa ng anumang bagay.

• **Hindi natin maaaring kontrolin ang ating tadhana o gabayan ang ating mga sarili.** (Jer.10:23; San. 4:13-16; Mang. 8:8). Hindi makokontrol ng tao ang bukas, ni maunawaan ang kanyang sarili o may mga kasagutan sa tunay niyang mga pangangailangan.

Kaya nga, kapag ang isang tao ay mapagmalaki, siya ay **nadaya**. Hinihikayat tayo ni Pablo na huwag mag-isip nang higit pa sa ating mga sarili kaysa sa dapat nating isipin. At huwag magmarunong sa ating sariling pagmamayabang. Ang problema ay nasa kung ano ang *iniisip* natin! Sa likas na katangian tayo ay may palalong kaisipan. (Rom. 12:2; 12:3; 12:16; Kaw. 23:4; Obadias 1:3; Gal. 6:3; 1 Cor. 8:2).

# *ANG BUNGA NG PAGMAMATAAS*

**Dahil may iba't ibang anyo ang pagmamataas,**
**Ang ilan sa mga sumusunod ay maaari o hindi maaaring itukoy sa atin**

PANIMULA: Ang kapalaluan ay nasa ilalim ng karamihan sa mga problema ng tao. Kapag ang isang tao ay nahihirapan at nakikipaglaban sa isang uri ng pagkaalipin o uri ng pagpapahirap, upang sabihin sa kanya na ang tunay niyang problema ay "pagmamataas" o "sarili" magiging lubhang nakakapanghina iyon maliban na lamang kung maipaliwanag mo sa kanya kung paano ito naging ganoon. Ang sumusunod ay isang pagtatangkang gawin ito! Siyempre, hindi lahat ng mga pagkaalipin at pagkatakot ay nakaugat sa pagmamataas. Ang ilang mga problema ay maaaring minana. Ang iba ay maaaring naging sanhi ang pinabayaan o inabuso bilang isang bata, o mula sa ilang iba pang mga *trauma*. Ang mga ito ay mga kadahilanan na hindi maaaring ipagsawalang bahala. Ngunit kumbinsido ako na *bilang karagdagan* sa mga salimuot na ito at isang mababang pagtingin sa sarili—*pagmamataas, pagiging makasarili, at isang pinatigas na puso* (mga maling pagtugon dahil sa kayabangan) ay mabigat na umaambag sa pagkaalipin ng isang tao.

## ANG ISANG MAYABANG NA TAO AY ISANG MAHINANG TAO
## DAHIL SA SUMUSUNOD NA MGA KADAHILANAN:

**PAGMAMATAAS-** ay isang kawili-wiling pakiramdam ng isang sariling kadakilaan at kahalagahan. Dahilan dito, ang isang mayabang na tao ay madaling masaktan at matisod kapag siya ay hindi pinakitunguhan ng *ganoon din*. Hindi siya ang panginoon ng kanyang emosyon at kaya nga, mahina.

**PAGMAMATAAS-** ay ang paghahangad na maging nasa pinakamataas, na hindi kayang lampasan, hindi mapantayan; Samakatuwid, ang isang palalong tao ay aapak sa iba at gagamitin ang iba upang makarating doon. Narito muli, ang isang mayabang na tao ay hinihimok ng isa pang puwersa at hindi siya ang panginoon ng kanyang mga emosyon. Nang si Haring Solomon ay nahulog sa pagmamataas, ang kanyang buhay kaisipan ay patuloy na napupuno ng kung paano siya naging walang kapantay at walang kahambing (Mang. 1:16).

**PAGMAMATAAS-** dahil ginagawa tayong magpanggap na maging isang bagay na hindi tayo, ay inilalagay tayo sa ilalim ng isang labis na puwersa. *Kapag ikaw ay napilitan, ikaw ay matutuyuan*. Kung gayon, ang kayabangan ay unti-unting tumutuyo sa ating mga emosyon at siyang may pananagutan sa pagkapagod at mga panlulupaypay. Ang pagpapakumbaba ay tumutulong sa atin na maging mahinahon, maging kung sino tayo sa ating sarili, at tanggapin ang ating sarili. Ang hindi pangkaraniwang kababang-loob ay nagbubunga ng pambihirang kapayapaan at katahimikan ng kalooban.

**PAGMAMATAAS –** ay ginagawang *magpanggap* ang isang tao na maging isang bagay na hindi siya. Ang kapalaluan kung gayon ay ginagawa tayong huwad at mapagkunwari. Ngunit ang kababaang-loob ay nagbubunga ng pagpapakatotoo mula sa kalooban at katapatan!

**PAGMAMATAAS-** ay isang mataas na palagay ng tao sa sarili, hinahamak ang iba at ang kanilang mga opinyon. Ang kayabangan ay maaaring maging napakagaspang, habang ang isang tanda ng kadakilaan ay ang kakayahang tumanggap mula sa kahit sino sa kahit na anong antas. Ang isang tao ay ginagawang *napakaliit* ng pagmamataas.

**PAGMAMATAAS-** ay mapangahas at ipinalalagay na may mga kasagutan, kahit wala naman. Dahil sa pagmamayabang, ang mga tao ay hindi nakikinig sa iba. Kung gayon ang pagmamataas ay isa ring kakulangan ng karunungan.

**PAGMAMATAAS-** ay nagiging sanhi sa tao na mahalin ang matayog na ideya tungkol sa kanyang sarili, o akitin ang iba na mamuhay sa mga daigdig ng panaginip. — "Walang sinumang dakila kaysa sa akin" o "Ako ang sagot sa mga problema ng mundo!" (Tingnan ang Gal. 6:3, Obadias 1:3).

**PAGMAMATAAS-** ay maaaring maging nasa ilalim ng kahihiyan o kahit pa nang pagkamahiyain. Ang isang taong mahiyain ay hindi gagawing mahina ang kanyang sarili, at maingat niya itong pinoprotektahan— "Paano kung magkamali ako! Paano kung pinipintasan ako! Maaari akong mapahiya!" Ang pagmamataas ay maaaring nasa ugat ng ilang uri ng mga takot. Ang kapalaluan ay mapagtanggol sa sarili. Si Jesus, ang ating Kapitan, gayunman, ay mapagpakumbaba at *nasasaktan*, at nakahandang makita na katulad ng isang talunan.

**PAGMAMATAAS-** ay makasarili at naghahangad ng papuri ng tao. Nagsusumikap ang pagmamataas para sa isang dakilang *pangalan* o titulo para sa sarili, at katanyagan. Ang mayabang na tao ay gusto ng kabantugan, iniibig ang maging sentro ng atensyon at mas higit na nababahala tungkol sa kung ano ang iniisip ng tao sa kanya kaysa sa kung ano ang iniisip ng Diyos (Jn. 5:44). Ginagamit ng kayabangan ang mga retorika at mga malalaking salita na ang karamihan sa mga ordinaryong tao ay hindi man lamang kayang bigkasin, upang itaas ang lamang ang sarili at maging napakahusay pakinggan. Si Satanas din ay matalino at kumplikado, at gayundin ang mga Kristiyanong mayayabang (2 Cor. 11:3). Ginamit ni Jesus ang pinakasimpleng pili na mga salita noong Siya ay nagtuturo. At hindi kailanman itinaguyod ni Jesus ang isang reputasyon sa lupa. (Fil. 2:5-8).

**PAGMAMATAAS-** ang dahilan para sa isang mabagsik na disposisyon. Kapag ikaw ay mababa (hal. mababang-loob), walang sinuman ang makapagpapababa sa iyo, ngunit ang hambog na mga tao ay may napakatinding silakbo ng galit kapag may sinumang gumalaw sa kanilang kaakuan. Sila din ay sumasabog kapag wala silang sariling kalooban o pamamaraan. Kasama ng galit ang kapaitan, mga sama ng loob, at iba pang mga kasamaan.

**PAGMAMATAAS –** ay isang pangunahing dahilan sa kawalan ng kapayapaan. Maraming labanan ang titigil kapag ang pagmamataas ay nalinis.

**PAGMAMATAAS-** ay isang pangunahing dahilan sa karamihan sa mga pangkaisipan at emosyonal na karamdaman. Winawasak at pinahihirapan ng pagmamataas ang isang tao, tinutuyo at sinasaid nito ang kanyang kaluluwa at katawan sa lahat nitong enerhiya at lakas. Ang Isang Hambog (si Satanas) ay baluktot ang kaisipan at emosyon dahil sa kanyang matinding kayabangan. Gayundin ang sangkatauhan, balisa sa isipan at maramdamin dahil sa pagkalubha ng kanyang kahambugan.

**PAGMAMATAAS-** ay ipinaghihinanakit ang mga pagtutuwid at pagmumungkahi, na may saloobing- "Alam ko kung ano ang ginagawa ko, hindi kita kailangan o ang sinuman upang sabihin sa akin kung ano ang gagawin ko." Ngunit sinasabi sa Kawikaan 1:5 "At magtamo ang taong may unawa ng kahusayan."

**PAGMAMATAAS-** ay pinabibigat ang sabihin na, "Ako ay nagkamali, patawarin mo ako!" (Lev. 26:40-41). Ang kapalaluan ay magbibigay-katwiran sa mga pagkakamali upang maprotektahan ang *sarili*. Ang tanda ng kalakasan at karangalan ay ang pagkilala na tayo ay tao at nagkakamali, ngunit ang hambog na tao ay mahina, at dapat ipagtanggol ang sarili at may huling salita. Nakasumpong si Job ng pagkukulang sa Diyos, ngunit wala sa kanyang sarili, ginagawa ang kanyang sarili na mas matuwid kaysa sa Diyos. Si

Job ay matatag at sinabi na *mamatay* siya bago niya baguhin ang isip niya. (Job 27:2-6; 35:2).

**PAGMAMATAAS-** ay hindi kayang palampasin ang isang pagkakamali. Ang kapakumbabaan ay kayang palampasin ito! *"At kanyang kaluwalhatian na di pansinin ang kamalian"* (Kaw. 19:11). Ipinagpipilitan ng mayabang na tao na hingin ang pagtatanggol at "katarungan" para sa kanyang sarili. Hinahamon ng pagmamataas ang isang paghingi ng tawad para sa mga maliliit na pagkakamali at nagpapahirap din para sa nagkamali na humingi ng tawad.

**PAGMAMATAAS-** ay lubhang napapailalim sa sarili, na ito ay labis na sensitibo sa sarili nitong kasakitan, subalit napakawalang pakiramdam sa kasakitan ng iba. Ang taong mayabang ay walang kamalayan kapag nasasaktan niya ang iba. (Maaari mong saktan ang iba at mawalan ng pakiramdam sa pamamagitan ng pagsasabi ng—*Wala kang pakialam!*)

**PAGMAMATAAS-** ay ginagawang mahirap ang magpatawad. Ang kahambugan ay nananahan sa kasakitan… "Nasaktan ako" — at ipinapaalam din ito sa lahat!

**PAGMAMATAAS-** ay ang pinagmumulan ng paghihimagsik, pagsuway at paghihiganti. Si Satanas sa kanyang kapalaluan ay inibig ang maging nasa pinakatuktok. Nang hindi niya nakuha ang gusto niya, siya ay naging mapaghiganti. Magmula noon ay ginawa niya ang lahat sa kanyang kapangyarihan na ibaling ang lahat ng mga naninirahan sa langit at lupa palayo sa Diyos. Ang pagmamataas ang gumawa kay Satanas na mabaliw sa paninibugho sa lahat ng mga posisyon ng pamumuno, at pinapahina niya ang mga namumuno sa bawat antas. Siya ang may akda at tagapagtaguyod ng lahat ng *kilusan sa pagpapalaya ngayon!*

**PAGMAMATAAS-** ay mapagsarili at walang pakiramdam, na may saloobing ganito: "Kaya kong gawin ito sa aking sarili. Hindi kita kailangan o ang sinuman. Walang magsasabi sa akin kung anong gagawin! Hindi ko kailangang ipagpatuloy ito!" (1 Cor. 10:12; Kaw. 18:12). Ang kababaang-loob ay nagsasabi, "Pakiusap tulungan mo ako, wala akong kasagutan para sa lahat. Kailangan ko talaga ang iyong maipapayo at pananalangin… hindi ko magagawa ito nang wala ka!"

**PAGMAMATAAS-** ay ginagawang kumplekado ang tao at sobrang teknikal. Gayunpaman, ang mga kalalakihang may kababaang-loob ay malaya mula sa mga pakikipaglaban at pakikipagtalo. Pinatatahimik ng kapakumbabaan ang mga digmaan at alitan sa kalooban. Ang *pagsuko* ay isang susi para sa kapayapaan. Pupunuin ng kapayapaan ang ating mga puso habang tayo ay nagpapasakop sa Diyos at pinahahalagahan at pinakikinggan ang ating mga Kristiyanong kapatiran. (Kaw. 13:10; San. 4:6-10).

**PAGMAMATAAS –** ay nagiging sanhi para sa isang tao na pagmatigasin ang kanyang puso. Ang mapagmataas na puso ay isang malakas na puso na may labis na kaguluhan at pagkikipaglaban-pinagmatigas ni Faraon ang kanyang puso ng paulit-ulit (Ex. 8:15). Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng isang pusong laman, isang puso na hindi makikipaglaban. Tandaan, ang isang matigas na puso ay sumasalungat sa Diyos at sa Kanyang biyaya (San. 4:6, 1 Ped. 5:5-6; Kaw. 3:34; Aw. 138:6; 2 Cron. 36:11-13).

**PAGMAMATAAS –** ay nagdadala ng pandaraya (Obadias 1:3) *"Dinadaya ka ng kapalaluan ng iyong puso."* Ang panlilinlang ay lumalago sa isang hambog na puso. Ang bawat bulaang relihiyon at bulaang doktrina ay dumarating dahil sa pagmamataas. Nais ng mga tagapagtatag na magkaroon ng bagong ideya na wala pang may nakapag-isip dati— ang kayabangan na maging *orihinal*. Ginagawa ng pagmamataas na mag-isip ang isang tao na magagawa niya ito nang mas mahusay kaysa sa sinumang iba pa, kasama na

ang Diyos. “Sa pag-aangking marurunong, sila’y naging mga hangal” (Rom.1:21-22; Gal. 6:3; Rom.12:3; 1 Cor. 8:2).

**PAGMAMATAAS –** ay isa sa mga pinakamatinding sanhi kung bakit ang isang tao ay hindi magawang makipagmabutihan sa iba. Dahil sa kapalaluan, hindi makayanan ng mga tao ang mga sitwasyon sa buhay. Hindi mapangasiwaan ng kayabangan ang mga pagkakamali, at hindi kayang matiis na masalungat ang kalooban nito. “Hindi ko na kaya ito; mababaliw ako” —ay madalas na sinasabi nilang mga hindi nasusunod ang kanilang kagustuhan. Hindi nakuha ni Satanas ang kanyang sariling kagustuhan at siya’y pinahirapan ng masasamang damdamin magmula noon. Subalit ang mga taong nakaranas ng tunay na kapakumbabaan ay may kakayahang makayanan ang mga ito. Malaya ang kanilang espiritu!

**PAGMAMATAAS –** ay ang pangunahing dahilan sa mga argumento at mga pakikipagtunggali. (Kaw. 13:10). Tanging sa pagmamataas *lamang* nagmumula ang mga pag-aaway (mga pagkikipagtalo). Ang marurunong na tao ay umaayon, malumanay, nasa katwiran, at kayang bumaba sa mga kahilingan at pananaw ng iba na hindi nakikipagkompromiso.

**PAGMAMATAAS –** ay isang dahilan kung bakit hindi tayo nababasag sa harapan ng Diyos. Para sa iba, ang mabasag sa harapan ng Diyos o ng kapwa mananampalataya ay isang tanda ng kahinaan, ngunit ito ay hindi totoo. Ang mahinang tao ay ang isang pinatigas ang sarili. Dahil sa pagmamataas, si Zedekias ay tumangging makinig, umayon o sumuko sa salita ng Panginoon. Natakot siyang mawalan ng pagmumukha. Ang kanyang kapalaluan ang naging sanhi na masunog ang Jerusalem at pinagpapatay ang kanyang mga anak (Jer. 38:17-23; 2 Cron. 36:11-13).

**PAGMAMATAAS –** ay ang pangunahing dahilan sa kawalan ng pagkakaisa. Sa likas na katangian, ang tao ay naglalayong itaguyod ang kanyang sarili at sariling mga ideya. “Sapagkat pinagsisisikapan nilang lahat ang para sa kanilang sariling kapakanan, hindi ang mga bagay ni Jesu-Cristo.” (Fil. 2:21). Sa isang pagkakataon, ang Diyos ay nagsalita sa isang iglesya at sinabi, *“Sa mababang lugar ay may pagkakaisa, kung saan ay mas pipiliin mo ang iba bago ang inyong mga sarili”* (Fil. 2:3; Rom. 12:10). Maaari nating makita kung paano naitataguyod ng kapakumbabaan ang pagkakaisa! Gaano karaming pagkakaisa ang nasa ating pagsasama?

**PAGMAMATAAS –** ay nilalabanan ang salita ng Diyos at napakadaling tawagin ang iba na “wala sa ayos” o “hindi totoo” (Jer. 43:2). Inakusahan ng mga hambog na tao si Jeremias na nanghuhula ng hindi totoo. Ang kayabangan kung gayon ay sumisira sa pagkilala. Ang *paliwanag* ay isang bunga ng kapakumbabaan (Mt. 11:25).

**PAGMAMATAAS –** ay ang dahilan kung bakit iniisip ng mga tao na mas mahusay sila kaysa sa iba. (Deut. 17:20). Ang kayabangan din ang dahilan ng paghahambog at pagmamalaki (Jer. 9:23-24). Ginagawa ng kahambugan (kung saan ay panlilinlang) na mag-isip ang isang tao na siya ay hindi pangkaraniwan at kakaiba, marahil ay dahil sa tagumpay o ilang espesyal na mga kaloob o talento. Subalit bakit natin hahamakin ang iba? Ang lahat ng ating pag-aari ay ibinigay sa atin ng Diyos (Jn. 3:27; 1 Cor. 4:7; Deut. 8:17-18). Kahit na ang Apostol na si Pablo ay hindi rin ligtas sa pagmamayabang, bagaman siya ay puspos ng Espiritu at nagkaroon ng *kamatayan sa kasalanan* na karanasan. (Pagtularin ang Roma 6:6 sa 2 Corinto 12:7.)

**PAGMAMATAAS –** ginagawang mag-isip ang mga tao na sila ay walang pagkakamali. Ang delusyon at panlilinlang ay nagmula sa pagmamataas. Nagdudulot ang kayabangan ng kasalanan ng labis na pagtitiwala sa sarili. May mga narinig akong sinasabi ng iba na kailanman ay hindi sila nagkamali sa

kanilang espirituwal na mga kaloob (kaloob ng pagpopropesiya o salita ng kaalaman). Ngunit ito ay isang panlilinlang at kahambugan! Ang nararapat nating saloobin ay, "Panginoon, napakadali para sa aking isipan at emosyon na ilihis kung ano ang gusto Mong sabihin. Manaig po Kayo sa aking buong pagkatao! Panginoon, kailangan Kita sa bawat sandali!" (Jn. 5:19, 30).

**PAGMAMATAAS –** ay ang kabaligtaran ng pag-ibig. Ang pag-ibig ay ganap na hindi makasarili (1Cor.13). Ngunit ang pagmamataas ay hinahanap ang mga pansariling interes- "Anong meron dito para sa akin?" Iniisip lamang ng pagmamataas ang sarili nito. AKO! Kung pagmamataas ang kabaligtaran ng pag-ibig, ito din kung gayon ang pinagmumulan ng poot.

**PAGMAMATAAS–** ay isang kaaway ng Diyos. Pinipigilan at sinasalungat ng kayabangan ang kalooban ng Diyos. Ang pagmamayabang ay mapagsarili at inilalayo ang sarili mula sa Diyos. Ang hambog at matigas na puso ay magkasama. Kung saan ang isang tao ay *pinatitigas* ang kanyang puso, ito ay dahil mayroon siyang isang *palalong* puso. Kinamumuhian ng Diyos ang kapalaluan, at dapat tayo din. (Kaw. 6:16-17; 8:13; 1 Jn. 2:16-17). Hindi maaaring pagpalain ng Diyos ang isang hambog, matigas na puso. Ang sakit at pagdurusa ay para sa layuning sirain ang pagmamataas at katigasan, upang maaari tayong pagpalain ng Diyos.

**PAGMAMATAAS –** ang nagiging sanhi sa atin na *hindi* magkaroon ng tagumpay laban kay Satanas, na siyang labis na palalo. Kung tayo ay katulad niya at gumaganti kagaya niya- wala tayong kapangyarihan sa kanya. Ang kapakumbabaan-pagiging katulad ng Kordero- ay ang susi sa pagkakaroon ng kapangyarihan laban sa isang Hambog. Kapag ang isang mananampalataya o mangangaral ay nagsimulang magtiwala sa sarili, *inaalis niya ang sarili* mula sa silong ng proteksiyon ng Diyos at siya'y nahuhulog sa bitag ni Satanas. Tinutuya ni Elias ang mga paganong saserdote ni Baal, ngunit naroon pa rin ang isang reyna na dapat harapin. Ginamit ni Satanas ang babaeng ito upang hasikan ng matinding takot ang puso ni Elias kung kaya't siya ay tumakbo. (1 Hari.18:27; 19:1-3; Kaw.16:18; 18:12; 29:23). Basahin sa *Santiago 4:6.*

**MAYROON PA BANG PAGTATAKA KUNG BAKIT SINASALUNGAT NG DIYOS ANG MAPAGMATAAS? — SINASALUNGAT SIYA NG PAGMAMATAAS!**

## Mga Maibigin sa Sarili

**"Ngunit unawain mo ito, na sa mga huling araw ay darating ang mga panahon ng kapighatian. Sapagkat ang mga tao'y magiging maibigin sa kanilang sarili."**
**2 Timoteo 3:1-2**

Ang lahat ng mga kasalanan na nabanggit sa 2 Timoteo 3:1-5 ay lumalaki mula sa *pag-ibig sa sarili*- mapag-imbot, mapagmalaki, mapagmataas, mapaglapastangan, masuwayin sa mga magulang, walang utang na loob, makasalanan, walang likas na pagmamahal, sumisira ng kasunduang pangkapayapaan, bulaang tagapagbintang, mapusok, mabagsik, tagapaghamak sa mga mabubuti, taksil, sutil, mataas mag-isip, mga maibigin sa mga kalayawan higit sa pagiging maibigin sa Diyos, at huwad na espirituwalidad. Ang lahat ng ito ay umuugat sa kasakiman at sariling kalooban.

Sa ating henerasyon ang mga oras na mapanganib ay darating sapagkat ang mga tao ay maibigin sa kanilang sarili. Ang mga araw ni Noe ay katulad lang din ngayon. Sila rin ay mga maibigin sa kanilang sarili. Ang pagtataas ng sarili ang nagdala sa sanlibutan sa kasiraan at ang bunga ng pagbaha.

## P A G M A M A T A A S . . . (Bilang Buod)

- Ay makasarili.
- Hinahamak ang iba at winawalang bahala ang mga opinyon ng iba.
- Ay magaspang at mapangutya. Ginagawa ang taong magpanggap upang maging isang bagay na hindi naman siya.
- Inilalagay ang tao sa ilalim ng sobrang pagtitiis habang siya ay gumaganap ng isang papel.
- May napalaking palagay sa sarili nitong kahalagahan o kadakilaan.
- Nagnanais makarating sa tuktok at aapakan ang iba upang makarating doon.
- Ipinaghihinanakit ang mga pagtutuwid at mga pagmumungkahi, sa gayon, ay isang kawalan ng karunungan.
- Ipinalalagay na mayroong mga kasagutan kahit na wala naman.
- Hinahanap ang papuri ng tao, isang pangalan, isang titulo at katanyagan.
- Tumutungo sa pagiging intelektuwalismo, gumagamit ng mabibigat, kumplikadong mga salita upang palakihin ang kanyang pagkaako.
- Ay ang dahilan para sa isang marahas na disposisyon: masyadong maramdamin at madaling matisod.
- Ay ang pangunahing dahilan ng karamihan sa mga pangkaisipan at emosyonal na karamdaman, at kahit ang pagpapakamatay.
- Pinabibigat na aminin ang kanyang mga pagkakamali at mga pagkukulang: Hindi masabing, “Ako ay nagkamali, Patawarin mo ako.”
- Ang isang pangunahing dahilan sa kawalan ng kapayapaan: ito ay palaging nababalisa o nababahala tungkol sa anumang bagay.
- Ginagawang maging napakasensitibo sa sarili nitong pakiramdam, ngunit walang pakiramdam sa damdamin ng iba.
- Inaakit ang mga tao sa mga daigdig ng panaginip, at magkaroon ng hindi makatotohanang mga kaisipan sa sarili.
- Itinataas ang sarili: Nais maging tanyag, hindi malampasan, hindi mapantayan, at nag-iisa.
- Ay ang nasa ugat ng tiyak na uri ng mga takot at pagkamahiyain: Hindi papahintulutan ang sarili na masaktan.
- Ay nagpapahirap.  Ang pagmamataas ang pinagmumulan ng karamihan sa mga kaguluhan at alitan sa kaluluwa.
- Ginagawang kumplikado ang isang tao, sobrang teknikal at naguguluhan, katulad ni Satanas.
- Ang madalas na pinakamatinding dahilan kung bakit hindi nakakayanan ang buhay at iba pa.
- Ang dahilan sa pagkadaya at pagkakamali (Obadias 1:3)
- Ginagawang magpalagay ang mga tao na sila ay walang pagkakamali.
- Ang nasa ilalim ng paghihimagsik, pagsuway, paghihiganti.
- Ay mapagsarili. Ibinababa ang iba upang itaas ang sarili.
- Ay ang pangunahing dahilan sa mga pagtatalo (Kaw.13:10).
- Ay ang sanhi ng kawalan ng pagkakaisa. “Sa mababang lugar ay naroon ang pagkakaisa.”

- Ay ang dahilan na kung bakit ang isang tao ay hindi nababasag at sumusuko sa Diyos, sa mga kapatiran o sa iba.
- Ay ang pinakamatinding dahilan kung bakit hindi natin kayang makisama sa iba… lalo na sa tahanan at sa pagsasamang mag-asawa.
- Ay ang dahilan kung bakit pinatitigas ng mga tao ang kanilang mga puso. Iniingatan ng kayabangan ang mga kasakitan. Nilalabanan ng kahambugan ang Diyos at iba pa.
- Ay ang dahilan na ang tao ay nagmamayabang, nagmamalaki at iniisip na mas mabuti siya kaysa sa iba.
- Nilalabanan ang salita ng Panginoon at napakadaling tawagin ang iba na walang silbi o *wala sa ayos*.
- Ay napakadaling maghanap ng pagkakamali sa iba, para lang maitaas ang sarili.
- Ay ang kabaligtaran ng pag-ibig. Ang pagmamataas kung gayon ay isang anyo ng pagkapoot.
- Ang nagiging sanhi sa atin na hindi magkaroon ng tagumpay laban kay Satanas, na siyang pinakamayabang.
- ANG PAGMAMATAAS ANG PINAKAMALAKING PROBLEMA NA MAYROON TAYO.

## *MGA LIHIM SA KALAKASAN*

Hinahanap ng mga Judio ang isang Mesias na magliligtas sa kanila mula sa pamatok ng Roma, aalisin sila mula sa kanilang mga mang-aapi at lupigin ang lahat ng kanilang mga kaaway. Ngunit si Cristo ay dumating upang harapin ang iba pang mga uri ng mga kaaway— mga kaaway kung saan ay higit na matitindi kaysa sa mga ito. Dumating Siya upang talunin ang **hindi nakikitang puwersa** na umudyok sa masasamang pamahalaan at bumagsak na tao. At naparito Siya upang pamunuan at daigin ang isang bumagsak na kalikasan kung saan ay hindi kailanman malulupig ng tao. Si Cristo ay dumating upang talunin ang isang nakapangingilabot na arkanghel (Satanas) at lahat ng kanyang mga masasamang anghel at mga demonyo. At siya ay dumating upang talunin ang kasalanan at isang makasalanang kalikasan. Ito ay nangangailangan ng *hindi kapani-paniwalang* lakas! Ang mga espirituwal na labanan ay nangangailangan ng ibayong higit na lakas ng lahat— lakas laban sa paghihirap sa isipan, laban sa kasalanan, mga pag-aalinlangan, mga takot, mga tukso at Satanas.

Ang matinding kalakasang espirituwal, karunungan at isang dalisay na puso ay kailangan upang talunin si Satanas. Hayaan ninyo na subukan kong ilarawan ito: Si Satanas ay punong-puno ng pagmamataas! upang talunin ang pagmamataas at ang Mapagmataas, ay mangangailangan ito ng buong kapakumbabaan at pagkapahiya. Si Satanas ay may sariling kalooban. Upang talunin ang Isang may Sariling-kalooban, ay ipipilit nito na mayroong isa na buong pusong makapagsasabi na, “Hindi ang kalooban ko kundi ang sa Iyo ang mangyari.” Upang talunin ang kapaitan, may isang tao na kailangang magdusa ng matinding kawalan ng katarungan ngunit pagkatapos ay tutugon sa pagsasabing “Ama patawarin Mo sila.” Upang talunin ang pagka-awa sa sarili, ay kailangang may isang tao na magsasabing “Huwag kayong umiyak para sa Akin, kundi para sa inyong mga sarili at sa inyong mga anak.”

Natalo ni Jesus si Satanas sa bawat punto! Hinubaran Niya si Satanas at ang lahat ng masasamang espiritu ng kanilang kapangyarihan, sa *pamamagitan ng paraan* kung paano siya nabuhay at namatay (Col. 2:15). Namatay si Jesus bilang isang perpektong kordero—walang kapaitan. Ngunit tandaan, *hindi* ang katotohanang ito na namatay si Jesus ang nagpabagsak kay Satanas. *Ang paraan* kung paano siya namatay ang gumapi kay Satanas. Bilang isang tao, nadaig ni Jesus ang makasalanang likas ng tao sapagkat hindi Siya kailanman sumuko sa kasalanan (Basahin Rom. 8:3; Heb. 4:15; 2:14). Ganap na napanalunan ni Jesus ang tagumpay para sa tao, ngunit ang tao ay dapat lubos na umasa kay Cristo upang makamit ang kabuuang tagumpay na ito. Inaasam ni Cristo na ipaalam sa atin ang mga lihim ng Kanyang lakas at tagumpay, sa pamamagitan ng Kanyang bukas na biyaya (2 Tim. 2:1)

**SI JESUS ANG PINAKAMALAKAS NA TAONG NABUHAY KAILANMAN DAHIL:**

* **Siya ang Pinaka Mapagpakumbaba** Ang kababaang-loob ay nagbubunga ng napakapayapang kalooban. Hindi kayang yanigin ni Satanas ang isang taong may kapayapaan. Rom.16:20
* **Siya ang may Higit na Biyaya.** Siya ay *puspos* ng biyaya at katotohanan dahil sa kanyang pagpapakababa. Jn.1:14, San. 4:6, Kaw. 3:34
* **Siya ang Pinaka Marunong.** Mayroon Siyang banal na pananaw sa mga tao at mga sitwasyon at alam Niya kung paano tumugon. Lk. 2:52
* **Siya ang Pinaka Anyong Alipin.** Wala Siyang sariling kalooban upang salungatin. Siya ay masunurin hanggang sa kamatayan. Mk.10:42-45; Fil. 2:8
* **Siya ang Pinaka Hindi Makasarili.** Bigay Siya ng bigay ng walang hinihintay na kapalit. (Ang pag-ibig ay ganap na hindi makasarili. Lk.17:7-10
* **Siya ang Pinaka Anyong Tupa.** Wala Siyang paghihiganti o kapaitan at nakagawa ng kawalang katarungan sa Kanyang Ama.1 Ped. 2:23
* **Siya ang Pinaka Umaasa.** Ang mga taong umaasa ay pinalalakas ng Diyos at hindi nabibigo. Jn. 5:19; 5:30.
* **Siya ang Pinaka Pinahiran.** Iniibig Niya ang katuwiran at kinapopootan ang kasamaan. Siya ang Isang Pinahiran sa Awit 45:7.

| **SATANAS** | **HESUS** |
|---|---|
| *(Pagmamataas)* | *(Pagpapakumbaba)* |
| *Pahirap* | *Kapayapaan* |
| Galit | Pag-ibig |
| Isang panginoon | Isang alipin |
| May sariling kalooban | Nakasukong kalooban |
| Nasaktan ng labis | Mahinahong nabasag |
| Mapait na mapaghiganti | Isang nakalulugod na Kordero |
| Nakasentro sa sarili | Nakasentro sa iba |

| **5 Pag-aangat sa sarili** | **5 Pagpapababa sa sarili** |
|---|---|
| **(Isaias 14:12-14)** | **(Filipos 2:5-8)** |
| *Ako'y* aakyat sa langit | Hinubaran ang Kanyang sarili |
| *Aking* itatag ang aking trono sa itaas | Kinuha ang anyong alipin |
| *Ako'y* uupo sa bundok | naging katulad ng tao |
| *Ako'y* aakyat sa itaas ng mga kalangitan ng mga ulap | Siya'y nagpakababa sa Kanyang sarili |
| *Ako'y magiging gaya ng Kataas-taasan* | naging masunurin hanggang sa kamatayan. |

# *MAGING ISANG TAGAPAGLINGKOD*

## Susi sa Pagtatagumpay sa Sarili

(Mc.10:42-45, 9:33-37). Ang *kadakilaan* ay nasa isipan ng mga alagad, gaya ng nasa isipan ng marami ngayon! Iniisip ng mga disipulo ang kadakilaan sa likas na mga katawagan. Tinanong nila., "Panginoon, sino ang pinakadakila sa kaharian ng Diyos? Tumugon si Jesus sa ilang di-inaasahang mga sagot, at ginamit Niya ang dalawang bagay upang ilarawan ang kadakilaan. Sinabi Niya, "Magpakumbaba ka gaya ng isang *bata*!" "Maging *lingkod* ng lahat!"

### Ang paglilingkod ay madalas winawalang kabuluhan

Ang konsepto ng pagiging isang alipin ay pangkaraniwang tinitingnan na mababa sa lipunan ng mga Amerikano. Ayaw isipin sa sarili ng isang karaniwang manggagawa na siya ay isang alipin lamang sa kanyang amo. Karamihan sa mga tagapangasiwa ay ayaw maging alipin sa isang trabahador. Ang mga opisyal ng Unyon ay ayaw maging mga tagapaglingkod sa mga tagapangasiwang uri. Maraming maiitim na mga naghirap para makilala ang ayaw maging isang kasambahay o tanggapin ang mas mababang mga trabaho. Mas maigi na lamang na sila ay maging mga guro, doktor, abogado, o administrador. Totoo ito sa karamihan ng mga tao. Ang konsepto ng paglilingkod sa pangkalahatan ay tinitingnan nang napakababa sa mundo. Ang mundo sa pangkalahatan ay nais ng isang posisyon, isang titulo, isang dakilang pangalan, isang mansyon, isang mamahaling kotse, isang alipin at isang tao na maghihintay sa kanila. Ngunit itinuro ni Jesus na ito ang eksaktong kabaligtaran ng kadakilaan sa Kanyang kaharian. *"Siya na dakila ay magiging lingkod ng lahat"* Ang mga pulitiko, peryodista, at kahit ilang mga nagmiministeryo sa maraming pagkakataon ay kinikilala bilang mga sikat na tao, binabayaran ng malalaking sweldo, at halos hindi malapitan.

### Ngunit itinataas tayo ng Paglilingkod

Binabanggit ito ng kasaysayan (gayundin ng salita ng Diyos) na ang mga pinakadakila ay yung mga naglilingkod ng labis! Nilisan ni Albert Schweitzer and kanyang minamahal na bayan upang pumunta sa Afrika upang italaga ang kanyang sarili sa paglilingkod sa sangkatauhan. Iginugol niya ang kanyang buong buhay upang mapadali ang paghihirap ng bumagsak na sangkatauhan. Si Albert Schweitzer ay itinuturing na isa sa mga pinakadakilang mga lalaki sa kanyang panahon. Si J. Hudson Taylor at marami pang iba na katulad niya ay mga mahuhusay na alipin, at sa pagiging dakilang mga tagapaglingkod, ay ang mahuhusay na mga tao. Kahit na sa sekular na mundo, ang mga imbentor katulad nila Edison, Ford at iba pa ay naging dakila habang hinahangad nilang maglingkod sa sangkatauhan sa kanilang mga imbensyon. Halimbawa nalang si Henry Ford, hinangad na magdala ng murang transportasyon sa mga karaniwang tao; at ng mas lalo siyang naglingkod, ay lalo siyang mas naging mahusay. Ninais ni Thomas Edison na maglingkod sa mga tao gamit ang mga kasangkapang de-kuryente na inimbento niya, at ng mas lalo siyang naglingkod, ay mas lalo siyang lumago.

Ang mga Japones ay mayroong *kaisipang maglingkod*, at pinagpala sila dahil dito. (Anumang bahagi ng salita ng Diyos na sinusunod ay nagdadala ng pagpapala, maging sinunod man ng makasalanan o banal). Ang mga tagapamahala ay nakaprogramang maging lingkod ng mga manggagawa. Sa kapakumbabaan ay sinasabi nila sa kanilang mga manggagawa, "Magkasama tayong lahat dito, tayo ay isang pangkat, kung maaari tulungan ninyo kami! Hindi namin alam ang lahat ng dapat malaman tungkol sa produksyon at mga pamamaraan. Pakibigyan ninyo kami ng mga mungkahi at tulungan ninyo kaming makagawa ng isang mabuting trabaho!" Nang dahil sa saloobing ito, ang karaniwang manggagawa ng sasakyan sa Japon ay

nagbibigay ng nasa pagitan ng labingwalo hanggang labingsiyam na mga mungkahi kada taon, at halos nasa walumpung porsiyento sa mga ito ay ginagamit. Subalit sa Amerika ay hindi ganito! Ang mga Japones, dahil sa kanilang kaisipang maglingkod, ay pinag-iiwanan ang mayayabang na mga Amerikano sa industriya ng kanilang sasakyan. Halimbawa noong 1980, ay nalampasan ng Japon ang Amerika sa kabuuang nailabas na mga sasakyan. Ang pangangasiwa sa Amerika ay hindi nakaabot bilang isang tagapanglingkod, o hinikayat man lang ang mga mungkahi. Hindi rin ito halos nakahandang makinig sa mga bagong ideya, upang matutunan o maituro! Ang isang ugali na madaling turuan, mapagpakumbabang alipin ay wala sa pamamahala ng mga Amerikano. Sa halip ay pagmamataas ang nangunguna! *"Ganito namin ito ginagawa! Alam namin kung ano ang ginagawa namin, gustuhin ito o iwanan!"* dahil dito ang karaniwang manggagawa ng sasakyan ay nagbibigay lamang ng dalawang mungkahi sa isang taon, at kalahati lamang sa mga ito ang ginagamit. Ang kailangan sa Amerika ay mga tagapangasiwang mga tagapaglingkod sa kanilang mga manggagawa. (Pat Robertson, president ng CBN).

Isang kilalang Amerikanong negosyante ang natutong maging isang lingkod sa huling bahagi ng kanyang buhay nang siya ay nasa pintuan na ng kanyang kamatayan. Si John D. Rockefeller ay naging isang milyonaryo sa pamamagitan ng pag *monopoly*o sa maagang industriya ng langis sa Amerika. Si Rockefeller ay hindi naging isang lingkod, siya ay isang gahaman. Ngunit sa lahat ng kayamanan niya, siya ay nagkasakit ng malubha at halos nasa punto na ng kanyang kamatayan sa edad lamang na 50. Ang mahigpit na kamay ni Mr. Rockefeller ay nabuksan, nagsimula siyang ipamigay ang kanyang mga kayamanan sa mga hospital, paaralan, at sa ibang pang may mga kapakinabangan. Isang kakaibang bagay na kapansin-pansin ang nagsimulang maganap sa kanyang kaluluwa at katawan. Nagsimulang bumalik ang kanyang kalusugan. Sa katunayan, siya ay lubos na gumaling na nakuha pa niyang mabuhay hanggang sa ganap na gulang ng 98. Ang pagpapala ng Isaias 58:7-8 ay naging makatotohanan sa kanyang buhay! Sa pamamagitan ng pagiging isang lingkod sa iba sa halip na maging isang kuripot, isang pagbabagong-anyo ang naganap sa kanyang kaluluwa. Ang kagalingan na nangyari sa kanyang kaluluwa, ay pinagaling din ang kanyang katawan (Kaw. 4:20-22; 11:24-25).

## *SUSI SA PAGKAKASUNDO SA PAGSASAMA*

Ang susi sa maayos na pakikisama sa ating mga asawa (at sa iba pa sa pangkalahatan), at ang susi sa pagkakamit ng tagumpay laban sa makasariling buhay ay ang pagkakaroon ng isang *mapaglingkod* na puso! Si Jesus ang pinakadakilang tagapaglingkod sa lahat ng panahon. Siya ay lubos na hindi makasarili! (Ang tunay na pagmamahal ay hindi makasarili— 1 Cor 13:4-7). Napakadaling pakisamahan ni Jesus. Hindi Siya kailanman naging sumpungin, madaling matisod, o mapaghangad. Hindi Niya kailanman ipinilit ang Kanyang sariling paraan. Si Jesus ay napakamaunawain, at mapagpatawad, at hindi Siya nagkimkim ng sama ng loob. Ang isang alipin at hindi nakikipagpunyagi sa mga karamdamang ito sa kanyang puso. Subukan nating unawain kung bakit!

Ang *pagkamakasarili* ay ang pangunahing dahilan kung bakit ang mga tao ay hindi nakakayanang makibagay o makisama. Ang isang lingkod, kung gayon, ay ipinapakita ang mismong kabaligtaran ng pagkamakasarili. Ang isang lingkod ay nakatuon sa kapakanan at pangangailangan ng iba, hindi sa kanyang sarili. Sa halos bawat pagsasama na nabibigo, ang ugat ng problema ay ang kawalan ng isang pusong naglilingkod… o kung ilalagay ito sa ibang salita—*pagkamakasarili*. Walang maaaring mangyari sa isang pagsasama hanggang ang isang lalaki at babae ay matutong maging mga tagalingkod. Ang isang pagsasama ay hindi lalago hanggang sa ang dalawang tao ay lumalagong *espirituwal* at nagiging katulad ng Isang Di-Makasarili. Samakatuwid, kailangan nating hanapin ang Diyos para sa isang *lumalagong relasyon* sa ating pagsasama—hangarin nating magkaroon ng puso ng isang lingkod!

**MAKINIG SA MGA SALITA NI JESUS,**
**ANG PINAKADAKILANG TAGAPAGLINGKOD SA LAHAT NG PANAHON**

*(Ang pagtanggi sa sarili ay nasa pinakapuso ng Kristiyanismo. Pansinin kung gaaano kamapagbigay at di-makasarili si Cristo!)*

- **"Higit na mapalad ang magbigay kaysa tumanggap." (Gawa 20:35). "Huwag ninyo akong iyakan" (Luc 23:28).**
- **"Ang Anak ng Tao ay hindi naparito upang paglingkuran, kundi upang maglingkod at ibigay ang kanyang buhay na pantubos sa marami." (Marcos 10:45).**
- **"Ako'y bumaba mula sa langit hindi upang gawin ko ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban ng nagsugo sa akin." (Juan 6:38).**
- **"Huwag ang kalooban Ko ang mangyari kundi ang sa Iyo." (Matt. 26:39, Luc. 22:42).**
- **"Minamahal ako ng Ama, sapagkat ibinibigay ko ang aking buhay, upang ito'y kunin kong muli." (Juan 10:17).**
- **"Ang sinumang mawalan ng kanyang buhay dahil sa akin ay makakatagpo nito" (Matt.16:24-25).**
- **"Ama, patawarin mo sila, sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa" (Luc. 23:34).** (Humihingi ng habag para sa mga mang-uusig)
- **"Kung ako ang inyong hinahanap, hayaan ninyong makaalis ang mga taong ito." (Juan 18:8).** (Pagprotekta sa Kanyang mga disipulo)
- **"Pagkatapos ay sinabi niya sa alagad, Narito ang iyong ina!" (Juan 19:27).** (Hinihiling kay Juan na alagaan ang Kanyang ina) Patuloy na naiisip ni Jesus ang iba. Habang siya ay namamatay sa krus, iniisip Niya ang kapakanan ng Kanyang ina.

Hindi pa katagalan, isang sekular na pag-aaral ang nagpakita na ang pinakamasasayang tao ay ang mga naglalaan ng oras sa pagtulong at pag-aalaga sa iba. Ipinakita ng parehong pag-aaral na ang mga makasariling tao (mga taong naghahanap lamang ng para sa kanilang sarili at ayaw paabala sa iba) ay halos *hindi kailanman* masaya. Ang kakatwang bagay ay ang makasariling mga tao ay silang mga *sinusubukan kahit pinakamahirap* upang maging masaya. *Unang* utos ng Banal na kautusan, "*Magbigay* kayo at iyon ay ibibigay sa inyo" (Lc. 6:38).

## ANG SAKIT SA *SARILI*

- Nabigo kang katagpuin ang mga pangangailangan at inaasahan KO!
- Hindi mo AKO pinunan o ang aking ninanasa!
- Ikaw ay hindi sensitibo sa AKIN! Wala kang pakialam!
- Dapat KONG isipin ang AKING kaligayahan!
- Utang KO ito sa AKING sarili. Karapat-dapat ako sa mas magandang bagay.
- May karapatan AKO. Hindi ko kailangang tiisin ito!
- Hindi KO na kaya pang tanggapin ito, Aalis na AKO.

Wala sa mga ito ang masusumpungan sa puso ng isang tagapaglingkod. Ang mga lingkod ay higit na nababahala para sa mga pangangailangan ng iba kaysa sa kanilang sariling mga pangangailangan.

Ang pinakapuso ng Kristiyanismo ay isang pagtanggi sa sarili, at hindi ginagawa ang aking sariling kalooban (Rom. 15:1-3).

MGA SALOOBIN NG PAGKAMAKASARILI – tugunan ang aking pangangailangan, hintayin ako, alagaan ako, maging sensitibo sa akin, unawain ako, tupdin ang mga inaasahan at hinahangad ko. Ngunit dapat tanungin ng isa ang kanyang sarili ng katanungang ito— Gaano ba ako ka naging sensitibo sa pangangailangan ng aking asawa? Sinubukan ko bang matugunan at maunawaan ang kanyang mga pangangailangan? (Mt. 7:12). Ang *saloobin* ng isang makasariling asawa ay parang katulad nito: "Nag-asawa ako upang lahat ng *aking* mga pangangailangan ay matupad! Nabigo kang katagpuin ang aking mga pangangailangan. Sumusuko na ako." Ito ay karaniwan sa pag-ibig ng mundo. "Mahal kita habang pinasasaya mo ako! Kung hindi, Ayaw ko na!"

**ANG PAGLILINANG SA PUSO NG ISANG LINGKOD AY ANG SUSI SA:**

- Pakikipagmabutihan sa ating mga kasama.
- Pakikisama sa iba.
- Pagkakamit ng tagumpay laban sa sarili.
- Pagkakaroon ng presensiya ng Panginoon.
- Pagiging katulad ng Panginoon.
- Mental, emosyonal, at espirituwal na kalusugan.

Si Jesus ay isang lingkod ng lahat ng mga lingkod. Lumakad Siya kasama ng mga mabababa, sapagkat Siya ay mababa. Si Jesus ay lumakad kasama ng mga katulad Niya.

# *MGA TANDA NG ISANG LINGKOD*

**1.) ANG ISANG LINGKOD AY** hindi makasarili, isang taong nakatuon sa kapakanan at pangangailangan ng iba. Hindi niya kinukuha ang lahat para sa sariling buhay at interes, kundi nabubuhay upang maglingkod rin sa iba. Samakatuwid, ang isang lingkod ay hindi mapagpilit. Ang saloobin ng ating Panginoong Jesu-Cristo, ang pinakadakilang lingkod sa lahat ng panahon ay, "Huwag ang kalooban ko ang mangyari kundi ang sa Iyo." Hindi ito ang, "Tugunin mo ang mga pangangailangan ko" o "Hintayin mo ako" ngunit sa halip "Naparito Ako upang maglingkod, at ibigay ang Aking buhay bilang katubusan ng marami" (Marcos 10:45).

**2.) ANG ISANG LINGKOD AY** hindi mapagmataas, ngunit nag-aangkin ng kababaang-loob. Samakatuwid ang isang lingkod ay hindi madaling matisod o magalit. Katulad ng paulit-ulit nating sinasabi—ang mga taong may mga napakalaking pagkaako ay may mga nakasisindak na galit. Ang mga mababang loob na tao ay mayroong mas mainam na mga kaayusan, hindi sila *kumplikado* o hindi palaging nasasaktan. Kaya nga ang isang lingkod ay may kapayapaan. Ang isang lingkod ay walang mataas na palagay sa kanyang sarili; sa gayon, hindi siya nagagalit kapag hindi siya kinikilala (Rom. 12:3; Col. 3:22-24). Siya ay nandoon lamang upang tumulong, at hinahanap ang karangalan ng Isa na kanyang pinaglilingkuran. Si Jesus ay "maamo at mababang-loob" at may kapahingahan sa Kanyang kaluluwa. Gayundin, ang totoong lingkod ay maamo at mapagpakumbaba at may kapahingahan din sa kanyang kaluluwa. (Tingnan sa Mat. 11:28-29).

**3.) ANG ISANG LINGKOD AY** hindi namimilit, o humihingi ng pantay na karapatan. Hindi kailanman ipinilit ni Jesus ang katarungan para sa Kanyang sarili o ang Kanyang pantay na bahagi… ni hiniling Niya ang sinuman na maghintay sa Kanya, tugunin ang pangangailangan Niya o bigyan Siya ng espesyal na pansin. Sa halip ang Kanyang saloobin ay, "Mapapalad ang mga dukha sa espiritu" kung saan ay literal na nangangahulugang— "Mapapalad ang mga hikahos" (Mt. 5:3). Ang isang lingkod ay mahirap sa espiritu. Hindi niya ipinipilit ang kanyang mga karapatan, ni iginigiit na mas karapat-dapat siya ng *mas* higit sa mga ito, *mas mabuti* sa mga iyon, o *pagkakapantay-pantay*. Napansin mo ba na ang mga tao na palaging nagpipilit ng kanilang mga karapatan ay hindi kailanman masaya? Ito ang paraan ng mundo, at ito ay isang paglabag sa mga batas ng kaharian ng Diyos. Tanging ang mga dukha sa espiritu lamang ang may mga katunayan nang buhay sa kaharian. (Ang buhay sa kaharian ay kapayapaan, at kagalakan sa Banal na Espiritu.) Tanging ang isang tunay na lingkod lamang ang may ganitong uri ng kasiyahan.

**4.) ANG ISANG LINGKOD AY** may kagalakan. Ang mga naglilingkod, ang mga *mapagbigay*, ay ang mga may tunay na kagalakan. Si Jesus ay isang lingkod. Siya ay may dakilang kagalakan, at ibinibigay Niya ang kagalakang ito sa mga totoong tagapanglingkod (Jn. 15:11; Kaw. 11:24). Ang mga taong palaging

nagkikimkim o palaging nagtatago ay dumadating sa karukhaan ng espiritu. Ang kagalakan ay para sa mga *mapagbigay* at *naglilingkod*. Ang kagalakan ay nakalaan para sa mga gumagawa ng kalooban ng Diyos hindi ng kanilang sarili. (Mt. 25:21-23).

**5.) ANG ISANG LINGKOD AY** hindi nagsasarili. Wala siyang saloobin na "Walang magsasabi sa akin kung ano ang gagawin—hindi kita kailangan o ang sino pa man; kaya kong gawin ito sa aking sarili!" Nakapakaraming mga bagay sa buhay na *kailangan* nating pagtiisan. Sinabi ni Pablo "Kaya aking tinitiis ang mga bagay dahil sa mga hinirang" (2 Tim. 2:10). Tiniis ni Pablo ang mga pag-antala, pagkabigo, pagpuna, at ilang mga pangungutya. Kapag ang buhay ay naging magulo, ang isang tunay na lingkod ay nananatiling tapat at nagtitiyagang nagpapatuloy. Ang totoong lingkod ay naroroon upang maglingkod-hindi para sa kung ano ang maaari niyang makuha para sa kanyang sarili. Sa Unang Corinto 9:19, Sinabi ni Pablo, "Nagpaalipin ako sa lahat… upang higit na marami ang aking mahikayat." Sinasabi ni Pablo, "Tinitiis ko ang mga kaabalahan, inaayos ko ang aking sarili sa lahat ng tao, ipinagpapaliban ko ang kahilingan ng iba upang ang ilan ay mangaligtas." Maaari ba tayong maging isang totoong tagapaghikayat ng kaluluwa at hindi maging isang lingkod?

**6.) ANG ISANG LINGKOD AY** isang walang reputasyon na ipinagtatanggol. Ang isang alipin ay walang espiritu ng kumpetisyon. Siya ay naglalayong palakasin at pasiglahin ang kanyang mga kapatid sa lahat ng dako, gayunman ay nasisiyahang manatili na hindi napapansin. Hindi kailanman hinangad ni Jesus ang isang makamundong reputasyon (Fil. 2:6-8) Hindi Niya kailanman sinubukang gumawa ng isang dakilang pangalan para sa Kanyang sarili. Nakalulungkot na ito ay ginagawa ng ilang mangangaral! Ang Panginoon ay hindi kailanman naghirap sa mga problemang pagkakakilanlan o kasarinlan. Ang Kanyang pagkakakilanlan ay nasa iba— nasa Kanyang Ama. Ang totoong pagkakakilanlan ay ang pagkilalang nasumpungan natin sa Diyos. Ang pagkakakilanlan ay natuklasan nang tayo ay naging isang tagapaglingkod, at nang maunawaan nating tayo ay ginawa para sa iba. (Pah. 4:11).

Ang isang lingkod ay *tunay*. Hindi siya gumaganap lamang o naglalagay ng maskara. Itinuro ni Jesus na sa pamamagitan ng pagkawala ng ating mga buhay (ang ating pagkakakilanlan at pagkasarinlan) ay masusumpungan natin ang mga ito (Mt. 16:25). Gayundin, sa pagsasama, ay kailangang mawala ang ating pagkakakilanlan at maging handa na pagsamahin sa isang natatanging pagiging-isa sa ating kasama.

**7.) ANG ISANG LINGKOD** ay gagawin ng higit ang kanyang tungkulin nang hindi inaasahan ang isang *pasasalamat* o isang pagtapik sa likod bilang kapalit. Tinuturuan tayo ni Jesus na tumungo sa karagdagang milya at pagkatapos ay huwag isipin na gumawa tayo ng hindi pangkaraniwang bagay. Ang pagsunod sa mga panuntunan ng Luc. 17:7-10 ay makakatulong na mapanatili nating malayo sa kapaitan ang ating mga puso. Napakaraming nakasalalay sa ating mga *pananaw* at *pagtugon* sa mga bagay. May mga pagkakataon sa ating buhay kung saan tayo hindi napapasalamatan, hindi pinahalagahan, hindi ginantimpalaan, at hindi kinilala para sa lahat ng ating pagpapagal, kahit pa ang ibang mga kristiyano at sila na mga nakatataas sa atin sa Panginoon. Tayo ay magkakaroon ng isang matinding tagumpay sa pamamagitan ng pagtanggap sa saloobin ng Colosas 3: 22-24, kung saan ay may pagtugon na: *"Hindi ako gumagawa para sa tao. Ginawa ko ang lahat nang ito para sa Panginoon. Ang aking kagantihan ay magmumula sa Kanya."* At alalahanin na "Ang Panginoon na nakakakita sa lihim ay gagantimpalaan ka ng lantaran." (Mat. 6:4 6, 18). Tiyakin natin na tayo ay gumagawa para sa Diyos, hindi para sa tao.

**8.) ANG ISANG LINGKOD AY** ang may presensiya ng Diyos (Isa. 57:15). Ang Diyos ay naninirahan kasama ng mga mapagpakumbaba at nagsisising espiritu—yaong mga nagtataglay ng espiritu ng isang tagapaglingkod. Ang Diyos ay lumalakad kasama ng mga mababang alipin sapagkat ang Diyos mismo ay

isang alipin! Ang isang *alipin* ay nasa pinakamataas na antas sa kaharian ng langit. (Mat. 20:26-28). Ang bawat isa na tunay na lumalakad sa mga hakbang ng Panginoon ay *magiging* tulad ng lingkod, at sa pagiging tulad ng lingkod, ay magiging dakila sa *Kanyang* paningin.

**Ang puso ng Kristiyanismo ay isang pagtanggi sa sarili — hindi ginagawa ang aking sariling kalooban.**

**Kahit si Cristo ay hindi pinaluguran ang sarili. (Roma 15:1-3)**

**Sa pamamagitan ng pag-ibig ay nararapat na paglingkuran natin ang bawat isa. (Galacia 5:13)**

# Ang puso ng isang Tagapaglingkod

**Ang totoong pagsubok ng isang lingkod ay**
**Kung kikilos akong kagaya ng isa kapag**
**ako ay pinakikitunguhan gaya ng isa.**

**ANG DIYOS AY LUMALAKAD KASAMA ANG MGA LINGKOD.**
**SIYA MISMO AY ISANG LINGKOD.**

# *PAGIGING KATULAD NG BATA*

## Isa pang susi sa Kadakilaan

Sa tuwing binabanggit ni Jesus ang kadakilaan, ay pinaliliit Niya ito sa isang napakahalagang bagay—Kapakumbabaan! Gumamit Siya ng dalawang araling bagay upang ilarawan ang kapakumbabaan— **isang maliit na bata** at **isang alipin**. Parehong may taglay na katangian ng kapakumbabaan, at kung magkagayon, ay kadakilaan! Si Jesus ay tinanong, “Sino ang pinakadakila sa kaharian ng langit?” Ang hindi inaasahang sagot Niya ay, *“Ang sinumang magpapakumbaba ng kanyang sarili katulad ng isang bata, siya ay pinakadakila sa kaharian ng langit.”* Mangyari pa, hindi natin tinutukoy ang pagiging-isip bata, kundi ang katangian na katulad ng isang bata. (cf. 1 Cor.14:20).

**Ang maliliit na mga bata ay may tatlong kanais-nais na mga katangian na kailangan natin upang maging mahusay sa kaharian. Ang isang bata ay:**

| Mapagtiwala | Madaling Turuan | Hindi Mapagpanggap |
|---|---|---|

**MAPAGTIWALA –** Karaniwan na hindi na tayo *nagtitiwala* habang tayo ay tumatanda. Nawawala natin ang katangiang iyon na katulad isang bata. Ang isang bata ay walang pagdududa, pagdadahilan, at mga katanungan. *Tinatanggap* lamang niya kung ano ang sinabi sa kanya. Umaasa lamang siya sa lahat ng pagkakataon sa kanyang ina na pakainin siya kung ano ang mabuti. Walang takot sa kaisipan niya na baka siya ay malason. Nawawala na natin ang katangiang ito ng pagtitiwala dahil sa tayo ay pinatigas na ng buhay, ng pagmamataas, at ng kasalanan. Subalit, hindi natin kayang magmahal ng tama kung hindi tayo nagtitiwala. Nais ng Diyos na ipanumbalik ang uri na ito ng pagtitiwala ng walang malay na bata (Kaw. 3:5-6).

**MADALING TURUAN –** ang isang bata ay may napakalawak na gana at kakayahan upang matuto. Ang isang bata ay may bukas, mapagtanong na isipan, at ito ay lubhang kanais-nais (Kaw. 2:1-10). Siya ay nababaluktot, interesado, nagtatanong at sumusubok sa lahat ng oras. Ang pagiging bukas nang espiritu ay isang napakahusay na kakayahayang magagamit ng Diyos. Napakaliit na bagay lamang ang magagawa ng Diyos sa mga taong ang isip ay nakasara at pinagmamatigas. Ang *pagkagutom* sa salita ng Diyos ay naihahasik habang tayo ay naglalaan ng panahon na maghintay sa Diyos, sa Kanyang presensiya. Ang pagkagutom ay isang banal na kaloob ng biyaya. Tanging ang Diyos lamang ang makakapagtanim nito doon! Ang ating bahagi ay ang maghintay sa Kanya at manalangin, “Panginoon, Ilapit mo ako!” (Awit ni Solomon 1:4).

**HINDI MAPAGPANGGAP -** (Tunay). Ang isang bata ay sa kanyang sarili. Hindi niya sinusubukang magpakitang tao. Gusto ka ng isang bata para sa kung ano ka. Hindi niya nilalagay ang mga tao sa isang sosyal na antas o mga pag-uuri. Walang siyang pakialam kung anong posisyon ang mayroon ka. Wala siyang pagkikiling. Tinatanggap niya ang mga tao sa kung sino sila, hindi para sa kung ano ang maaaring makuha niya sa kanila. Ang isang bata ay walang kamalayan sa kanyang sarili, sapagkat sinasabi niya kung ano ang nasa isip niya at walang panlilinglang.

Bilang mga may edad, ang ating gawi ay maging isang *mapagkunwari*. Nakaprograma ang ating mga sarili na maging matapang, magmukhang matagumpay, ipakitang ang lahat ng bagay ay nasa maayos na kalagayan, at magpakita ng kawalan ng kahinaan. Ang *hollywood* ay tinutulungan ding itaguyod ito. Ngunit

ang lahat ng ito ay mali! Ang mga kabataan ay sumusubok na magmukhang *pinakamagaling*, nagsusuot ng partikular na uri ng mga damit, at nangungusap sa partikular na paraan. Subalit ito ay paglalagay ng isang maskara at pagganap sa isang papel. Walang may sumusuot ng isang maskara o gumaganap ng isang papel ang talagang mahusay. Ang mga bata ay kanilang sarili lamang, sila ay *tunay*. (Ang ilan sa mga nabanggit ay mga panipi mula sa Pangulo ng CBN, si Pat Robertson).

*"Malibang kayo'y magbago at maging tulad sa mga bata"* (Mt.18:3). Ang totoong Kristiyanismo ay hinihingi na magpakatotoo tayo! Ang maging nasa liwanag ay nangangailangan ng isang katapatan upang ipahayag na tayo ay may mga kahinaan, at hindi natin ito magagawa sa ating mga sarili. Walang makakapasok sa langit kung wala ang tulad ng sa batang pananampalataya, hanggang sa makayang tanggapin ng isang tao ang simpleng mensahe ng ebanghelyo na si Jesus ay namatay para sa ating kapatawaran. Ngunit wala ring *paglago* sa ating buhay Kristiyano kung walang *pagpapatuloy* sa pagpapakumbaba gaya ng isang bata. "Ang sinumang nagpapakumbaba ng kanyang sarili ay itataas." Sa kadahilanang ito mismo, ay ang habag ng Diyos na Kanyang ipinahihintulot na tayo ay magkaroon ng mga paghihirap o problema na hindi natin malulutas sa ating sarili, upang tayo ay magpakumbaba at humingi ng tulong sa iba at sa Diyos. Ang pagpapakumbaba ng ating mga sarili ay nagbubukas ng pinto para sa isang panibagong pagbabagong-buhay at mapagtubos na biyaya na ibubuhos sa ating mga buhay.

Ang mga katangian ng mga pinakadakila sa kaharian ng Diyos ay makikita sa mga *tagapaglingkod* at *maliliit na bata*. Ang pagiging tulad ng bata at isang lingkod ay mga susi upang mapagtagumpayan ang makasariling-buhay. Sa likas na katangian tayo ay hindi tulad ng bata, tayo ay mga mapagkunwari. Sa likas na katangian tayo ay hindi mga lingkod, tayo'y mga *panginoon* na nagpapatakbo ng ating sariling mga buhay.

***"Sa kasamaan ay maging sanggol kayo, ngunit sa pag-iisip ay maging husto sa gulang"***
**(1 Corinto 14:20).**
**Ang mga bata ay hindi napatitigas ng pagmamataas o kasalanan.**
**Dapat tayong bumalik sa pagiging tulad ng bata.**

* * * * * * * *

# BUOD

| ISANG LINGKOD | ISANG MALIIT NA BATA |
|---|---|
| Ay Hindi Makasarili<br>Nakatuon sa Iba, Hindi sa sarili<br>Hindi-ipinipilit ang sarili<br>Mapagpakumbaba, Hindi madaling matisod<br>Na isang magiliw<br>Hindi magulo, may kapayapaan<br>Hindi naghahanap ng pagkilala<br>Hindi humihingi ng pansin<br>Hindi naghahanap ng pantay na karapatan<br>Hindi magpipilit sa isang bagay na mas mahusay<br>May kagalakan sa pagbibigay at paglilingkod<br>May kasiyahan<br>Hindi nagsasarili ngunit responsable<br>Kayang tiisin ang mga pag-abala<br>Walang reputasyon na ipinagtatanggol<br>Umaayon sa iba, nagpapaliban<br>Walang espiritu ng pakikipagpaligsahan<br>Nawawalan ng buhay (pagkakakilanlan)<br>Pumupunta sa ikalawang milya, walang hinihintay na kalapit<br>Nakahandang manatili sa labas ng larawan<br>May presensiya ng Diyos<br>Ay ang pinakadakila sa kaharian ng Diyos | Ay Mapagtiwala<br>Mapagtanggap<br>Hindi Mapagduda<br>Hindi lumilihis<br>Naniniwala<br>Hindi mapanghamon, umaayon<br>Hindi pinagmatigas ng pagmamataas at kasalanan<br>Natuturuan, hindi sumasalungat<br>Bukas ang pag-iisip<br>Gutom na matuto<br>Nababaluktot<br>Hindi mapagpanggap<br>Ay ang kanyang sarili, tunay<br>Matapat<br>Walang pagkikiling<br>Walang malisya<br>May dalisay na motibo<br>Hindi nagbibigay uri sa mga tao<br>Hindi Kumplikado<br>Simple<br>Hindi nakikipagsalungatan<br>Ay ang pinakadakila sa kaharian ng Diyos |

Ang espiritu ng **isang bata** at ang espiritu ng isang **lingkod** ay may isang bagay na magkapareho. Kapwa mayroong katangian ng *kapakumbabaan*. Sinasalangsang ng Diyos ang palalo ngunit nagbibigay ng biyaya sa mga mapagkumbaba. Samakatuwid ang lingkod at ang tulad ng bata ay tumatanggap ng pinakamaraming biyaya at nagiging pinakadakila sa kaharian ng langit. Ang mga ito ang magiging pinakamalapit kay Jesus sa langit. Ang mga lingkod at mga bata ay nagtataglay ng mga katangian na dapat nating hanapin at pakamithiin.  Upang maging Kasintahang Babae ni Cristo, kailangan natin ng espiritu na tulad ng isang bata at ang espiritu ng isang alipin. Ang mga ito ay parehong taglay ni Cristo sa Kanyang buhay, at hinahanap Niya ang mga nakahandang maging katugma sa Kanyang sarili.

# *ANG PANGANGAILANGAN PARA SA ISANG BINAGONG ISIPAN*

**(Roma 8:6-7). Ang ating likas na pag-iisip ay kaaway ng Diyos. Palagi nitong sinasalungat kung ano ang sinasabi ng Diyos. Sinasabi sa atin ng Isaias 55:8-9 na ang ating mga *pag-iisip* ay hindi mga pag-iisip ng Diyos. Ni ang ating *pamamaraan* ay kanyang mga pamamaraan. Ang likas na kaisipan ng tao ay ang sentro ng suliranin ng tao. Ang mga bansa ay KUMIKILOS sa paraan na kanilang ginagawa dahil sa kung ano ang kanilang INIISIP! Kaya nga, upang mabago ng Diyos nang lubusan ang isang indibiduwal o isang bansa, ay kailangan Niya munang baguhin ang isip! Habang pinanunumbalik at binabago ng Diyos ang ating mga isipan, tayo ay magbabagong-anyo. Ang Roma 12:2 ay isang mahalagang talata para sa buhay.**

### Ang ating isip ay kailangang mabago:

- Tungkol sa kung paano natin tinitingnan ang iba.
- Tungkol sa kung paano nating tinitingnan ang ating mga sarili.
- Tungkol sa kung paano natin tinitingnan ang Panginoon.
- Tungkol sa kung paano natin tinitingnan ang mga kalagayan ng buhay.

Kadalasan ang layunin ng isang pagsubok ay upang pabagalin tayo at maging sanhi na makita natin ang isang bagay na hindi natin nakikita dati. Kapag sinimulan nating TINGNAN, tayo ay magbabagong-anyo! (Basahin ang Job 42:1-6)

**Ang Susi- ang nabagong-isipan ay binabago ang ating kalikasan. Ang mga saloobin at mga kaayusan ay naiiba habang ang Diyos ay nakakagawa sa ating kalooban ng isang bagay na hindi natin nakikita dati. Nawa'y buksan ng Diyos ang ating mga mata.**

Sinasabi ni Pablo na nakikipaglaban tayo laban sa mga *imahinasyon* (mga pangangatuwiran), at pagkatapos ay sinabi niya sa atin na ang bawat *pag-iisip* at dapat na madala sa pagpapasakop. Ang labanan ay nasa kung ano ang ating *iniisip* (2 Cor. 10:4-5) Halos lahat ng ating mga problema ay bumabalik sa isang *ideya*, isang bagay na **naihasik** sa ating mga puso. Sa mga taon na lumipas ang binhi ay lumaki, at umunlad ang kaisipan. Maraming mga espirituwal na pagkakagapos ang resulta ng mga maling ideya na naihasik, kung saan ngayon ay nagdudulot ng mga maling bunga sa ating mga buhay. (Mat, 15:3; 3:10). Ang isang ideya ay maaaring maging isang *espiritu*. Ang mga ideya ay may napakatinding kapangyarihang espirituwal at kaya nilang kontrolin tayo at ang paraan ng pamumuhay natin. Kapag may makita kang tao na may kakaibang pag-uugali o kakatwang uri ng pamumuhay, makakatiyak ka na ito ay bumabalik doon sa isang kakaibang bagay na kanyang *iniisip*.

Ang likas na kaisipan ng tao ay naligaw at nadaya, ngunit ang salita ng Diyos ay liwanag, at ang liwanag na ito ay *ipinapakita* at *sinisira* ang ating mga kaaway. (Awit 119:130). Si Satanas ay may muog sa ating mga buhay kung saan siya ay *nakakatago ng mabuti*. Ngunit kapag siya ay nalantad siya ay nanghihina at tumatakas palayo! Ang karunungan mula sa Salita ng Diyos ay nakamamanghang nakapaghuhugas ng ating karumihan at kamangmangan (Efeso 5:26-27). Kung gayon, kailangan nating hilingin sa Diyos na lubusan tayong hugasan ng dalisay ng tubig ng Kanyang Salita.

**Ang ating pinaniniwalaan ay mahalaga dahil:**

- Ang ideya ay nagiging dahilan upang tayo ay mamuhay sa isang tiyak na paraan- Nagbubuo ito ng estilo ng pamumuhay.
- Nagdudulot ito ng bunga sa ating mga buhay- alinman sa bunga ng Espiritu o mga gawa ng laman.
- Ang isang ideya ay dinadala tayo sa isang lugar— alinman sa mga layunin ng Diyos o palayo sa mga ito.
- Ito ay makakaapekto sa ating kawalang-hanggan.
  *Samakatuwid isang kamangmangan na sabihing, "Hindi na mahalaga kung ano ang pinaniniwalaan mo, hangga't mahal natin ang isa't-isa."*

Ang mga salita ay mahalaga! Ang mga ito ay higit pa sa mga tunog o mga pagbabago ng tono. Ang mga salita ay espiritu. Mayroong isang napakatinding espirituwal na kapangyarihan ang napakawalan mula sa dila- alinman sa mabuti o sa masama. Sinabi ni Jesus sa Juan 6:63, "ang mga salitang sinasabi ko sa inyo ay *espiritu* at *buhay*." At sa Juan 15:3, "Kayo'y malilinis na sa pamamagitan ng mga salita na aking sinabi sa inyo." Hinuhubog ng mga salita ang ating buhay at karakter. Ang mga salita ay magdadala ng buhay o kamatayan dahil sila ay *espiritu* (Kaw. 18:21). Ang mga maling salita ay maaaring maging kanser sa ating espiritu at maaari nila tayong mailihis palayo sa Diyos, katulad kung paanong si Eba ay nahawaan at lumihis (2 Tim 2:17). Kung ang mga tamang salita ay nakakapaglinis sa atin (Jn. 15:3) at nagdadala ng buhay (Jn. 6:63), sa kabaligtaran ang mga maling salita ay maaari tayong gawing marumi at magdala ng kamatayan. Ito ay depende sa kung *sino* ang ating pinakikinggan. Sinira ni Satanas si Eba sa pamamagitan ng kanyang dila. (2 Cor. 11:3). Tandaan, ang kapangyarihan ng ahas ay nasa kanyang *dila*.

*Ang mga tao ay kumikilos nang mali dahil ang kanilang iniisip ay mali!* "Sapagkat kung ano ang iniisip niya sa loob niya, ay gayon siya." (Kaw. 23:7). Ang mga bansa ay namumuhay ng mali sapagkat ang kanilang *iniisip* ay baluktot at napakasama. Hindi natin dapat maliitin ang kapangyarihan ng liwanag ng ebanghelyo upang pagtagumpayan ang mga madilim na kapangyarihang espirituwal na bumabalot sa isipan ng mga tao (Jn. 1:5, Awit 119:130). Nawa'y palayain tayo ng Panginoon mula sa bawat espiritu na kumokontrol sa ating mga isip, at sa gayon ay kumokontrol sa atin.

## *MGA PROBLEMA SA ATING KAISIPANG PANTAO*

**"Sapagkat ang aking mga pag-iisip ay hindi ninyo mga pag-iisip." Isaias 55:8-9**

**1.) Imahinasyon –** (mga bagay na inisip na maging totoo, na hindi naman.) (2 Cor. 10:4-5). Ang mga tao ay nagdurusa nang labis mula sa mga iniisip nila—mga takot sa kung ano ang mangyayari sa hinaharap, mga takot sa kung ano ang sinasabi o iniisip ng iba, at iba pa. Si Jacob ay labis na nalungkot at nagdalamhati sa loob ng dalawampu't dalawang taon laban sa inakalang kamatayan ng kanyang pinakamamahal na anak na si Jose. Hindi patay si Jose. Taliwas sa kung ano ang naiisip ni Jacob, si Jose ay nasa Ehipto inihanda upang maging isang tagapahamala sa mundo! (Gen. 37:32-36). Ang mga Bilang 5:14b ay nagbigay ng isang tala tungkol sa isang espiritu ng paninibugho na nanggagaling sa isang lalaki dahil inakala niyang ang kanyang asawang babae ay nagtaksil, ngunit hindi naman niya ginawa! Ang mga imahinasyon ay nag-aanyaya sa kaaway na pumasok. Paglalaruan ni Satanas ang anumang kahinaan na kanyang makikita. Humingi sa Diyos ng biyaya laban sa iyong mga imahinasyon.

**2.) Sinusubukang malaman ang lahat ng bagay –** (Bakit? Kailan? Saan? Paano?) Ipagkatiwala ang iyong kinabukasan, ang iyong mga nararamdaman, at ang mga bagay na palaisipan sa iyo, sa Diyos. Mabibigo

mo ang iyong sarili nang hindi kinakailangan kapag sinubukan mong suriin kung paano ang gagawin ng Diyos sa Kanyang plano para sa iyong buhay. Ang Kawikaan 23:4 ay nag-uutos sa atin na tumigil mula sa ating sariling karunungan. Ang susi ay ang *magtiwala* sa Panginoon nang ating buong puso, nang hindi nakasalig sa ating sariling pang-unawa (Kaw. 3:5-6). Kapag sa tingin natin ay naiintindhinan natin ang lahat ng bagay, yan ang panahon na bitawan natin ang ating sariling karunungan, sapagkat ang Diyos ay may isang lubos na kakaibang planong naiisip. Noong si Jose ay labing pitong taong gulang, ipinakita sa kanya ng Diyos sa pamamagitan ng isang panaginip na siya ay magkakaroon ng kapangyarihan sa kanyang mga nakatatandang kapatid na lalaki (Genesis 37). Gayunpaman, ang detalye ay kakarampot. Hindi ipinakita sa kanya ng Diyos kung *kailan, saan o kung paano*. Kung ibinigay ng Diyos sa kanya ang mga detalye, ito ay maaaring makasira sa kanya. Magtiwala tayo sa Diyos na ipakita sa atin ang mga *kailangan* nating malaman! Ang susi ay magtiwala, hindi suriin.

**Ang tao ay may isang matinding problema sa mapanuring-isipan sapagkat nakasayanan na niyang gumawa ng sarili niyang mga plano at pagpapasya nang malaya sa Diyos. Kapag ang isang tao ay naging isang Kristiyano, ang puwersa ay nadadala. Ang bagong mananampalataya ay hindi sanay na umasa sa iba para sa kanyang mga desisyon, mga plano at kinabukasan, at dahilan upang siya manangan sa sarili niyang kaisipan. Ang susi ay matutong umasa sa Isa pa- sa Diyos.**

**3.) Pagkabulag ng isip –** (Maaari tayong magkaroon ng problema ngunit walang kamalayan dito.) Tayong lahat ay mga hindi nakikita. Ang problema ay hindi natin napagtatanto kung saan tayo bulag. “Matuwid sa kanyang sariling *mga mata* ang bawat lakad ng tao” (Kaw. 21:2). Ang bawat isa ay iniisip na siya ay tama, at ang kanyang paraan ay tama. Ang bawat tao sa Biblia ay may problema sa kanyang buhay dahil sa isang bagay na bulag siya. Sina Santiago at Juan ay hindi naunawaan “kung anong espiritu ang nasa kanila” (Lu. 9:54-55). Sa Levitico 4:2-3 ay nababanggit ang isang *pinahiran* na saserdote (isang tagapaglingkod) na nagkasala dahil sa kamangmangan—nagpapatunay na ang isang pinuno ay maaaring *pinahiran* ngunit bulag pa rin o may pagkakamali sa ilang mga bahagi ng katotohanan. Inisip ng mga mananampalataya sa Laodicea na *nasa kanila na ang lahat* ngunit sinabi ng Diyos na sila ay “mahirap, bulag at hubad” (Pahayag 3:17) Si Job ay pinayuhan na manalangin para sa kanyang sariling pagkabulag sa Job 34:32. Ang ilang mga mananampalataya ay pumunta na sa kanilang mga libingan na hindi kailanman natutunan kung ano ang sinusubukang ipakita ng Diyos sa kanila. Hingiin sa Diyos na bigyan ka ng isang nababaluktot na espiritu. Ang Diyos ay may kakayahang buksan ang ating mga isipan sa pagkaunawa. (cf. Lu. 24:45).

**4.) Pagbubulay sa mga hindi katanggap-tangap na bagay** — (negatibo, nakakatakot, marahas, mapaghiganting kaisipan.) Ang ating isip ay binubuo ng tatlong bagay— *mga selula ng utak*, *dugo* at *espiritu*. Samakatuwid kung ano ang pinipili nating pagninilayan ay makakaapekto sa ating katawan, kaluluwa at espiritu. Ang masamang mga pagbubulay ay nakakapagpalakas sa mga sangkap sa loob ng ating katawan: kamalayan, kalamnan, at mga organo, na nagiging sanhi para sa kanilang labis na reaksyon, kaya nagbubuga ng ng labis na dugo sa mga daluyan nito, at nagiging sanhi na nagkakasakit tayo, pisikal at espirituwal.

Ang mga hindi kanais-nais na mga kaisipang ito ay dapat baligtarin dahil maaari nilang literal na malalason ang ating espiritu, kaluluwa at katawan. Matutong tanggihan ang *pagbubulay* sa masama, o sa kung ano ang nagawa ng iba na nakasakit sa iyo. Ipanalangin sila. Pinag-uutos sa atin sa Unang Pedro 1:13 na “ihanda ninyo sa gawain ang inyong mga pag-iisip,” na nagpapahiwatig na nasa ating kapangyarihan ang pagbubukas at pagsasara ang ating mga isipan. Sinabi sa atin ni Pablo kung ano ang mga dapat nating piliin na pagninilayan (Fil.4:8) Minsan hindi tayo mapapagaling mula sa isang sakit *hanggang sa mabaligtad* natin ang mga bagay na hindi nababagay sa ating mga kaluluwa (pamimintas, pagkainggit, kapaitan, takot).

**5.) Isang mapagmataas na kaisipan -** (isang isip na nagbubulay ng matayog na kaisipan sa kanyang sarili.) Ang mga taga-Roma 12:3 ay nagbabala sa mga mananampalataya laban sa matayog na pag-iisip

tungkol sa sarili. Ang tukso na magkapag-isip tayo na espesyal tayo o "kakaiba" ay palaging naririyan, lalo na kung ang isang tao ay may pambihirang kaloob o kapangyarihan mula sa Diyos (2 Cor. 12:7, Gal. 6:3, Obad. 1:3, Deut. 17:18). Ang palalong isip ang nagbubukas ng pintuan sa pantasya, pagkadaya at maling akala. Pinayuhan ni Pedro ang bawat mananampalataya na *madamitan ng kapakumbabaan* (1 Ped. 5:5). Ipanalangin natin na ang ating mga isipan at mga pag-iisip ay mabalutan nitong takip ng kapakumbabaan.

**6.) Nabubuhay sa nakaraan -** (mga tagumpay man o mga kabiguan.) Ang pamumuhay sa *nakaraan* ay humahadlang sa ating paglago (Mang. 7:10). Kapag ang ating mga pag-iisip ay palaging bumabalik sa *mga kahapon* ang mangyayari ay *hindi* na tayo maghahanap sa Diyos para sa isang sariwang paghipo mula sa Kanya *ngayon*. Ang mga Kristiyano ay dapat mamuhay nang may palaging pakiramdam nang paghihintay—na ang Diyos ay mayroong isang bagong bagay na sasabihin sa atin *ngayon!* Kinakailangan ang mga bagong pakikipagtagpo at sariwang karanasan sa Diyos *ngayon!* Pinapayuhan tayo ni Pablo na kalimutan na ang mga bagay sa nakaraan at hawakan ang naitakda sa ating harapan (Fil. 3:13-14). Ang mga Israelita ay nabigo dahil patuloy nilang ninais na bumalik sa lugar kung saan sila nanggaling—Ehipto. Ang mga misyonero minsan ay umaalis sa lugar ng maaga sa inaasahan dahil *hinahanap* nila ang sarili nilang bayan; ngunit sa paggawa nito, ay nawala nila ang plano ng Diyos para sa kanilang buhay (Heb. 11:15). Kalimutan na ang *magagandang nakalipas na araw*. Ang Diyos ay may mas mabuti para sa atin *ngayon* (Kaw. 4:18).

Nais din ng Diyos na kalimutan na ng Kanyang bayan ang mga sakit at kawalang katarungan ng nakaraan. Isa sa mga pinakamatinding tanda ng pagiging ganap ay ang kakayahang maunawaan na ang kawalang katarungan ay gumagawa sa ating bahagi upang itaas tayo (Gen.50:20). Tinanggihan ni Jose na mabuyo siya sa hindi mabilang na kasakitan ng kanyang nakaraan! Nagawa niyang kilalanin at tanggapin na ang mga sugat at kawalang katarunungan ay instrumento lamang upang dalhin tayo palapit sa trono. Tandaan, na mayroong nakakubling pagpapala sa bawat kawalang katarunungan kapag pinanatili nating tama ang ating mga espiritu. Gayundin, ay kailangan nating hingiin sa Diyos ang biyaya na kalimutan ang mga nakaraang kabiguan at kasalanan. Tanggapin ang ganap na pagpapawalang-sala at pagpapatawad mula kay Cristo (Heb. 7:25). At hindi na rin natin dapat na ipagpatuloy ang pagpapaalala sa ating mga asawa ng mga nagdaang kabiguan at mga kasalanan.

**7.) Depresyon -** (Isang kapanglawan na bumabalot sa isipan.) Ang depresyon ay nagagawang pagmukhaing nahahapis at walang pag-asa ang buhay ng tao. Ang ating henerasyon ay isang mapighatiing henerasyon. Sa isang pagkakataon si Job ay namighati na kanyang nasabi, "hindi na muling makakakita ng mabuti ang aking mata." Naisip ni Job na wala ng pag-asa ang kanyang kalagayan at hindi na siya magiging masaya kailanman. Nagkakamali siya! Mayroong ilang mga pangunahing dahilan para sa depresyon. Ang depresyon ay maaaring maunawaan sa kalagayan ni Job. Nawala ang kanyang pamilya at negosyo, at ang kanyang reputasyon ay nasira. Hindi siya naintindihan ng malalapit niyang kaibigan, halos mamatay na siya sa kanyang karamdaman. Gayon din naman, ang kabataang si Jose ay nabilanggo para sa isang krimen kung saan siya ay walang sala. Ang mga kalumbayan na katulad nito ay maliwanag na naiintindihan. At may pagkakataon sa mga pag-aayos ng Diyos kung saan ay makakaranas tayo ng pagkasira ng loob at panahon ng kalumbayan. Subalit mayroong maraming iba pang anyo ng depresyon kung saan ang Banal na Espiritu ay nagnanais na palayain tayo!

*May isang kabigatan, isang kapanglawan, na hindi sa Diyos. Ito ay isang bagay kung saan ay dapat tayong mapalaya!* Ang ating bahagi sa buhay ay tagumpay, hindi pagkasira ng loob at pagkatalo. Ninanais ng Diyos na bigyan tayo ng kasuutan ng papuri kapalit ng kabigatan, at kagalakan sa halip na pagluluksa (Isa. 61:3). Nais ng Diyos na magpokus tayo sa Kanya at sa Kanyang sinasabi, kaysa sa palakihin ang malulungkot na mga sitwasyon sa mundo o sa Iglesiya

Ang depresyon ay konektado rin sa isang *maling pananaw* ng mga bagay. Ang pananaw ng Diyos ay nagpapalaya sa atin! Ang *katotohan* ay nagpapalaya sa atin! Tandaan, laging nagniningning ang araw! Sa ibabaw ng maitim na mga ulap sa isang makulimlim na tag-ulan, ang araw ay napakaningning na nagliliwanag! Ang depresyon ay katulad ng isang ulap ng kapanglawan na nakabitin sa itaas ng ating isipan, sinisilungan tayo mula sa liwanag ng presensiya at kaluwalhatian ng Diyos. Sawayin natin ang madilim na ulap, at hilingin sa Diyos na utusan ang Kanyang liwanag na tumagos sa mga *ulap ng kapanglawan*.

## Lubhang Kapaguran

Ang matinding kapaguran, kapanglawan, at emosyonal na pagkapagod ay kadalasang nagmumula sa mga di-nalulutas na mga espirituwal na paglalaban sa puso, sa halip na mula sa napakahirap na iskedyul. Ang *hindi pagpapatawad, pagkakasala, mga takot*, at iba pang hindi naaangkop na mga karamdaman ay umuubos ng lakas at enerhiya ng kaluluwa at katawan. Kapag ang mga ito ay tumagal nang napakahabang panahon, magkakaroon nang matinding pagkapagod o hanggang sa pagkasira. Maraming mga problema sa katawan ang sanhi ng mga problema sa kaluluwa. Ang mga ito ay tinatawag na *saykosomatik*. At dahil ang mga ito ay espirituwal na mga suliranin, ako ay naniniwala na nararapat na may mga kasagutan ang iglesya. Ang mundo ng medisina ay walang pang-matagalang mga kasagutan!

Isinasalarawan ng mundong medikal ang klinikal na depresyon bilang *"hindi naipahayag, pinigilang galit."* Kung kaya hinihikayat ng mundo ang tao na ilabas ang kanyang poot at ipagpilitan ang kanyang karapatan upang hindi mapahintulutan na magkaroon ng puwang ang paghihirap ng kalooban. Ngunit hindi sagot ang alinman sa mga ito! Sapagkat sa tuwing ang lumang kalikasan ay sinasanay, siya ay nagiging malakas lamang. Ang isang mas mahusay na pagharap sa problema ay *unang* maunawaan kung ano ang nasa ilalim ng ating galit. Ang galit halimbawa, ay sumisiklab sa kalooban kapag ang ating mga karapatan ay hindi naisuko sa Diyos at ang isang bagay na pinanghahawakan natin ay pinakialaman. Gayundin ang *mga inaasahan* ang pinakatumutukoy kung tayo ba ay may kapayapaan o depresyon. Kamakailan lamang, isang propesyonal na manlalaro ng bola ang pinatay ang sarili dahil sa isang pagkakamali sa paghagis na kanyang ibinato may ilang taon na ang nakalipas na nakawasak ng kanyang mga pag-asa na mapasama sa pandaigdigang serye ng laro. Dahil dito siya ay nagdusa mula sa matinding depresyon sa loob ng tatlong taon at hindi na nakayanan pang lumaban. Ito ang dahilan kung bakit hindi natin dapat ituon ang lahat ng ating mga pag-asa at inaasahan sa *isang karera, isang pagpupunyagi, isang negosyo, o isang tao* sa halip ay sa mga bagay na walang hanggan, at sa Isang hindi tayo pababayaan kailanman (Awit 62:5).

May kilala akong isang makadiyos na babae na nawalan ng parehong magulang sa loob ng isang taon. Napakalapit niya sa kanyang ama at ina, at naging napakalaki ng pagdadalamhati na naramdaman niya sa kanyang kawalan. Sa mga panahon na ito nang makikipaglaban sa pagdadalamhati at kalungkutan, ang Diyos ay nagsalita sa kanya at sinabing, "Hindi ito nakalulugod sa Akin! Ibigay mo sa Akin ang iyong mga kalungkutan, pinasan ko na sila!" Binigyan siya ng Panginoon ng isang espesyal na talata ng kasulatan mula sa Isaias 53:4 kung saan ay mababasang— "Tunay na Kanyang pinasan ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kalungkutan." Ipinahayag sa kanya ng Diyos sa isang bago at malinaw na paraan, na si Cristo ay hindi lamang namatay para sa ating mga kasalanan at mga karamdaman, kundi pati na rin para sa ating mga mga kalungkutan at mga pagdurusa. (bilang mga Kristiyano dapat ay malaman natin ang mga bagay na malayang ibinigay sa atin mula kay Cristo! – (1 Cor. 2:12).

Hindi nais ng Diyos na magbata tayo ng *anumang* di-kinakailangang mga kalungkutan o mga pasanin. Hindi, hindi ni kahit ang pangungulila! Nagbigay si Cristo ng isang paraan para sa atin na *palayain* ang ating nararamdaman at pagdurusa ng kalooban upang hindi tayo mapasailalim sa kanilang pagkaalipin sa buong buhay natin. At nang si Ginang Audrey Bailey ay nagsimulang makaramdam ng labis na

pangungulila, pumasok siya sa kanyang silid, lumuhod at nagsimulang isinuko ang lahat nang kanyang kalungkutan kay Jesus. Ito ay nangailangan ng ilang pagsisikap at *pagtitiyaga*. Ngunit habang inuulit-ulit niyang gawin ito, ang tagumpay ay natamo niya at siya ay lubusang napalaya mula sa kalungkutan. Ang katotohanan ay— hindi natin kayang palayain ang ating mga sarili sa alinman sa mga nararamdaman na ito sa ating sariling lakas. Patuloy na ibigay ang mga ito kay Jesus— at maging malaya! Pinasan na Niya ang mga ito (1Ped. 5:7).

*Ilang mga Tulong para sa Depresyon*

- Pagpapatawad
- Mga tamang inaasahan
- Kapakumbabaan
- Mga bagong pangako
- Tamang paghahayag
- Pagpapasalamat
- Isinukong mga karapatan
- Kagalakan
- Pagpapalaya
- Pananalangin sa Espiritu

Isaalang-alang natin ang mga ito ngayon sa mga pahinang 39-41.

Gaya ng nabanggit na dati, maraming *mga dahilan* ang depresyon. Kung nagdurusa ka sa depresyon o mga emosyonal na karamdaman, iminumungkahi ko na pumunta ka sa Diyos at sa mga pinahirang lalaki at babae ng Diyos para sa mga kasagutan, hindi sa isang saykayatrista. Ang Diyos lamang ang tanging nakaaalam kung ano ang tunay nating mga problema. Ang pagpapasuri ay mahirap. Ito ay karaniwang tama o sablay sa mga doktor. Ngunit kahit pa tama ang kanilang diyagnosis—ang Diyos at tanging ang Diyos lamang ang may tanging tunay na solusyon. Tanging Siya lamang ang may mga kasagutan at nais Niyang ipakita sa atin kung ano ang gagawin. Ang nakatala sa ibaba ay ang ilang pangkalahatang gabay upang mapanalunan ang tagumpay laban sa depresyon. (Tingnan din ang mga pahina sa likod.)

***ANG ILANG MGA TULONG PARA SA DEPRESYON***

• **Pagpapatawad.** Tinutuyo ng mga sama ng loob ang ating mga emosyon at sistema sa ating pakiramdam at nagdadala ng depresyon. Ang pagpapatawad ay literal na nagliligtas sa atin mula sa hukay ng depresyon. Ang pagpapatawad ay dapat maging pinakadiwa ng ating kalikasan—ito ay sa Diyos. Ang pinakabatayan ng Kristiyanismo ay pagpapatawad. Nasaan kaya tayo kung hindi tayo pinatawad ng Diyos? Ang pagpapatawad gayunpaman ay hindi isang pakiramdam, ito ay paggawa ng kalooban. Subalit dapat tayong lubos na umasa sa biyaya ng Diyos (kakayanan) para sa kakayahang ito na magpatawad. Patuloy itong ipanalangin!

• **Mga Inaasahan.** Hindi natin dapat kailanman ilagay ang lahat ng ating pag-asa sa mga pansamantalang bagay o mabibigo tayo o di kaya'y mawawasak. Alamin ang Salita ng Diyos upang maunawaan mo kung ano dapat ang layunin ng iyong mga pag-asa at mga inaasahan.

• **Kapakumbabaan.** Ang pagpapakumbaba ang nagpapalaya sa tao mula sa depresyon. Ang kapakumbabaan din ang nag-iingat sa isang tao mula sa pagmamatigas ng kanyang puso at pagiging mapait. Ang kababaang-loob at bagbag na diwa ay nagpapalaya din sa atin mula sa pagkaalipin ng pagiging sobrang sensitibo. Kapag ang pagmamatigas at pagkapoot ay magaling na, ang ibang mga karamdaman ay aalis… kasama na ang depresyon.

• **Mga bagong pangako.** Ang bawat isa ay nangangailangan ng isang bagong bagay na siyang aasahan. Ang pag-asa ang nagtataas sa atin ng higit sa ating kasalukuyang kalagayan. Minsan ay labis na nalungkot si Elias na kahit ang isang pagdalaw mula sa mga anghel ay nabigong maaliw siya (tingnan sa 1 Hari 19:4-8). Ang tanging bagay na makapagliligtas sa kanya mula sa kanyang kawalan ng pag-asa ay isang *bagong pangitain*. Ipinadala siya ng Diyos sa Bundok ng Diyos upang makipag-usap sa kanya. Nang si David ay namimighati, pinalakas niya ang kanyang sarili sa Panginoon (1 Sam. 30:6).

• **Tamang paghahayag.** (Pah. 12:11) Nadaig si Satanas sa pamamagitan ng salita ng ating patotoo. Huwag kailanman magsanay sa kung ano ang sinasabi ng kaaway at huwag kailanman sumang-ayon sa kanya o palalakasin mo lamang siya laban sa iyong sarili. Ang pagkasira ng loob ang direktang resulta nang pakikipagsang-ayon sa kaaway sa halip na makipagsang-ayon sa Diyos. Sa gayon, ay palaging pumanig sa kung ano ang sinasabi ng Diyos tungkol sa iyong kalagayan.

• **Pagpapasalamat.** Ibinabaling ng pagpapasalamat ang isang kapahamakan sa isang tagumpay. Kapag tayo ay mapagpasalamat, mayroon tayong tagumpay. Alalahanin, na hindi man lamang tayo karapatdapat sa kung ano ang mayroon na tayo, at hindi natin dapat nararamdaman na karapatdapat tayo sa mas higit pa o mas mahusay na bagay. Pinapanatiling malaya ng isang mapagpasalamat na tao ang kanyang espiritu mula sa depresyon. Ang depresyon ay lumalago sa isang taong hindi nagpapasalamat sa kanyang mga kalagayan.

• **Isinukong mga karapatan.** Kung ang depresyon ay ang napigilang galit, at kung ang galit ay resulta ng inabusong mga karapatan, kung gayon ang susi sa pagkakaroon ng tagumpay ay sa pagsuko ng ating mga karapatan at mga kagustuhan sa Diyos. Ibigay natin sa Kanya ang ating mga karapatan— ating tahanan, ating sasakyan, ating mga kasuotan, ating kinabukasan at kahit ang ating karapatang maunawaan. Kung ano ang isinuko natin sa Diyos ay nagiging Kanyang responsibilidad.

• **Kagalakan.** Ang kagalakan ay paglilinis at kagalingan sa kaluluwa. Ito ang ating kalakasan (Neh. 8:10, Kaw. 17:22). Kung ang depresyon ay dulot ng kawalan ng kagalakan, sa gayon ang isang bagong bautismo ng kagalakan ay ang kagamutan sa matinding kalungkutan. Nililinis ng kagalakan ang puso ng mga sakit, mga paghihinanakit at iba pang mga sama ng loob. Ang kagalakan ay bunga ng Banal na Espiritu (Gal. 5:22-23). *Lumalaki* ito habang nagpapatuloy tayo sa paglakad kasama ng Diyos.


• **Pagkapalaya.** Ang depresyon, kasama ang iba pang maraming emosyonal na mga suliranin, ay madalas na resulta ng maling paraan ng pagtugon sa mga kapinsalaan. Ang matinding kalungkutan, at ang pagdahilig sa depresyon, ay maaari rin namang maging isang minanang kahinaan. Anuman ang dahilan o nag-aambag na mga kadahilanan, ay magkakaroon nang isang pangmatagalang pagkaalipin na tanging ang isang *gawa ng pagpapalaya* mula sa Diyos lamang ang maaaring makapaglunas.

May isang kabataang lalaki sa isang pagpapalayang gawain ang may makapangyarihang espiritu ng depresyon na nagpapahirap sa kanya. Inilarawan ng Diyos ang nagpapahirap na espiritung ito sa pamamagitan isang pangitain na Kanyang ibinigay sa ilang mga pastor. Ang espiritung ito ng depresyon ay katulad ng isang napakalaking puno ng encina (*oak*) na lumago sa loob ng maraming taon sa kabataang ito. Ito ay naging malaki at mas lumaki, malakas at mas lumakas. Sa tuwing ang kabataang lalaki na ito at ang iba pa ay nanalangin laban sa depresyon na ito, tila baga ang mga magtotroso ay pumuputol sa pinakailalim ng napakalaking puno na ito. Ngayon, ang punong ito ay nakahanda nang mabuwal. Ang lahat ng mga pastor ay nagsimula ng manalangin ng sama-sama at ipinagsama ang huling mga pag-ugoy. Ang puno ay bumagsak na! Ang depresyon ang nagsimulang makawala sa mahigpit na pagkakahawak nito, at ang kabataang lalaki nagsimulang gumaling.

(Mat. 3:10, 15:13). "Ngayon pa lamang ay nakalagay na ang palakol sa ugat ng mga punungkahoy; ang bawat punungkahoy na hindi mabuti ang bunga ay pinuputol at inihahagis sa apoy." May mga lumalago sa ating panloob na buhay na kinakailangang masira sa pamamagitan ng panalangin at ng Salita ng Diyos. Ang mga ito ay hindi makahulugan—ang mga puno at paglagong ito ay napakatunay. Ngunit kahit na ang isang *"puno"* ay naputol o nagkaroon ng isang pagpapalaya, mayroon paring isang tuod, at maaari pa rin itong lumaki muli! Ang mga tanong kung gayon ay nagsisilitawan—anong klima ang nagpahintulot sa *punong* ito na lumago nang napakainam? Bakit naroon ang punong ito sa simula pa lamang? Samakatuwid kahit na sa pagkatapos ng isang pagpapalaya, kung ang ugat ng problema ay hindi nalutas, ito ay muling tutubo. Dahil sa tamang klima at pagpapakain, ito ay lalago. Kung kaya't kinakailangang ipagpatuloy ng Diyos ang pagsasaayos ng mga ugat sa puso.


• **Pananalangin sa Espiritu.** Ang Diyos ay nagbigay sa Kanyang Iglesya ng isang kahanga-hangang regalo na maraming mananampalataya ang bahagya pa lamang din ang nalalaman. Nagbigay ang Diyos sa Kanyang bayan nang kakayahang makapagsalita ng isang higit sa karaniwang wika upang mas maging mahusay na makipag-usap sa Kanya. Ang kaloob na ito ay nagbibigay din ng kakayanan sa isang mananampalataya na magbigay ng paghahayag sa mga panloob na kaguluhan at magkaroon ng labasan para sa mga kabiguan, na kung sa pamamagitan ng ating kaisipan lamang bilang tao ay hinding-hindi natin magagawa. Si Apostol Pablo ay may ganitong kaloob, katulad din ng kanyang mga iglesya. Sinabi ni Pablo na ang pananalangin sa ibang wika ay nagpatibay [o nagpatatag sa kanya] (1 Cor. 14:4, 14:14, 14:18, Rom. 8:26-27). Ang dayagram sa ibaba ay tumutulong na ipaliwanag ito:

## Ang Isip



*Ang bahagi ng isip na kusang gumagawa*

*Ang walang malay na bahagi ng isip- Hindi talaga natin alam kung gaano tayo naguguluhan!*



*Ang gawain ng Banal na Espiritu ay nagdudulot ng kaayusan at kapayapaan habang nananalangin Siya sa pamamagitan natin sa ibang wika at nagbibigay ng pagpapahayag sa walang kamalayan.*
*(Roma 8:26-27)*

Ang malay-taong mga saloobin ay kaunti lamang sa pagkilos ng walang malay na umaabot sa isipan. Alam nating may isang bagay na mali— nakakaramdam tayo nang kabiguan, nababalisa o nalulungkot, hindi natin kayang ilagay ang ating mga daliri sa ating problema.

Sa pamamagitan ng pananalangin sa mga wika, ang Banal na Espiritu ay nagbibigay ng pagpapahayag sa walang malay, at bilang resulta ay nagdadala ng katahimikan mula sa pinakaloob na mga kaguluhan. (Rom. 8:26-27). Madalas nating hindi alam kung paano manalangin, ngunit ang Banal na Espiritu ay namamagitan sa atin at alam kung ano mismo ang mga pangangailangan at kung paano manalangin para sa kanila.

Habang ang Banal na Espiritu ay naglilingkod sa pagpapagaling sa *walang malay*, ang may malay na isip ay nalinawan na rin mula sa kaligaligan at kaguluhan; kaya nga, dahil ang pagkakasakit ay talagang impluwensiya rin ng buhay-pag-iisip, ito ay kayang unawain na ang isang puspos ng Espiritu, mananampalatayang nagsasalita sa ibang mga wika ay nararapat na mas malaya mula sa pag-aalala, mga kabiguan at pagkakasakit. Samakatuwid gamitin ang kakayahang magsalita sa ibang wika at magdala ng kagalingan sa kaluluwa, espiritu, isip at katawan. (Dayagram at Pangangaral ni Brian J. Bailey)

**9.) Maling mga konsepto -** (Tungkol sa Diyos, Tungkol sa Iba, Tungkol sa Ating Sarili) Kung minsan ang mga taong nagiging pinakamatalik nating kaibigan ay minsang naging pinakamasama nating mga kaaway dahil sa isang *ideya* na mayroon sila tungkol sa atin, o isang *ideya* na mayroon tayo tungkol sa kanila. Ang mga imahinasyon at hindi matuwid na pag-iisip ay mga sinsel na humahati sa mga tao. “At kayo na dating banyaga at mga kaaway ng Diyos dahil sa inyong pag-iisip at dahil sa inyong masasamang gawa ay ipinagkasundo ngayon” (Col. 1:21 SND). *“Mga kaaway sa inyong pag-iisip.”* Sa isang pagkakataon lahat tayo ay mga kaaway ng Diyos dahil sa mga iniisip natin tungkol sa Kanya. Ngunit nang tayo ay makasulyap ng Kanyang kagandahan, nagbago ang ating isip at saloobin at tayo ay pinakipagkasundo sa Kanya.

### *MAYROONG TAYONG MGA MALING AKALA NA DAPAT NATING MAPAGTAGUMPAYAN*
### (Tungkol sa Diyos, Sa Iba, at sa Ating mga Sarili)

• **Tungkol sa Diyos –** Ang isang dahilan kung bakit hindi tayo katulad ng Panginoon ay dahil hindi natin siya nakikita bilang Siya talaga. (1 Jn. 3:2). Paano tayo mababago ayon sa wangis ng Anak kung hindi natin alam kung ano Siya, o kung ano ang dapat nating sundan? Kung ang ating konsepto sa Diyos ay ang isang

matigas na tagapangasiwa, tayo ay magiging matigas, at bilang ganti ay magiging matigas din sa iba. Ang kaisipang ito ay naghihikayat sa isang tao na makita lamang ang kasulatan na inilarawan ang Diyos bilang hukom, ngunit tinatakpan ang marami pang mga talata na ipinapakita ang Kanyang habag at kagandahang-loob. Ang mga maling konsepto ay naghahasik ng isang maling opinyon sa lahat ng natitirang bahagi ng mga kasulatan.

• **Tungkol sa Iba –** Ilang beses na kailangang baguhin ng Diyos ang ating isipan tungkol sa mga tao! Napakagaspang at napakamapintasin natin sa iba dahil hindi natin sila naiintindihan o nakikita sila gaya nang ginagawa ng Diyos. Kung nauunawaan natin kung bakit kumikilos ang mga tao sa paraan na kanilang ginagawa, natitiyak ko na mas lalo tayong magiging mapagparaya at maawain sa kanila. Ang isang nagbagong isip ay binababago ang ating buong saloobin at kaugalian. *Ang isang nabagong pag-iisip ay isang napakahalagang susi para sa isang nabagong kalikasan* (Rom. 12:2).

• **Tungkol sa ating sarili –** Kung paano tayo nakikita ng Diyos ay kadalasang naiiba sa kung paano natin nakikita ang ating mga sarili. Si Pablo ay nanalangin na makilala niya ang sarili, kung paano siya ay lubos na nakikilala ng Diyos (1 Cor. 13:12). Ang ating opinyon sa ating mga sarili ay madalas hindi opinyon ng Diyos. Ang ating palagay sa ating mga sarili ay maaaring masyadong mababa o masyadong mataas. Kung minsan ang isang mananampalataya ay naguguluhan at kumikilos sa maling paraan dahil sinusubukan niyang **maging** isang bagay na hindi naman hinihingi ng Diyos sa kanya. Kapag sinubukan nating ***gawin*** at ***maging*** isang bagay na hindi inilalaan ng Diyos sa atin, magkakaroon ng kaguluhan at pagkalito. Hilingin sa Diyos na ipakita saiyo kung ano ang natatanging tungkulin na mayroon ka sa Kanyang Katawan.

**ALAMIN ANG IYONG MGA LIMITASYON! — Huwag subukan na maging lahat, alamin lahat, o gawin lahat! Tayo ay isang bahagi lamang ng katawan ni Cristo. Ang bawat bahagi ay mahalaga, ngunit magkakaiba. Ang bawat isa sa atin ay tinawag sa isang *natatanging* tungkulin sa Kanyang katawan, at nararapat na magkaroon tayo ng kaunawaan mula sa Diyos kung ano ang natatangi nating gampanin. Ang Diyos ay nagbibigay lamang sa atin ng biyaya (banal na kakayahan) upang makaganap sa isang partikular na pagkatawag na pinili Niya para sa atin. Kapag ang isang mananampalataya ay lumampas sa kalooban at pagkatawag ng Diyos, walang biyaya roon, at kaawa-awa siyang mabibigo. Halimbawa: kapag ang isang tao ay tinawag na maging ebanghelista, ngunit sinusubukan niyang maging isang pastor, kaawa-awa siyang mabibigo!**

**10.) Kakulangan ng Konsentrasyon –** Maaaring ito ay para sa ilang kadahilan: 1.) Ito ay maaaring mula sa pagkapagod 2.) Maaaring ito ay nagmula sa napakaraming bagay sa ating isipan. 3.) Marahil ito ay mula sa kakulangan ng isang disiplina kaya ang ating isip ay nalilihis. Ang isip ay nangangailangan ng pahinga, nang higit pa kaysa sa katawan. Dapat tayong mag-ingat upang makakuha ng sapat na pahinga, at tiyakin na inililipat natin ang lahat ng ating kabalisahan at mga alalahanin sa Panginoon. *Ito ay espirituwal na pangalagaan ang ating kalusugan!* Kung hindi natin iingatan ang ating mga katawan, aatakihin tayo ni Satanas kapag tayo at pagod at nanghihina. Minsan ang paglabas at paggawa ng isang bagay na *pisikal* ay nag-aalis ng ating mga isipan sa ating mga alalahanin, at ito ay nakatutulong na maiwaksi ang depresyon. Ang isang mabilis na paglakad ay nagpapadala ng sariwang hangin upang pasiglahin ang ating utak. Ang hangin ay buhay!

Si Martin Luther ay itinago palayo sa isang monasteryo at naghihirap mula sa kontradiksyon ng mga pagkakaiba sa doktrina at kaguluhang panrelihiyon. Si Luther ay hindi na nakakapag-ehersisyo o kumakain nang maayos. Siya ay nagkaroon ng depresyon at nasa ilalim ng espirituwal na atake mula kay Satanas at halos bumagsak na! (Para kay Luther, ang pagsaway kay Satanas ay hindi lamang ang tanging kasagutan!)

Sinabi ng isang malapit na kasamahan sa kanya na lumabas siya at magtrabaho sa hardin araw-araw. Sa pamamagitan ng pag-eehersisyo, sariwang hangin at sikat ng araw, nagawa niyang ibaling ang kanyang isip palayo sa kanyang mga alalahanin. Ang kalusugan ni Luther ay nagkaroon ng isang lubos na pagbabago-pisikal, mental at espirituwal. Marahil ito ay nakatulong din sa isang problema ng hindi pagdumi.

Ang sobrang pagkaseryoso ay maaaring maging isang problema, lalo na para sa mga masigasig na batang mga Kristiyano. Posibleng *subukan na gawin ang lahat upang mapanatili ang iyong pag-iisip sa Panginoon!* Sa trabaho ang isang Kristiyano ay dapat panatilihin ang kanyang isip sa kanyang *trabaho*. Binabayaran tayo ng ating amo upang gawin ang isang trabaho, hindi yung nasa ibang mundo. Ang isang sobrang masigasig na Kristiyano ay maaaring subukan ang lahat upang maging espirituwal at panatilihin ang kanyang isip sa Panginoon, na hindi na siya nakakatutok ng mabuti sa kanyang trabaho, at nagreresulta sa napakamahal na pagkakamali para sa kanyang amo. Ang paggawa ng mabuti ng ating trabaho ay pagiging espirituwal!

Ang ating pagkatawag ay ang maikasal sa Panginoon. Ang pagsasamang mag-asawa ay dapat na maging isang napakaluwag na relasyon!  Ano ang iisipin mo sa isang asawang babae na sinubukang mahalin ang kanyang asawa sa buong araw na may isang saloobing *napilitan*. Hindi ito makalulugod sa asawang lalaki, o sa kanya. Subalit, ganito mismo kung paano ang isang kristiyano ay sinusubukang *gawin ang lahat* na mahalin ang Panginoon at ituon ang kanyang isip sa Kanya sa buong maghapon. Ito ay hindi karaniwan at nakakatuyot!  Nais ng Diyos na ang ating relasyon sa Kanya ay maging magaan at isang may pagtitiwala at pananampalataya.

**10.) Kakulangan ng kapayapaan –** hindi normal na magkaroon ng maligalig na isip. Kapag ang isang Kristiyano ay patuloy na naligalig sa mga alalahanin, mayroong isang tiyak na problema. Nais bigyan ng Diyos ang Kanyang bayan ng pangmatagalang mga sulosyon. Inaayos Niya ang *pinagmumulan* ng lahat ng sa ating buhay na ninanakaw ang ating kapayapaan at kagalakan (Aw. 94:12-13). Mayroong napakaraming mga dahilan para sa kawalan ng kapayapaan sa buhay ng isang tao, ngunit madalas ang problema ay bumabalik sa isang bagay na hindi nalutas sa puso. (sama ng loob, maruming motibo, kawalan ng pananampalataya, atbp.). Ayaw ng Diyos na dumaan ang Kanyang bayan sa buhay na pinahirapan. Ang kaisipang ito ay patuloy na lilinangin sa buong pag-aaral.

• **Pagkabalisa** — “Huwag kang mabalisa dahil sa masasama” (Aw. 37:1). Hindi nais ng Diyos na tayo ay mabalisa o mawalan ng pagtatagumpay dahil sa ginagawang kalikuan mga tao kung saan tayo nagtatrabaho. Nais ng Diyos na magkaroon tayo ng kapayapaan anuman ang nangyayari sa ating paligid. Sinabi ni David, “Mamuno ka sa gitna ng mga kaaway mo!” (Aw. 110:2).

• **Di-paniniwala** — Ang kawalan ng pagtitiwala sa pagkalinga ng Diyos sa atin. “Ano ang aming kakainin, ano ang aming iinumin, ano ang aming isusuot?” Sa sampung pagsubok na ang Israel ay nabigo sa ilang sa paglalakbay patungong Canaan, karamihan sa kanila ay halos kasama sa pagrereklamo na hindi sila aalagaan ng Diyos. Sinabi ni Jesus, “o kayong maliliit ang pananampalataya” (Mat. 6:25-34, t30-31, Deut. 1:27).

• **Kabalisahan ng Buhay** — (Luc 10:38-42). t.41*“Marta, Marta, nag-aalala ka at nababagabag tungkol sa maraming bagay.”* Narito ang isang perpektong larawan ng isang maybahay na walang pasensiya at nagagalit dahil sa lahat nang gawain na kailangang matapos sa buong bahay. Para kay Marta, wala ng iba pang gumagawa ng kanyang bahagi na gagawin, at tila wala ni isa mang nagpapasalamat sa lahat nang mga ginagawa niya. Kinailangan niyang magtrabaho nang mas higit pa sa ginagawa ng kanyang kapatid na si

Maria. Kinuha ni Maria ang oras upang maupo sa paanan ng Panginoon upang marinig ng Kanyang mga salita. Ang paglalaan ng panahon sa Prinsipe ng Kapayapaan ay nagdadala ng kapayapaan. Ang pokus ni Marta ay nasa mga *alalahanin*, si Maria ay nasa *Diyos*. Si Maria ay may kapayapaan ngunit si Marta ay wala. Sa isang maraming iskedyul ito'y mainam na minsan ay huminto lamang at maglaan ng panahon sa Diyos. Ang lahat ng bagay ay nagagawa nang mas maayos at banayad na nagpapatuloy kapag ginawa natin. Higit sa lahat ay kailangan nating matutunan na ilagak ang lahat ng ating kabalisahan sa Panginoon (1 Ped. 5:7, Isa. 53:4). Madalas ay pumapasan tayo ng mga hindi kinakailangang pasanin sa ating mga isipan. Patuloy nating ibigay ang ating kabalisahan kay Jesus. Alalahanin na pinasan na niya ang mga ito.

**Ang pagpapasalamat —** ay ang lunas para sa pagrereklamo at kapaitan. Ang mga kalamidad ay nagiging mga tagumpay kapag nagsimula tayong magpasalamat sa Panginoon sa ating mga kalagayan. Kapag nagpapasalamat tayo sa Panginoon sa ating mga pagsubok, tayo ay nasa daan patungo sa ating tagumpay.

**Kasiyahan —** kung hindi tayo nasisiyahan sa kung ano ang ibinigay na ng Diyos, hindi rin tayo masisiyahan kapag nakuha na natin ang mga bagay na gusto natin. Halimbawa: kung tayo ay hindi nagpapasalamat para sa bahay na ibinigay ng Diyos, kapag nakakuha na tayo nang mas maganda, sa huli ay tiyak na hindi na rin tayo magiging masaya. Pagkatapos ay gugustuhin na natin ang mas magandang kagamitan at kasangkapan at mga karagdangan pa. Nawa ay ipagkaloob ng Diyos na matutunan natin na ang kaligayahan ay hindi nakabatay sa mga pangyayari o mga bagay. Ang kaligayahan ay nakabatay sa isang nabagong puso.

**11.) Pagkalito —** ang isang isip na nalilito ay maaaring maging bunga ng maraming bagay. Ang isang tao ay maaaring malito dahil lamang sa siya ay wala pa sa tamang gulang at hindi pa alam ang katotohanan. Ang pagkalito ay maaring bunga din nang mga maling motibo. Ito ay maaaring konsikuwensiya ng pagsisikap na *gawin* o *maging* isang bagay na hindi kailanman hinangad ng Diyos. Ang pagkalito ay maaaring bunga ng pagpunta sa maraming tao para sa payo at pakikinig sa maraming mga magkasalungat na mga pananaw. Ang pagkalito ay maaaring paghatol rin ng Diyos para sa mga hindi sumusunod. (Deut. 28:28-29). Sa huli ang paraan upang magkaroon ng isang malinaw, nakauunawang isipan ay ang *lubusang pagsuko kay Jesus.*

Sinabi ni Jesus na magkakaroon tayo ng pagkakilala kung tayo ay buong pusong nakahanda na gawin ang kalooban ng Diyos (Jn. 7:17). Ito ay isang isyu ng puso! Malalaman ng isang tao kung ano ang tama at kung ano ang pinagmulan ng mga bagay kapag siya ay sumuko sa Diyos at sa kalooban ng Diyos. "Ang dalisay na puso ay makikita ang Diyos [at makakakita gaya ng Kanyang nakikita]" (Mt. 5:8).

Ang isang matalas na isip o mataas na *IQ* ay hindi ang unang kailangan para maunawaan ang espirituwal na mga bagay o makilala ang Diyos. Ni hindi rin ito kinakailangan sa malawak na pag-aaral ng Hebreo o Griyego. Ang mundo (at ang ilang Teologo) ay itinataas ang pag-iisip, ngunit hindi rin nila kayang makita ng mata sa mata, o maunawaan ang ilan sa pinakasimpleng katotohanan. Kaya nga, ang susi sa katotohanan ay hindi isang matalas na isip, kundi isang sumukong puso. Ang pang-unawa ng tao ay magiging malabo kung ang kanyang puso ay hindi naitalaga sa Diyos (Dan. 9:13, 12:10, Deut. 29:4). Ang pagka-unawa ay kaloob ng Diyos sa matuwid, at hindi lahat ng Kristiyano ay nagtataglay ng pagpapalang ito.

**12.) Makataong pangangatwiran —** ang ating likas na pag-iisip ay isa sa ating pinakamalaking mga kaaway (Rom. 8:7, 2Cor. 10:4-5). Ang buong mundo ay may *mga problema sa pag-iisip*, at gayon din naman tayo. Kaya lang ay mas kaunti ang sa isang Kristiyano. Ang mga bansa ay *kumikilos* sa paraan na kanilang ginagawa dahil sa kung ano ang kanilang *iniisip*. Sinasabi ng Diyos "Sapagkat ang aking mga


pag-iisip ay hindi ninyo pag-iisip” (Isa. 55:8-9). Ang mga tao ay napupunta sa impiyerno dahil sa mga ideya, tradisyon at mga delusyon na pinipili nilang paniwalaan sa halip na ang katotohan. Ang lohika at mga pilosopiya ng mundo ay lahat laban sa *Salita ng Diyos*. Samakatuwid ang anumang pangangatwiran na sumasalungat sa Salita ng Diyos ay hindi maaaring maging karapat-dapat sa ating pansin o pakikinig. (Pakibasa ang Col. 2:8; 1 Cor. 1:21, 3:18.)

### *ANG PUSO AT ISIP AY INIHAMBING*

Filipos 4:7 — Ang kapayapaan ng Diyos ay kailangan sa ating **mga puso** at **mga isipan**. Ito ang dalawang mga istasyong-tagapagdala ng ating katauhan. Ang isip ay kung saan tayo nagkakaroon ng pagkalito, at kung saan ang mga bagay ay hindi naidaragdag. Kailangang-kailangan natin ng kapayapaan sa ating mga iniisip. Ang puso, gayunpaman, ay ang sentro ng *pagmamahal*. Kailangan din natin ng kapayapaan dito.

**“Ang mga Binubulay-bulay ng Puso .”** Ang puso ay *nag-iisip* sa paraan na ang mga motibo at mga kagustuhan nito ay nagdidikta sa isipan kung anong mga bagay ang iisipin sa paraang lohikal at magdesisyon- (Aw. 19:14).

Hindi lahat nang problema ay puso.
Ang puso ay maaaring magkaroon ng dalisay na motibo ngunit ang isip ay nabigyan ng maling impormasyon o walang alam sa mga isyu. Kaya posible na magkaroon ng problema sa isip na walang problema sa puso.




**ANG ISIP—** dito kung saan napoproseso ang ating mga iniisip. Ang isip ay kung saan ang tao ay nag-aanalisa, nagbabalak, nagkakalkula at nagdadahilan. Ang ating pagmamahal ay wala rito- nasa puso sila. Ngunit kung ano ang nasa puso ay pinipili ng isip na bulay-bulayin. Ang puso ay nagdudulot ng mga pagkilos na iniisip ng isipan. Kaya ang ating mga problema ay mas malalim pa kaysa sa isip. Sila ay nagmumula sa puso.

**ANG PUSO—**Ito ay ang sentro ng ating espiritu—ang pinakabuod ng ating pagkatao. Dito kung saan ang ating pinakamalalim na mga hangarin at mga motibo ay nananahan. Kung ano ang ating sinasamba ay tunay na nanggagaling dito. Sa puso, ang sentro ng ating espiritu, kung saan ang ating tunay na mga problema ay naroon. Ang lohikal na mga desisyon na naisip sa isipan ay tiyak na dumadaloy mula sa kung ano ang nasa *puso*. Ang mga nasa puso natin ang siyang tumutukoy kung ano ang pipiliin natin upang bulayin at muni-munihin sa ating mga isipan. Kaya nga ang puso ay mas malalim kaysa sa isip. Ang puso ang *bukal*.

Habang totoo na mayroon tayong napakaraming problema sa ating mga isipan, ang ugat ng karamihan sa ating mga problema ay nasa ating mga **puso.** Madalas ang pakikipag-usap at komunikasyon ay hindi kasagutan, kung ang puso ay hindi nabago. Kung ano ang nasa puso natin ay direktang nakakaapekto sa ating pag-iisip at pakikipag-usap. **Hindi** sinasabi ng kasulatan na ang diborsiyo ay mula sa kakulangan ng komunikasyon. Sinasabi ng kasulatan na ang diborsiyo ay ang resulta ng isang matigas at mabatong puso (Matt. 19:8, Mc. 10:5). Kadalasan ang dahilan para sa isang mahirap na komunikasyon ay isang puso na hindi nagpaparaya… at isang ayaw makinig o tumatanggi sa pananaw ng iba. Kaya, ang tunay na problema ay *espirituwal*. Ang katigasan ng puso ay ang pinakamatinding problema na mayroon tayo—isang problema na kayang baguhin ng Diyos kung nakahanda tayong magpakumbaba ng ating mga sarili upang tanggapin ang Kanyang biyaya.

## *MGA MALING KONSEPTO NA NAIS BAGUHIN NG DIYOS*

**(Ang ating pangangailangan para sa isang binagong pag-iisip)**
**Roma 12:2, Isaias 55:8**

**Mga negatibong konsepto**

Ang isang ideya o konsepto ay may matinding kapangyarihan. Ito ay isang espirituwal na puwersa na kinokontrol ang paraan ng ating pagkilos at pamumuhay. Dinadala rin tayo kahit saan ng isang ideya! Ang mga negatibo at baluktot na ideya ay nagdudulot ng maling bunga sa atin, at sisirain din nila ang isang relasyon ng tiwala. Hindi natin magawang mahalin ng maayos ang Panginoon o ang iba nang walang relasyon ng tiwala, na siyang dahilan kung bakit kailangan nating palayain ang ating mga sarili sa maling mga konsepto. Ang nasa ibaba ay ilang mga halimbawa ng negatibong mga konsepto na hinahangad ng Diyos na linisin mula sa ating mga isipan.

### Mga maling ideya na kailangan nating baguhin

1. **Dahil sa aking nakaraang masamang buhay, kailanman ay hindi ako magkakaroon ng halaga sa anumang bagay sa kaharian ng Diyos. Hindi ako kwalipikado sa pagiging isang mabunga at produktibong Kristiyano! Ako ay palaging magiging mas mababa.**
2. **Ang ikinatatakot ko ay kung ano ang ipagagawa ng Diyos sa akin! Ipadadala Niya ako sa Aprika, ipakakasal sa isang tao na hindi ko mahal, at bibigyan ng isang trabaho na hindi ko makakayanan. Kung ano ang ninanais ko, tiyak na sasabihin ng Diyos na hindi.**
3. **Hindi ako karapat-dapat. Wala akong kabuluhan. Ako ay walang halaga. Nais ng Diyos na kamuhian natin ang ating mga sarili.**
4. **Wala akong magagawa! Hindi nais ng Diyos na magkaroon tayo ng anumang tiwala sa ating mga sarili.**
5. **Hindi ko alam kung papaano ako mamahalin ng Diyos!**
6. **Hindi ko alam kung papaano ako patatawarin ng Diyos!**
7. **Nais ng Diyos na maging mahirap ako upang manatili akong mapagpakumbaba!**
8. **Ako ay binigyan ng Diyos ng espiritu ng takot at pagkamahiyain upang hindi ako magmataas!**
9. **Dinala ako ng Diyos sa kasalanan upang makita ko ang kahungkagan nito, humantong sa dulo ng aking sarili at bumalik sa Kanya.**
10. **Sa bawat pagpapala na ipinagkakaloob ng Diyos, ay kinakailangang may tinik itong kasama palagi!**
11. **Ako ay dapat palaging naghihintay ng isang kalamidad upang ako ay mabasag sa lahat ng aking pagmamataas!**
12. **Hindi ko kailanman gagawin ang anumang bagay hangga't lubos kong nalalaman na pinangungunahan ako ng Diyos upang gawin ito. Ayaw kong makagawa ng anumang pagkakamali o maging nasa laman!**

13. **Habang lalo akong nananalangin, ay mas lalo akong nakakakuha ng mga sagot. (Kung mananalangin ako ng apat na oras, makakakuha din ako ng apat na oras na halaga ng mga sagot. Ngunit kung mananalangin lamang ako ng isang oras, makakakuha lang ako ng isang oras na halaga ng mga sagot.)**
14. **Ang sinumang hindi Kristiyano ay walang anumang mabuti sa kanya!**
15. **Magdagdag nang sarili mo!**

## *PAGSALUNGAT SA MGA MALING KONSEPTO*

### *Ang mabago sa pamamagitan nang pagbabago ng pag-iisip*

**1. Hindi ako magagamit ng Diyos dahil sa aking nakaraan.** Mali ito! Anuman ang nakaraan, Nais ng Diyos na ang bawat isa sa Kanyang mga anak na lalaki at babae ay maging mabunga at produktibo sa Kanyang kaharian. Ang ibig sabihin nito ay *ikaw!* "Sa pamamagitan nito'y naluluwalhati ang aking Ama, na kayo'y magbunga ng marami." Sa Juan 15:8 ay kabilang ang lahat ng mananampalataya, hindi lamang ang ilang napili. Bago pa nagbalik-loob si Pablo, siya ay naging isang lalaki nang karahasan at kalapastanganan sa Diyos. Siya rin ang may pananagutan kahit sa pagdanak ng dugo ng maraming mga inosenteng mananampalataya. Pagkatapos ng kanyang pagbabalik-loob hindi niya naramdaman ang paghatol sa kanyang nakaraang buhay (Rom. 8:1), bagaman hindi niya ipinagmamalaki ito. Siya ay naging manunulat ng karamihan sa Bagong tipan. Kung si Pablo ang "pinuno ng mga makasalanan" ayon sa 1 Timoteo 1:15, at ginamit pa rin siya ng Diyos sa isang pambihirang paraan, tiyak na may pag-asa ang sinuman sa atin! Anuman ang iyong nagawa sa nakaraan, si Cristo ay may kakayahang gawin kang dalisay at banal sa Kanyang paningin (Efe. 1:3-8). Siya ay makapagliligtas ng lubusan! (Heb. 7:25). Tandaan, nais ng Diyos na ang bawat isa sa Kanyang mga mananampalataya ay maging mabunga, at hindi ka nakahiwalay doon! Kapag sinabi nating *mabunga*, hindi ito nagpapahiwatig na kailangan ay nasa likod ka ng pulpito. Napakaraming mga paraan upang maging produktibo. Itanong mo sa Diyos kung paano mo Siya mapaluluwalhatian ng pinakamainam.

**2. Ang hindi ko makayanan ay kung ano ang ipagagawa ng Diyos sa akin!** Dahil sa mga isyu na pinaglalabanan natin sa ating mga puso, at dahil sa mga talata sa kasulatan tulad ng, "walang mabuti na nananatili sa akin, samakatuwid ay sa aking laman." o "kahabag-habag na tao ako," ang nangyayari sa iba ay nag-iisip na kahit anuman ang hangarin nila ay kailangang mali, ngunit anumang bagay na hindi kanais-nais o nakamumuhi ay kailangang sa Diyos. Ngunit hindi talaga ito totoo!

Ang katotohanan ay, madalas tayong pinapatnubayan ng Diyos sa pamamagitan ng *hangarin*. At kung minsan ay hindi ito isinasaalang-alang ng mabuti! Kapag ang isang mananampalataya ay ipinagbibigay lugod ang kanyang sarili sa Panginoon, inilalagay ng Diyos ang mga hangarin sa kanyang puso, at pagkatapos ay *binibigay* Niya ang mga hangaring ito. (Aw.37:4). Ang Diyos ang naglalagay ng mga hangarin sa ating mga puso para sa isang tiyak na gawain, isang partikular na bansa kung saan niya tayo tinatawag, isang bokasyon, at maging ang pagpili ng isang makakasama sa buhay. At bagaman ang *hangarin* mismo ay **hindi** isang ligtas na paraan para sa patnubay, ay hindi rin naman ito maaaring lubusang balewalain! (Ang problema ay, ang ating mga hangarin ay baka kinakailangan nang linisin.)

Ang KAKAYAHAN AT HANGARIN ay madalas na mga tanda sa kung ano ang tinatawag sa atin ng Diyos na gawin. Dalawa sa dakilang mga tagapagpahiwatig na kinakailangan upang kumpirmahin ang ating pagkatawag, maging sa sekular man o espirituwal, ay *kakayahan* at *hangarin*! Ang Diyos ay isang mabuting tagapamahala at ekonomista. Ang mga gawain sa buhay na ibibigay Niya sa atin upang gawin ay isang bagay na kung saan ay mahusay tayo (kakayahan), at kung ano ang ikinasisiya nating gawin (hangarin). Ang Diyos ay hindi pipili ng isang bagay sa atin na kinamumuhian natin (trabaho, lugar, kasama atbp.). Ang Diyos ay may isang pamumuhunan sa atin, at ibig Niyang maabot natin ang pinakamataas na potensiyal at pagiging epektibo sa Kanyang kaharian. Isipin ito sa natural! Hindi mabuti para sa isang tagapamahala na pumili ng isang trabaho para sa isang tao kung saan ito ay hindi kwalipikado at kinamumuhian ang kanyang ginagawa! Ito ay hindi magiging produktibo para sa amo at sa empleyado. Katulad din naman ito sa mga gawain sa kaharian ng Diyos.

Ilang beses ka nang nakarinig sa mga tao na nagsasabi ng isang bagay sa ganitong tuno: “Alam ko na ipapadala ako ng Diyos sa Aprika dahil iyon ang huling lugar na gugustuhin kong puntahan.” o, “Alam ko na gagawin ng Diyos na mapangasawa ko ang isang taong nakayayamot sa akin,” Ang mga mentalidad na ganito ay wala pa sa gulang, at sinisira nila ang relasyon ng *tiwala*. Ang hindi pagtitiwala sa Panginoon ay humahadlang sa ating relasyon sa Kanya! Ito ang pinakapangunahing dahilan kung bakit ang mga tao ay takot na lubusang ibukas ang kanilang mga puso sa Diyos, at isang pinakapangunahing dahilan na ang mga tao ay ayaw gumawa ng kabuuang pananagutan sa Kanya. Nais ituwid ng Diyos ang *mga haka-hakang* ito na naghihiwalay sa atin mula sa buong pagiging Kanya!

Anumang heograpikal na dako ang piliin ng Diyos para sa atin, ang Kanyang presensiya ay naroon, at magiging masaya tayo doon. Kung tawagin tayo ng Diyos sa ibang lupain, maaari Niya tayong bigyan ng pasanin at hangarin na pumunta doon. Ang kasama na pipiliin ng Diyos ay isang magkakaroon tayo ng pagmamahal. Lubos kong tinatanong ang *pahayag* ng isang kabataang lalaki na nagsabing: “sinabi ng Diyos sa akin na pakasalan ko ang babaeng ito ngunit napopoot ako sa kanya.” Hindi ako naniniwala na sinabi ng Diyos sa kanya iyon! Kahit ang Diyos ay may hangarin para sa Kanyang kasintahang babae (Isa. 62:5). Nasa kasulatan ang magkaroon ng *hangarin* para sa iyong mapapangasawa!

Huwag masyadong magmadali na tanggapin kung ano ang nakayayamot saiyo. Huwag ipagpalagay na ang bawat espirituwal na pagpapakilala na nagpapahirap saiyo ay sa Diyos, na ang iyong lumang pagkatao lamang ang nagtataboy nito. Ang manipestasyon ay maaaring sa laman o sa diyablo. Hilingin sa Diyos na ipakita saiyo kung ito ay Kanyang Espiritu o saiyo na sumasalungat sa isang espirituwal na pagpapakilala.

**3. Hindi ako karapat-dapat, Wala akong kabuluhan, Wala akong halaga.** Ang kakaibang bagay tungkol sa mga pahayag na ito ay ang tama sila sa isang banda, ngunit kapag masyado nang dinadala ay nagiging mali na. Anumang katotohanan na nadadala sa isang kalabisan ay nagiging mali. Bagama’t totoo ito mula sa sariling inspiradong pananalita ni Pablo na “sa laman na ito ay walang mabuting nananatili,” ngunit kapag ang isang mananampalataya ay nagpapatuloy sa pagsang-ayon dito sa “hindi ako mabuti” na sindroma, ito ay nagdudulot ng hindi bababa sa tatlong hindi kanais-nais na mga bagay:

**a.)** Ang pagiging abala sa sarili sa halip na sa Diyos.

**b.)** Ang pag pokus sa negatibong mga bagay sa sarili. (Ang pagpapawalang-halaga sa sarili ay hindi kailanman nagdadala ng kalayaan sa buhay.)

**k.)** Ang pagdedeskredito sa Banal na Espiritu para sa lahat ng mabubuting bagay na Kanyang ginawa sa isang buhay.

Ang ilang mga tao ay nagpapahayag kung gaano sila *kadakila* sa tingin nila, ang iba ay kung gaano sila *kahamak* sa tingin nila. Ngunit parehong may magulong bagay na pagkakatulad- isang pagkaabala sa *SARILI*. Ang pagpapawalang-bahala sa sarili kailanman ay hindi nakakatulong sa sinuman; hindi ito kailanman nagdudulot ng buhay! Samakatuwid, sa halip na mag-pokus sa ating mga sarili, sa iniisip natin kung gaano tayo kabuti o kasama, pinakamainam ang magtuon nang pansin kay Cristo. Sapagkat nababago lamang tayo habang nakikita natin Siya (2 Cor. 3:18, 1 Jn, 3:2). Maglaan tayo ng panahon sa presensiya ng Panginoon at hilingin sa Kanya na mag-deposito ng ilan sa Kanyang kabutihan at kadakilaan sa ating mga puso. *Panginoon, tinatanggap ko mula sa Iyo ngayon!*

Huwag tayong manatili sa kadiliman (kung gaano ako kasama), kundi sa Ilaw at kung gaano Siya kadakila. “Panginoon, ako ay nakatingin sa kung Sino Ka sa akin, at kung ano ang magiging ako dahil sa mga gawain ng Iyong Espiritu sa aking buhay!” Hindi natin dapat palaging inaalala ang *kung ano ang hindi pa nangyayari sa atin*, sa halip ay lumingon tayo upang makita natin kung gaano na kalayo ang ating narating. Kailangan nating limiin ang lahat ng mabubuting bagay na ginawa na ni Cristo sa ating buhay, at manatili dito!

(Filemon 1:6). Sinabi ni Pablo kay Filemon na ang kanyang pananampalataya ay mas mabuting ibahagi sa iba habang sinisimulan niyang kilalanin ang lahat ng mga mabubuting bagay na nasa kanya sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Tunay nga na si Cristo ay nagdeposito ng maraming mabubuting bagay sa ating mga puso. Ang mga ipinagkaloob na ito ay marapat na kilalanin at ipahayag. Nararapat nating ibigay sa Panginoon ang kapurihan sa lahat ng mga pagbabagong ginawa niya sa ating mga buhay, at marapat din na simulan na nating pasalamatan Siya para sa natapos nang gawain na isasakatuparan Niya. “Ako’y panatag sa bagay na ito, na ang nagpasimula sa inyo ng mabuting gawa ay siyang [magtatapos] nito hanggang sa araw ni Jesu-Cristo” (Filipos 1:6)

Ang pagiging karapat-dapat ay nagmumula sa Diyos! Ginagawa Niya tayong karapat-dapat sa pamamagitan ng makapangyarihang mga gawain ng Kanyang Espiritu sa ating buhay, habang tayo ay nakasuko sa Kanya. Narito ang patunay— “Sila’y kasama Kong lalakad na nakaputi, *sapagkat sila’y karapat-dapat*” (Pah. 3:4). Gaya ng pagbibihis sa atin ng Panginoon ng Kanyang maganda at maharlikang mga kasuutan, makakapagsabi Siya sa atin kagaya nang sinabi Niya sa Jerusalem ang Kanyang kasintahang babae, “Sapagkat naging sakdal ka sa pamamagitan ng kamahalan na aking inilagay sa iyo, sabi ng Panginoong Diyos” (Ezek. 16:14). Tayo ay karapat-dapat dahil ginagawa Niya tayong maging karapat-dapat.

Bagaman kailangang kapootan ang pagmamataas at lahat ng bagay sa ating buhay na hindi katulad ng Panginoon, gayunpaman ay hindi makabubuting kapootan o patuloy na ibaba ang ating mga sarili. Ang bawat isa ay nangangailangan ng isang mabuting pakiramdam nang kahalagahan sa sarili! Hindi natin magawang mahalin nang maayos ang iba kung hindi natin magawang mahalin ang ating mga sarili. “Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong *sarili*.” Nagawang mahalin ni Jesus ang iba dahil wala siyang pakiramdam nang anumang imperiyoridad o mga kawalan ng kapanatagan. Siya ay ganap na buo! Hindi natin matataglay ang buong kalikasan ni Cristo hanggang sa tayo ay maging buo na rin. Ang mga sali-salimuot ay kasing bahagi lang din ng Pagkahulog gaya ng pagmamataas at kahambugan.

**4. Wala akong magagawa!** Muli, ito ay isang makatotohanang pahayag, ngunit kapag masyado nang napalayo, ito ay nagiging kaabalahan sa sarili. Binibigyang-diin nito ang *kawalan ko ng kakayahan* kaysa sa Diyos at sa Kanyang dakilang kapangyarihan. Si Pablo ay nagpatotoo nang may tiwala, “Ang lahat ng ito’y magagawa ko dahil sa lakas na kaloob sa akin ni Cristo.” Ipinahayag ni David nang may pananampalataya,

“Oo sa pamamagitan mo ang isang hukbo ay madudurog ko, at sa pamamagitan ng aking Diyos ang pader ay aking malulukso.” (Fil. 4:13, Aw.18:29, 60:12).

Ang katotohanan ay, *nais* ng Diyos na magkaroon tayo ng kumpiyansa! Ito’y isang bagay na sasabihing, magagawa ng Diyos ang lahat ng bagay! Ngunit ang tunay na katanungan ay, “Magagamit ba ako ng Diyos?” Kailangan natin ang banal na katiyakang iyan at tiwala sa sarili na magagamit *ako* ng Diyos. Oo, ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat, ngunit kung hindi ako maniniwala na kaya *akong* gamitin ng Diyos, hindi ako magtatagumpay.

**5. Hindi ko alam kung paano ako mamahalin ng Diyos!** Ang mga pahayag na katulad nito ay maaaring maging totoo at hamak, ngunit sandali lang…dinadala nito ang Diyos pababa sa ating kalagayan. Ginagawa natin Siyang maliit at katulad ng isang mortal na tao! Maaaring hindi masumpungan ng tao sa kanyang sarili na mahalin, ngunit ang Diyos ay higit na dakila kaysa sa tao. Ang Diyos ay pag-ibig!

**6. Hindi ko alam kung paano ako patatawarin ng Diyos!** Muli ito ay pagdadala sa Diyos pababa sa kalagayan ng tao. Sa ganang akin ay naiintindihan ko kung paano ako nagawang mahalin at mapatawad ng Panginoon- dahil lamang sa *Siya ay Diyos!* Nabubo ang dugo ng Diyos at namatay para sa akin, ganoon ako kamahalaga sa Diyos! Dahil napakadakila ng Diyos, nagawa Niya akong mahalin at patawarin! Hindi natin dapat dalhin ang Diyos pababa sa antas ng tao. Tanggapin natin ang Kanyang kadakilaan… ang kadakilaang nagmamahal, nagpapatawad, at tumatanggap sa atin.

**7. Nais ng Diyos na maging mahirap ako upang manatili akong mapagpakumbaba!** Maraming mga tao ang kayang dalhin ang kahirapan nang higit sa kasaganaan, ngunit ang maging mahirap sa sarili ay walang kinalaman sa kapakumbabaan. Ang isang mahirap na tao ay maaaring maging napakayabang at hindi mapagpasalamat. Ngunit ang taong may karangyaan ay maaaring magtaglay ng dakilang kapakumbabaan! Ang isang ganap ng Kristiyano ay kayang pangasiwaan ang mga panahon ng kasagaan gayundin ang mga panahon ng kakulangan. Nagkaroon ng mga panahon si Pablo sa kanyang buhay kung saan siya ay *sumagana*, ngunit sa ibang pagkakataon ay *nagdusa ng matinding pangangailangan*. (Fil. 4:12). Hindi ito naaayon sa kasulatan na magkaroon ng panata ng kahirapan. Si Pablo ay nagkaroon ng mga panahon ng kasagaan. (Kaw. 30:7-6)

Ang kapakumbaan ay walang kinalaman sa pera. Ito ay isang kalooban ng pagpapasakop sa Diyos at sa iba. (“Kailangan ko ang inyong mga panalangin, ang inyong mga mungkahi at opinyon.”) Samakatuwid ang isang mayamang tao ay maaaring maging mapagpakumbaba. Ang katotohanang ito ay isinalarawan ni Job nang napakahusay. Si Job ay napakayaman ngunit lubusang nakasalig sa Diyos. Ang taong mahirap sa isang banda ay maaaring maging napakahambog at mapagsarili.

Ang *katahimikan* ay hindi maitutulad sa kababaang-loob. Ang isang taong *maingay* at *palakaibigan* ay hindi kinakailangang mayabang, at ang iba na *tahimik ay* hindi kinakailangang mapagpakumbaba. Ito ay maaaring kabaligtaran. Ang katahimikan ay walang kinalaman sa kapakumbabaan. Ang tahimik na tao ay maaaring walang imik na nagtatangi nang napakatayog na mga palagay tungkol sa sarili at maaaring nag-iisip kung gaano siya kabuti kaysa sa iba.

Ang kapakumbabaan ay ipinaliwanag— isang saloobin ng pagpapasakop sa Diyos at sa iba. Isang mababang palagay sa sarili.
Ang kaamuan ay ipinaliwanag—Walang paghihiganti. Isang banal na pagtanggap sa ating mga kalagayan.

8. **Ibinigay ng Diyos sa akin ang espiritung ito ng takot upang ingatan ako sa pagiging palalo!** Kabulaanan ito! Ayon sa Ikalawang Timoteo 1:7, tayo ay *hindi* binigyan ng Diyos ng espiritu ng takot. Ang takot ay isang kaaway. Ang takot ay hindi kailanman nagbibigay ng buhay, gumagapos lamang ito! Ang paghihirap ay nagbibigay ng buhay, ngunit ang takot ay hindi. Ang Diyos ay may marami pang ibang kaparaanan upang mapanatili tayong mapagpakumbaba. Kilalanin ang takot bilang isang pagkaalipin. Ang takot ay pumipigil sa atin na gawin ang kalooban ng Diyos. Hanapin ang Diyos para sa isang ganap na kalayaan mula sa mga takot at mga pobya. May natatanging sagot ang Diyos para sa bawat isa sa ating mga takot. Sinabi ni David, "Hinanap ko ang Panginoon at ako'y kanyang sinagot, at iniligtas niya ako sa lahat ng aking mga takot" (Aw. 34:4)

**9. Dinala ako ng Diyos sa kasalanang moral upang makita ko kung gaano *kahungkag* ito, at manumbalik sa Kanya.** Mangyari pa ay kabulaanan rin ito! Hindi kailanman pinangungunahan ng Diyos ang sinuman sa kasalanan. Ang kasalanan ay hindi pagsunod sa Diyos, at hindi Niya kailanman pinangungunahan ang tao doon! "Ngunit ang bawat tao ay natutukso nang sarili niyang pagnanasa, kapag siya ay nahila at naakit nito. Huwag kayong padaya, mga minamahal kong kapatid" (San. 1:13-16)! Kapag ang isang tao ay nahulog sa kasalanang moral, ito ay dahil sa sinunod niya ang sarili niyang pagnanasa at sinira ang bawat mga paghadlang. Kailanman ay hindi dinadala ng Diyos ang tao sa kasalanan. Ang mga tao ang kusang nagdadala ng kanilang mga sarili hanggang sa isuka nila ito!

**10. Sa bawat pagpapala na ipinagkakaloob ng Diyos, ay kailangang kasama din ang tinik!** Ito ay isang negatibong saloobin nang kawalan ng pagtitiwala. Makararanas tayo ng mahihirap na kalagayan sa ating buhay Kristiyano, ngunit gayunpaman ay maraming ulit nang kasiglahan, maraming ulit din ng pagpapala. Kapag ang Diyos ay nagpapala, masagana Siyang nagbibigay! *"Ang pagpapala ng Diyos ay nagpapayaman, at hindi niya ito dinaragdagan ng kapanglawan!"* (Kaw. 10:22).

**11. Ako ay dapat palaging naghihintay ng isang kalamidad!** (Palaging inaasahan ang pinakamasama.) Ang ilang mga Kristiyano ay inaasahan ang Diyos sa anumang sandali na magpapadala ng isang sakuna upang sila ay magkaroon nang bagbag na espiritu at kabanalan. Ngunit ito ay isang mentalidad ng takot at pagkaalipin. At maliban doon, ito ay hindi totoo. Huwag aasahan ang iyong sanggol na ipanganak na may kapintasan, o ang iyong ina ay mamatay sa isang aksidente sa kotse! Ang isang mananampalataya ay hindi dapat ipamuhay ang kanyang buhay na patuloy na umaasa ng isang sakuna na dumating sa kanya. Ang pagdadalisay at pagbabasag ay isang mahalagang bahagi ng buhay, subalit *hindi palaging* ginagamit ng Diyos ang mga paghihirap upang magawa ito! Kadalasan ang kaaya-ayang mga karanasan ang mga ginagamit ng Diyos upang palambutin at dalisayin ang mga puso ng Kanyang bayan. Gumagamit ang Diyos ng banayad na pag-aalaga sa pakikitungo sa Kanyang Kasintahang Babae!

Kung lubha talaga tayong nagkasala at ang Diyos ay naglalagay ng isang pagbabawal sa atin, alalahanin ang Awit 103:8-14. Ang Awit 103 ay isinulat pagkatapos ng pagkakasala ni Haring David kay Batseba. Ito ay isang awit nang pagpapanumbalik. Sa 103:10, sinabi ni David na hindi ibinigay sa kanya ng Panginoon ang kahatulang nararapat para sa kanya. "Hindi Niya tayo pinakikitunguhan ayon sa ating mga kasalanan, ni ginantihan tayo nang ayon sa ating mga kasamaan." Ang anumang hatol na inilagay sa atin para sa ating kasalanan ay hindi ang nararapat para sa atin- karapat-dapat tayo nang mas higit pa! samakatuwid, ang Diyos ay lubos na mapagbiyaya!

**12. Hindi ako kailanman gagawa nang isang pagkilos hanggang sa malaman kong ang Diyos ay narito. Hindi ako dapat magkamali!** Ang ilang mga desisyon sa buhay ay napakahalaga, at kailangan nating tiyakin na may kaisipan at direksiyon tayo ng Diyos bago tayo magpatuloy. Ang pag-aasawa ay

isang halimbawa. Gayunpaman, sa karamirahan nang iba pang mga desisyon, hinihingi ng Diyos sa atin na humakbang sa pananampalataya. Madalas ay ginagabayan tayo ng Diyos habang tayo ay gumagalaw. Kung ikaw ay nakaupo at naghihintay na kilusin ka ng Diyos, magkagayon nga ay maaaring nakaupo kana lamang diyan hanggang sa natitirang bahagi ng iyong buhay! Kung nais mong gamitin ka ng Diyos nang may mga kaloob ng Banal na Espiritu, kailangan ay nakahanda kang humakbang at gamitin ang mga ito at handang gumawa ng isang pagkakamali! (2 Tim. 1:6). Madalas ang mga taong lubhang nangangailangang makatiyak na tama sila bago sila gumawa ng *anumang bagay*, ay ang mga taong ayaw makagawa ng isang pagkakamali o magmukhang mangmang. Maging handang gumawa ng isang pagkakamali, ngunit huwag manatiling nakaupo. Gagabayan tayo ng Diyos habang tayo ay kumikilos. Ang Diyos ay bihirang gumabay kung tayo ay nakaupo lamang. Siya ay gumagabay at pumapatnubay habang tayo ay gumagalaw.

**13.Habang lalo akong nananalangin, ay mas lalo akong nakakakuha ng mga sagot.** (Kung nanalangin ako ng apat na oras, makakakuha din ako ng apat na oras na halaga ng mga sagot. Ngunit kung mananalangin lamang ako ng isang oras, makakakuha lang ako ng isang oras na halaga ng mga sagot.) Hindi ba ito masyadong tunog mekanikal? Ito ay hindi isang relasyon ng pag-ibig— ito ay isang amo-empleyadong ugnayan sa Diyos. Sinasabi nito sa Diyos, "ibinigay ko na ang aking oras at pagtatrabaho, ngayon ito ang utang mo sa akin" Subalit ang nais ng Diyos ay isang *pagtugon sa Kanyang mga pag-udyok*. Ito ay nagmumula sa isang relasyon. Hindi kinakailangan dito kung gaano tayo katagal manalangin o mag-ayuno kaya bumababa ang kapangyarihan at presensiya ng Diyos. Minsan ito'y isang maliit na pagkilos lamang nang pagsunod na nagdadala ng hinahangad nating pagtatagumpay.

Si R. Edward Miller ng Argentina ay nanalangin ng ilang buwan para sa pagpapanibagong-buhay. Kalaunan ay nagtipon siya ng isang maliit na pangkat ng mga mananampalataya upang sumama sa kanya sa pananalangin. Isang kabataang babae ang nagsabi, "Mayroon akong kakaibang impresyon na dapat ay simulan kong tapikin ang mesang ito. (Sinabi sa kanya ni Rev. Miller na gawin iyon, subalit naisip niya na ito ay katawa-tawa.) ang kakaibang impresyon ay nagpatuloy pa rin! Pagkatapos ng ilang sandali si Rev. Miller at ang iba pa ay nagsimulang tapikin ang mesa, ngunit nang inabot *niya* at hinipo ang mesa, ang kapangyarihan at hangin ng Diyos ay humagibis papasok! Ang bawat isa roon ay makapangyarihang napasailalim sa pamamagitan ng isang bagong alon ng apoy ng *Pentecostal*, at ang apoy na ito ay lumaganap sa buong bansa! Maraming libu-libo ang nagbalik-loob at nabaustismuhan sa Banal na Espiritu. Ano ang kinailangan upang pakawalan ang kapangyarihan ng Diyos? Isang bagay na *lubusang katawa-tawa* sa ating likas na pag-iisip! Ito ay isang maliit na pagkilos ng pagsunod. Gayunpaman, ito ang hinihingi ng Diyos— sinasabi lamang Niya, "Sundin ang Aking tinig!" Ang pagtugon sa kahit na anong patungan ng Diyos ng Kanyang daliri ay nagbibigay kalayaan sa Diyos na gumawa para sa atin (Jer. 7:22-23).

**14. Walang mabuti sa tao, lalo na sa hindi mananampalataya!** Ito ay isang maling teolohikong pahayag! Sinabi ni Jesus na "ang mga makasalanan man ay umiibig [banal na pag-ibig] sa mga umiibig sa kanila" (Lu. 6:32). Kahit ang mga di-mananampalataya ay nagsasakripisyo ng kanilang buhay para sa iba, o ibinigay sa donasyon ang mga bahagi ng kanilang mga katawan upang ang iba ay mabuhay, atbp. Gayunpaman, ang anumang kabutihan sa kalooban ng isang mananampalataya o di-mananampalataya ay bumabalik lahat sa Diyos. Ang lahat ng kabutihan ay nagmula sa Diyos! Karamihan sa mga di-mananampalataya ay may *ilang* kabutihan sa kanila. Hindi ito sinasabi na pupunta sila sa langit. Si Cristo lamang ang tanging pintuan sa langit! Ngunit ang sabihin na walang anumang kabutihan sa tao ay hindi tama!

# *PAG-UNAWA SA TAO*


**Ang tao ay isang Trinidad. Siya ay espiritu, kaluluwa at katawan. "Ang tao ay isang espiritu, taglay ng isang kaluluwa, naninirahan sa isang katawan." Ang ating katawan ay nahihipo, at gawa sa mga elemento at mga mineral ng lupa. Ito ang ating panlabas na sisidlan. Ang kaluluwa at espiritu ay *di-nahihipo*, ngunit may isang anyo na halos katulad ng ating katawan. Sinasabi sa Unang Tesalonica 5:23 na ang lahat ng tatlong bahagi ng tao ay kailangang pakabanalin (nalinis, napanibago at tinubos). Ang dayagram sa ibaba sa konsentrikong mga bilog ay naglalarawan ng tao sa tatlong bahagi.**

**ANG TAO SA TATLONG MGA BAHAGI**


**KATAWAN—**Ito ang nahahawakang bahagi ng tao, ang kanyang laman at buto- ang panlabas na sisidlan. Nilikha mula sa mga elemento ng lupa. Ito ay mabusisi at kamangha-manghang ginawa (Aw.139:13-16).

**KALULUWA—**Ang ating mga emosyon at pagkatao

**ESPIRITU—**Ang totoong buhay natin— Hininga ng Diyos. (Bil.16:22). Ang ating espiritu ang nagbibigay ng buhay sa ating kaluluwa at katawan. "Ang katawang walang espiritu ay patay" (San. 2:26 (Jas. 2:26).




**SA KAMATAYAN –**
*mayroon tayo nito…*



**Sa kamatayan** ang espiritu at kaluluwa at nahihiwalay sa katawan. Ang katawan ay madudurog muli sa alabok, hanggang sa panahon nang muling pagkabuhay kung kailan ang parehong alabok ay muling lilikhain sa isang bago at di-nabubulok na katawan. Ang bagong katawan na ito ay ipinag-isang muli sa kaluluwa at espiritu. Sa kamatayan, ang kaluluwa at espiritu ng isang mananampalataya ay aalis sa katawan at agad na pupunta sa langit, sa presensiya ng Panginoon (2 Cor. 5:1-8, 2 Ped. 1:13-14). Ang espiritu at kaluluwa ay may isang anyo na halos katulad ng pisikal na katawan, upang ang umalis na mga kaluluwa-espiritu ay may pagkakakilanlan at makikilala ang isa't-isa. Ang ibig sabihin lang ng kamatayan ay *paghihiwalay*. Ang kamatayan ay hindi pagkalimot! Ang kamatayan ay naghihiwalay sa katawan mula sa kaluluwa-espiritu. Sinasabi ni Santiago na ang katawan na walang espiritu ay patay (San. 2:26). Ang *ikalawang kamatayan* na nabanggit sa Pahayag 2:11, 20:14 ay walang hanggang pagkahiwalay mula sa Diyos sa lawa ng apoy para sa mga di-natubos.

Roma 8:23. "Ang pagtubos sa ating katawan." Ang kabuuang katubusan ni Cristo ay hindi kumpleto hanggang ang ating mga katawan ay nabuhay na mag-uli. Nais ni Apostol Pablo na bumalik ang kanyang

katawan sa lalong madaling panahon. Nais niya nang isang mas mahusay na muling pagkabuhay. Ang antas kung saan pinahihintulutan natin si Cristo na gumawa sa ating kalooban sa mga panahong nabubuhay tayo ang magpapasiya kung anong antas ng kaluwalhatian mayroon ang ating katawan sa pagkabuhay na mag-uli (Fil. 3:11-14, 3:20-21, Heb. 11:35, 1 Cor. 15:40-44). Sa buong walang hanggan, ang tao ay nilikha upang maging tatlong nilalang-katawan, kaluluwa at espiritu. Nilayon ng Diyos sa tao na magkaroon ng kanyang katawan para sa buong walang hanggan. Sa gayong dahilan, pagsikapan sa anumang paraan na magkaroon ng isang pinakamahusay na pagkabuhay na mag-uli. Isuko ang lahat sa kalooban at plano ng Diyos sa iyong buhay (Fil. 3:11).

**Ang lahat ng tatlong bahagi ng tao** ay nilikha ng Diyos at ginawa upang mapasailalim sa pagkasakop ng Banal na Espiritu. Ang lahat ng tatlong mga bahagi—katawan, kaluluwa at espiritu, ay kailangang matubos at malinis (1 Tes. 5:23). Ang tao ay isang espiritu, na dinamitan ng isang kaluluwa (mga emosyon, pagkatao, pampaganda), na naninirahan sa isang katawan. Ang espiritu ang ating totoong buhay. Ito ang inihinga ng Diyos sa tao nung araw na nilikha Niya ito. Ang espiritu ang nagbibigay buhay sa kaluluwa at katawan. Anuman ang kumokontrol sa ating espiritu, ay kumokontrol sa ibang natira sa atin.

**Ang ating espiritu ay nangangailangan ng paglilinis.** Maaari tayong magkaroon nang mapagmataas na espiritu (Kaw. 16:18). Ang ating espiritu ay maaaring sumalungat sa Diyos at magmatigas. Kailangan natin ng isang bagbag na espiritu. Ang espiritu, na maaari nating masabi, ay ang ating puso. Kung ano tayo sa ating espiritu ay kung sino talaga tayo! Ang ating espiritu ang pinakasentro ng ating pagkatao. Ang pinakamalalim nating motibo ay nakasalig rito—at ang totoong sinasamba natin ay narito. Anuman ang nangingibaw sa ating espiritu ay nagpapatibay kung sino talaga tayo! Kaya, dapat nating hilingin sa Diyos ang isang malinis na espiritu, isang dalisay na puso. Hindi natin makikilala ang iba pang mga espiritu hanggang sa ang ating sariling mga espiritu ay maging malinis at nakasuko sa Diyos. Sa Unang Corinto 2:9-14, ay may **tatlong** mga klasipikasyon ng mga espiritu: 1.) Ang espiritu nating tao 2.) Ang espiritu ng mundong ito 3.) Ang Espiritu ng Diyos. Kapag tinanggihan ng isang tao ang Espiritu ng Diyos, kusa siyang nagiging madaling kapitan ng espiritu ng mundong ito. Kaya nga, ang ating espiritu ang dako ng labanan sa pagitan ng dalawa. Nang tayo ay ipinanganak na muli, ang ating *espiritu* ay sumigla at nabuhay sa Diyos. Bago ito, ang ating espiritu ay *patay* sa mga pagsuway at mga pagkakasala. Ang ibig sabihin ng "Kamatayan" ay paghihiwalay, hindi pagkalimot (Ef. 2:1-5, 2 Cor. 4:6). Sa bagong kapanganakan ang ating espiritu ay nabuhay. Ito ay nagiging buhay sa Diyos, at may isang bagong kamalayan sa Diyos at sa espirituwal na kapamahalaan. Gayundin, nang tayo ay nabautismuhan sa Banal na Espiritu, ang ating espiritu ay nalubog sa Espiritu ng Diyos. Subalit ang tugatog ng *espirituwalidad* ay kapag ang Espiritu ng Diyos ay malayang dumadaloy sa pamamagitan ng isang nalinis na espiritu, na ang madamdaming mga emosyon at katawan ay nasa ilalim ng pagpapasakop.

**Ang huwarang buhay ay para sa espiritu upang supilin ang kaluluwa at katawan.** Bago ang Pagkahulog, ang espiritu ni Adan ay may kapamahalaan sa kanyang kaluluwa at katawan, ayon sa layunin ng Diyos. Ang tao ay isang espirituwal na nilalang at dapat pamahalaan ng espiritu. Sa Pagkahulog, ang kadiliman at paghiwalay ay dumating sa espiritu ng tao. Sinabi ng Diyos kay Adan ang tungkol sa ipinagbabawal na bunga— "sapagkat sa araw na ikaw ay kakain niyon ay tiyak na mamamatay ka" (Gen. 2:17, 3:3). Tinutukoy Niya ang espirituwal na kamatayan, hindi pisikal. Si Adan ay hindi namatay sa kaparehong araw. Nabuhay pa siya ng 930 mga taon. Isang *espirituwal* na kamatayan ang naganap, kung saan ay naging sanhi din na ang katawan ay *nagsimulang* mamatay. Magmula sa Pagkahulog, naging isang napakahirap na laban na ang maging espirituwal. Madalas ang kaluluwa at ang katawan ang namumuno, sa halip na ang espiritu. Ang ideyal ay para sa Espiritu ng Diyos upang kontrolin ang *espiritu* ng tao, kung saan ay sumusupil din sa kaluluwa at katawan.

## Ang Suliraning Mapangkaluluwa (*Soulishness*)

*Hebreo 4:12*

Nais ng Diyos na ang Kanyang bayan ay maging espirituwal, hindi makakaluluwa (*soulish*). Kadalasan ang kaluluwa (mga emosyon, mga takot, mga palagay ng loob, pagtatangi, atbp.) ay nagpapahirap sa Espiritu at hinahadlangan ang pagdaloy ng Banal na Espiritu. Ang makakaluluwang tao ay pinangungunahan ng mga emosyon kung saan ay nagdudulot ng depresyon, panghihina ng loob, at iba pang mga pakiramdam. Nais ng Diyos na makilala natin kung ano ang pagkakaiba sa pagitan ng makakaluluwa at espirituwal. Ang salita ng Diyos ay naghihiwalay sa kaluluwa mula sa espiritu (Hebreo 4:12). Maipapakita sa atin ng Salita ng Diyos kung ano ang tunay na espirituwal (kung ano ang nagmumula sa Banal na Espiritu sa pamamagitan ng ating espiritu) at kung ano ang nagmumula sa kaluluwa o mga emosyon. Maipapakita sa atin ng Salita ng Diyos kung ano ang ating tunay na mga problema at kung bakit tayo madalalas na nalulumbay o nagagalit. *Hindi* natin kailangang pumunta sa saykayatrista. Tanging ang Diyos lamang ang nakaaalam kung ano ang nasa ilalim ng ating pakikipaglaban, at Siya ay may higit na kakayahang maipakita sa atin nang mas malinaw mula sa Salita ng Diyos.

Sa Hebreo 4:12—Ang Salita ng Diyos ay naghihiwalay sa kaluluwa mula sa espiritu. Ibinubukod nito ang mapangkaluluwa (*soulishness*) (mga pakiramdam, mga emosyon, likas na pag-iisip) mula sa kung ano ang tunay na espirituwal. Ang Salita ng Diyos ay hindi lamang nagpapakita sa atin kung ano ang makakaluluwa o emosyonal, kundi ito rin ay nagpapakita ng pinakamalalim na mga motibo ng ating espiritu. Hinahanap ng Salita ng Diyos ang ating mga problema at ipinapakita sa atin kung ano ang mali sa ating kaluluwa (mga emosyon) at sa ating espiritu (mga motibo). Ito ay katulad ng ilaw na nakabukas sa loob. "Ang paghahayag ng Iyong mga salita ay nagbibigay kaliwanagan" (Aw. 119:130). Madalas, ay hindi natin magawang ituro ang ating mga daliri sa ating tunay na mga problema, ngunit ang Salita ng Diyos ay natutukoy at nalulunasan sila.

Kailangan nating madaig ang mapangkaluluwa, sapagkat kapag pinangingibabawan tayo ng ating mga damdamin, tayo ay hindi magiging matatag sa pag-uugali, at makagagawa ng mga pagpapasyang naaayon sa ating mga emosyon. Ang mga emosyon ay may pinapanigan din. Hindi ang awa at pangangailangan ang dapat na mag-udyok sa isang tao na tumungo sa dako ng pagmimisyon—ang isang banal na pagkatawag ang nararapat na motibasyon. Ang mga taong makakaluluwa ay napakadaling kapitan ng ibang mga espiritung kumikilos sa kanila at nag-uudyok sa kanila, nililihis sila mula sa mga layunin ng Diyos. Gayunpaman, ang mga emosyon ay mabuti, kung gawa ng Espiritu.

**Ang kaluluwa ay hindi dapat mamuno! Ang espiritu, na sinasaklawan ng Espiritu ng Diyos, ang dapat na mamuno! Ang kaluluwa ay marapat na nasa ilalim nang kontrol ng espiritu at Banal na Espiritu. Nakasulat sa ibaba ang ilan sa iba pang mga katunayan ng kaluluwang nangunguna:**

- Pagkahibang—pantasya, mga mundo ng panaginip – Ang pamihasain ay lubhang mapanganib. Kailangan nating pamunuan ang ating espiritu (Kaw. 4:23)

- Ang pagkabalisa— ang asawa ni Job ay labis na mabalisahin, sinasabihan si Job na sumpain ang Diyos at nang mamatay na. Ang mga kababaihan ay hinihimok sa kahinahunan.

- Mga Takot—maaaring barahan ng mga takot sa kaluluwa ang daloy ng Banal na Espiritu.

- Pagkiling—mga emosyon na pinapaboran ang isa nang higit sa iba pa. Ito ay isang karnal na pag-ibig. Pinapupurol nito ang pagkilala ng isang tao.

- Pagkaawa sa sarili—mga palagay ng loob, mga depresyon, mga kaapihan, at pagiging malimit na napapailalim sa "madilim na kaulapan"

- Mga paghihinala at mga imahinasyon—Ang makakaluluwang mga tao ay madaling tablan nito.

- Pamumuhay sa pamamagitan ng mga damdamin sa halip na sa katotohanan—Kailangan nating "lumakad sa pamamagitan ng pananampalataya hindi sa pamamagitan ng paningin."

- Makatao—na kung saan ay simpatiya at mga emosyon, at itinatanggi na mayroong paghatol.

- Maling pamamatnubay—dahil sa mga emosyon, pagtaas ng mga buhok sa balat, panginginig sa gulugod at kababalaghan.

- Kawalan ng kakayahang makitungo nang may layunin—dahil sa mga emosyon na wala sa kontrol o hindi makatuwiran.

* Ang mga taong nabubuhay sa matataas na emosyon ay ang karaniwang mga nalulunod sa pinakalubhang mababa.

## Ang Pagtukso

Si Jesus ay sinubok sa espiritu, kaluluwa at katawan.

**ESPIRITU** — Sa bahagi ng mga motibo at pagsamba (Mt. 4:8-10).
*Nangako si Satanas, "Sambahin mo ako at ibibigay ko sa iyo ang mundo."*

**KALULUWA** — Sa bahagi ng mga emosyon (Mt. 4:5-6).
*Magpatihulog ka at gulatin mo ang lahat… ipakita mo sa kanila kung sino ka.*

**KATAWAN** — Sa bahagi nang gana sa pagkain nang Siya ay nagutom (Mt. 4:3-4).
*"Ipag-utos mo na ang batong ito ay maging tinapay."*

Tayo rin ay susubukin sa lahat ng tatlong bahagi.

## *MGA GABAY PARA SA PAGKILALA*
## Pagtatagumpay sa Mapangkaluluwa (*soulishness*)

Kapag sinasabi nating ang isang tao ay **makakaluluwa**, ibig nating sabihin na siya ay pinangungunahan ng kanyang kaluluwa—ng kanyang mga emosyon at kanyang likas na pag-iisip sa halip na maging kontrolado ng kanyang espiritu at ng Banal na Espiritu. Ang makakaluluwang tao ay apektado ng mga problema sa kaluluwa katulad ng mga sumpong, mga depresyon, mga salimuot, mga takot, galit, at pagkaawa sa sarili. Ito ang iyong taas at baba na uri ng indibiduwal. Ngunit upang magkaroon ng pagkilala, ang kaluluwa ng isang mananampalataya ay kinakailangan munang *magpahinga*. Ang lahat ng pagkaligalig at pagkalito ay kailangang maging malinis sa kanyang sariling kalooban bago niya masusuri nang tama kung ano ang nangyayari sa labas ng kanyang sarili.

*Ang ideyal ay ang mapamunuan ng ating espiritu* —Iyon ay nangangahulugan na ang Espiritu ng Diyos ay kumikilos sa pamamagitan ng ating espiritu, na ang kaluluwa ay napapasailalim. Ang likas na isip at mga emosyon ay marapat na dominahin ng ating espiritu at Espiritu ng Diyos. Kapag ang espiritu ay nangunguna, tayo ay *espirituwal*. Ibig ng Diyos na tayo ay maging espirituwal, hindi makakaluluwa. Ang mga bata pang Kristiyano ay pinangungunahan at pinapatnubayan ng kanilang mga kaluluwa.

### Mga Susi para sa Paghihiwalay ng Kaluluwa at Espiritu

**1. Ang isang bagay na sinalita nang matamis, “nakalulugod sa tainga”, ay maaari pa ring maging mali!** Ang ating nakasanayan ay tanggapin kung ano ang magiliw na sinasambit, ngunit *tinatanggihan* ang masungit o masakit sa tainga. Sa kasamaang-palad ang **tono** ay hindi palaging isang ligtas na paraan sa pagkakamali upang hatulan kung ang isang bagay ay sa Diyos o hindi. Si Satanas ay maaaring maging mahusay magsalita; maaari din siyang maging maligiw at maamo, at ang kanyang mga tagapaglingkod ay madalas na nagmumukhang napakamatuwid— Basahin ang 2 Corinto 11:13-15. Huwag magpalinlang sa mga taktika ni Satanas! Sinabi ni Pablo, “Kami ay hindi mangmang tungkol sa kanyang mga balak” (2 Cor. 2:11, Rom.16:18). Ang katamisan, kabaitan at malumanay na tono ay hindi kinakailangang tumpak na mga katibayan ng isang totoong pagpapahid. Ang babaeng mapakiapid ng Kawikaan 5:3, 7:21, ay talagang nakakaakit.

**2. Kung tayo ay naliligaw sa isang bagay, makakakuha pa rin tayo ng mga “kumpirmasyon”.** Hindi tayo dapat labis na nagiging sangkot sa mga kumpirmasyon, mga tanda, mga bilang, pagkakatugma, at iba pang mga kababalaghan. Ang kalabisan nito ay maaaring maging makakaluluwa, at maaaring ang isang Kristiyano ay magkamaling maniwala na siya ay pinangungunahan ng Diyos. Maraming taon na ang nakalipas na ako ay isang residenteng guro ng isang paaralan sa Bibliya. Ang isa sa mga estudyante ay napaka guwapong kabataang lalaki at dalawampu’t limang mga babae ang nagkaroon ng magkakatulad na kapahayagan tungkol sa kanya— “Ito ang aking magiging asawa sa hinaharap!” Ito’y nakamamangha lang kung paanong napakaraming tiyak na mga “kumpirmasyon” mayroon ang bawat isa sa kanila. Lahat nang ito ay makakaluluwa!

Naalala ko ang isang lalaki na palaging may isang babae na nagngangalang Genny sa kanyang isipan. Biglang, habang siya ay nagmamaneho sa lansangang-bayan nakakita siya ng isang napakalaking kabitan ng kartelon na nagsasabing *“Hindi ba Gusto Mong Magkaroon ng isang Genny?”* ang punto ko ay—kapag mayroon tayong isang bagay sa ating isipan, *makikita* at *maririnig* natin ito kahit saan. Lulundag ito sa atin mula sa lahat ng dako. Kung ikaw ay bibili ng isang bagong *Toyota*, magsisimula kang makakakita ng

*Toyota* sa lahat ng dako. Ito ay isang bagay na may kamalayan ka at hinahanap mo. At kapag ang mga tao ay nagkamaling naniwala na sila ay may isang kapahayagan mula sa Diyos, nagsisimula silang magkaroon ng mga *kumpirmasyon* mula sa iba't ibang direksyon. Kailangang tayo ay linisin sa mapangkaluluwa! Marami sa nasa Simbahan ang ginagabayan ng kanilang mga *kaluluwa* sa tanong ng pag-aasawa. Mag-ingat tayong lahat.

**3. Ang mabubuting tao ay nakakagawa ng mga pagkakamali.** Kung minsan ang mga ganap ng tagapaglingkod ay nagsasalita nang *hindi* inuudyok sa kanila ng Diyos na sabihin. Sinaway ng Diyos si Natan sa pagsasabi ng isang bagay kay David mula sa kanyang likas na pag-iisip (1 Cron. 17:1-6). Maaari mo ring alalahanin ang panahon nang si Elias ay nagsasalita para sa Diyos sa isang sandali (1 Ha. 18:21), ngunit pagkatapos sa kanyang sumunod na hininga ay nangungusap na siya mula sa kanyang sariling espiritu na nagsasabi, "ako at ako lamang ang naiwang propeta ng PANGINOON" (1 Ha. 18:22). Napakadali lamang lumipat mula sa Espiritu ng Diyos sa ating sariling espiritu kapag tayo ay naglilingkod. Inilipat ng Diyos ang tuon sa katotohanan na ang isang buong kongregasyon ay maaaring magkasala sa pamamagitan ng kamaangan sapagkat ang pinahirang saserdote na tagapagturo ay nasa kamangmangan (tingnan sa Lev. 4:2-3; 4:13). Ang mga propesiya ay hindi palaging tama; kaya marapat silang masubok (Deut. 18:21). Mag-ingat sa mga direktibong propesiya, lalo na ang may kaugnayan sa pag-aasawa. Huwag mong isabit ang iyong kinabukasan o ang walang hanggan sa isang propesiya. Tiyakin na maingat mong hinanap ang Diyos, at ang iyong desisyon ay nasa banal na kasulatan. (Ang inaasahan bang mapapangasawa ay hindi pa ligtas o diborsiyado? Alalahanin, ang diborsiyo ay isang nasirang sumpaan, isang nasirang tipan!)

**4. Ang ating opinyon sa isang tao ay nakabatay sa kung ano ang dinudulot nilang *maramdaman* natin*!*** Ayon sa isang pagsisiyasat, ang ating opinyon sa isang lalaki o babae ay nakabatay sa isang pangunahing isyu higit sa anupaman at iyan ay—*kung ano ang dinudulot nilang maramdaman natin!* Ang isang artista na magaling magpatawa at nakakahalina ay maaaring magkaroon ng kakayahang madala tayong mag-isip na, "Mainam, marahil hindi naman siya ganun kasama pagkatapos ng lahat." Sa kabilang banda, ang iba na may magandang ugali ngunit kulang sa kaloob ng kasiglahan at personalidad ay maaaring maging mababa sa ating listahan ng mga paborito. Ngunit ito rin, ay isang pagpapakita ng mapangkaluluwa, hindi espirituwalidad. Ito ay hindi wastong paraan upang sukatin ang isang pagkatao.

**5. Ang ating kasalukuyang nararamdamam ay nakakaimpluwensya at nagpapasama sa ating pagtingin sa mga sitwasyon.** Kung ikaw ay tatanungin nang, "kumusta ang lahat sa inyong simbahan?", inaasahan na ang iyong *mga nararamdaman sa kasalukuyan* ay labis na makakaimpluwensya kung paano mo sasagutin ang tanong! Hayaan mong subukan kong isalarawan: Ipagpalagay na ang inyong simbahan ay dumadaan sa isang panahon ng pagpapala at marami sa mga may pangangailangan ang natutugunan, ngunit ikaw ay nasa isang madilim, at mahirap na sandali ng iyong buhay. Kung ikaw ay tatanungin, "Kumusta ang mga bagay sa inyong simbahan?" marahil ay masasabi mo, "hindi masyadong mabuti, ang lahat ay tuyot, wala akong nakukuha na anuman sa mga gawain, at napakaraming mga problema sa simbahan!" ang katotohanan ay, may isang napakalaking pagkakaiba sa pagitan ng *mga bagay* na nangyayari, at sa ating *nararamdaman.*

Sa isang taong nalulumbay, *ang lahat* ay madilim! Ito'y kinakailangan na isantabi natin ang ating nararamdaman upang makita ang totoong sitwasyon. Narito ang pagkakaiba sa pagitan ng isang mapangkaluluwa at isang espirituwal na Kristiyano—ang isang taong mapangkaluluwa ay naniniwala na kung ano ang nararamdaman niya sa *sariling kalooban* ay isang pahiwatig nang kung ano ang kalagayan ng

mga bagay sa *labas* ng kanyang sarili. Gayunpaman, ang isang espirituwal ay isinasantabi ang kanyang mapangkaluluwang mga nararamdaman upang makita ang tunay na kalagayan. Susubukan kong ipaliwanag kung ano ang ibig kong sabihin sa sumusunod na talata.

Sa mga taong nakalipas nang ako ay pumunta sa gawain isang Linggo ng umaga, lumuhod ako upang manalangin sa altar habang ang *organ* ay marahang tumutugtog. Nasumpungan ko roon ang presensiya ng Diyos sa isang nakamamanghang paraan. Pagkatapos ay isa sa mga kababaihan ang pumasok. Napakahirap ng mga bagay sa kanilang bahay para sa kanya, at labis siyang nalulumbay at pinanghihinaan ng loob. Biglang sinimulang niyang sawayin at iginapos si Satanas, sapagkat sa kanyang isipan, naramdaman niyang ang gawain ay nakagapos at hinahadlangan ni Satanas. Ang gawain ay hindi nakagapos; siya ay nasa ilalim ng isang madilim na ulap. Hinahatulan niya ang sitwasyon batay sa kung ano ang naramdaman niya sa kanyang sariling kalooban. Subalit ito ay pagiging mapangkaluluwa, hindi espirituwal. Hindi natin makikila kung anong espiritu ang kumikilos hanggang sa ang ating sariling kaluluwa at espiritu ay maging malinis, napanibago at nakasumpong ng kapahingahan.

**6. Mag-ingat sa kapangyarihan ng pagmumungkahi!** Ang mga salita ay malikhain. Isang lalaki ang nanalangin sa simbahan isang araw, “Panginoon, pagalingin Mo ang mga kawalan namin ng pagkakaisa!” Ang panalangin ay nagmungkahi na ang bawat isa ay laban sa isa’t-isa. Hindi sila ganun! Si Satanas ay gumagamit ng mga negatibong pahayag at pananalangin na katulad ng mga ito upang lumikha talaga ng di-pagkakaisa. Dinadala nito ang isipan ng bawat isa sa “sino ang laban kanino?” Mag-ingat sa kapangyarihan ng pagmumungkahi. Tandaan din, na ang mga propesiya at pangangaral ay may posibilidad na hatakin tayo sa isang tiyak na direksyon, maging sila man ay galing sa Diyos o hindi. Maaaring kailangan mong isaalang-alang ang ilan sa mga propesiya na nasabi na saiyo.

**7. Subukin ang mga pagpapahid at mga pandama!** Si Satanas ay may pagpapahid. Siya ay tinawag na “Ang pinahiran na kerubin” sa Ezekiel 28:14. Ginagaya niya ang lahat, kasama na ang pagpapahid. Ang musika ni Satanas ay may isang huwad na pagpapahid. Si Satanas ay may mga tagapaglingkod din, at sila ay nagmumukhang mga napakatuwid at lubos na nakakakumbinsi, subalit sila ay kinasihan ng isang huwad na pagpapahid. (cf. 2 Cor. 11:13-15). Ang Kristiyano na puno ng Espiritu ay maaaring maapektuhan sa pamamagitan ng *damdamin*. Maaari tayong magkaroon ng pagtaas ng balahibo sa kamay mula lamang sa pakikinig ng pambansang awit, o pagluha dahil sa mga biyolin habang nasa isang malungkot na tagpo ng isang pelikula. Ang mga musika sa militar ay nagbibigay inspirasyon sa mga damdamin ng lakas at pagsalakay. Ang pag-ibig, poot, galit, at paghihiganti ay napupukaw kapag pinahihintulutan natin ang ating sarili na mabuyo sa isang pelikula. Minsan kung ano ang tinatawag nating *“ang katibayan ng Espiritu”* ay **hindi** iyon! napakadaling kumuha ng isang katibayan para sa mga bagay na nais nating marinig, at mahirap kumuha ng katibayan para sa kung ano ang ayaw nating marinig. Madalas ang bagay na pinaka *kailangan nating marinig* ay ang pinaka *ayaw nating marinig.*

**8. Si Satanas ay maaaring magbigay ng kapayapaan, batay sa pag-aakala.** Palaging may panggagaya sa lahat ng mga bagay na tunay. Si Satanas ay kayang magbigay ng kapayapaan sa isang lalaki o babae, isang huwad na kapayapaan na nakabatay sa pagsapantaha. Maraming mga tao ang nakakaramdam na handa na sila para sa langit, ngunit **hindi** sila handa; at sasabihin nila saiyo na mayroon silang kapayapaan. Ito ay kapayapaan ni Satanas. Kahit na ang ilang mga Kristiyano na natangay sa pagkakamali ay nararamdaman na talagang tama sila at nasa katuwiran sa kung anuman ang kanilang ginagawa. Ito rin ay kapayapaan ni Satanas. Ito ay panlilinlang!

Noong Ikalawang Digmaang Pangdaigdig, kinuha ni Heneral George Patton ang maraming walang paghuhunos-diling mga panganib. Ang pinanggagalingan ng kanyang lakas ng loob ay nagmula sa kanyang paniniwala sa *muling pagkakatawang-tao!* Naniniwala siya na nabuhay na siya dati at muli siyang mabubuhay. At naisip niyang alam niya kung paano siya mamamatay. Samakatuwid ang lahat ng mga sinuong niyang panganib ay nakabatay sa isang huwad na kapayapaan, na isang kasinungalingan!

**9. Kayang tularan ni Satanas ang halos anumang bagay na ginagawa ng Diyos!** (Mt. 24:24, Pah. 13:13-14). Ang pandaraya ay isang makapangyarihang espiritu. Hindi natin dapat isipin na kaya nating kilalanin ang mga bagay sa pamamagitan ng sarili nating katusuhan o katalasan ng pag-iisip, dahil hindi natin magagawa. Ito ay sa pamamagitan lamang ng habag ng Diyos at sa paglakad malapit sa Diyos sa kapakumbabaan na tayo ay naiingatan mula sa panlilinlang. Binabalaan tayo ng kasulatan na huwag manalig sa ating sariling kaunawaan, o maging marunong sa sarili nating kahambugan. (Rom.12:16, Kaw. 3:5-7).

Mag-ingat sa mga aklat na isinusulat patungkol sa mga anghel. Sa nakalipas na mga taon ang mundo ng Iglesya ay binaha ng mga aklat na ang paksa ay tungkol sa mga pagbisita ng mga anghel. Nakakalungkot na ang karamihan sa mga pakikipagtagpo sa mga anghel na nabanggit sa mga aklat na ito ay sa mga *nahulog* na anghel. Kailangan nating maunawaan na kahit na nabuksan na ang ating mga mata na makita ang espirituwal na mundo (mga anghel at mga espiritu), maaaring hindi pa rin natin malalaman kung sila ay mabuti o masamang mga anghel, dahil ang mga anghel ni Satanas ay maaaring maging napakaganda rin. Si Joseph Smith, ang tagapagtatag ng Mormonismo, ay nagkaroon ng pagbisita ng isang anghel, ngunit ang anghel ay isa sa kay Satanas. Ang isang bagong relihiyon ay nagsimula dahil si Smith ay nabigong hamunin ang katapatan ng anghel. Ang anghel na si Moroni ay isa sa kay Satanas (tingnan sa Gal. 1:8-9)

**10. Para sa paggabay—Huwag labis na masangkot sa mga pag-udyok at pagsisiyasat.** Ang ilang mga Kristiyano ay nararamdamang *binabalaan o sinisiyasat* sila ng Diyos sa tuwing sumusubok silang gumawa ng isang desisyon. Ito ay suliranin na mapangkaluluwa. Ang kawalan ng pagpapasya ay isang pagkaalipin kung saan ay maaaring sirain ang isang tao. Ang epekto ng kawalan ng pagpapasya ay ang pinipigil nito ang isang tao na gawin ang *anumang bagay*. Huwag palaging aasahan ang *isang espesyal na pag-uudyok* mula sa Diyos upang magpatuloy ka, o isang *madramang pagsisiyasat* mula sa Diyos upang pigilin ka kung ikaw ay kumukuha ng isang kurso. Totoo na mayroong tunay na pag-uudyok o mga babala mula sa Diyos, ngunit ito ay maaaring masyadong madala palayo at maaaring humantong sa pagkaalipin. Kung palagi nating hinahanap ang mga ito, makukuha natin sila, ngunit hindi sila manggagaling sa Diyos.

**11. Katibayan ng totoong pagpapahid—ang kumplikado ay ginawang simple.** Ang totoong pagpapahid ay ginagawa ang mga bagay na malinaw at madaling maunawaan. Ang ilang mga mensahe ay pinapaikot ang ulo mo dahil sa ito ay sa ibang espiritu. Ikaw rin ay mahuhugasan at malilinis kapag narinig mo ang totoong Salita ng Diyos (Jn. 15:3). Pagkatapos mong marinig ang isang pangaral, tanungin mo ang iyong sarili, "Pakiramdam ko ba ay nalinis ako? o nadumihan ako?" ang ilang mga mensahe ay ipinapadama saiyo na ikaw ay *marumi*. Gayundin kung ang mensahe ay malabo, hindi malinaw, at mahirap hawakan, ito ay maaaring maging patunay na ang pagpapahid ay hindi dalisay!

## Pagbabalik-aral

*Mga susi para sa pagkilala:*

- Ang isang bagay na nakalulugod sa tainga ay maaari pa ring maging mali. *Ang tono* at *saloobin* ay hindi rin maaasahang pamamaraan na hatulan ang isang pinagmulan.

- Maaari pa rin tayong magkaroon ng "mga kumpirmasyon" para sa ating direksyon, kahit na kapag tayo ay nakakalakad sa maling daanan.

- Ang mabuting kalalakihan ay maaaring gumawa ng mga pagkakamali kapag sila ay nag po-propesiya.

- Ang ating opinyon sa isang tao ay hindi dapat nakabatay sa kung ano ang nadudulot nilang maramdaman natin kundi sa kanilang katangian.

- Ang isang ulap ng depresyon ay nakaka-impluwensya at pinapapangit ang ating pagtingin sa mga sitwasyon.

- Ang kapangyarihan ng pagmumungkahi ay makakahatak sa atin sa maling direksyon.

- May mga pagpapahid si Satanas. Marapat nating subukin ang mga pakiramdam na nadarama natin.

- Ang kapayapaan ay puwedeng manggaling kay Satanas. Maaari tayong magkaroon ng kapayapaan na nakabatay sa isang pag-aakala.

- Kayang tularan ni Satanas ang halos anumang bagay na ginagawa ng Diyos, kasama na ang mga himala, musika, at pangangaral.

- Maaaring magkaroon ng maling pagsisiyasat o mga pag-udyok kung saan ay isang pagkaalipin at nagdadala sa kawalan ng pagpapasya.

- Ang totoong pagpapahid ay hindi nagbibigay sa atin ng maruming pakiramdam.  Ang mensahe ba ay nagdulot saiyo ng pakiramdam na madumi?

## *MGA GABAY PARA SA MABUTING DOKTRINA*

### Mga dahilan na ang mga Kristiyano ay nagkakamali

**1. KAKULANGAN NG KAALAMAN SA BIBLIA—** “Nagkakamali kayo, sapagkat hindi ninyo nalalaman ang kasulatan” (Mt. 22:29). Kaya nga, dapat mag-aral tayo. Kung hindi *mapapahiy*a tayo dahil wala tayong maisasagot para sa iba o sa ating mga sarili (2 Tim. 2:15). Kinakailangan nating malaman kung ano ang sasabihin ng Diyos tungkol sa bawat paksa ng buhay. Malinaw na itinuro ng Diyos sa kabuuan ng Kanyang Salita na pinararangalan Niya ang *pagsisikap* sa pag-aaral. (cf. Kaw. 2:1-6).

**2. KAWALAN NG KAHUSTUHAN SA GULANG—** Minsan ang isang Kristiyano ay nagkakamali dahil lamang sa siya ay bata pa, walang malay, at sadyang hindi lang alam ang anumang mas mabuti (1 Ped. 2:1-2, Aw. 19:7-11). Ang Salita ng Diyos ay nagbibigay ng *talino* sa payak na isipan.

**3. ANG MGA TAO AY NATURUAN NG MALI—** Ang problema kung gayon ay tiyak na nasa *lider* (Lev. 4:1-3). Ang isang buong kongregasyon ay maaaring mapunta sa pagkakamali dahil ang kanilang pinahirang lider ay nasa pagkakamali o walang alam sa ilang mga bahagi ng katotohanan (Lev. 4:13, 4:3). Minsan kahit ang mga mabubuting pinahiran na mga tagapaglingkod ay may isang hindi nakikitang bahagi. Ang kamangmangan ay hindi makakapagdispensa sa atin, tayo ay nagkakasala pa rin (Lev. 4:13, 4:22, 4:27).

**4. ANG KASALANAN NG LABIS-LABIS NA PAGTITIWALA SA SARILI—**Ang ilan ay naniniwala na wala silang pagkakamali—na alam nila ang tinig ng Diyos at hindi sila maaaring magkamali. Ngunit ito ay pagiging mangmang at mayabang. Ang kahambugan ay palaging nangunguna sa isang pagkahulog (Kaw. 16:18, 18:12). Nakarinig na ako ng mga tao na may mga kaloob ng Banal na Espiritu na nagsasabi, “Hindi ako nagkamali kailanman!” … ngunit nagawa nila (1 Cor. 8:2).

**5. PAGKABIGONG SUBUKIN ANG ISANG PAHAYAG—** (pagkabigong subukin ang isang bagay na pakiramdam mo ay ipinakita ng Diyos saiyo.) Sinabi ni Pablo, “Suriin ninyo ang lahat ng bagay at panghawakan ang mabuti” (1 Tess. 5:21, 1 Jn. 4:1). Si Juan ay nagbabala, “Huwag ninyong paniwalaan ang bawat espiritu, kundi inyong subukin ang mga espiritu, kung sila’y sa Diyos.” Kabilang dito ang mga impresyon, mga pakiramdam, mga tinig, mga pahayag, at mga panaginip. Hindi mo dapat tanggapin ang anumang mga pahayag, panaginip, propesiya, pagpapayo o pagtuturo na sumasalungat sa nakasulat na Salita ng Diyos. Kung ang iyong kapahayagan ay totoo, ang mga ito ay hindi kailanman sasalungat sa kasulatan. *Maging nasa liwanag*. Pahintulutan ang mga matatanda sa kapatiran na suriin ang iyong kapahayagan.

**6. SINSERONG MALI —** Ang kakilakilabot na bagay tungkol sa panlilinglang ay ang mga tao na nalinlang ay lubos na naniniwala na sila ay tama. At habang tumatagal na sila ay nagkakamali, ay mas lalo silang nagiging kumbinsido na tama sila. Ang sensiridad ay sadyang hindi sapat! “Mayroong daan na tila matuwid sa isang tao, ngunit mga daang tungo sa kamatayan ang dulo nito” (Kaw. 14:12, 16:25). Ito’y nangangailangan ng higit sa sensiridad upang mapanatili tayo sa direksyon! Nakahanda ba tayong makinig sa iba?  Maaari ba tayong magpakumbaba at humingi ng tulong sa iba? Ang karunungan, kapakumbabaan, at ang pagpapayo ng iba ay kinakailangan upang makapanatili sa direksyon, hindi lamang ang katapatan. Ang isang tao ay maaaring nagmamaneho sa *Route 17 West* sinserong naniniwala na siya ay nasa *Route 17 East*, ngunit siya ay nagpapatuloy pa rin sa maling daanan. At habang lalong humahaba ang paglalakbay niya, ay mas lalo siyang napapalayo sa kanyang destinasyon, bagama’t siya ay lubhang sinsero.

**7. NASISIYAHAN NA WALANG ALAM—** (2 Ped 3:5) Kung minsan ang mga Kristiyano ay sinadyang iwasan ang mga katotohan na ayaw nilang harapin. Ang saloobin na— "Hindi ako mananagot sa kung ano ang hindi ko alam" ay hindi nagbibigay katwiran sa atin! Hindi natin maaaring balewalain o iwasan ang mga tiyak na katotohanan o mga isyu na inilagay ng Diyos sa ating harapan, sapagkat kung gagawin natin ito, ay hindi na tayo mapapaging-banal, at tayo ay mananatili sa isang mababang dako sa kaharian ng langit (Mateo 5:19). Ang tatak ng mga nasa Bundok ng Sion sa langit ay walang itinatago— mga taong napalaya mula sa bawat uri ng kasinungalingan at pandaraya (Pah. 14:5).

**8. ISANG SARADONG PAG-IISIP—** (Ang katigasan ng ulo, hindi maturuan) Ang isang Kristiyano ay maaaring magkaroon ng isang saradong pag-iisip dahil sa kanyang pinagmulan, kung paano siya pinalaki, at ang kanyang mga tradisyon. Lahat tayo ay may mga bahagi sa ating mga buhay kung saan tayo ay *nakasara*. Ang isang tao ay pu-puwedeng maging bukas hanggang sa ang isang paksa ay mabanggit, at pagkatapos ay magsasara na ang kanyang puso. Ito ay dahil sa ilang mga kadahilan. Maaaring mayroon siyang mga naunang ideya. Marahil ay nabigyan siya ng maling impormasyon. O baka ayaw niya lang talagang pakinggan ito. Hilingin sa Diyos ang isang malambot at bukas na isipan (Lu. 24:25). Ito ay isang kaloob ng Kanyang biyaya, at magagawa Niya itong ibahagi sa atin sa isang iglap. Mananatili tayong baog at hindi mamumunga sa mga dakong ito na nakasara sa ating buhay hanggang sa pahintulutan natin ang Diyos na baguhin tayo.

**9. LUBHANG MAPAGSARILI—** Ang ilang mga Kristiyano ay matitigas ang ulo at hindi nakikinig sa sinuman. Ang iba ay naliligaw dahil iniiwasan nila ang samahan at pagpapayo ng iba na maaari sanang maging isang pag-iingat at balanse para sa kanila. (Kaw. 11:14). Ang mga mapag-isa ay madalas na nasa ganitong kalagayan, dahil nabigo silang mapagtagumpayan ang mga sugat ng nakaraan, o hindi talaga nakayang makiayon nang mabuti sa iba. Ito ay isang bagay kapag ginawa ng *Diyos* ang isang tao na pinakatangi o naiiba, ngunit kapag ginawa **natin** na katangi-tangi ang ating mga sarili, tayo nga ay lubhang kakaiba!

**10. PAGHAHANGAD SA ANUMANG MAKAPUKAW-DAMDAMIN—** Inilalarawan ni Pablo ang ilang mananampalataya sa pagkakaroon ng *makakating tainga*. Basahin ang 2 Timoteo 4:2-4. Ang "Makakating tainga" ay nangangahulugan na ang isang tao ay ibig makarinig ng isang bagay na higit sa hangganan ng Salita ng Diyos (mga alamat, mga pantasya, mga hiwaga, mga makapukaw-damdamin, ang hinaharap). Gawa 17:21 inilalarawan ang mga tao na "gumugugol ng kanilang panahon hindi sa ano pa man, kundi ang magsalita o makinig ng mga bagong bagay." Alam ni Haring David ang panganib nang pagsasaliksik sa lalim ng mga bagay sa kanyang isipan, sinasabi niya sa Awit 131:1, "ni nagpapaka-abala sa mga bagay na lubhang napakadakila, o sa mga bagay na para sa akin ay lubhang kamangha-mangha." Ang mga Kristiyano kung minsan ay nagagawang magkamali sa pamamagitan ng pag-aayuno ng matagal upang magkaroon ng hindi pangkaraniwang espirituwal na karanasan. Kailangang maging maingat tayo sa ating mga motibo! Ipanalangin, *"Panginoon, ibig ko lang* ***malaman*** *kung ano ang nais Mo na malaman ko; Nais ko lang* ***magkaroon*** *kung ano ang Ibig Mo na magkaroon ako!"*

**11. HINDI BALANSENG KATOTOHANAN—** Kapag ang isang katotohanan ay labis na binigyang-diin, pinalubha, o masyadong may kinilingan, ito ay nagiging mali. May mga bagay na talagang totoo ngunit kapag labis na nadala palayo, ito ay nagiging mali. Huwag kailanman man palakihin ang *ilan* sa mga espirituwal na katotohanan! Palakihin ang ***lahat*** ng espirituwal na mga katotohanan. Ang kaligtasan ay dumarating kapag pinalaki mo ang *lahat ng bagay* na sasabihin ng Diyos, hindi lamang ang mga iilan. Kapag ikaw ay nakatuon sa isang bahagi lamang ng katotohanan, ang mangyayari ay mamaliitin o maisantabi ang iba. Ang pagmamaliit, pagpapawalang-bahala o pagtatanggi sa anumang bahagi ng Salita ng Diyos ay pagtanggi sa bahagi Mismo ng Diyos. Si Jesus ay ang SALITA NG DIYOS!

**12. WALANG MUWANG (walang malay)—** Pinaniniwalaan ng walang muwang ang bawat salita (Kaw. 14:15). Ang isang simpleng tao ay madaling matangay o maimpluwensiyahan ng iba; isa na walang paniniwala at samakatuwid ay madaling madaya. (Rom. 16:18). Ang isang walang muwang o walang malay na tao ay hindi gumagawa ng pagkakaiba sa pagitan ng mabuti o masama at kayang umagos sa anumang bagay. Hindi nais ng Diyos na ang Kanyang bayan ay maging walang muwang at walang pagkilala, kundi maging maalam. Pinuri ng Panginoon ang Iglesya ng Efeso sa pagkakaroon ng pagkilala (Pah. 2:2).

**13. PAGMAMATAAS—** (Ang pinakamantinding dahilan para sa lahat ng pagkakamali) "Dinaya ka ng kapalaluan ng iyong puso" (Obad. 1:3). Ang pagkakamali at pandaraya ay lumalaki sa puso ng mga mayayabang. Mag-ingat sa paghahangad na mas magkaroon pa o mas makaalam ng higit pa kaysa sa iba. Ang kahambugan ang nasa ilalim ng lahat ng huwad na mga relihiyon at maling mga doktrina. Ang biyaya at katotothanan ay ibinibigay lamang sa mapagpakumbaba (San. 4:6).

**14. MALING MGA MOTIBO—** (Gawa 20:28-30, 5:3, 1 Hari.1:5). Ang panlilinlang ay dumarating sa mga Kristiyano na ang mga motibo ay hindi pa nalinis. Itinataas ni Satanas ang kanyang sarili at mga gawain sa pamamagitan ng mga kalalakihan at kababaihan na itinataas ang kanilang *mga sarili*. Si Satanas ay nakakuha ng pagkakataong makapasok sa mga kalalakihang nabanggit sa Gawa 20:30 dahil sa kanilang hindi naisukong mga motibo. Nagdulot sila ng maraming paghihiwalay sa iglesya.

**15. PAGLINLANG NA IPINADALA MULA SA DIYOS—** Nagpapadala ang Diyos ng pagkabulag at panlilinlang sa mga tumatanggi sa katotohanan ngunit iniibig ang kasalanan at karumihan. (2 Tess. 2:11-12, Isa. 66:4, 2 Cron. 18:18-22). Ngunit ang may malinis na puso ay makikita ang Diyos, at makikita kung ano ang nakikita ng Diyos (Mt. 5:8). Kapag ang isang Kristiyano ay nawawalan ng pang-unawa at hindi na nauunawaan kahit ang pinakasimpleng katotohanan, ay nagkaroon ng isang moral na pagkasira sa kanyang buhay at isang ayaw na pagsisihan. Ang pagkaunawa ay humihiwalay mula sa taong bumabalik sa sekswal na imoralidad. Tandaan, ang taong nahuhulog sa imoralidad ay sinasalo ng masamang espiritu. Ito ang kaisipan ng Kawikaan kabanata pito.

**16. KAWALAN NG KAKAYAHANG TUMANGGAP MULA SA IBA—**Ang Diyos ay nagsasalita sa atin ng tuwiran at nagsasalita rin Siya sa atin sa pamamagitan ng iba. Sa Gawa mga kabanata 8:30-31, 9:6, at 10:3-6, ginamit ng Diyos ang sangay ng mga tao upang makipag-usap sa taga-Etiopia, kay Pablo, at kay Cornelio. Ang pangunahing dahilan na ang mga Kristiyano ay nagkakamali ay dahil hindi nila marinig ang Diyos na nagsasalita sa kanila at tinutuwid sila sa *pamamagitan ng ibang tao*. Kadalasan ang isang mananampalataya ay hindi marinig ang Diyos na nangungusap sa kanya sa pamamagitan ng iba dahil hindi niya *gusto* ang taong ginagamit ng Diyos. Sa pagtanggi sa tagapagsalita, ay tinatanggihan din natin ang Diyos. Tinatanggihan natin ang lunas ng Diyos para sa ating pangangailangan kung tatanggihan natin ang taong pinili ng Diyos na maglingkod sa atin.

Maraming taon na ang nakalipas isang pastor ang nagkaroon ng isang problema sa isa sa mga kababaihan sa kanyang simbahan. Kayamut-yamot para sa kanya ang babaeng ito at naging dahilan ng kanyang pagkairita. Isang linggo ng umaga nang tumayo siya upang mangaral, nagsimula siyang maging kulay asul. Nagkakaroon siya ng pag-atake sa puso. Pinahiran ng Diyos ang mismong babae at dinala siya sa pasilyo upang ipanalangin ang pastor. Tumanggi siya na hayaan ang babae na ipanalangin siya. Itinago niya rin ang atake sa puso. Nahirapan ang pastor na tumanggap ng tulong mula sa babaeng ito. Tinatanggihan niya ang paraan ng pagtulong ng Diyos para sa kanyang pangangailangan. Ito ang dahilan kung bakit kailangan nating pagtagumpayan ang ating mga nararamdaman at mga kagustuhan at magkaroon ng kakayahang tumanggap mula sa *sinumang* ipadadala ng Diyos sa atin.

Ang kakayahang makatanggap mula sa sinumang pinipili ng Diyos ay makagagawa ng pagkakaiba sa pagitan ng *buhay* at *kamatayan*. Si Haring Josias ay namatay ng mas maaga sa edad na tatlumpu't siyam dahil hindi niya nakilala ang pagsasalita ng Diyos at babala sa kanya sa pamamagitan ng isang di-maasahang pinagmulan. (2 Cron, 35:20-27). Ang Diyos ay nagsasalita kay Josias sa pamamagitan ng isang paganong hari. Magiging napakadali sana para kay Josias na makilala ang Diyos na nagsasalita sa kanya sa pamamagitan ni Jeremias ang propeta. Si Jeremias ay may isang mabuting pagkakilanlan, at sila ni Josias ay mabuting magkaibigan.

## TAYO AY SUSUBUKIN SA MGA KATOTOHANAN NA ATING NATANGGAP

- Gawa 20:27-32—Bawat simbahan at indibidwal ay susubukin upang makita kung sila ay karapat-dapat sa mga katotohan na kanilang natanggap.

- 1 Cor. 4:1-2—Tayo ay pinagkatiwalaan bilang mga katiwala ng katotohanan ng Diyos. Kailangang maging tapat tayo sa kung ano ang ating nalalaman.

- Mc. 4:24-25—Kung hindi tayo tapat sa mga katotohanan na ipinagkatiwala sa atin, ang Diyos ay hindi na magpapakita pa sa atin, at mawawala natin ang mga bagay na mayroon na tayo.

- 1 Cor.11:19—Ipinahihintulot ng Diyos ang mga maling pananampalataya na dumaan sa Kanyang iglesya upang subukin ang mga puso ng Kanyang bayan. Kapag ang salot ng maling doktrina ay nakapaligid na, silang ang mga puso ay hindi tama ay mahahawaan ng epidemya, ipinapakita ng maling doktrina kung sino ang sino. Ito ay nagpapakita kung sino ang naaprubahan ng Diyos at ang hindi.

- 2 Thess. 2:3-12—Papahintulutan ng Diyos si Satanas na gumawa ng kanyang tao (ang Anticristo) sa ating henerasyon. Dadalhin niya ang lahat ng mga di-matuwid sa kanyang sarili, at ilan sa mga ito ay magmumula sa Simbahan. Ginagamit ng Diyos ang taong ito upang linisin ang Kanyang Iglesya.

- Mc. 4:4,14-15—Huwag kang magalit kay Satanas kung ninanakaw niya ang Salita na iyong inihasik sa puso ng isang tao. Ang problema ay hindi ang mga ibon ng hangin (masasamang espiritu) na inaagaw palayo ang naihasik na binhi, kundi ang isang *puso* na hindi ito tinanggap nang malalim.

## *PATUNGKOL SA PAMANA*

## Ano ang ating Pinakamana?

**Panimula—**Ang pamana ay isang pag-aari na ibinigay sa atin ng iba. Ito ay isang pagpapala na ibibigay at ipagkakatiwala sa atin kapag ang isang taong nagmamahal sa atin ay namatay na. Nang si Jesu-Cristo na ating Panginoon ay namatay para sa atin, ang di-masaliksik na kayamanan na itinago sa napakaraming taon ay ipinagkaloob sa bawat isa sa Kanyang mga mananampalataya. Pinawalang-bisa ng Panginoon ang dating mga tipan nang Siya ay nangako sa atin ng isang bagong tipan na may lakip na masaganang pagpapala. Ngunit ito ay wala pa hanggang sa Siya ay namatay na ang kapangyarihan nitong bagong tipan ay nagkaroon ng bisa (Jer. 31:31-34, Mat. 27:50-53, Heb. 9:15-18). Ang testamento ay walang kapangyarihan hanggang sa ang gumawa nito ay mamatay. Pansinin ang matinding kapangyarihan na dumadaloy at ang bagong paglapit sa Diyos na naging bukas nang si Cristo na Tagapagpatotoo ay namatay. Sa Kanyang kamatayan ang kamangha-manghang pamana ay nabuksan at ipinakita sa bawat isa sa Kanyang mga anak.

"Mabuting Guro, ano ang dapat kong gawin upang *magmana* ng buhay na walang hanggan?" (Mc. 10:17). Ang isang pamana ay hindi kailanman nakukuha, ito ay *natatanggap* bilang isang kaloob na biyaya. Ang *buhay na walang hanggan* ay isa sa mga pagpapala ng pamana na ipinagkaloob ni Cristo sa Kanyang mga anak. Subalit hindi ito nagtatapos dito. Ang pamana ay napapalooban ng higit pa sa pagpunta sa langit! Ang pamana ay dalawang mahalagang bagay! (Isinalarawan sa ibaba)

### Ang Pamana ay Dalawang Bahagi

- **SA LOOB — ANG PANGINOON MISMO ANG ATING PINAKAMANA.**
  **(Gen.15:1; Deut.18:2; Ezek. 44:28)**
- **SA LABAS— ANG MGA BANSA PARA SA ATING MANA.**
  **(Aw. 2:8; 1 Tess. 2:19; Fil. 4:1)**

### Ang Panginoon Mismo ang Ating Pinakamana

Ang pinakadakilang kaloob na maaaring magkaroon ang isang tao ay ang Panginoon Mismo. Ang Diyos ay nangako ng maraming pagpapala sa mga sambahayan ng Israel, ngunit sa mga Levita ay ipinangako Niyang ibigay ang *Kanyang Sarili* (Deut. 10:9, Bil. 3:45). Ang mga Levita ay binigyan ng karapatan ng isang panganay, ang dalawang bahagi ng Espiritu ng Diyos. Ang pinakamataas na pagkatawag na maaaring magkaroon ang sinuman ay ang makapasok sa ganap na presensiya ng Diyos upang maglingkod sa Kanya. (Aw. 65:4, Ezek. 44:15). Ang pribilehiyong ito ay hindi ibinibigay sa lahat, sapagkat hindi minarapat ng ilan ang kanilang mga sarili.

Sa gayon, ang unang dapat na maging konsepto natin ng pamana ay ang kaisipan ng *relasyon*. Tinawag tayo upang manahin *Siya*—upang magkaroon ng isang ganap na relasyon sa Diyos. Ang unang naging hangarin ni Apostol Pablo ay ang *makamtan* si Cristo, hindi lamang upang magkaroon ng isang dakilang ministeryo. Basahin ang Filipos 3:7-14. Ano ang hangganan at gantimpala ng mataas na pagkatawag na

binabanggit ni Pablo sa Filipos? Ito ay ang makamtan si Cristo, ang makilala Siya, magkaroon ng isang mahusay na muling pagkabuhay, at hangga't maaari ay maging malapit sa Kanya sa walang hanggan. Ito ang mithiin at gantimpala. Si Abraham ay tinawag na maging isang pagpapala sa buong mundo, ngunit ang sentro ng kanyang pokus ay wala dito. Ang kanyang pagtuon ay nasa kung ano ang sinabi ng Diyos sa kanya sa Genesis 15:1— "Ako ang iyong kalasag at ang iyong gantimpala na lubhang dakila." Tingnan din sa Awit 62:5.

Ngayon sa parehong paraan na kailangang palayasin ng Israel ang mga kaaway upang siguruhin ang Canaan bilang kanilang pinakamana, gayundin naman ang lahat ng ating mga kaaway ay kailangang mapalayas sa ating mga sariling buhay upang manahin ang isang ganap na relasyon sa Diyos. Marami tayong mga kaaway sa ating buhay na humahadlang sa ating relasyon sa Panginoon—mga pag-aalinlangan, mga takot, pakikipaglaban, mga ideya, atbp. Ang mga kaaway na ito ay pinupurol ang ating pagkasensitibo at malalim na ugnayan sa KANYA. May mga kuta at mga pangkat ng pakikipaglaban sa ating kalooban na sumasalungat at tumututol sa Espiritu ng ating Panlangit na Kasintahang Lalaki.

Tanggapin kung gayon ang Tabak ng Panginoon sa iyong buhay, na anuman ang maaaring tumayo sa pagitan mo at ng iyong Diyos ay mahahatulan at mapasusuko. Ang Panginoon ay higit na nagmamalasakit kaysa sa atin sa pagpapaalis natin sa ating mga kaaway. Dahil habang mas maraming labanan ang natatalo, mas higit ang kapahingahan na ating mapapasok, at magiging napakayaman ng pakikipagtipan natin sa Kanya. At sa kalagayang ito ng kapahingahan, ang Diyos ay maaaring magpadaloy sa pamamagitan natin ng Kanyang buong kapangyarihan at kaluwalhatian!

Ang pamana ni Cristo ay nasa mga banal. (Efe. 1:8). Sinasabi sa Deuteronomio 32:9— "Ang bahagi ng PANGINOON ay ang kanyang bayan." Kung gayon, hindi lamang na ang Panginoon ang *ating* pinakamana, kundi ang *Kanyang* pamana ay nasa atin. Siya ang ating pinakamana, tayo ay Kanya. Ang pag-aasawa ay nagiging dahilan para sa dalawang tao na makasumpong ng katuparan sa isa't isa.

Ang Diyos ay nagtatanong, "Anong uri ng bahay ang itatayo ninyo para sa akin? Anong dako ang aking pahingahan?" (Gawa 7:48-49). Ito ay isang tunay na kapahayagan ng puso ng Diyos! Siya ay naghahanap ng isang dako kung saan ay lubos Niyang maramdaman na Siya ay nasa isang tahanan at may kapahingahan— sa atin! At sa gayon ay sinasabi Niya, "gumawa ka ng isang dako sa iyong templo kung saan Ako ay mananahan." Si Jesus ay pumunta sa literal na templo upang palayasin ang mga masasama ng may *panghampas*. Maging handa para kay Cristo na darating sa iyong templo upang gawin din ang gayon, upang Siya ay makapanahan sa iyong buhay nang mas lubusan!

"May nalalabi pang maraming lupain na sasakupin." (Jos.13:1). Ito ay maaari ding sabihin sa kaloob-looban ng ating buhay. Marami pang mga hindi nagagapi ng mga teritoryo sa loob. Tawagin natin itong *pangkat ng pagtututol*. Bilang pagsasagawa, ay sinasabi ng Panginoon, "Napakarami pang trabaho ang kailangang gawin sa inyong mga puso." Ang Tabak ng Panginoon (ang Salita ng Diyos) ay direkta at makakapagturo sa atin upang ipakita ang ating mga motibo at kung saan nagtatago ang ating mga kaaway. Si Satanas ay makapangyarihan sa ating mga buhay kung saan siya ay *nakatago*, ngunit ang Salita ng Panginoon ay may kakayahang ilantad siya at sirain. Hindi tayo magkakaroon ng tagumpay hanggang sa kung ano ang humahawak sa atin sa pagkakaalipin ay *ipinahayag!*

"Si Josue ay matagal na panahong nakipagdigmaan sa mga haring iyon" (Jos.11:18). Ang ilan sa ating mga kaaway ay nalulupig ng madali at mabilis, ngunit ang iba ay maaaring makipagdigmaan sa atin sa mahabang panahon. Sa huli ay mananalo tayo kung magpapatuloy tayo at hindi susuko (2 Cor. 2:14).

"Hanggang kailan kayo magpapakatamad na pasukin ang lupaing ibinigay sa inyo ng PANGINOON, ng Diyos ng inyong mga ninuno? (Jos.18:2-3). Ito ay isang pagpapalakas sa bawat henerasyon. Ang mga tao ay literal na pumupunta sa kanilang mga libingan na hindi lubusang namana kung ano ang ipinagkaloob ng Diyos para sa kanila. Maraming mga Kristiyano ang namana lamang ang bahagi ng kung ano ang ibinigay ng Diyos sa kanila. Kailangang mayroong pagtatagumpay laban sa mga sugat, mga pagkakatisod, mga tukso, at paghihirap upang matanggap ang kabuuan ng ating mana. Tandaan, ang magtatagumpay lamang ang makakakuha ng pamana (Pah. 21:7). Kapag ang isang mananampalataya ay nabigong magpatuloy sa Diyos ay pinapakawalan nila ang bahagi ng kanilang mamanahin. (Pah. 3:11, Heb. 10:36).

Kapag ang isang matapat na Kristiyano ay hinarap ang Tabak sa kanyang sariling buhay at ang mga isyu sa kanyang puso ay nalinis, siya kung gayon ay magkakaroon ng kaparehong Tabak upang palayasin ang mga kaaway sa mga buhay ng iba pa na ipagkakatiwala ng Diyos sa kanyang pangangalaga. Sapagkat ito'y sa abot lamang ng *ating* tagumpay na tayo ay may kakayahang pangunahan ang iba sa pagtatagumpay. Ang parehong Tabak na iyan ay magmumula sa ating mga bibig upang putulin ang mga pagkagapos at sirain ang mga kaaway sa mga tao na ibibigay ng Diyos sa atin bilang isang pamana. Ito ang *ikalawang* aspeto ng pamana. (Gawa 26:18)

**Kapag ang mga kaaway ay nawala na sa ating mga buhay at naunawaan na natin ang ilang antas ng unang aspeto ng pamana, ang Diyos kung gayon ay kikilos sa atin upang ibigay ang ikalawang aspeto ng ating pamana, sapagkat inihahanda Niya tayo para sa *mga tao!* Hinahangad ng Diyos na ibigay sa atin ang mga di-mananampalataya bilang pinakamana. Kapag tayo ay ganap nang lumago sa ating relasyon sa Kanya, nais Niyang mamunga tayo sa iba. Gagamitin Niya tayo upang ilapit ang iba sa Kanyang Sarili at pahintulutan tayong ituro sa iba ang katotohanan ng Kanyang kaharian. (Marahil ay hindi pa Siya handa na gawin ito!) May isang taong nagsabi— "Kapag binawasan ng Diyos ang isang tao pababa hanggang sa totoong mensahe, siya ay ipapadala Niya sa mga bansa." Samakatuwid, tayo ay magpakumbaba sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Diyos, upang tayo'y Kanyang itataas sa takdang panahon (1 Ped. 5:6).**

## Ang Di-Mananampalataya Para Sa Ating Mana

Nais ng Diyos na bigyan tayo ng *mga tao* na pinakamana (isang iglesya, isang lugar ng pagmimisyon, marahil isang buong bansa, mga taong dadalhin natin kay Cristo). Sinabi ni Pablo hinggil sa kanyang mga napanumbalik, "Kayo ang aking putong" (Fil. 4:1, 1 Tess. 2:19). Kung ang mga kaaway ay napaalis na sa ating mga buhay, tayo nga ay may mga karanasan na, pananaw, at kapangyarihan na palayasin ang mga kaaway sa mga tao na ipagkakatiwala ng Diyos sa atin. Pagkatapos ay mapapatnubayan natin sila sa kanilang mamanahin sa Diyos (Gawa 26:17-18). Sila ang *ating* magiging pinakamana, subalit dadalhin din natin sila sa *kanilang* mamanahin.

Ang Salita ng Diyos, ang Tabak ng Espiritu—ay buhay at makapangyarihan! Ito ay nagpapalayas ng mga kaaway sa ating mga tagapakinig habang tayo ay nangangaral ng Salita sa ilalim ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Kahit pagkatapos na ang isang tao ay maipanganak na muli, maraming idolatriya at delusyon sa kanilang mga isip at mga puso ang kailangang harapin ng matalas na Tabak. Si Apostol Pablo ay nakipaglaban sa tatlong mga bagay nang siya ay nangaral sa kanyang mga napanumbalik:

1.) Tradisyon- makalumang mga ideya sa relihiyon, mga nakagawian

2.) Mga Pamahiin- walang kabuluhang mga imahinasyon, haka-haka, masasamang espiritu

3.) Makamundong Pilosopiya – pantao, lisya, likas na pag-iisip

Ang mga taong ibinibigay saiyo ng Diyos ang iyong mga mana. Siguraduhin na makuha mong mapaalis ang lahat ng mga kaaway sa kanila at huwag mag-iwan ng anumang mga pangkat ng pagtutol sa kanila. Iharap sila kay Cristo bilang isang malinis na birhen, gaya ng sinabi ni Pablo sa 2 Cor. 11:2.

## UPANG MAKAMTAN ANG ATING MANA

### KAILANGAN NATING PAGTAGUMPAYAN—ANG MUNDO, ANG LAMAN, AT ANG DIYABLO

Sa Lumang Tipan, ang bayan ng Diyos ay nakipagdigmaan laban sa laman at dugo. Ngayon ang ating pakikipaglaban ay hindi laban sa mga tao o laman at dugo. Ang ating mga kaaway ay mas malaki. Tayo ay nakikipaglaban laban sa hindi nahahawakan, hindi nakikitang mga puwersa ng kasamaan (masasamang espiritu, mga imahinasyon, mga pangangatwiran, mga pilosopiya, mga kahibangan, mga takot, mga agam-agam, at isang nahulog na kalikasan). Dapat nating kilalanin na sinasalakay natin ang mga puwersang *hindi nakikita*, at ang mga sandata na ginagamit nating panlaban sa kanila ay *hindi rin nakikita*. (Ito ay pinalawak pa sa mga sumusunod na pahina.) Sa ibaba ay ang tatlong mga pangunahing bahagi ng pakikipaglaban na dapat nating mapagtagumpayan upang mamana ang lahat ng ipinangako ng Diyos (Pah. 21: 7).

**1.) Ang Mundo —** Ang sistema ng mundo, maka-mundong pag-iisip, ang mga pang-aakit nito, mga panggigipit, at mga pagtukso.

**2.) Ang Diyablo —** Si Satanas at ang kanyang mga demonyo at ang nahulog na mga anghel- Siya ay tinawag na Tagapagtukso, ang Tagapag-paratang sa mga kapatid, at ang Ama ng kasinungalingan. Ang pangalan ni Satanas ay nangangahulugang Kaaway at Mapanirang-puri.

**3.) Ang Laman —** Ang labanan sa loob ng ating sarili. Ang pinakamatitindi nating suliranin ay nakahimlay dito, at ang mga ito ang pinakamahirap mapagtagumpayan. Nakikipagpunyagi tayo sa isang bumagsak na kalikasan at isang puso na mapanlinlang at lubhang napakasama. Paglalaruan ni Satanas ang anumang bagay sa ating puso na hindi naitalaga sa Diyos. Kapag ang panloob na labanan ay natapos na, kaya na nating makipaglaban sa panlabas na mga labanan kay Satanas at sa Mundo.

*"Ang magtagumpay ay magmamana ng mga bagay na ito"*
Pahayag 21:7

## *MAPAGTAGUMPAYAN ANG LAHAT NG BAGAY*

**Ang lahat ng mga pangako ng Diyos ay sa mga mapagtagumpay (Pah. 2:7, 11, 17, 26; 3:5, 12, 21; 21:7). May mga kwalipikasyon na kailangang matugunan bago natin matanggap kung ano ang ipinangako ng Diyos—Heb.10:36. Ito ay hindi lamang isang *pangalanan ito at angkinin ito* na sitwasyon, gaya ng itinuturo ng ilan ngayon. May mga labanan na kailangang mapanalunan muna. Ang karamihan sa mga alitan na sinasagupa ng tao ay hindi sa mga bagay na nakikita sa himpapawid, kundi sa nasa kaluluwa, espiritu at isip. Kaya nga, ang ating mga problema ay espirituwal! Upang makatulong na tukuyin kung ano ang dapat *mapagtagumpayan* upang magmana ng lahat ng bagay, itinala ko sa ibaba ang ilan sa karaniwang espirituwal na mga problema ng tao.**

PAGKILING
PADALUS-DALOS
KATIGASAN NG ULO
PAGMAMATIGAS
KAHIGPITAN
MGA IMAHINASYON
HAKA-HAKA
DAIGDIG NG MGA PANAGINIP
MGA PAMAHIIN
KALUNGKUTAN
PERPEKSIYONISMO
KARANGYAAN
PANLULUMO
PANGHIHINA NG LOOB
PAGIGING MAILAP
MGA KABABAANG-URI
KAWALAN NG KAPANATAGAN
MGA SALIMUOT
PANUNUYA
PANGUNGUTYA
DI-PAGPAPASALAMAT
PAGREREKLAMO
MAKASARILI
KAHIHIYAN
PAGKAMAHIYAIN
PAG-AALINLANGAN
NEGATIBONG PANANAW
PAGIGING NEGATIBO
PAGDADAHILAN
PAG-IWAS
PAG-AATUBILI
TAKAW AKSIDENTE
PAGPAPALIBAN
PAMUMUNA
MAPANGLAIT NA ESPIRITU
BUMABATIKOS
PANLALAIT
NAGHAHASIK NG PAGTATALO
KAHALAYAN
KASAGWAAN
TUMITINGIN SA ANTAS
PAGKAMAPAGMATAAS
PAGKAPANATIKO
KALABISAN
PAGKOMPROMISO
PAGTATAKSIL
PAGBABAGU-BAGO
KAWALAN NG KATAPATAN
LABIS NA PAPURI
LABIS NA PAGKATAKOT
INGGIT / PANINIBUGHO
PAGKABALISA
PAGKABAHALA
PAG-AALALA
PAGKAMATUWID SA SARILI
PAGMAMATAAS
KAHINHINAN
DOGMATISMO
PAGTAKWIL SA SARILI
PAGWAWALANG BAHALA
DI-MASIYAHIN
LUBHANG PAGKASERYOSO
KAKIMIAN
PANGANGATWIRAN
NAKIKIPAGTALO
GALIT / POOT
PAGKAAWA SA SARILI
PAGKASUMPUNGIN
SAMA NG LOOB
PANDARAYA
PUNO NG HINANAKIT
HINDI PAGPAPATAWAD
MATINDING PAGKAPOOT
PAGPAPAIMBABAW
PANDARAYA-PAGSISINUNGALING
PAGMAMANIPULA
DI-MAAASAHAN
PABAGU-BAGO
MABUWAY
PABIGLA-BIGLA
MAPUSOK
PAGTATANGI
MASYADONG MADALDAL
DI-PAGKAKATULOG
PAGKAKAUTANG
PAG-IIMBAK
KASAKIMAN
DOMINANTE
MAPAGPILIT
MARUMI/ESTERO
KATAMARAN
NAGPAPASIKAT
NAKASARADO
PANLALAMIG
PAGKAHIBANG
DI-MAKATUWIRAN
ALINLANGAN/ KAWALAN NG PANINIWALA
PALABAN
MAPAGHIMAGSIK
KATIGASAN
MAGASPANG
PAGLALASING
WALANG GANA
PAGSUSUGAL
PAGSUMPA
PAKIKIPAGDEBATE
MAPUNAHIN
MABUSISI
KAWALANG-KASIYAHAN
KAYAMUTAN
NAPAKAMARAMDAMIN
MAPAGSARILI
MGA PILOSOPIYA
KAMUNDUHAN

* Ang lahat sa itaas ay mga problemang espirituwal— problema sa espiritu at kaluluwa ng tao, at sila rin ang dahilan ng di-pagkakaisa. Ang paglutas sa mga ito ay mahalaga para sa kaligayahan at pakikibagay sa iba. Ang pagkakaisa at kaligayahan ay unang nagsisimula sa espiritu, hindi sa pisikal. Maraming mga kabataan ang unang sinusubok na hanapin ang kaligayahan sa pisikal (pagsasama bago ang kasal, atbp.) subalit nauuwi sa paghihirap dahil sa mga hindi nalutas na mga alitang espirituwal na nabanggit sa itaas. Ang pagkakaisa ay nagsisimula sa espiritu!

# *PAGTATAGUMPAY SA MGA ESPIRITUWAL NA PROBLEMA*

## Ang mananagumpay ay magmamana ng lahat ng bagay

Sa susunod na labimpitong pahina ay isang listahan ng mga hadlang na dapat nating pagtagumpayan.

**Pagkiling, Padalus-dalos-** Ang pagkiling ay paunang paghusga. Ito ay isang paghatol o opinyon na nabuo nang walang angkop na pagsusuri, isang desisyong mental na nakasalig sa mga batayan maliban sa dahilan o hustisya, isang napaaga o nasa kagipitang pagkiling ng opinyon. Ang pagkiling ay isang espirituwal na problema, isang problema sa puso. Ito ay ang kabaligtaran ng karunungan, sapagkat ang karunungan ay hindi nilalagay ang lahat sa magkaparehong kategorya. Ang pagkiling din ay isang kondisyon ng padalus-dalos na espiritu, kung saan ang mga mabilisang mga konklusyon ay inilabas bago nalaman ang lahat ng katotohanan (Isa. 32:4). “Hinahatulan ba ng ating kautusan ang isang tao, malibang siya’y atin munang dinggin?” (Jn. 7:51). Inilagay ng pagkiling at pagkainggit si Jesus sa krus. Pinapupurol ng pagkiling ang ating pagkilala at espirituwalidad. “Siyang sumasagot bago pa man makinig, ito’y kahangalan at sa kanya’y kahihiyan” (Kaw.18:13, Mt. 7:1-2, 1 Cor. 4:4-5). Ang Diyos ay walang pagkiling! Ang pagkikiling ay kabaligtaran ng pag-ibig. Pinipili ng pag-ibig ang maniwala sa pinakamabuti tungkol sa tao at pinahihintulutan sa kanila ang benepisyo ng pagdududa. Ang pag-ibig ay *naniniwala sa lahat ng mga bagay* (1 Cor.13:7).

**Katigasan ng ulo, Pagmamatigas, at Kahigpitan-** ito ay napapalooban ng pagiging matigas sa opinyon o intensiyon, o di-makatwirang kasutilan. (sp. Huk. 2:19). Ang katigasan ng ulo ay paglaban at di-pagpapakumbaba, at kinapopootan ito ng Diyos. Kaunti lamang ang magagawa ng Panginoon sa mga tao na tumatanggi na magbago o maging *bukas* sa pagbabago. Nalulugod ang Diyos sa mga tao na hihingi ng *Kanyang* pagkamahubugin. Ipagkakaloob ito ng Diyos sa atin kung hihilingin natin sa Kanya. Nagbabala ang Ikalawang Cronica 30:8, “Huwag kayo ngayong maging matigas ang ulo, na gaya ng inyong mga ninuno, kundi ibigay ninyo ang sarili sa PANGINOON.” Isinasamo Niya sa Awit 32:8-9 “Huwag kayong maging gaya ng kabayo o ng mola na walang unawa, na ang gayak ay may busal at pamingkaw upang sila’y pigilin.” Ang kabayo o ang mola ay kinakailangang hatakin sa isang paraan o iba pa. Ang Diyos ay hindi nalulugod na *kaladkarin* ang mga tao o maglagay nang panggigipit. Nais Niyang gabayan ang Kanyang bayan ng Kanyang mga mata—sa pamamagitan lamang ng isang pagtitig o pagkumpas. Hayaan ang Diyos na maglinang sa iyong kalooban ng isang espesyal na pagkaunawa sa Kanyang Espiritu!

**Mga Imahinasyon, Mga Haka-Haka, Daigdig ng mga Panaginip, Mga Pamahiin –** Ang daigdig ng mga panaginip ay isang pagtakas mula sa katotohanan. Ang mga haka-haka at mga pamahiin ay mga kutob, mga impresyon, mga ideya at mga pakiramdam na nakabatay sa walang pinanghahawakan o katibayan. Maaaring ikagulat mo kung gaano karaming mga Kristiyano ang nagtatangi ng mga maling pag-asa o nabubuhay na katulad sa mundo ng isang panaginip. Nais ng Diyos na lahat ng ating mga pinaniniwalaan at inaasahan ay magkaroon ng isang tiyak na pundasyon at katuparan (Jer. 29:11). Tiyakin na kung ano ang iyong inaasahan at kung ano ang gumagabay saiyo ay isang totoong kapahayagan mula sa Diyos. Nais pagtibayin ng Diyos ang ating pamamaraan at mga kaisipan (Kaw. 16:3, 2 Cor. 10:4-5).

**Kalungkutan-** Ang kalungkutan ay isang espirituwal na problema. Ang isang tao ay maaaring nasa kalipumpon ng mga tao ngunit malungkot pa rin. Maaari siyang makapag-asawa at maging malungkot. May isa naman na nakaupo sa isang katahimikan ng pag-iisa malayo sa sibilisasyon ang maaaring ganap na nasisiyahan. Kapag ang isang lalaki at babae ay nalulungkot, ito ay isang higit na pangangailangan sa Diyos. Inihahayag sa Colosas 2:10 “Kayo ay ganap sa Kanya.” Ang babae sa balon sa Juan 4 ay nag-asawa

ng limang ulit at kasalukuyang nakikisama sa ibang lalaki, ngunit siya ay hungkag at nauuhaw. Binigyan siya ng Panginoon ng lunas. Sinabi Niya, *Uminom kay Cristo na siyang Bukal ng Buhay na Tubig* (Jer. 2:13, Jn. 4:14). Ang mismong pag-aasawa ay hindi isang lunas para sa kalungkutan, ni hindi man lamang ito makapagbigay *kasiyahan* maliban sa Diyos. maraming mga may asawa ang hindi nasisiyahan at naghahanap ng pag-ibig sa ibang dako. Ano kung gayon ang kasagutan? —Mas lalong mahalin ang iyong Panlangit na Kasintahang Lalaki (Aw. 16:11).

**Pagkakasala, Paninisi-** Ang pagkakasala ay hindi isang gawain ng isipan. Ito ay isang problema sa espiritu ng tao. Sa paggagamot ng utak, gamit ang mga pampagulat na paraan ng paggamot, sikolohiya, o ang muling pagtukoy ng moralidad, ang tunay na problema ay hindi kailanman nagagalaw. Ang tanging paraan upang mapalaya sa pagkakasala ay sa pamamagitan ng isang tapat na paghahayag ng ating mga pagkakamali at mga kasalanan. (Jer. 3:13) at sa pamamagitan ng pagtanggap ng habag, pagpapawalang-sala at kapatawaran mula ka Cristo. Inililipat ng tao ang paninisi sa iba upang maibsan ang pagkakasala na kanyang nararamdaman, subalit tanging ang pagkilala niya lamang sa kanyang pagkakamali ang tanging paraan upang mapalaya.

**Perpeksiyonismo, Karangyaan-** Ang kakatwa sa isang perpeksiyonista ay ang hindi siya kailanman makakarating sa kasakdalan. Ang isang perpeksiyonista ay walang pagtatagumpay maliban na lamang kung ang lahat ay naaayon sa kung ano ang gusto niya. Si Jesus ang eksaktong kabaligtaran ng isang perpeksiyonista. Hindi Niya hiningi ang lahat upang maging masaya *lamang*. Nagawa Niyang makibagay sa mga bagong sitwasyon at mga tao, at nagbibigay-daan para sa kagustuhan ng iba. Sa katunayan, ang isang perpeksiyonista ay napakahirap pakisamahan. Nawa ay pahintulutan natin ang Diyos na mas gawin pa tayong mapagparaya sa mga kalagayan ng buhay at sa iba, lalo na sa mga malalapit sa atin.

Si Solomon ay isang perpeksiyonista at naging maluho (1 Kg. 10:4-8). Nakalulungkot na hindi siya isang perpeksiyonista sa sarili niyang buhay espirituwal. Siya ay nagiging partikular lamang kapag ito ay may kinalaman sa kanyang kahambuggan, kanyang kaharian, kanyang tahanan, kanyang kasuutan, kanyang mga piging, kanyang pakikipagkasundo, at kanyang trono. Ngunit ang kanyang sariling "ubasan" ay napabayaan.

**Panghihina ng loob, Panlulumo-** Ang panghihina ng loob ay ang konsikuwensiya ng pakikinig sa maling boses. Ito ang direktang resulta ng pakikinig sa sinasabi ni Satanas tungkol sa atin at sa ating mga kalagayan, sa halip na pakinggan kung ano ang sinasabi ng Diyos. Ang Diyos ang palaging nagsasabi ng isang bagay na mabuti. *Ang Diyos ay liwanag!* Hindi tayo dapat nakikinig sa karimlan. Napakahalagang tumingin tayo sa kabila ng ating kasalukuyang kalalagayan at alalahanin ang katangian Niya na nagsabing, "Hindi kita iiwan ni pababayaan man." Si Jesus ay tumingin sa kabila ng Kanyang kalalagayan (Heb. 12:2). Pinalakas ni David ang kanyang sarili sa Panginoon (1 Sam. 30:6-7). Ang mga Kristiyano ay kinakailangang [pagpalakasan] sa isa't isa araw-araw dahil napakadaling mapanghinaan ng loob at pagkatapos ay magmatigas sa pamamagitan ng lahat ng mga tukso at panggigipit sa ating paligid (Heb. 3:12-13). Huwag kailanman gumawa ng mga pangunahing desisyon (katulad ng pag-aasawa) kapag ikaw ay malungkot o pinanghihinaan ng loob. Tiyak na magkakamali ka! Maghintay para sa pagbubukang liwayway ng isang bagong umaga kung saan ang iyong pananaw ay mas mainam, at ikaw ay makarinig mula sa Diyos nang mas malinaw.

**Mailap, Mapag-isa-** Ang pagiging manhid ay tanda nang hindi nalutas na mga problema sa puso. Ang isang masamang pagkabata at kinalakhan ay isa sa matitinding dahilan na ang isang tao ay hindi maaari o ayaw makiugnay sa lipunan. Ang maraming pagsasara ng espiritu ay nangyayari dahil sa mga sakit at mga

kabiguan ng nakaraan, subalit ang mga ito ay makakaya at dapat na pagtagumpayan. Kinakailangang makita ng bawat mananampalataya kung para saan sila nararapat at napapaloob. Upang ilarawan ito—isang tabla ang nasa tambakan ng kahoy ang walang silbi sa sarili nito, ngunit kapag ito ay naihalo sa iba pang mga tabla sa isang gusali, ito ay nagiging isang mahalagang bahagi ng gusali. Ang transmisyon, kapag ito inalis mula sa sasakyan, ito ay walang halaga. Ngunit kapag ito ay inilagay sa kanyang tamang kalalagyan sa sasakyan at kinunekta nito ang makina sa mga gulong, ito ay malaking kahalagahan na. Ang mainit na mga baga ng isang apoy ay nagpapanatili sa bawat isa na maging mainit, ngunit kapag ang isang baga ay inihiwalay mag-isa, ito ay mamamatay at mangingitim. Ito ay paghahalintulad sa isang mananampalataya na nahiwalay at nag-iisa. Sa katunayan ito ay wala sa kasulatan na maging isang solong Kristiyano (Aw. 68:6).

**Kawalan ng Kapanatagan, Mga Salimuot-** Ang Diyos ay may kasagutan sa bawat problema na hinaharap ng tao. Ang bawat tao ay nangangailangan ng isang mabuting imahe sa sarili at pagpapahalaga sa sarili. May ilang kalalakihan ang hindi magawang mahalin ang kanilang mga asawang babae dahil hindi nila mahal o matanggap ang kanilang mga sarili. “Ang umiibig sa kanyang sariling asawa ay umiibig sa kanyang sarili” (Efe. 5:28). “Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong *sarili*” (Mat. 22:39). Samakatuwid, ang isang indibidwal ay dapat tanggapin ang kanyang sarili. Ang mga kawalan ng kapanatagan at mga salimuot ay umuugat sa mga kasinungalingan— “hindi ka sapat, hindi ka kasing buti nang inaasahan, hindi ka kasing galing ng iba, hindi ka karapat-dapat, atbp.” Ang binuhay na katotohan ay kayang magpalaya sa atin mula sa mga kasinungalingan ng kaaway!

“Bawat libis ay matatambakan, at bawat bundok at burol ay papatagin” (Lu. 3:5). Ang mga lambak ay mga mababang lugar na kumakatawan sa mga dako kung saan tayo ay *kapos at nagkukulang* (pakiramdam ng kababaan at kawalan ng kapanatagan). Nangako ang Diyos, “Pupunuin ko ang bawat lambak.” Ang kabundukan ay matataas na dako at kumakatawan ng *pagmamataas at kahambugan.* Kakatwang pareho sila ay maaaring nasa ating buhay sa magkaparehong panahon— sa mga bahagi ng pagmamataas, ngunit sa iba ay ang napakababang mga lambak ng kakulangan na dapat mapunan. Maaaring kailanganin ng Diyos na ang ilang matataas na dako ng ating kahambugan at kayabangan ay ipantay *muna* pababa, bago mapunan ang mga lambak sa ating buhay.

**Panunuya, Pangutngutya-** Ang panunuya ay pagtatanong sa mga mabubuting motibo at kilos ng iba. Inakusahan ni Satanas si Job na naglilingkod sa Diyos para lamang sa kung ano ang makukuha niya para sa kanyang sarili. “Huh, hindi siya naglilingkod saiyo dahil mahal ka niya. Bawiin mo lang ang lahat ng pagpapala niya at susumpain ka niya ng mukhaan” (Job 1:9-11). Ang Panunuya ay ang eksaktong kabaligtaran ng banal na kalikasan na nagbabata, nagtitiis at naniniwala sa lahat ng bagay. Pinipili ng banal na pag-ibig na paniwalaan ang pinakamabuti tungkol sa iba. Ang pangungutya ay nagmula sa isang Griyegong salita na ang ibig sabihin ay *mapait na pagtawa*. Ang pangungutya at bunga ng kapaitan, at hinahanap nitong maliitin ang iba sa pamamagitan ng mapait na pagbibiro. Si Job ay naging maasim sa panahon ng kanyang pagsubok at sinabi sa kanyang mga kaibigan, “Walang pag-aalinlangan na kayo ang bayan, at mamamatay na kasama ninyo ang karunungan” (Job 12:2). Sinasabi niya na, “kapag namatay ka ang karunungan ay titigil! Mayroong kang monopolyo sa karunungan; walang sinuman ang nakakaalam ng anumang bagay.”

**Di-pagpapasalamat, Pagrereklamo-** (Rom.1:21). Ang kawalan ng pagpapasalamat ay ang unang hakbang sa pagtalikod. Ang di-pagpapasalamat ay madalas na isang pangunahing dahilan kung bakit ang isang Kristiyano ay walang pagtatagumpay. Ang pasasalamat ay sumusupil sa lahat ng mga kapaitan at

pamimintas, at nagdadala ng pagtatagumpay. (Ang Bilang 11:1 ay nagpapakita kung ano ang nararamdaman ng Diyos tungkol sa pagrereklamo.) Kapag ang mga asawang babae ay nagkaroon ng problema sa kanilang mga asawang lalaki, ang isa sa pangunahing sangkap na halos palaging nawawala sa kanilang mga buhay ay ang *pagpapasalamat.*

Kapag hiningi mo sa isang mabagabag na asawang babae na gumawa ng isang listahan ng lahat ng mabubuting puntos sa kanyang asawang lalaki at kung saan ito ay kapuri-puri, madalas ay hindi siya nakakapag-isip ng anuman nang biglaan. Napapalaki niya lamang ang masasamang puntos nito at matagal nang nakalimutan kung paano siya papurihan at pasalamatan para sa lahat ng mabubuti nitong mga puntos. Sa tuwing binabanggit ng Diyos ang patungkol sa mga asawang lalaki at babae sa kasulatan, palagi Siyang nagsisimula sa *babae* (Col. 3:18-19, Efe. 5:22-25, 1 Ped. 3:1-7). Ang babae ay ang kadalasang susi sa mag-asawahan (Kaw. 14:1). Karamihan sa mga lalaki ay hindi nakakatugon sa Diyos hanggang sa ang saloobin ng kanilang mga asawang babae ay maging tama sa kanila (Tit. 2:5). Palaging tinutugunan muna ng Diyos ang saloobin ng isang nasasakupan. Alam ng isang lalaki kapag ang kanyang asawang babae ay tumututol sa kanya sa puso nito. Ang mga masamang pag-uugali, di-pagpapasalamat, at kawalan ng kasiyahan ay ang tatlong mga bahagi kung saan ang mga kababaihan ay nahihirapan sa kanilang pag-aasawahan. Kung ang mga ito ay gagawin, marahil ay panunumbalikin nito ang pagsasama. Subukan ito at tingnan!

**Masariling Espiritu -** (Pag-urong at paglalayo ng isang sarili, patuloy na naninirahan o nagsusumiksik sa kalungkutan o nasasaktan.) ang pagkamasarili ay konektado sa halos lahat ng mental-emosyonal na mga karamdaman. Ang espiritu at kaluluwa ay labis na lumulubog sa kanilang mga sarili—kung kaya, kahit na ang pisikal na mga bahagi ng katawan ay lumulubog na rin. Ito ay isang paliwanag para sa mga pakiramdam nang paninikip at di-makahinga o pangangapos ng hininga. Ang pagkamasarili ng espiritu ang nagiging sanhi na ang mga mata ay hindi makatuon sa kung ano ang nasa labas, ngunit sa halip ay tumitingin sa loob o pabalik sa nakaraan. Ito yung mga malasalamin at wala sa sariling ayos.

Samakatuwid, napakamahalaga para sa mga tao na ilipat ang kanilang konsentrasyon palayo mula sa kanilang mga kalungkutan at *mga sarili* papunta sa mga pangangailangan ng iba. Karamihan sa mga mental at emosyonal na karamdaman ay resulta ng pagiging makasarili, isang pag-urong at paglalayo ng sarili, at isang konsentrasyon sa AKIN. Nalaman ko kamakailan na ang tinik sa katunayan ay isang *masariling dahon.* Ang mga tinik ay resulta mula sa Pagkahulog! Kapag ang isang tao ay nababalot ng kanyang sarili, siya ay katulad ng isang tinik. Ang mga tinik at ang pagkamasarili ay mga resulta ng Pagkahulog…isang bagay na nais ng Diyos na makahinga!

**Pagkapahiya, Kahihiyan, Pagkamahiyain, Pagkawala ng mukha-** Si Jesus ay tumangging itago ang Kanyang mukha mula sa pagkapahiya at pagdura (Isa. 50:6, Gawa 5:41). Ito ay isang tanda ng *totoong* lakas. Ang pagkawala ng mukha o pagkahamak sa anumang antas sa Silangan ay dahilan para sa pagpapakamatay. Subalit ang pagpapakamatay ay isang nasa "labas" lang, isang tanda ng kahinaan! Ang pagkamahiyain rin ay maaaring magmula sa pagmamataas sapagkat ito ay ang takot sa pagkalantad o gawing maging mahina ang sarili na magkamali o masaktan. Ang pagkamahiyain at ang kakimian ay mga pagkagapos na kung saan mula rito ay ibig palayain ng Diyos ang Kanyang mga anak at ang kahambugan ay maaaring nasa ilalim ng mga ito. Humingi sa Diyos ng biyaya na mapagtagumpayan ang kahihiyan at pagkapahiya (2 Tim. 2:1).

**Pag-aalinlangan, Negatibong Pananaw, Pagiging Negatibo-** Ang kawalan ng paniniwala ay ang ama ng mga ito! (Maaari silang mamana. Hilingin sa Diyos na palayain ka mula sa pagkaalipin sa espiritu na ito at

mentalidad.) Ngunit gayundin naman, ang mga taong di-sumusunod sa Diyos may problema sa kawalan ng paniniwala, kagaya ng ginawa ng mga Israelita sa ilang (Heb. 3:12, 11:6). Ang Diyos ay laban sa *"isang masamang puso ng kawalang-paniniwala" Magsanay* sa pagsasabi ng positibong bagay kapag napapalibutan ka ng kadiliman (Pah. 12:11). *Piliin* ang tumingin sa maliwanag na bahagi. Higit sa lahat, maging masunurin!

**Pagdadahilan-** "Ngunit silang lahat ay pare-parehong nagsimulang magdahilan" (Lu.14: 18-20). Ibibigay ng mga tao ang lahat ng mga dahilan kung bakit hindi sila makakapunta sa simbahan o magawa ang kalooban ng Diyos. Ngunit kung anuman ang tinatawag ng tao na *mga dahilan*, ay tinatawag ng Diyos na *pagdadahilan*. Wala nang pagdadahilan sa harap ng trono ng Diyos sa Araw ng Paghuhukom. Nauuwaan nating lahat nang lubusan ang kalikasan ng tao. Alam nating ginagawa ng tao kung ano ang *gusto* nilang gawin. Palagi nilang nahahanapan ng panahon at halaga ang mga ito. Ngunit para sa kung ano ang *ayaw* talaga nilang gawin, nakakahanap sila ng mga dahilan.

**Pag-iwas, Pangangatwiran –** Ang ilang mga kristiyano ay may mentalidad ng isang "Abogado sa Philadelphia." Hinahanap nila ang mga *teknikalidad* at *mga butas* sa mga kasulatan na magbibigay katwiran sa mga kasalanan na nais nilang gawin. Ngunit nais ng Diyos sa Kanyang bayan na tumingin sa Salita ng Diyos nang may isang tapat at naniniwalang puso! Nawa ay pahintulutan natin ang Salita ng Diyos na baguhin ang ating mga puso, sa halip na *baluktutin ang Salita ng Diyos* upang masabi nito ang gusto natin.
(Kaw. 30:5-6, Mat. 5:19, Pah. 22:18-19, 2 Ped. 3:16).

Si haring Saul ay paiwas. Sa maagang edad ng kanyang buhay ay natagpuan siya ng mga tao na *"nakatago sa mga dala-dalahan"* (1 Sam.10:22). Ito ay nagpapahiwatig ng kanyang pagkatao, at ang kanyang hinaharap na paghahari bilang hari. Hindi niya kailanman kayang harapin nang tuwiran ang mga isyu! Sa Unang Samuel 15:13-24, kinailangang komprontahin ng propera si Saul ng paulit-ulit bago ito tuluyang nabasag at umamin sa kanyang pagsuway at pagkabigong gawin ang kalooban ng Diyos.

**Pagpapaliban -** (Isinasantabi ang kinabukasan) Ang Kasulatan ay nagbabala, "*Ngayon*, kung marinig ninyo ang Kanyang tinig" Bukas ay maaaring maging huli na (Heb. 3:7, 2 Cor. 6:2). "*Ngayon* na ang panahong kanais-nais; ngayon na ang araw ng kaligtasan." (tingnan Mt. 24:44, Kaw. 3:28, 24:33, Efe. 5:16, Isa. 55:6.) Ang saloobing "balang araw gagawin ko ito" ay maaaring makasira sa atin. Anuman ang ipinagwalang bahala ngayon ay maaaring hindi na magagawa pa, o maaaring nagawa man ay huli na. Anuman ang nakasanayan ay nagiging kagawian. Nalalaman ba natin na ang *pagpapabaya* sa kalooban ng Diyos ay maaaring maging kasing mapanganib ng *pagtanggi* sa kalooban ng Diyos. Ang mga kasalanan ng *di-paggawa,* at kung ano ang nabigo nating gawin ay maaaring maging kasing seryoso ng mga kasalanan na *nagawa* natin. Halimbawa, ang pagkabigong dalhin ang ating mga anak sa bahay sambahan ay isang kasalanan ng di-paggawa, isang kasalanan ng kung ano ang *hindi* natin ginawa.

**Pag-aatubili, Pag-uurong-sulong –** (Isang kawalan ng kakayahang magpasiya, o may tendensiya na madalas magpabagu-bago ng isip; pag-aalinlangan. Dinadala pabalik-balik, nag-uurong-sulong, magpaiba-iba, o maging bantulot.) Ito ay katangian ng isang taong nagdadalawang isip. Hindi makapagpasya sa kanyang isipan dahil siya ay nahahati sa dalawang paghahangad (San.1:6-8). Ang resulta ay ang kawalan ng katatagan. Sinaway ng Diyos ang Israel sa pamamagitan ni Propeta Elias na nagsasabi, "Hanggang kailan kayo magpapatalun-talon sa dalawang magkaibang kuru-kuro?" (1 Kgs.18:21). May mga ilan na hindi kailanman nagawang makibahagi sa iglesya o maitatag sa kalooban ng Diyos dahil sa *pag-aatubili*. Nawa ay huwag nating gugulin ang ating buhay sa pagpaparoo't parito. Hilingin natin sa Diyos ang isang

pusong disididong gawin ang Kanyang kalooban sa anumang halaga! Ang mga takot ay nakakahadlang din sa isang tao mula sa pagpapasya ng kanyang buong isipan. Ang Diyos ay kayang magbigay sa atin ng biyaya laban sa espiritu ng pag-aatubili. Si Jesus ay may determinadong pag-iisip. Ipinahayag Niya, "Kaya't inilagay ko ang aking mukha na parang batong kiskisan" (Isa. 50:7).

Matutong tapusin kung ano ang iyong sinimulan! Huwag magsimula ng isang proyekto, iwanan ito ng kalahating tapos at magsimula ng isa pa, at isa pa. Si Jesus ang Nagpasimula at Nagpapasakdal ng ating pananampalataya. Palaging tinatapos ng Panginoon ang anuman na Kanyang sinisimulan. Ibig ng Diyos na gawin din natin ito. (Heb.12:2, 1 Sam. 3:12, Zac. 4:9). *Maging mga mapagtapos tayo!* kung ginagawa nating ugali na tapusin ang mga gawain, matatapos din natin ang gawain ng ating buhay dito sa lupa!

**Pamumuna, Panglalait, Pangbabatikos, Pangungutya, Paghahasik ng Pagtatalo-** (Mga kasalanan ng dila) Karamihan sa mga kasalanan na nagagawa natin ay sa dila. Ang dila ay ang pinakamakapangyarihang miyembro ng ating katawan. Ang kapangyarihan ng buhay at kamatayan ay nasa dila. Hinihingi ng Diyos ang pagwawasto sa ating pakikipag-usap *bago* Niya tayo palalayain sa ating mga problema (Aw. 50:23). Isang tiyak na paraan na mawala natin ang ating mga anak sa mundo ay sa pamamagitan ng pamumuna sa simbahan at sa pastor. Kapag naririnig ng mga bata ang araw-araw nating mga pamumuna, magsasara ang kanila mga puso at madidismaya sila sa simbahan, mawawalan ng pananampalataya sa ministeryo, at pupunta sa sanlibutan. Ang pagpunta sa isang Kristiyanong paaralan ay hindi makaliligtas sa ating mga anak malibang may katotohanan sa tahanan. Maraming mga kabataan sa paaralang Kristiyano ang napupunta sa mundo, lalong higit kapag ang mga magulang ay hindi *tunay* sa tahanan. Ilang mga bata ang alam mo na lumalakad kasama ang Diyos, kapag ang kanilang mga magulang ay hindi? Halos wala! Ano ang pinag-uusapan natin sa bahay?

**Kahalayan, Kasagwaan, Karumihan- (**Hindi naiwastong mga pita) Hindi nakokontrol ng pag-aasawa ang kahalayan. Kung ang kahalayan ay hindi napagtagumpayan bago ang pag-aasawa, ito magiging problema pa rin pagkatapos ng kasal. Maraming mga tao na tumitingin sa pornograpiya o naghahanap ng pagtatalik sa tabing kalsada ay may mga asawang tao, hindi nagsosolo. Ang kahalayan ay hindi nasisiyahan (Ezek.16:28-30). Ito ay kailangang linisin mula sa puso. Ang kahalayan ay isang kawalan sa bunga ng pagpipigil. Ang kahalayan ay naaalagaan sa pamamagitan ng tuloy tuloy na mga pagbubulay ng mali, pagbabasa ng maling mga aklat, at panonood ng mga programa sa telebisyon na makalaman. Ito rin ay napapakain sa pagbubukas ng ating espiritu sa mga mahalay na musika, ang maging nasa maling mga lugar kasama ang mga maling tao, at hindi paggugol ng panahon sa presensiya ng Diyos na naghahanap ng panibagong pagpupuno ng Banal na Espiritu. "Lumakad kayo ayon sa Espiritu, at huwag ninyong bigyang-kasiyahan ang mga pagnanasa ng laman" (Gal. 5:16). Ang mga relasyong nagsasama bago ang kasal ay naghahasik sa hinaharap nang mga alitan sa pag-aasawa katulad ng *panunumbat ng budhi, kawalan ng pagtitiwala, at pagkawala ng respeto*. *Masama* na pukawin ang mga silakbo ng damdamin ng mga magkasintahang lalaki o babae na hindi matutupad sa batas. Gawin ito na inyong layunin na maging ganap na marangal sa mga panahon ng inyong pakikipagsuyuan at pagliligawan. Tandaan, ang pagliligawan ay ang *pundasyon* ng buong buhay mo!

**Hindi mo kailangang dumaan sa buhay na pinahihirapan ng kahalayan. Ang "kamatayan sa kasalanan" na karanasan (Ro. 6:6) ay kayang sirain ang kapangyarihan ng kahalayan. Masidhing hanapin ang Diyos para sa isang karanasan kasama Siya sa krus. Kayang *arestuhin* ng Diyos ang kahalayan.**

Ang paraan kung paano manamit ang isang babae ay may isang napakalaking epekto sa isang lalaki, mas lalo na sa kabaligtaran nito. Ang isang makadiyos na babae ay susuot nang isang nasa uso na maglalapit ng pansin sa kanyang mukha, hindi sa iba pang mga bahagi ng kanyang katawan. Ang kahinhinan ay palaging napapanahon (1 Ped. 3:3-4). Sinasabi ni Pedro na ang pag-aayos ng *panloob na buhay* ng isang babae (isang mahinhin at maamong espiritu) ay higit na mahalaga kaysa sa panlabas na pag-aayos (pag-aalaga ng buhok, alahas, at pagkakaroon ng magagandang kasuutan). Gayunpaman, ay hindi niya sinasabing, ang panlabas na pag-aayos ay hindi mahalaga!

**Pagkamapagmataas, Tumitingin sa posisyon-** (Minamata ang iba, isang pakiramdam ng kahigitan) Sinabi ni Apostol Pablo, "Sapagkat kung inaakala ng sinuman na siya'y may kabuluhan, gayong wala naman siyang kabuluhan, ay dinadaya niya ang kanyang sarili" (Gal. 6:3, Job 40:12). "sa kababaan, ituring na ang iba ay higit na mabuti kaysa inyong sarili" (Fil. 2:3). Tingnan din ang Roma 12:10, 12:16. Bakit kailangan nating maramdaman na mas nakahihigit tayo sa iba? Ang lahat ng mayroon tayo ay ipinahiram lamang sa atin ng Diyos (1 Cor. 4:7).

**Pagkapanatiko, Kalabisan, Kawalan ng pagpipigil-** (Mga sobra, labis-labis, labis na pag-gawa sa isang bagay) Kahit na ang mga mabubuting bagay ay maaaring mapalabis— ang mga pagkain na ating kinakain o iniiwasan, pagpapabaya sa katawan o sobrang pagmamalasakit para dito, mga paniniwala, mga istilo ng pamumuhay, atbp. Ang Diyos ay naghahangad ng *balanse.* Sinabi ni Pablo, "Sinumang manlalaro ay hindi pinuputungan malibang nakipagpaligsahan siya ayon sa mga alituntunin" (2 Tim. 2:5, 1 Cor. 9:25). Ang kasigasigan ay kinakailangang mahaluan ng kahinahunan. Ang kalabisan ay maaaring makasama sa anumang bagay. Kahit na sa espirituwal na mga bagay posibleng lumabis ito. Maraming mga tapat na tao ang napapahamak ng *sa lubhang pagpakapagod* habang kanilang sinusubukan nang buong lakas na maglingkod sa Diyos. Ang ilan ay mga nasiraan na ng bait o nasira ang mga tahanan. Maaaring mawala ng isang lalaki ang kanyang asawa at mga anak kung nabigo siyang gumugol ng panahon kasama nila. Kapag nawalan ng pamilya ang isang lalaki, nawala niya rin ang kanyang patotoo at ministeryo. Alalahanin ang tama lamang!

**Pagkompromiso, Pagtataksil, Kawalan ng Katapatan-** Ang pagkompromiso ay pagiging taksil at di-tapat sa mga katotohanan na ipinagkatiwala sa atin ng Diyos. Tayo ay mga katiwala (mga tagapangalaga) ng Kanyang mga hiwaga. Ikaw ba o ako ay magiging tapat sa kung ano ang ipinahayag ng Diyos? Kung tapat tayo, ay bibigyan pa tayo ng Diyos ng higit pa. Ngunit kung tayo ay hindi tapat, kukunin ng Diyos ang kasalukuyang pagmamay-ari natin (1 Cor. 4:1-2, Mc. 4:24-25). Ang Diyos ay isang mabuting ekonomista. Hindi Niya ipagkakatiwala ang Kanyang mga hiwaga at mga kayamanan sa isang mananampalataya na ipinagwawalang-bahala ito. Iminumungkahi sa Kawikaan 23:23, "Bumili ka ng katotohanan at huwag mong ipagbili naman." Ang isang tao na hindi nagbayad ng anumang halaga para sa katotohanan na kanyang nalalaman ay hindi kailanman pahahalagahan ang mga ito, at pakakawalan ang mga ito sa mas murang halaga. Gaano karaming mga katotohanan ang alam natin ang nagkahalaga sa atin?

**Labis na papuri-** (Isang bitag, isang kawit) Ang magsabi ng isang bagay na nakapagpapalakas kapag ang isang tao ay nalulumbay ay isang pagpapala. Ngunit ang labis na papuri ay higit pa rito, at ang motibo ay hindi tama. Hinihigitan ito nang labis na papuri at *nagnanais ng isang bagay na kapalit.* Huwag purihin nang labis ang sinuman upang makakuha ng isang bagay bilang kapalit, at huwag kailanman tumanggap ng labis na papuri mula sa iba. Kapag ikaw ay labis na pinuri o pinapurihan ng mga tao, pag-aralang ilihis ito sa iba at sa Diyos. Mas madaling pangasiwaan ang pamumuna at tinatanggihan, kaysa sa labis na

papurihan. Pinalolobo ng labis na papuri ang ating pagkaako at kayabangan, at ito ay maaaring humantong sa isang katakot-takot na pagkahulog. Matutong magpasalamat sa Diyos sa mga kritiko at sa kanila na hindi nagpapahalaga sa iyo (2 Cor.12:6-10, Kaw. 7:5, 2 Sam.15:1-6).

**Inggit, Paninibugho-** (Ang inggit ay isang takot na *mapalitan*, at may pakiramdam ng kalungkutan at masamang kalooban dahil ang iba ay may isang bagay na kanais-nais na wala sila.) Si Raquel ay nainggit kay Lea dahil may mga anak ito, ngunit si Raquel ay baog (Gen. 30:1). Inggit rin ang nagpapako kay Jesus sa krus (Mc.15:9-15). Ang paninibugho ay isang hinala at isang takot sa anumang uri ng tunggalian. Ang paninibugho ay humihingi ng buong katapatan (1 Sam.18:7-9). Ang *inggit* ay naghahangad ng isang bagay na pagmamay-ari ng iba. Nais ng *paninibugho* ang walang kapantay at walang pagkatalo. Ang *kumpetisyon* at *paghahambing* ay nasa ugat ng inggit at pagseselos, at nilalabag ng mga ito ang Salita ng Diyos. Inuutusan tayo ng Panginoon sa pamamagitan ni Pablo na huwag nating ihambing at sukatin ang ating mga sarili sa isa't isa (2 Cor.10:12). Una sa lahat, ang pinakamahalagang bagay sa ating buhay ay dapat luwalhatiin ang Diyos, hindi ang maglapit ng atensiyon sa ating mga sarili o makakuha ng isang bagay para sa ating mga sarili. Pinapayuhan tayo ng Kasulatan na ituring ang iba na *higit* na mabuti kaysa sa ating mga sarili at unahin ang iba *bago* ang ating mga sarili (Fil. 2:3, Rom.12:10). Ang pagkakaroon ng sariling personal na mga pangako mula sa Diyos ay isa pang susi para sa pagtatagumpay laban sa pagkainggit at paninibugho sa ating buhay. Inaalis nito ang ating mga mata sa kung ano ang mayroon sa iba (Jn. 21:21-22). Humingi tayo sa Diyos para sa *ating sariling* mga pangako.

**Takot, Labis na Pagkatakot, Pagkabalisa, Histirya, Pagkabahala, Pag-aalala-** Sinabi ni David, "Hinanap ko ang PANGINOON, at ako'y kanyang sinagot, at iniligtas niya ako sa lahat ng aking mga takot" (Aw. 34:4). Ang mga takot ay hindi sa Diyos, hinahadlangan lamang nila tayo mula sa paggawa ng kalooban ng Diyos (2 Tim.1:7, 1 Jn. 4:18). Ang mga takot ay nagmumula sa maraming mga mapagkukunan at naririyan para sa maraming kadahilanan. Ang Diyos ay mayroong katugunan sa bawat isa sa ating mga kinatatakutan, at nais Niyang ibigay ito. *Hindi* natin bahagi ang takot! Ang takot ay isang emosyon ng kaluluwa, at ang kaluluwa ay hindi dapat mamuno subalit marapat na sumailalim sa pagkasakop ng espiritu at Banal na Espiritu. Karamihan sa mga asawang babae ay may maraming mga takot at nangangailangan ng isang maunawain at nanalanging asawang lalaki na matulungan silang lampasan ang mga balakid. Ang mga kababaihan ay pinayuhan ng *pananahimik* at *pagtitimpi* sa kasulatan, ibig sabihin ay kailangan nilang pagtagumpayan ang histirya, pagkabalisa, at pagkabahala (Tit. 2:4, 1 Tim. 2:9, 2:15, 1 Ped. 3:6). Maraming beses na ginagamit ng Diyos ang mga asawang babae upang magsalita sa kanilang mga asawang lalaki ngunit kapag nawalan na siya ng kontrol sa histirya o naalarma, binabaluktot na niya kung ano ang sinasabi ng Diyos at ang puso ng lalaki ay sasara at hindi na matatanggap kung ano ang sinusubukan niyang sabihin.

**Dogmatiko -** (Maopinyon sa sarili) Ang dogmatismo ay arogante at mariing iginigiit ang opinyon ng isang tao, nang walang anumang makabuluhang bagay na susuporta dito. Sinaway ng Diyos si Job sa "pagsasalita nang walang kaalaman." Mapangahas na nagsalita si Job patungkol sa mga isyu na kaunti lamang ang kanyang nalalaman o wala siyang anumang alam. Pamilyar ba ang tunog nito? (Basahin ang Aw.131:1-2, Job 34:35, 35:16, 38:2, 42:3, 1 Cor. 8:2). Hanggang sa buksan ng Diyos ang ating kaunawaan, wala tayong anumang nalalaman (Dan. 2:30). Kailangan natin ng isang mapagpakumbabang isipan (1 Pet. 5:5).

**Pagmamataas-** Ang pagmamataas ang ating pinakamalaking problema. Wala tayong ganap na dahilan upang magmalaki dahil sa mga sumusunod na dahilan:

- Tayo ay nilalang sa pamamagitan ng iba. Dumating tayong gaya ng isang walang magawang sanggol at hindi makapili sa mga bagay (Job 38:4).

- Tayo ay mayroong makasalanang, nahulog na kalikasan na hindi na natin mababago. Hindi natin maaaring gawing mabuti ang ating mga sarili (Jer.13:23).

- Tayo ay walang kakayahan o kapangyarihan sa ating mga sarili (1 Cor. 4:7, Jas.1:17, Jn. 3:27). Ang lahat ng kakayahan ay nagmumula sa Diyos.

- Hindi natin makokontrol ang ating tadhana o kinabukasan; hindi nating kayang patnubayan o unawain ang ating mga sarili (Jer.10:23).

**Pagkamatuwid sa Sarili-** Si Job, sa paghahanap ng pagkakamali sa Diyos habang walang nakikitang pagkakamali sa kanyang sarili, ay ginawa ang sariling higit na matuwid kaysa sa Diyos (Job 35:2). At sinabi rin ng Diyos sa kanya ang tungkol dito (Job 40:2). Ang anumang katuwiran o kabutihan na taglay natin ay nagmula sa Diyos. Kung kaya, wala tayong anumang ikaluluwalhati, ni magkaroon ng karapatang humamak ng iba. Basahin ang Lu. 18:9-14.

**Pagtanggi sa Sarili-** Ang pagtanggi sa sarili ay nakakapinsala rin kagaya nang pagtataas sa sarili. Kailangan ng mga mananampalataya ang isang banal na tiwala sa sarili at pagpapahalaga sa sarili, kagaya ng mayroon si Cristo. Si Jesus ay walang mga kasalimuutan o mga pakiramdam ng imperiyoridad. Sa Unang Corinto 12:15-16, isiniwalat ni Pablo ang mga saloobin ng pagtanggi sa sarili— "Dahil hindi ako kasinghalaga kagaya ng isang kapatid, wala talaga akong pakinabang." Ang ganitong mentalidad ay pumipigil sa mga tao na gamitin ang kanilang kaloob o gumawa ng *anuman*. Muli ito ay kasalanan ng *paghahambing*. Pumunta ang Unang Corinto 12:12 sa iba pang kalabisan, ng kataasan sa sarili— "Napakaimportante ko na hindi na kinakailangan pa ang iba."

**Pagwawalang-bahala, Katigasan, Kapabayaan-** (Kawalan ng malasakit, kakulangan ng interes, pag-aalaala o pakiramdam; isang saloobing "wala akong pakialam") Habang ang isang Kristiyano ay hindi dapat kontrolado ng pagiging sumpungin, mga emosyon o histirya, ayaw din naman ng Diyos na pumunta tayo isang bahagi ng kalabisan at maging matigas at walang pakiramdam, isang istoiko. Ang pagiging tahimik o kawalan ng malasakit ay resulta ng pagpapatigas ng puso at pagsasara ng ating mga sarili mula sa iba. Nais ng Diyos na muling pagningasin ang isang bagong apoy sa ating mga puso tungo sa ating pagkatawag, ating mga kapatiran, ating pamilya, at sa *Kanya*. Kung ikaw ay salat sa pag-ibig, ang Diyos kung gayon ay kayang *lumikha* ng pagmamahal sa kalooban mo. Siya ang Tagapaglikha (Col. 4:17, Pah. 2:4, 3:15-20).

**Mga pagpipigil, Kakimian, Kahinaan-** (Ang pagkamahiyain ay kulungan ng espiritu na humahadlang sa isang tao na gawin ang kalooban ng Diyos) Si Jeremias ay nakaramdam nang napigilan, ngunit sinabi ng Diyos sa kanya, "Huwag mong sabihin, ako'y isang kabataan…sapagkat saanman kita suguin ay paroroon ka, at anumang iutos ko sa iyo ay sasabihin mo" (Jer.1:7-10, Ex. 4:10-12). Ang mga bagay na pumipigil sa atin ay dahan-dahang mawawalan ng kapit habang sinusunod natin ang Diyos at humahakbang sa pamamagitan ng pananampalataya upang gawin ang mga bagay na sinasabi Niya sa atin. May biyaya (banal na kakayahan) para sa lahat ng bagay na sinasabi ng Diyos na gawin natin (2 Tim.1:7). Ang kumpiyansa ay nakukuha sa tuwing sinusunod natin ang Diyos.

**Sobrang pagkaseryoso, Di-Masiyahin, -** Ang Diyos ay panatag at mapayapa. Hindi Siya kinakabahan o nalulumbay. Siya ay isang Diyos ng kagalakan, at Siya ay matinding magbigay ng kasiyahan. Ang galak ng Panginoon ay ating kalakasan. Hinahamak ni Satanas ang mga masyadong seryoso sa buhay at sa sarili. Subalit, si Satanas ay nahihirapan ding hilahin pababa ang mga mananampalataya na puspos ng *kagalakan*. Hindi lamang dahil sa ang pagiging masiyahin ay kinakailangan para sa mabuting espirituwal at emosyonal na kalusugan, ito ay isa rin sa pinakaimportante at ninanais na mga katangian na hinahanap ng isang lalaki o babae sa isang makakasama! Kung pahihintulutan natin Siya, dadalhin ng Diyos ang tamang mga pangyayari at ang tamang mga tao sa ating buhay upang lumikha ng isang ganap na balanseng Kristiyano (Mang. 3:4).

**Pagkamakasarili, Mapaghanap para sa Sarili, Mahiyain-** (Abala sa kanyang pansarili, pangangailangan, at kagustuhan) Sinabi ni Pablo, "Sapagkat pinagsikapan nilang lahat ang para sa kanilang sariling kapakanan, hindi ang mga bagay ni Jesu-Cristo" (Fil. 2:21). Ang lunas ay gumawa ng praktikal na mga hakbang upang alisin ang pagtuon sa ating mga sarili papunta sa iba at sa kanilang mga pagdadalamhati. Magsanay na manalangin para sa iba, isipin ang iba, at paglingkuran sila. Pag-aralang unahin ang iba. Pag-isipan kung ano ang nararamdaman ng iba. Ilagay ang iyong sarili sa kanilang mga kalagayan. Ang pagsamba sa Panginoon ay umaalis din ng pagtuon sa ating mga sarili papunta sa Kanya. Sa dahilang ito, ang tao ay higit na nakikinabang mula sa *pagbibigay* ng pagsamba kaysa sa Diyos na tumatanggap nito.

**Pakikipagtalo, Debate, Pagtatalo -** (Kawikaan 13:10). "Sa kapalaluan, ang suwail ay lumilikha ng gulo" Ang kayabangan ang pinagmumulan ng mga argumento at mga debate. Kapag may isang di-pagkakasundo o kawalan ng pagkakasundo sa pagitan ng dalawang tao, tiyak na may isang problema ng pagmamataas. Ang kahambugan ay dapat magkaroon ng kanyang sariling paraan at may huling salita, at walang pagbibigay! Palaging kailangan ng *dalawa* para sa isang argumento—kung kaya, kapag may argumento, tayo ay bahagi ng problema. Sa ibang bahagi ay may hindi naipakong kayabangan. Ang aklat ni Job ay punong-puno ng mga argumento sa pagitan ng mabubuting kapatiran. Ang *espirituwal na kayabangan* ng bawat isa ay pumaibabaw.

**Galit, Poot-** Ang galit ay nangyayari kapag ang ating *"mga karapatan"* ay inapakan. Kapag ang mga karapatan ay nakasuko sa Diyos, ang galit ay napapawi. Bitawan sa Diyos ang pinakainiingatan mong mga pag-aari—bahay, kotse, mga damit, reputasyon, at maging ang iyong karapatan na mahalin at maunawaan. Ang pakikipaglaban at sama ng loob ay lumalabas kapag ang ating mga karapatan ay pinanghimasukan. Ihandog ang iyong mga karapatan sa Diyos. Alalahanin na, ang *bawat kawalan ng katarunungan ay isang nakatagong pagpapala* (Gen. 50:20). Ang buhay ni Jesus ay puno ng mga kaapihan, subalit hindi Siya kailanman humingi ng pantay na katarungan. Ang kanyang mga karapatan ay nakasuko sa Kanyang Ama na Siyang humahatol ng may katuwiran, at ito ang Kanyang sekreto sa tagumpay. Si Jesus ay walang mga problema sa galit (1 Ped. 2:21-23, Efe. 4:31-32, Col. 3:8, San.1:19-20, Aw. 37:8, Kaw.14:29, 15:1, 16:32).

**Pagkaawa sa Sarili, Pagkasumpungin-** ("Kawawa ako") Ayon kay Pablo, ang ating mga tukso at kahirapan ay *karaniwan*, gaano man ka pambihira ang mga ito (1 Cor.10:13). Magiging kapaki-pakinabang kung mapagtatanto natin kung gaanong kabiguan at kalungkutan ang nararamdaman ng iba. Marahil ang kanilang mga kahirapan ay mas masaklap pa sa atin! Ang isang pangunahing hakbang tungo sa pagtatagumpay sa pagkaawa sa sarili ay ang unang kilalanin na bawat isa ay nakakaramdam ng parehong mga bagay gaya natin. Kaya naman, sa pamamagitan ng pagpapalipas ng oras sa paglilingkod sa iba, ang ating sariling mga kabiguan at makakaluluwang mga karamdaman ay maiibsan. Si Jesus ay hindi nagbuhos ng mga luha para sa Kanyang sariling mga kalungkutan, subalit ipinatak ang dugo para sa akin.

**Kapaitan, Mga Hinanakit, Pagkapoot, Di-pagpapatawad, Pagkamuhi-** (*sama ng loob*— isang iniingatang kinaayawan; *Pagkamuhi*—ang lubhang pagkayamot. *Kapaitan*—isang tahimik na galit; *Paghihinanakit*—isang pagkimkim ng masamang nararamdaman dahil sa isang pagkakasala; *Di-pagpapatawad*—hindi pagbibigay o pagsuko, kundi nagnanais na parusahan.) Ang lahat ng mga ito ay magkasinghulugan, ngunit may magkahiwalay din na mga kahulugan. Gayunpaman, silang lahat ay may isang bagay na magkatulad—ang hangaring kumapit sa masasamang nararamdaman. Kaya nga, ang Diyos ay kailangang gumawa ng malalim na katubusan sa ating mga puso upang tayo ay magkaroon ng kakayahan na *malayang palayain* ang mga tao mula sa lahat ng mga pagkakasala na nagawa nila laban sa atin. Ang Diyos ay kayang magbigay sa ating ng isang bagong pusong laman at alisin ang matigas, at mabato nating puso. Ang diborsiyo ay nangyayari dahil sa isang pinatigas na puso na hindi na makaya pang magpatawad o magparaya (Mt.19:7-8). Bawat isa sa atin ay lubos na nangangailangan ng isang malambot at bagong puso (Ezek.11:19-20, 36:25-27).

**Pagpapaimbaw -** (Pagkukunwari ng isang tao) Ang pagpapaimbabaw ay isa ring pagkabulag. "Sapagkat ikaw na humahatol ay gumagawa rin ng gayong mga bagay." "Huwag humatol upang hindi kayo mahatulan." (Mat. 7:1-5, Rom. 2:1). Maraming beses na tinukoy ni Jesus ang kaabahan ng pagkukunwari. Kakatwang ang isang tao ay kayang hamakin at pulaan ang iba para sa isang bagay na kung saan ay *mas* nagkasala siya. Kapag tayo ay labis na nakakasakit sa iba, kailangan nating suriin ang ating mga sarili at hilingin sa Diyos na ipakita sa atin kung paano tayo nabulag sa kaparehong kapintasan.

**Panlilinlang, Pagsisinungaling, Pagmamanipula, Pagpapakana, Kasinungalingan –** Ang lahat ng mga ito ay magkakaugnay at may isang pinagmumulan. Ang motibo ay upang makakuha ng isang bagay para sa sarili at upang protektahan ang sarili. Si Rebecca ay nagkasala sa lahat nang ito. Huwag nang intindihin pa na sawayin si Satanas! Ang mga ito ay maaaring nasa puso ng hindi isinasaalang-alang si Satanas o ang kanyang mga demonyo. Tinuruan ni Rebecca ang kanyang paboritong anak na lalaki na si Jacob na linlangin ang ama nito nang hindi nito nalalaman, tulad ng ginawa niya (Genesis 27). Siya ay nagmamanipula at tinuruan niya ang kanyang anak na lalaki na maging kasabwat rin. Si Jacob ay nagdusa sa natirang bahagi ng kanyang buhay dahil sa kabaluktutang itinuro nito sa kanya. Hindi na muli pang nakita ni Rebecca ang paborito niyang anak pagkatapos ng iskandalong ito sa Genesis kapitulo 27. Isang tiyak na paraan upang sirain ang isang mabuting pagsasama ay sa pamamagitan ng pag-ulit sa mga ginawa ni Rebecca. Napopoot ang Diyos sa panlilinlang, ngunit iniibig ang mga nagsasalita ng katotohanan. Sa katunayan, ang mga banal na magiging pinakamalapit sa Panginoon sa langit ay ang mga *walang pandaraya* sa kanilang mga dila (Pah.14:5, Aw.120:2, 2 Ped.1:16, Kaw. 8:7-8, Col. 3:9).

**Hindi-maaasahan, Hindi mapagkakatiwalaan, Nababago, Hindi matatag-** (Judas 1:13 "mga pagala-galang bituin") Ang mga bituin ay ginagamit na panghanap ng heograpikal na posisyon at lokasyon. Ang mga ito ay pare-pareho taun-taon. Ngunit ang *lagalag na mga bituin* ay pabagu-bago, lumilibot nang walang takdang destinasyon. Sinasabi ng Diyos na ang ilang mga tao ay katulad ng mga pagala-galang bituin (pabagu-bago, paliban-liban, at hindi mapagkakatiwalaan).

Nais ng Diyos ng mga lalaki at babae na maaasahan, matatag at matibay upang ang iba ay makasumpong ng kanilang daraanan sa pamamagitan ng pagtingin sa kanilang mga buhay. Hindi maitataas ng Diyos ang mga tao sa mahahalagang posisyon ng pamumuno kung sila ay hindi maaasahan at walang pagpapasya (San.1:6-8, Kaw. 24:21, Heb.13:9, Aw.15:4).

**Pabigla-bigla, Mapusok, Pagmamadali-** (Biglaang pagkilos nang hindi nag-iisip, padalus-dalos, puwersahang nadadala paunahan sa pamamagitan ng kapusukan.) Ito ang kabaligtaran ng isang taong tumitigil upang timbangin ang kahihinatnan ng kanyang gagawin o sasabihin. Matutunan ang biyaya ng pagmumuni-muni (Heb. 12:1, Aw. 27:14, 37:7-8). Ang mga lalaking katulad ni Moises at Jeremias ay naglalaan ng panahon upang marinig kung ano ang sasabihin ng Diyos tungkol sa sitwasyon na kanilang kinakaharap (Lev. 24:12, Jer. 42:5-7). Ang kapusukan ni Pedro ay nagpahiya sa Panginoon, at sa sarili niya.

**Estero, Karumihan, Katamaran –** Ito ay maaaring maging isang espiritu na ipinapasa mula sa henerasyon tungo sa henerasyon. Maaari mong kunin ang isang tao mula sa iskuwater at ilagay sila sa magagandang tirahan, subalit hindi maglalaon kahit iyon ay magiging iskuwater na din. Ngunit ang Diyos ay kayang linisin at palayain ang isang tao mula sa kapangyarihan ng napakaruming espiritu na ito. Ang katamaran at ang pagiging burara ay ang eksaktong kabaligtaran ng kalikasan ng Diyos. Ang ating Panginoong Jesus ay maayos at malinis, kahit na Siya ay mahirap sa material. Siya ay lubos na disiplinado, ibinubuhos ang Kanyang kaluluwa hanggang kamatayan para sa iba (Isa. 53:12). Hindi ikinatutuwa ng Diyos ang katamaran at madalas tukuyin ang paksa sa mga Kawikaan. Ang isang tamad na tao ay walang *anumang* halaga sa kaharian ng Diyos (2 Tes. 3:10-13).

**Mga pilosopiya, Pagdadahilan, Humanismo -** (Mga ideya ng tao) ang mga ito ay nagmula sa pagmamataas at independenteng isipan na tinanggihan ang Salita ng Diyos. (Rom.1:21-32, 2 Cor.10:4-5, Rom. 8:7, Col. 2:8, Obad.1:3). Marami sa sinaunang mga pilosopong Griyego na lubhang pinupuri ngayon ay mga homosekswal. Samakatuwid, hindi natin dapat yakapin ang pilosopiya ng sinaunang Griyego o anumang ibang pilosopiya na sumasalungat sa Salita ng Diyos. Mangyari rin na huwag nang pumunta sa isang unibersidad upang mag-aral ng pantaong pilosopiya!

**Pagtatangi, Paboritismo –** "Minahal ni Isaac si Esau…at minahal ni Rebecca si Jacob" (Gen. 25:28). Hinati ng paboritismo ang kanilang tahanan. Ang paboritismo ay isang karnal na pag-ibig, pagmamahal na idinidikta ng *mga kagustuhan*. (Gusto ko ang kanyang pagkatao, hitsura, o katangian kaysa sa iba pa, atbp.) Ang banal na pag-ibig ay walang kinikilingan at di-makasarili. Ito ay tumatanggap at nagmamahal sa mga tao kung sino sila (1 Cor.13:5, Jas. 3:17).

**Masyadong Madaldal-** Ito ay paglabag sa Salita ng Diyos at isang kawalan ng pagpipigil sa sarili. "Ang bawat tao ay dapat na maging mabilis sa pakikinig, marahan sa pagsasalita, mabagal sa pagkagalit" (San.1:19, Aw. 39:1, Kaw.10:19, 29:11). Matuto tayo na maging mabuting mga tagapakinig. Mahirap na kaugalian ang sumabad sa isang pag-uusap at baguhin ang paksa dahil may isang bagay na nasabi ang tagapagsalita na nakapagpaalala sa atin ng iba pang bagay! Pahintulutan ang tagapagsalita na tapusin muna ang kanyang sinasabi! Ang mabuting mga tagapakinig ay may pakinabang din sa pag-iipon ng karunungan.

**Hindi pagkakatulog-** (Hindi nakakatulog) Kahit na ito ay isang pisikal na problema, mas madalas na ang di-pagkatulog ay isang espirituwal na suliranin. Ito ay nagmumula sa kabagabagan sa isipan, espiritu at kaluluwa. Ang mga gamot ay nag-aalok lamang ng ilang bahagyang lunas. Anu-ano ang ilan sa mga tunay na dahilan sa hindi pagkakatulog? Pag-aalala, tensiyon, mga takot, masasamang pakiramdam, pagdadala ng trabaho sa bahay kasama mo o pagbubulay sa isang bagay na nakasakit saiyo. Nakapagpatawad na ba tayo? masyado ba tayong nakikipagkumpitensya? Tama ba ang mga motibo sa ating puso? ang pag-aalala ba ay nanunuot sa ating mga ugat? (Aw. 37:1, Kaw. 3:24, Aw.127:2, 4:8, Mt.11:28-29). Tinatantiya ng ilang mga doktor na siyamnapung porsiyento ng kanilang mga pasyente ay umaalis na hindi nalunasan ang

*tunay* nilang mga problema. Ang mga doktor ay maaaring magreseta ng mga gamot upang mapagaan ang ilang paghihirap, subalit ang ugat ng tunay na pangangailangan ay madalas hindi nagagalaw dahil ang mga ito ay *espirituwal*. Kaya nga, ang Simbahan ang dapat magkaroon ng tunay na mga kasagutan!

**Pagkakautang -** (Rom.13:8 - "Huwag kayong magkautang ng anuman sa kaninuman, kundi mag-ibigan sa isa't-isa.") Ang mga pagkakautang ay nagpapahiwatig ng espirituwal na mga problema (bagaman mayroong mga panahon kung kailan ang kalooban ng Diyos ay nagpapahintulot sa atin na dumaan sa mga panahon ng kasalatan- Fil. 4:12). Ang ating pambansang utang ay napakalaki! Ito ay tanda ng mahinang pangangasiwa, pag-aaksaya, labis na paggasta, walang disiplina, mahinang pagpapasya, at isang paglabag sa maraming iba pang espirituwal na mga tuntunin. Nais ng Diyos na iangat ang bawat isa sa atin mula sa *pagkaalipin* ng utang. Ang pagkakautang ay pumipigil sa atin mula sa paggawa ng Kanyang kalooban. *Kung paano tayo humawak ng pera ang siyang magdedetermina kung magtatagumpay ba tayo sa ministeryo o bilang isang Kristiyano* (Lu.16:10-11). Si Ralph Mahoney, tagapagtatag ng *World Map Outreach*, ay nasa Kristiyanong Kampo para sa pagsasanay ng mga kabataang misyonero maraming taon na ang nakalipas. Ang kanyang partikular na tungkulin ay magluto, at hiningian niya ang labingwalong kabataang lalaki na magbigay ng $2.00 kada linggo. Tanging dalawa at kalahating mga kabataan lamang ang tumugon. Nang sumiklab ang malawakang apoy sa kagubatan at ang mga kabataang lalaki ay mabilis na nakasumpong ng trabaho sa halagang $40.00 sa isang araw na pakikipaglaban sa apoy, nasabi ni Ralph, "Sa wakas, ang lahat ay makakapagbigay na ng kanilang $2.00 kada linggo." Nanatiling dalawa at kalahating mga kabataang lalaki lamang ang nagbigay ng kanilang bahagi. Ang ibang mga kabataan ay nagsipagbilihan ng pamingwit, mga riple, mga gitara, at mga kamera. At pagkatapos ay gumawa si Ginoong Mahoney ng isang nakakatawa ngunit tagos sa pusong salaysay. Sinabi niya, "Ilan sa kanila sa palagay mo ang nasa ministeryo ngayon? Nahulaan mo —dalawa at kalahati! "Dalawa ang nasa buong oras nang pagmiministeryo at ang isa ay nasa ilang oras.

**Kaimbutan, Kasakiman, Nagtatago -** (Pagkamakasarili, pagkapit, mapangamkam) Ang Diyos mismo ay mapagbigay. Sinabi Niya. "Higit na mapalad ang magbigay kaysa tumanggap" (Acts 20:35). Sa kabaligtaran, ang nahulog na kalikasan ay nagtatago para sa kanyang sarili. Ang mga *nagbibigay* ay ang mga pinakamasasayang tao sa mundo, ang mga nagtatago ang pinakamalulungkot. Hindi ba nakapagtataka na ang mga nagtatago na ginagawa ang lahat upang maging masaya ay ang pinakamalulungkot na tao sa mundo? Ito ay dahil lingid sa kanilang kaalaman ay nilalabag na nila ang ilan sa mga batas ng buhay (Kaw.11:24, 13:7, Lu. 6:38, Isa. 58:7-11). Ang mga kristiyano rin na mahigpit ang pagkahawak sa kanilang mga pera ay bihirang makatanggap ang anumang makabuluhang espirituwal na mga pagtatagumpay sa kanilang mga buhay. Samakatuwid, ang mananampalataya na naghahangad na umunlad sa kanyang espirituwal na buhay ay natututong maging isang *mabuting tagabigay*.

**Dominante, Mapang-alipusta, Ambisyon -** (Wala sa ayos na pagnanais na kontrolin ang lahat, kabilang na ang mga buhay ng mga tao) Nais ni Lusiper na maging Diyos at hinangad na patakbuhin ang sandaigdigan (Isa. 14:12-14). Ang nahulog na kalikasan ay nagnanais na dominahin ang iba, at nais *manguna sa bilang.* Ang motibo natin ay dapat maglingkod sa Diyos at sa iba (tingnan ang 1 Ped. 5:3, 2 Cor.1:24, 1 Ha.12:7), hindi sa ating mga sarili. "Sinumang ibig na maging dakila sa inyo ay kailangang maging lingkod ninyo" (Mk.10:43-45).

**Namimilit, Mapanghamon-** Hindi tayo dapat na namimilit sa Diyos o sa iba na gumawa ng anuman para sa atin! Ang mapagpilit na kalikasan ay umaani ng poot kapag hindi nito nakuha ang gusto niya. (Ang galit at sariling kalooban ay ikinasal sa isa't isa- Genesis 49:6, Tit. 1:7). Hindi tayo dapat na namimilit sa Diyos na bigyan ng pagpapaliwanag kung ano ang Kanyang ginagawa, at huwag kailanman hahamunin ang Kanyang karunungan sa paraan ng Kanyang pangunguna sa atin. Pinulaan ni Job ang Diyos sa mga pangyayari na pinahintulutan ng Diyos na dumating sa kanyang buhay. Ang Israel din ay hinamon at tinukso ang Diyos sa ilang. Tama lang naman ang mag *tanong, umapela, o makiusap* subalit huwag kailanman pilitin o hamunin ang Diyos. Nagpapakita lamang Siya ng biyaya sa mga may mapagpakumbabang saloobin. Ang ating inaasal ang higit na mas mahalaga. (Job 38:2-4, 40:2, Bil.14:2-3).

**Nagmamalaki, Nagmamayabang, Nagmamapuri –** Dahil tayo ay nilikha ng iba at wala tayong kapangyarihan sa ating sarili, at dahil ang lahat ng mayroon tayo ay ibinigay sa atin ng iba, wala talaga tayong dahilan upang magmalaki o magmayabang. Kapag ginawa natin, ito ay dahil nakapasok ang *panlilinlang* at *nakalimutan* natin na tayo ay alabok lamang. (Gen.18:27, Jer. 9:23-24, 1 Cor. 4:7, Gal. 6:3).

**Kawalang sigla, Panlalamig, Saradong personalidad -** (Isang pag-iwas, pag-urong, o ang paghihiwalay ng isang espiritu sa iba) Maaari itong makapinsala o makasira sa isang relasyon, at ito ay tiyak na pipigil sa isang relasyon mula sa paglago. Kahit walang pagbulong ng isang salita, maaari mong sabihin sa isang tao na "Umalis ka sa buhay ko." Ang ilang pamilya ay masyadong sarado at hindi kailanman ipinapahayag sa bawat isa ang totoo nilang nararamdaman o kung ano ang iniisip nila. Ang iba naman ay kulang sa kasiglahan at tinitingnan ang ilang mga malapitang pagkilos na "masyadong personal!" Ngunit naniniwala ako na nais ng Diyos na ibaba ng Kanyang bayan ang kanilang mga pananggalang at mas matutong maging bukas at maliwanag sa isa't isa. Sinasabi sa Unang Juan 3:14, "Nalalaman nating tayo'y dumaan na mula sa kamatayan patungo sa buhay, sapagkat iniibig natin ang isa't isa" (tingnan sa 1 Jn.1:7, Col. 3:12, Kaw. 18:24, Rom.12:10, 1 Ped. 3:8, Pah. 3:20). Ang panlalamig sa isang pagsasama ng mag-asawa at halos palaging isang espirituwal na problema— matigas na damdamin, mga takot, pagkakasala, o pangangamba. Kapag ang mga espirituwal na problemang ito ay nalinis na, magkakaroon na nang kalayaan na ipakita ang init at pagmamahal. Ang pagkakaisa ay hindi nagsisimula sa pisikal, ito ay nagsisimula sa espiritu (ang parehong isipan at mga layunin, kasama ng nalunasang mga pagkasensitibo) Ang mga tao ay hindi na kailangang pumunta sa mga sekswal terapist upang matuto kung paano ang paghipo o pagtugon sa isa't isa. Ang problema ay espirituwal. Kung gayon, ang mga kababaihan at kalalakihan ay dapat pumunta sa Diyos para sa mga kasagutan, hindi sa sanlibutan.

**Kahibangan -** (Pantasya, isang anyo ng pandaraya) Ang ibig sabihin ng kahibangan ay maging inspirado at kontrolado sa pamamagitan ng silakbo ng damdamin upang mawalan ng dahilan at tamang pagpapasya. Kapag nangyari ito, ang isang indibidwal ay pinamumunuan ng kanyang kaluluwa sa halip ng espiritu, ng emosyon kaysa ng katotohanan. Hilingin sa Diyos na ipakita saiyo kung paano Niya nakikita ang mga sitwasyon at mga tao, kaysa sa pangunahan ka ng iyong mga nararamdaman. *Ang ating mga mata at emosyon ay madaling makalinlang sa atin* (Kaw. 4:23). Ang kahibangan ay nagdudulot sa isang tao na makagawa ng isang mapaminsalang mga pagpili at mga desisyon na hindi na mababawi. Ang labis na pag-iingat at pananalangin ay kinakailangan sa mga napakamahalagang mga bagay na ito ng buhay (Jn. 7:24).

**Kawalang-katuwiran -** (Pagpapakita ng katiting na pagpapahalaga o pagpapasiya) Ang kalabisan nito ay isang napakasamang isipan kung saan ay walang kakayahang humatol ng maayos. Ang magulong isipan ay sumpa ng Diyos sa mga masuwayin at masasama. (Rom. 1:28). Ang kakayahang makilala at makinig sa kung ano ang tama ay kaloob ng Diyos. Hindi natin nakikilala kung ano ang tama at mali sa ating sarili (Deut. 29:3-4, Kaw. 20:12, 11:14, 26:16). Ang kawalang-katuwiran ay isang espirituwal na problema, isang

problema sa puso. Ang puso na handang gawin ang kalooban ng Diyos ay nauunawaan kung ano ang tama at nakikita ang mga bagay (Jn. 7:17, Mt. 5:8). Hilingin sa Diyos na palayain ka mula sa sumpa ng pagkabulag at ayaw magpaturo. Nanalangin si Pablo na mapalaya mula sa di-makatuwiran (di-maturuan, di-mapagkasundo) na mga kalalakihan (2 Tess. 3:2)

**Pagdududa, Di-paniniwala-** Ito ang mga nakakatakot na resulta ng hindi pagsunod sa Diyos, ngunit pinatitigas ang puso. Kapag nagsasalita ang Diyos, inaasahan at hinahangad Niya sa atin na tanggapin kung ano ang Kanyang sinasabi nang may buong katiyakan, hindi nang pagtatanong o panghahamon. Siya ay karapat-dapat na pagkatiwalaan! Kung hindi tayo magtitiwala sa Diyos, maaari Niyang pahintulutan ang mga tao na dumating sa ating mga buhay na walang kumpiyansa o tiwala sa *atin*, upang matulungan lamang tayo na maunawaan kung ano ang nararamdaman Niya. Ang pagdududa at di-paniniwala ay mga suliranin ng puso (Mc. 6:51-52, 16:14, Heb. 3:8-12). (Heb.11:6).

**Kalupitan-** (magaspang, napakahamak, talamak, di-sibilisado, di-makatuwiran, asal-hayop, kabagsikan) Tinatawag ng kasulatan na tampalasan ang bawat tao na tinatanggihan ang Salita ng Diyos at inaalimura ang pagtutuwid. At siya ay magkakaroon din ng mga asal ng isang hayop. “Ngunit ang namumuhi sa saway ay isang hangal (o katulad ng hayop).” (Kaw.12:l, Aw. 92:6, 94:8, Jer.10:8,14, 21). Minsan, kapag ang isang lalaki ng Diyos ay tumalikod, siya ay nagiging parang hayop dahil naghinanakit siya at tinanggihan ang pagtutuwid.

**Paghihimagsik, Pagsuway-** (bukas, matapang, pagtutol sa awtoridad) Ang tao ay *ipinanganak* na may pagsuway. “Ang haka ng puso ng tao ay masama mula sa kanyang pagkabata” (Gen. 8:21). Sinasabi ni Dr. James Dobson na ang *pagsuway* ay isang bagay na hindi mo maaaring hindi pansinin sa isang bata. Maaaring mong palampasin ang mga ugaling bata na mga iresponsibilidad (Naiwanan na naman ni Bobby ang kanyang mga aklat sa bus, o nakalimutang ilabas ang basura.); Ngunit ang *pagsuway* ay kailangang harapin na mula sanggol pa lamang o ito ay lalago hanggang sa ito ang maging pagkawasak ng iyong anak. Magiging mas madali ang pagbaluktot ng isang puno (isa o dalawang taong gulang), kaysa sa subukang ituwid ang isang labingwalong taong gulang na *oak*, kaya nga harapin kaagad ito.

**Paglalasing, at Iba pang “Pagkontra”-** Ang lahat ng mga droga, alak, mga mundo ng panaginip, at pangangalunya ay mga pagtatangkang gawing *manhid* ang isip sa katotohanan (Kaw. 20:1). Ang mga ito ay mga pagtalikod sa katotohanan mula sa nararamdaman o mga kalagayan na ayaw harapin ng isang tao, *isang paglabas* mula sa mga isyu na nararamdaman niyang hindi niya kakayanin. At sa katunayan, walang sinuman ang makakayanan ito labas sa tulong ng Diyos! Ang isang mananampalatayang puspos sa Banal na Espiritu ay may mabiyayang kakayahan na nakalaan upang tulungan siyang mapagtagumpayan ang mga pagkaalipin na ito. Kaya nga, kapag ang mga gawi na ito ay patuloy na naghahari sa isang Kristiyano, ang biyayang nakalaan ay hindi napahintulutan o tinanggihan, at ang tunay na mga isyu ay iniwasan.

Sa Isaias 22:11-13, gumawa ang mga tao ng isang daanan ng tubig sa ilalim ng lupa bilang paghahanda sa mahabang paglusob. Nagbangon ang Diyos ng isang kaaway at isinusugo ito laban sa Israel upang makuha ang kanilang pansin na ibalik sila sa Kanyang Sarili. Tinatawag sila ng Diyos sa pagtatangis at pagsisisi. Ngunit ano ang ginawa ng mga tao? Sa halip na magbalik-loob sa Diyos, tiningnan nila ang mga malulungkot na sitwasyon at sinabing, “Tayo’y kumain at uminom, at magpakalasing, at baka sakaling bukas ay mawala na ang problema!” Ito ang dahilan na inuulit-ulit ang mga nasabi na. Ang biyaya para sa paglaya ay nakalaan, ngunit madalas ang mga tao ay mas pinipiling hindi harapin ang kanilang sarili o mga sitwasyon, o tumatanggi silang gumawa ng isang bagay na tama sa kanilang mga buhay. (Jer. 18:11-12). Oo, ang droga at ang alak ay tumatawag ng pagpapalaya mula kay Satanas, ngunit si Satanas ay nagkaroon ng pintuan dahil sa isang suliranin sa puso. Ang pagpaparusa ng Diyos sa tao ay hindi kailanman dahil sa

ang tao ay may mga problema o mga kasalanan, kundi dahil *tinatanggihan niya ang kasagutan*. Basahin ang Juan 3:19.

***Anorexia* (Pagkawala ng gana) –** Ito din ay isang malademonyong pagkaalipin, ngunit ang tunay na isyu ay nasa puso. Ang *anorexia* ay umuugat sa isang mababang imahe ng sarili, ang pagkatakot na maging pangit o lumabis sa timbang, at isang takot na itakwil. Ngunit karagdagan pa dito, hindi tinatanggap ng tao ang kanilang mga sarili kung paano sila nilikha ng Diyos, at mapintasin sa ginawa ng Diyos. May isang nagsabi, "Ang pamimintas sa disenyo ay pamimintas sa Taga-disenyo." Maraming mga tao ang nagnanais na sana kamukha sila ng iba, at ito rin ay maaaring umugat sa pagmamataas at kawalang kabuluhan. Marapat na tanggapin ng mga Kristiyano ang paraan ng pagkagawa sa kanila ng Diyos, at huwag ihambing ang kanilang mga sarili sa iba (2 Cor. 10:12). Iukol natin ang ating mga sarili sa paggawa ng kalooban ng Diyos at pagluluwalhati sa Kanya sa pamamagitan ng ating katawan at isip na ipinagkatiwala Niya sa atin sa pamamagitan ng Kanyang karunungan.

**Pagsusugal –** Ito ay isang pagkahumaling. Ito *ang bunga* ng pamumuhay sa isang mundo ng panaginip—*"Sa susunod tatamaan ko na ito!"* Hindi kailanman itinalaga ng Diyos ang buhay ng gayon upang ang tao ay makakuha ng isang bagay para sa wala. Ang tao ay dapat kumita sa pamamagitan ng pawis at pagpapagal. Nilayon ng Diyos sa atin na ibigay natin sa *Kanya* ang ating pagtitiwala, hindi sa *lotto*. "Sa Diyos lamang naghihintay nang tahimik ang aking kaluluwa, sapagkat ang aking pag-asa ay mula sa kanya" (Aw. 62:5). Ang pagsusugal ay pagtutuon sa maling mga inaasahan, isang hangarin para sa biglaang tagumpay nang hindi nagtatrabaho para dito. Hindi ito ang paraan ng Diyos.

**Katakawan -** (Pagkamalabis, kawalan ng bunga ng pagpipigil) ang labis na pagkain ay maaari ring maging isang espirituwal na problema. Ang mga tao ay napapakain nang marami kapag sila ay malungkot o nalulumbay. Nais ng Diyos na lunasan ang ugat ng kalungkutan at kahapisan. At saka, huwag ring maging matakaw sa papuri at pagbati lalo na mula sa mga tagapanguna (Kaw. 23:2,3,8). Isusuka mo kung ano ang nilulon mo.

**Panunumpa, Pagsumpa –** Si Pedro ay nanumpa at sumumpa nang siya ay nahirapan at dahil na din sa takot.

Roman 3:14-18 ay nagpapakita sa atin ng tatlong mga pangunahing dahilan kung bakit ang mga tao ay nakikipaglaban sa problema ng pagsumpa at panunumpa:

1.) Kapaitan

2.) Walang kapayapaan sa puso

3.) Isang kawalan ng takot sa Diyos

Roma 3:14 ay dumudugtong ng panunumpa sa kapaitan. Samakatuwid ang lahat ng *kapaitan* ay dapat malunasan. Sinasabi sa Roma 3:17 na ang mga taong nanunumpa ay hindi alam ang daan ng kapayapaan. Ang maligalig na puso ay nasa ugat ng maraming pagsumpa. Nais ng Diyos na bigyan ang Kanyang bayan ng mga bagong tagumpay ng kapayapaan. Sinasabi ng Roma 3:18 na walang takot sa Diyos ang mga taong nanunumpa at sumusumpa. Ang isang bagong paggalang para sa Diyos kung gayon ay isang mahalagang susi para sa pagkontrol sa problema ng panunumpa at pagsumpa.

**Madalas Maaksidente –** Ito ay gawain ng isang masamang espiritu na kailangang itali at palayasin. Nagugulo ng ilang mga tao ang halos lahat ng kanilang mahawakan. Kailangan nila ng pagpapalaya. Isaalang-alang ang sumusunod na mga pangako ng Diyos: (Kaw. 3:23, 4:12, Aw.1:3, 91:11-12).

**Pagnanakaw -** (Pagkuha ng hindi atin) Ang pagnanakaw ay nag-aanyaya ng iba pang kasamaan sa puso. Ang isang taong nagnanakaw ay *nagsisinungaling* rin upang pagtakpan ito. Ang pagnanakaw ay isa sa mga pangunahing kasalanan sa huling mga araw (Pah. 9:21). Si Judas ay isang magnanakaw, at ito ay humantong sa pagkakanulo sa Panginoon. Sa Tito 2:10, ang pangungupit ay pagnanakaw ng maliliit na bagay. Ang pagkuha ng maliliit na mga bagay ay nagiging sanhi ng pagkasira ng isang karakter kung saan ay humahantong sa pagkuha ng mas malalaking bagay. Maraming mga paraan at anyo ng pagnanakaw. Ninakaw ni Absalom ang pagmamahal ng mga tao sa pamamagitan ng labis na papuri (2 Sam. 15:1-6). Gayundin, ang pagkuha ng kapurihan para sa isang bagay na para sa iba ay pagnanakaw.

**Mapulain, Mapunahin -** "Gawin ninyo ang lahat ng mga bagay na walang pabulong-bulong at pagtatalo [Mapunahin]" (Fil. 2:14). Si Jesus ay madalas pinupulaan ng mga mamumuna (Mat. 23:33). Ang mga mamumuna ay mapagkunwari dahil sila ay nagkasala ang kaparehong mga bagay (Mat. 7:1-5, Rom. 2:1). Sa halip na maghanap ng pagkakamali, subukan nating itayo ang iba sa pamamagitan ng pasusuri ng kanilang mga kabutihan.

**Kayamutan, Labis na pagkamaramdamin –** Kung ang isang tao ay "kinakati" (sobrang maramdamin, yamutin), siya ay hindi kwalipikadong pumasok sa dakong kabanal-banalan (Lev. 21:20). Ang mga bahaging hindi nagamot at namamaga ay nagiging sanhi sa ating labis na reaksyon at pagkakasala. Nawa ay hayaan natin ang Diyos na ayusin ang mga bahagi ng ating buhay na masyadong sensitibo.

**Kawalang-Kasiyahan –** Ang pagkakuntento ay kaloob ng Diyos sa isang banal (Mang. 2:26) at sa mga naawat na palayo mula sa paghingi ng maraming *"mga bagay"* upang maging masaya. Si David ay nabawasan sagad pababa sa isang bagay—ang kanyang hangarin para sa Panginoon. Nasumpungan niya ang "kapuspusan ng kagalakan" sa presensiya ng Diyos (Aw.16:11, 27:4, 1 Tim. 6:6, Fil. 4:11-12). Ang kasiyahan ay maaaring *matutunan*. Ibinigay na ng Diyos sa atin ang lahat ng bagay na ating kailangan para sa ating kasalukuyang kaligayahan. Kung hindi tayo nasisiyahan sa kung ano ang *mayroon* tayo, hindi rin tayo kailanman masisiyahan sa kung ano ang *gusto* natin. Ang kalungkutan ay hindi sanhi ng kawalan ng mga bagay. Ang kalungkutan ay matatagpuan sa isang puso na nangangailangan pa na mapalapit sa pag-ibig at presensiya ng Diyos. At mga kababaihan, ang isang bagong bahay ay *hindi* ang susi sa kagalakan!

# “Ang magtatagumpay ay magmamana ng mga bagay na ito”

**Pahayag 21:7**

Ang Pahayag 21:7 ay nagpapahiwatig na *hindi* natin mamamana ang lahat ng mga pagpapala kung hindi tayo magtatagumpay. Ano, kung gayon ang mga hadlang sa buhay na dapat pagtagumpayan?

*Dapat nating pagtagumpayan ang:*

- Kawalang-katarungan
- Hindi pagkakaunawaan, kahit sa mga kaibigan
- Mahahabang pagkaantala mula sa mga pagsubok at pagsusulit
- Mga sakit at mga troma ng nakaraan
- Ang mga namanang mga kasalanan na naipanganak sa atin
- Mga tukso, kinagawian, at mga pagkaalipin
- Panggigipit mula sa sanlibutan at mga kasamahan
- Mararahas na pagsalakay ng kaaway
- Lahat sa ating buhay na hindi kawangis ni Cristo

Hindi tayo dapat manatili sa *bahagi* lamang ng ating mamanahin. Ang buong pamana ay ipinagkakaloob lamang sa ganap na mga anak.  Ang kasalanan ay ipinapakahulugan na “hindi pag-abot ng marka.” Kung mabibigo tayong magpatuloy sa ating Kristiyanong paglakad, tayo ay nagkakasala (Pah. 3:15-19). Kaya nga, dapat tayong magpatuloy ng ating buong puso upang maabot ang layunin, mapanalunan ang gantimpala, at maangkin ang ating buong mana.

**“Sapagkat kailangan ninyo ng pagtitiis, upang kapag inyong nagampanan ang kalooban ng Diyos ay tanggapin ninyo ang pangako” (Hebrews 10:36).**

# *ANG ATING MGA SANDATA*

**Sa bahaging ito ng pag-aaral, ating susubukang sagutin ang tatlong mahahalagang mga katanungan:**

**1.) Ano talaga ang ating *mana*?**
**2.) Ano ang mga kaaway na dapat mapaalis upang maangkin ang ating mana**
**3.) Ano ang mga *sandata* na ating gagamitin laban sa mga kaaway na ito? (2 Cor.10:3-5).**

**Natapos na natin ang unang dalawang mga katanungan. Ngayon ay titingnan natin ang ikatlo—ano ang mga sandata na ating gagamitin laban sa mga kaaway ng ating mana? Ang mga kaaway na ito, gaya nang napag-usapan na, ay hindi nahahawakan. Samakatuwid, ang ating mga sandata ay dapat espirituwal at hindi rin nahahawakan. Nakikipagdigma tayo laban sa masamang pag-iisip, di-matukoy na motibo, katigasan ng espiritu, mga sugat at mga troma, at madidilim na mga espiritu na bumabalot sa isipan ng mga tao. Sa susunod na apat na pahina ay isang listahan ng ating banal na sandata.**

Ang Bagong Tipan ay puno ng mga pahayag at mga salitang militar—Makipaglaban ka sa mabuting pakikipaglaban ng pananampalataya; Sapagkat ang ating pakikipaglaban ay hindi laban sa laman at dugo; Kung paanong si Cristo ay nagdusa sa laman ay sandatahan din naman ninyo ang inyong sarili ng gayong pag-iisip; Kung bilang isang tao lamang ay lumalaban ako sa mga maiilap na hayop sa Efeso, ano ang aking mapapakinabang; Sapagkat ang mga sandata ng aming pakikipaglaban ay hindi sa makalaman; Mga kasama sa bilangguan, mga kasamang sundalo; at iba pa. Samakatuwid, ang isang Kristiyano at dapat harapin ang katotohanan na siya ay nakikidigma sa ibang kaharian. Kapag ang isang mananampalataya ay sunud-sunuran at walang pagtutol laban kay Satanas, siya ay walang makakamit na tagumpay sa para kanyang sarili o para sa iba. Kaya nga, napakamahalaga na maging agresibo, o ang ating mana ay mawawala (Mt. 11:12). Ang Israel din, ay kinailangang makipaglaban para sa lupain ng Canaan (Jos. 1:3). Ang nakakalungkot, nanirahan silang kasama ng kanilang mga kaaway dahil sa katamaran (Jos. 18:3, Huk 1:21-36).

**1. NAMAMAGITAN—** (Pakikipagdigma sa Espiritu) Sinabi ni Pablo, "Sapagkat ang mga sandata ng aming pakikipaglaban ay hindi makalaman, kundi maka-Diyos na may kapangyarihang makagiba ng mga *kuta*…aming ginigiba ang mga *pangangatuwiran* at bawat palalong hadlang laban sa karunungan ng Diyos, at binihag ang bawat *pag-iisip* upang sumunod kay Cristo" (2 Cor. 10:4-5). Kaya nga, ang ating pakikidigma ay laban sa mga kahibangan at masasamang espiritu na bumubulag sa isipan ng mga tao (2 Cor. 4:3-4). Mayroong espirituwal na tabing sa isipan ng mga tao, at hindi nila natatanggap kung ano ang ipinangangaral. Kung gayon, ang pangangaral ay hindi sapat! Ito ay kailangang masundan ng lingguhan at kung minsan ay mga buwan nang pamamagitan.

**Ang Pamamagitan ay gumagawa ng ilang mga bagay:**

**a.)** Ang pamamagitan ay ang pagsasalita ng Diyos sa pamamagitan natin laban kay Satanas at sa mga kapangyarihan ng kadiliman. Sa pamamagitan ay pinahihina at ginagapos natin ang madilim na mga espiritu na siyang bumubulag sa ating mga tagapakinig. Maaaring paulit-ulit nating kakailanganin na pukpukin o gulpihin ang mga espiritung ito sa loob ng ilang buwan, maging sa pamamagitan ng matalas na mga pagsaway sa iba't ibang wika, o sa ingles, sa tagalog o pareho (1 Cor.15:32, Efe. 6:12,). Inaalis ng pamamagitan ang tabing na tumatakip sa isipan ng mga tao upang sila ay makagawa ng kanilang mga desisyon para kay Cristo (Isa. 25:7).

**b.)** Ang pamamagitan ay nagdudulot kumbiksyon sa ating mga tagapakinig. Ipinapakita ng Banal na Espiritu sa mga tao kung saan sila nagkakamali. Nagdadala ng kumbiksyon at pagkatakot sa Panginoon ang pamamagitan— *"Mali ang dinadaanan ko, papunta ako sa kahatulan!"*

**c.)** Ang pamamagitan ay naglalabas ng *buhay* at *kapangyarihan*. Sa pagmi-misyon walang saysay ang pangangaral lamang! Ang pangangaral ay dapat pangunahan ng mas maraming pananalangin. Ang mga isip ng tao ay binulag ng puwersa ni Satanas at gayundin ng mga henerasyon ng mga pamahiin, tradisyon, at makamundong pilosopiya. Ginambala ng mga hadlang na ito ang mga taong nakikinig kay Apostol Pablo. Nakipagdigma si Pablo sa panalangin laban sa mga madidilim na puwersang ito, at pagkatapos ay ipinakita niya sa kanyang mga tagapakinig ang katotohanan. Ang kanyang mga resulta ay kamangha-mangha! Sinasabi ng mga misyonero, "Aabutin ng maraming mga henerasyon bago magbago ang ating bayan dahil lubhang nakalubog sila sa tradisyon at pamahiin." Subalit ang Diyos at higit na dakila kaysa dito! Dinalaw ni Pablo ang maraming mga mahihirap na dako ng pagmi-misyon. Nanalangin siya ng matindi laban sa masamang puwersa na namumuno (ang iba ay nagsisikap manalangin kasama niya—2 Cor.1:11, Fil. 4:2-4), at pagkatapos ay nangaral siya. Kinilos at binago ng Diyos ang mga tao. Si Pablo ay nagkaroon ng nakamamanghang mga resulta sa loob lamang ng ilang taon. Sa loob ng sampung taon, nagkaroon siya ng mga lumalagong iglesia sa maraming bahagi ng sibilisadong mundo. Hindi kailanman pinalakas ni Pablo ang ideya na kakailanganin pa ang maraming henerasyon para magbago ang mga tao…

Ang pamamagitan ay kinakailangan din upang dalhin ang lahat ng mananampalataya sa *kaganapan*. Sinabi ni Pablo na siya ay, "nakaranas ng hirap sa panganganak" hanggang si Cristo ay mabuo sa buhay ng mga wala pa sa gulang na mga taga-Galacia (Gal. 4:19). Labis siyang nanalangin araw at gabi para sa bagong mga mananampalataya ng Tesalonica, upang ang kanilang pananampalataya ay maging ganap (1 Tes. 3:10). Naramdaman din niya ang *matinding alitan* at kagipitan habang siya ay namamagitan para sa iglesia ng Colosas (Col. 2:1).

**2. ANG SALITA NG DIYOS—** (Ang Tabak ng Banal na Espiritu - Efeso 6:17.) Si Satanas ay palaging natatakot sa matalim na tabak at sa mga taong alam kung paano ito gamitin nang mahusay. Ang Salita ng Diyos ay liwanag din na nagbubunyag sa kaaway (Aw.119:130). Kapag pinahiran ang Salita ng Diyos, nagpapakita ito nang kung ano ang mali sa ating mga puso at kung ano ang nararapat gawin tungkol dito. Nagapi ni Jesus si Satanas sa pamamagitan ng Tabak (Mat. 4:4, 4:7, 4:10). Tiyakin mo na ang iyong tabak ay matalas at lubos mong nalalaman ang mga kasulatan! Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng karunungan upang malaman kung paano *gamitin* ang kasulatan.

**3. ANG ESPIRITUWAL NA MGA KALOOB—** Ang siyam na mga bungang espirituwal na nabanggit sa Unang Corinto 12:7-11 ay mga sandata na nagbibigay sa mananampalataya ng kalamangan laban sa kaaway! Ang kaloob ng *salita ng kaalaman* ay nagpapakita kung ano ang humahawak sa tao sa pagkaalipin. Maaari din itong magbigay sa atin ng babala sa mga bagay sa hinaharap (Gawa 11:28). Ang *salita ng karunungan* ay nagpapakita sa atin kung ano ang gagawin sa anumang ibinigay na sitwasyon. Ang *pagkilala sa mga espiritu* ay nagbubunyag ng mga *pinagmumulan* ng mga espirituwal na mga pagpapakita upang hindi tayo malinlang. Ang *mga himala* (mga gawa ng kapangyarihan) ay ang kakayahang gumawa ng makapangyarihang mga tanda at mga himala, at magpalayas ng mga masasamang espiritu. Kayang sawayin si Satanas sa pamamagitan ng *kaloob ng iba't ibang wika. Ang mga propesiya* ay nagbibigay sa atin ng direksyon, pag-asa at mga pangako, at malinaw na maipapaliwanag sa atin ang tunay na mga motibo ng ating puso. Sinabi ni Pablo na ang mga personal na mga propesiya na sinalita sa ating mga buhay ay tumutulong sa atin upang labanan ang isang mabuting pakikipaglaban (1 Tim.1:18). Napagtatagumpayan ng *pananampalataya* ang sanlibutan at si Satanas (Ef. 6:16,

Jn. 5:4), at kayang maglipat ng mga bundok. At ang *mga kaloob ng pagpapagaling* ay nagpapawalang-bisa sa mga gawain ng Diyablo (Gawa 10:38).

**4. ANG LAHAT NG BUNGA NG BANAL NA ESPIRITU—** (Galacia 5:22-23). Ang bawat bunga ng Espiritu ay malalakas. Ang **kapayapaan** ang nag-iingat sa atin na hindi mayanig sa mga pagsisinungaling o pag-atake ni Satanas, kundi ang ilagay siya sa ilalim ng ating paa (Rom. 16:20). Sa kawalan ng kapayapaan ang kaaway ay nagkakaroon ng kalamangan laban sa atin. Ang **kagalakan** ay ating kalakasan! Ang kagalakan ay isang nagpapahina ng lakas laban sa pagkaawa sa sarili at di-pagpapatawad, at pinananatili nitong malayo si Satanas. Hindi kayang sirain o panghinain ni Satanas ang mga Kristiyano na puno ng kagalakan. Ang **pagpipigil** ay tumutulong sa atin na disiplinahin at kontrolin ang ating mga gana at emosyon. Sinasamantala ni Satanas ang mga mapagmalabis. Ang lahat ng bunga ng Espiritu ay mga *kalakasan*, at samakatuwid ay isang makapangyarihan depensa. (Tingnan ang TUNAY NA KRISTIYANISMO, sa ilalim ng "Tunay na Kalakasan.")

**5. MAGANDANG PAGTITIPON NG MGA KRISTIYANO—** (Heb.10:25, 3:13). Ang pagtitipon ang nagpapanatili sa atin na maging balanse, lumalago at pinangangalagaan. Ang pagtitipon ay isang matibay na depensa laban kay Satanas. Ang kaaway ay natatakot sa mga pangkat na nagkakasama sa pagkakaisa, ngunit sinisila niya ang mga nag-iisa. Ang estratehiya ni Satanas ay ang pangalatin ang kawan at pagkatapos ay saka susunggaban ang nahiwalay na mag-isa. Ibahagi mo sa mga tagapanguna na inilagay ng Diyos saiyo ang mga kapahayagan at ang mga bagay na sa palagay mo ay ipinakita saiyo ng Diyos. "Sa karamihan ng mga tagapayo ay mayroong tagumpay" (Kaw. 24:6). Dalhin ang lahat sa liwanag. Sinisila ng kaaway ang nakabukod na mananampalataya sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanya ng *kahina-hinalang mga kapahayagan*. At pagkatapos ay pinananatili niya itong nakakulong sa pamamagitan ng pagsasabi sa kanya na huwag ibahagi ang kapahayagan sa sinuman dahil hindi nila ito mauunawaan o matatangap.

**6. PAGSAMBA, PAGPUPURI, PAGKAKAGALAK—** Ito ay nagpapalaya sa atin mula sa sarili at mga pagbabawal. Ang mga takot, kaduwagan at pagkabahala sa sarili ay mga kaaway na pumipigil sa paggawa ng kalooban ng Diyos at mula sa pagiging epektibong mga saksi para kay Cristo. "Sapagkat hindi tayo binigyan ng espiritu ng [kaduwagan]" (2 Tim.1:7). Ang pagpalakpak ng mga kamay, pagpupuri, pagsamba, at pagsasayaw sa harap ng Panginoon ay nagpapalaya sa atin mula sa mga tanikala ng kaduwagan at pagmamataas, patungo sa isang bagong pagbubukas ng espiritu sa Diyos. Ang Panginoon ay naninirahan sa mga papuri ng Kanyang bayan! Ang presensiya ng Diyos ay nananahan sa mga taong nagagalak. At kung nasaan naroroon ang espiritu ng Panginoon, mayroong kalayaan (2 Cor. 3:17). Ang kagalakan at pagkakagalak ay mga nakamamatay na sandata laban kay Satanas. Ikinasisiya ni Satanas ang mapasa-paligid ng mga taong negatibo, malungkutin, mapamuna, at mapait. Ito ay *pagkain at pagtitipon* para sa kanya. Ngunit pinananatili niya ang agwat mula sa mga taong puno ng kagalakan ng Diyos. Si Satanas ay walang kagalakan, at kinapopootan niya ang mga taong mayroon nito. Ang maging maligaya at masaya ay isang malusog na bagay!

Sa isang pagkakataon ang mga masasamang espiritu ay nagsalita sa pamamagitan ng isang taong sinapian ng demonyo, at sinabi nila, "Namumuhi kami kapag ipinapalakpak ng mga Kristiyano ang kanilang mga kamay. Sa tuwing nagsisipalakpak sila ng kanilang mga kamay, ito ay katulad ng *pagsuntok* sa amin sa lahat ng bahagi."

Ang paksang pagsasayaw ay nagiging isyu na ngayon sa Simbahan. Alam nating lahat na sa bawat mabuting bagay na ginagawa ng Diyos, mayroong isang huwad! At sa mundo ng iglesia ngayon ay may pagpasok ng mga bagong anyo at istilo ng pagsasayaw sa mga gawain. Ang pagsasayaw mismo ay hindi masama. Kahit ang Panginoon ay may kakayahan para sa kasiglahan at pisikal na pagpapahayag (Sef. 3:17). Si haring David ay sumayaw nang may galak sa harap ng Panginoon ng kanyang buong lakas (2 Sam. 6:14-15). Sakamatuwid, ito'y nasa kasulatan na sumayaw sa Panginoon. — Subalit ang pagsasayaw ay dapat sa Panginoon—isang kusang pagpapahayag ng kagalakan sa Kanya.Ang pagsasayaw ay hindi dapat gawing batas. Hindi ito dapat naglalapit ng pansin sa sarili, ni hindi ito para sa palabas at libangan. Ang tunay na kagalakan at pagsasayaw sa harap ng Panginoon ang talagang makapagpapalaya sa atin mula sa maraming mga pagkakagapos—sa mga pagmamataas, takot, kaduwagan, at pagkabahala sa sarili.

May ilang taon na ang nakalilipas ang *revival* ay bumuhos sa paaralang Bibliya kung saan ako ay isang residenteng guro. Ang isa sa mga pinakatampok nang *revival* ay ang direksyon ng Espiritu na sumayaw sa harap ng Panginoon. Talagang kamanghamanghang makita ang mga ministeryong ipinanganak sa kapaligirang ito. Marami sa mga mag-aaral ang napalaya mula sa kanilang mga tanikala at nakapagpropesiya ng salita ng Panginoon nang may katapangan. Sa mga panahong ito ang Banal na Espiritu ay malinaw na nasalita, na nagsasabi, "Binibigyan ko kayo ng kapangyarihan na tapakan ang mga ahas at alakdan habang kayo ay sumasayaw." Ang tunay na pagsasayaw sa espiritu ay isang tiyak na sandata laban kay Satanas, at isang na paraan ng espirituwal na pagpapalaya. Hinahamak ni Satanas ang ang kasiglahan, at kinukutya ang kagalakan ay pagkakagalak sa Panginoon.

**7. PINAHIRANG MUSIKA—**Ang tamang musika ay isang *mahalagang* susi upang makalaya ang espiritu ng propesiya, pagkakaroon ng pagkalaya mula sa mga tanikala, pagdadala ng mga kagalingan, at pagpapalaya sa mga kaloob na espirituwal (2 Har. 3:15-16, 1 Sam.16:14-23). Kung ang tamang musika ay makapagdadala ng *pagkapalaya*, sa gayon ang maling musika ay makapagdadala din ng *pagkagapos*. Ang musika ay nasira ni Satanas. Ginagamit niya ang musika upang maakit ang mga tao palayo sa Diyos, papunta sa kanyang sarili. Ang kaharian ni Satanas ay itinataguyod ng musika! Ang darating na AntiCristo ay maghihikayat ng pagsamba sa kanyang sarili at kay Satanas sa pamamagitan ng huwad na pinahirang musika (Dan. 3:1-7, Pah.13:8).

Kung ikaw ay isang musikero, italaga mo ang iyong kaloob sa Diyos at hilingin sa Kanya na tulungan kang magkaroon ng isang dalisay na pagpapahid. Karamihan sa mga musika ngayon ay hinaluan ng espiritu ng mundo. Tandaan, ang tamang musika ay isang sandata laban sa kaharian ni Satanas. "Kanyang sinasanay ang aking mga daliri sa pakikipaglaban" (Aw.144:1). Ang pinahirang mga saliri sa mga teklado o kwerdas ay makapagdadala ng matinding pagpapalaya. Hilingin sa Diyos na tulungan kang makapagtugtog ng mahusay (Aw. 33:3).

**8. ANG TAMANG PAGSASAKRIPISYO—**Ang pagsasagawa ng tamang pagsasakripisyo ay nagbibigay-daan sa atin na bugbugin si Satanas. Inalay ni Job ang sakripisyo ng pasasalamat matapos mawala ang lahat ng bagay na mayroon siya (Job 1:19-21). Ito ay isang dagok kay Satanas! Inaasahan ni Satanas na si Job ay tatalikod sa Diyos at susumpain Siya. Pinagtagumpayan ni Job ang kanyang kalagayan at si Satanas nang ihandog niya ang sakripisyo ng pasasalamat. Ang sakrispisyo ng pagsunod (pagtugon sa kung ano ang tinutukoy ng Diyos sa ating buhay) ay isa pang tiyak na paraan ng pambubugbog kay Satanas (Jer. 7:22-23). Sa tuwing sumusunod tayo sa Diyos, ay pinarurusahan natin ang kaaway.

Ang sakripisyo ng pagsunod ay isang sakripisyo na hindi magawa ni Satanas. Sa katunayan, hindi kayang gawin ni Satanas ang alinman sa mga sakripisyong ito. Sa Awit 51:17 ay isa pang sakripisyo—ang

sakripisyo ng isang bagbag na espiritu. Ang sakripisyong ito ng malambot at bagbag na espiritu ay ang bunga ng maraming mahirap na mga gawa ng pagsunod. Pinalalakas ng sakripisyong ito ang isang tao upang sirain si Satanas na matigas ang puso at puno ng hinanakit. Magkakaroon lamang tayo ng kapangyarihan laban kay Satanas kapag tumanggi tayong kumilos kagaya niya. Sa biyaya ng Diyos, tayo ay maghandog ng lahat nang tamang pagsasakripisyo at sirain ang Tagausig. (Tingnan ang TUNAY NA KRISTIYANISMO-Tunay na Pagsasakripisyo."

**9. KATUWIRAN—** Efeso 6:14 ay tumutukoy sa baluti ng katuwiran na tumatakip at nag-iingat ng ating mga puso laban sa masasamang espiritu na dumarating sa atin. Kung wala ang baluting ito ay mabubutasan tayo ng kaaway, at ang mga masasamang hangarin at pagnanasa ay papasok. Iniingatan ng katuwiran ang ating mga puso. Kapag ang isang Kristiyano ay hindi namumuhay ng matuwid, siya ay mawawalan ng proteksyon at madaling matablan ng maraming masasamang palaso. Kailangang mag-ingat tayo *kung saan* tayo pumupunta at *kung sino* ang ating kasama maglakad. Si Satanas ay may karapatang hatulan tayo at *pumasok sa atin* kapag tayo at hindi namumuhay ng tama (Gawa 5:3). Ang katuwiran ang nag-iingat sa ating mga puso mula sa kahatulan at ginagawa tayong matapang at malakas ang loob laban kay Satanas (Kaw. 28:1). Huwag mong pahintulutan ang iyong sarili na maging bukas sa pag-atake sa pamamagitan ng pagkabigong maprotektahan ang iyong puso ng baluti ng katuwiran. Si Jesus ay nakabigkis ng katuwiran, at pinapagod ni Satanas ang kanyang sarili sa paghahanap ng anumang mapapasukan sa Kanyang buhay (Jn.14:30, Isa.11:5).

**10. TAMANG PAGPAPAHAYAG—** (Pah.12:11) Si Satanas ay nadaraig sa pamamagitan ng salita ng ating patotoo, sa pamamagitan ng kung ano ang ating ipinahahayag. Ang ipinahahayag natin sa ating mga bibig ay napakamahalaga! Hindi natin dapat sinasang-ayunan o ipinahahayag ang mga damdaming ibinibigay ni Satanas sa atin— (mga takot, pagdududa, masasamang nararamdaman) o tataglayin natin sila. Tinataglay natin ang ating ipinahahayag! Mag-ingat din tayo sa sinasabi natin *sa* Diyos, at sa sinasabi natin *tungkol* sa Diyos. Sinabi ni Caleb at Josue, "Kung kalulugdan tayo ng Panginoon ay dadalhin nga niya tayo sa lupaing iyon. Kayang kaya nating lupigin iyon." Ngunit sinabi ng iba, "Namatay na sana tayo sa lupain ng Ehipto…Bakit kaya tayo dinala ng Panginoon sa lupaing ito, upang tayo'y bumagsak sa tabak?" (Bil.13:30, 14:8, 14:2-3). Matapos mapakinggan ito sa loob ng dalawang taon, sa wakas ay itinaas ng Diyos ang Kanyang kamay at sinabi, "Ako'y buhay, sabi ng Panginoon, *kung ano ang sinabi ninyo sa aking pandinig ay gayon ang gagawin ko sa inyo*. Ang inyong mga bangkay ay mabubuwal sa ilang na ito" (Bil.14:28-29). Ibinigay ng Diyos sa lahat kung ano ang kanilang ipinahayag. Si Caleb at Josue ay nakarating sa lupain, at ang lahat ng natirang mga tao ay nangamatay sa ilang.

Nakipaglaban si Jonas sa nadaramang di-pagpapatawad laban sa mga taga Ninive at Asiria dahil sa kanilang labis-labis na pagmamalupit sa Israel at sa ibang mga bansa. Ayaw mangaral ni Jonas sa kanila, nais niyang mahatulan sila. Pagkatapos ng ilang *panghihikayat* sa wakas ay dumating din si Jonas sa Ninive at nangaral. At ang ikinatatakot niyang mangyari, ay nangyari! Nagsisi ang Ninive, at binago ng Diyos ang Kanyang pag-iisip tungkol sa paghusga sa kanila. Nagalit si Jonas! Gayunpaman, pakinggan ang patotoo at pagpapahayag ni Jonas sa Diyos— "O Panginoon, alam ko na ikaw ay Diyos na mapagpala, mahabagin, hindi kaagad nagagalit, sagana sa tapat na pag-ibig at nalulungkot sa kasamaan (Jonas 4:2). Sang-ayon sa mga sinabi ni Jonas tungkol sa Diyos, ay ganun din ang pinakitungo ng Diyos sa kanya. "Kung ano ang sinabi ninyo sa aking pandinig ay gayon ang gagawin ko sa inyo" Ang Diyos ay naging mapagpala, mahabagin, hindi kaagad nagagalit, at napakabuti kay Jonas, at napakamahinuhod din. Tayo ay pakikitunguhan ng Diyos sang-ayon sa ating ipinahahayag sa Kanya. Kung gayon, ang mga salita natin sa Kanya, at tungkol sa Kanya ay kailangang maging tama!

Mahalagang iwasan ang mga sumusunod na deklarasyon— “Ito ay magiging isang katakot-takot na araw,” “Wala nang pag-asa, ano pa ang saysay” o “hindi na bubuti pa ang mga bagay.” Ang mga pagpapahayag na katulad nito ay mga *malikhain*, ngunit sila rin ay mga paanyayang higaan kay Satanas. Ang pang-araw-araw nating ipinapahayag ay dapat— “Ito ang araw na ang Panginoon ang gumawa, tayo’y magalak at matuwa! (Aw.118:24).

**11. KARUNUNGAN AT KAHINAHUNAN—** Ang karunungan ay nagbibigay-daan sa mga mananampalataya na makilala ang mga taktika at motibo ni Satanas. Sinabi ni Pablo, “Sapagkat kami ay hindi mangmang tungkol sa kanyang mga balak” (2 Cor. 2:11). Ang karunungan ay tumutulong sa atin na makilala ang mga motibo ng *mga tao*. Si David ay kumilos nang may karunungan sa sambahayan ni Saul (1 Sam. 18:14). Ang paglakad na ito ng karunungan ay nag-ingat kay David sa maraming pagkakataon, sapagkat ang kanyang mga kaaway ay determinadong patayin siya. Ang karunungan ng Diyos ay mas higit kaysa kay Satanas; samakatuwid, ang karunungan ng Diyos ang tutulong sa atin na magkaroon ng tagumpay laban kay Satanas. (1 Cor. 2:6-8, 1:25). Ang espiritu ng karunungan ay kaloob ng Diyos sa karapat-dapat na naghahanap. (San. 1:5-8).

**12. PANANAMPALATAYA—** (Ang pananampalataya ng Anak ng Diyos, hindi ang ating pananampalataya) Ang pananampalataya ay pinalulusog ng isang malapit na relasyon sa Nagtatag at Nagpasakdal ng ating pananampalataya, at sa ating pagtugon sa Kanya kapag Siya ay nangungusap sa atin. Ang pagsunod ay humahantong sa pananampalataya. Ang pananampalataya ay isang *kaloob* at isang *bunga*. Ang bunga ng pananampalataya ay isang pang-depensang sandata, at ang kaloob ng pananampalataya naman ay pang-opensang sandata laban kay Satanas. Ang kalasag ng pananampalataya ay sumusugpo sa lahat ng nag-aapoy na palaso ng Masama (Efe.6:16). Ang kalasag ay pang-depensang sandata. Ang kalasag na ito ay *bunga* ng pananampalataya. Nakikita tayo nito sa madidilim at mahihirap na panahon ng mga pagdududa at mga takot na lumalaban sa ating isipan. Ito ay katulad nang ipinahayag ni Job sa kanyang madilim na pagsubok— “Kapag ako’y kanyang nasubok, ay lalabas akong parang ginto.” Ang *kaloob* ng pananampalataya ay isang pang-opensang sandata. Ang ganitong uri ng pananampalataya ay naglilipat ng mga bundok. Inuutusan nito ang mga sitwasyon na magbago (Mc. 11:23). Pinagtatagumpayan ng pananampalataya ang sanlibutan.

**Hangaring mapuspos ng Espiritu. Maging bukas sa espirituwal na mga paghahayag na nagpapalaya sa atin sa kagalakan. Ang pananalangin din sa Espiritu ay nagpapasigla at nagpapalakas ng mananampalataya. Ang maging puspos ng Espiritu ay tumutulong sa atin na hindi tupdin ang mga pita ng laman. Tandaan, ang pagpapahid ay sumisira ng bawat pamatok (Isa. 10:27). Kaya nga, gawing pangunahin ang mapuspos ng Espiritu (Ju. 1:20; Ef. 5:16; 1 Cor.14:4, 18; Gal. 5:16).**

# *PAGTUTULI*

## Isang Mensahe ng Espiritu Ngayon

**PAGTUTULI— Pagputol ng laman, isang pagputol ng karumihan —Sa espirituwal, ito ay isang pag-aalis ng natural, makasalanan, likas na katangian ni Adan na ipinanganak sa atin (mga likas na kagustuhan, pagkahilig, at likas na pag-iisip).**

**DI-PAGTUTULI—Kumakatawan sa karumihan. Nangangahulugan ito na ang laman (o kung ano ang ipinanganak sa atin) ay hindi pa naaalis—ang lumang kalikasan kasama ang mali nitong mga kagustuhan, pamamaraan, paraan ng pag-iisip, at mga pagtugon ay nananatili pa rin.**

### *Walang Mamanahin Kung Walang Pagtutuli*

ANG PAGTUTULI ay tumutukoy sa isang gawaing espirituwal na ginagawa sa ating mga puso sa pamamagitan ng Tabak (o Salita ng Diyos). Kahit na sa Lumang Tipan napagtanto ng Israel na ang pisikal na pagtutuli ay may malalim na mga implikasyong espirituwal. "Tuliin ninyo ang balat ng inyong *puso*, at huwag ninyong pagmamatigasin ang inyong ulo" (Deut.10:16, Jer. 4:4). Naunawaan nila na ito ay kumakatawan sa isang gawain ng pagtubos sa espiritu ng tao.

• (Genesis 17:7-14). Upang matanggap ni Abraham at ng kanyang mga inapo ang kanilang mamanahin, kinailangan silang matuli. Ang kanilang mamanahin ay pisikal na lupain, ang Canaan. Ngunit sa lupain ding iyon ay ang isang banal na bundok, ang Sion. Ang ating mana ay espirituwal—isang pagkatawag, isang ministeryo, isang posisyon sa Kaharian, isang dakong malapit sa Panginoon. Subalit kung walang pagtutuli, walang pagtatamo ng pamana.

Upang mamana ang lahat ng mayroon ang Diyos para sa atin, dapat ay lubusang tayong matuli. Kailangang pahintulutan natin ang matalas na talim ng Tabak upang putulin ang anumang dako ng karumihan o mga bahagi na *likas* pa rin sa atin. Ang layunin ng Tabak ay upang putulin ang laman at *upang sirain ang ating kaaway.*

Marami ang hindi pinahihintulutan ang Panginoon na lubusang tuliin ang kanilang mga puso ng matalas na talim ng tabak. Ang mga lugar na ito ng di-pagtutuli kalaunan ay magiging pagkabagsak ng isang tao kapag siya ay nagsisimula ng magkaroon ng anumang makabuluhang bunga. (Posibleng makarating sa ilan sa ating mamanahin at pagkatapos ay mawala ito.) Ang ating kaligtasan ay nasa kabuuang pagtutuli at kabanalan. Wala nang mas mabuti kaysa sa kabuuang gawain ng Tabak sa ating mga buhay sa pamamagitan ng Espiritu.

• (Exodo 4:19-26). Isinugo ng Diyos si Moises sa Ehipto upang dalhin ang mga Israelita sa Canaan, ang kanilang mana. Nasa isipan niya na ang mga Israelita ay kinakailangang matuli upang makapasok sa lupain, sinubukan ni Moises na dalhin sila na ang kanyang sariling pamilya ay hindi tuli, at ang Diyos ay nagalit sa kanya. Ang pagtutuli ay hindi makatotohanan sa sarili niyang tahanan. Nilalabag ni Moises ang sarili niyang mensahe. Ang kanyang sariling anak na lalaki ay hindi tuli. Hahatulan na sana siya ng Diyos dahil sa hindi paggawa ng kanyang ipinangangaral. Ang Diyos ay seryoso sa pagtutuli.

• (Josue 5:2-9). Ang sumunod na henerasyon kalaunan, nang si Josue ay malapit ng patnubayan ang mga tao sa papuntang Canaan sa kanilang mana, ay kinailangan nilang huminto sa Gilgal upang tuliin ang bagong henerasyon, sapagkat hindi nila mamamana ang mga pangako ng Diyos kung walang pagtutuli.

• (Ezekiel 44:9). Ang isang tao ay hindi maaaring ganap na makapasok sa presensiya ng Diyos o sa dakong kabanal-banalan kung siya ay hindi natuli. Ang Panginoon mismo ang ating mana, at ang di-pagtutuli ay nagbabawal nang ganap na paglapit sa Kanyang presensiya. (Aw. 65:4). Ipinapakita sa Ezekiel 44:10-14 na ang hindi nalinis na kasalanan sa isang tagapaglingkod (di-tuli na puso) ay maaaring magpigil sa kanya mula sa dakong kabanal-banalan.

## *MGA TANDA NG ISANG NATULI NA PUSO*

**1. HINDI NAGHAHANAP NG PAPURI NG TAO—** *"At ang pagtutuli yaong sa puso, sa espiritu at hindi sa titik; ang kanyang pagpupuri ay hindi mula sa mga tao, kundi mula sa Diyos"* (Rom. 2:28-29). Ang totoong pagtutuli ng puso ay pinatunayan sa mga taong mas nababahala sa kung ano ang iniisip ng Diyos sa kanila kaysa sa iniisip ng iba. "Ang kanyang pagpupuri ay hindi mula sa mga tao, kundi mula sa Diyos." Sila ang mga may kamalayan sa Diyos kaysa sa kamalayan ng tao. Ang kahihiyan, pagkapahiya, at ang takot na matanggihan dahil sa pagkakilala kay Cristo ay isang seryosong uri ng di-pagkatuli. May mga ilang kalalakihan at kababaihan na maaaring hindi makakarating sa langit dahil sa sila ay hindi pa talaga natutuli sa bahaging ito ng kanilang mga buhay (Jn.12:42-43). *Natural* na lamang ito na ikahiya natin si Cristo—sapagkat tayo ay ipinanganak na natural at hindi tuli. Ngunit nais ng Diyos na alisin ng Kanyang Tabak ang ganitong kamalayan ng tao at pagkaalipin upang tayo ay hindi na masiraan ng loob sa kung anuman ang iniisip o sinasabi ng mga tao tungkol sa atin. Gayundin naman, wala sa kasulatan ang manabik tayo ng labis para sa papuri at pagsang-ayon ng tao. Kailangan lang nating hanapin ang pagsang-ayon ng Diyos. Minsan ayaw gawin ng mga tao ang kalooban ng Diyos, o iniiwanan ang iglesia na kanilang kinalakihan, o pumunta sa misyon dahil natatakot sila na hindi maintindihan o hindi sang-ayunan ng mga kamag-anak o mga kaibigan. Ang tanikalang ito ng di-pagkatuli ay humahadlang sa isang pamilya sa pagkuha ng kanilang mamanahin na naplano na ng Diyos para sa kanila, maliban na lamang kung ang tabak ng pagtutuli ay inanyayahan upang putulin ang kalikasang ito.

**2. HINDI MATIGAS ANG ULO O MAY PAGTUTUTOL SA BANAL NA ESPIRITU**— *"Kayong matitigas ang ulo at hindi tuli ang mga puso't mga tainga, kayo'y laging sumasalungat sa Espiritu Santo"* (Gawa 7:51, Jer. 6:10). Kapag ang isang tao ay hindi makarinig ng maayos, ito ay dahil may problema ang puso—ito ay hindi tuli. Ang mensahe ni Esteban ay hindi natanggap ng mga Israelita at ng hindi pa nagbabagong-loob na si Pablo dahil sa katigasan sa kanilang mga puso, katigasan ng ulo, at pagkabaon sa *tradisyon*. Ang lahat ng ito ay di-pagtutuli ng espiritu. Kapag si Cristo ay nagsasabi ng pagkakaroon ng *tainga upang makinig*, Siya ay tumutukoy sa isang natuling tainga. Ito ang derektang resulta ng isang puso na tinuli. Kailangan natin ng isang malambot, madaling mabaluktot, nakikinig na mga puso. Ang ating mga puso ay hindi dapat na maging matigas at may paglaban sa Diyos at sa Kanyang mga mensahe. Ipinanganak tayong may pagtutol sa ating mga puso at iyan ay dahil ipinanganak tayong hindi tuli!

Ang tradisyon ay di-pagkatuli! Ang tradisyon ay maaaring maging isang kaisipan na nagtatakda kung ano ang nais gawin ng Diyos. *"Ito ang paraan kung paano namin ito ginagawa, hindi kami magbabago!"* Si Apostol Pedro ay bulag sa isang pangunahing bahagi ng kanyang teolohiya, at ito ay nakakahadlang sa maraming tao mula sa pagpasok sa Iglesia. Sinabi ng Panginoon, "Humayo kayo sa buong sanlibutan, at

inyong ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng nilikha" (Mc.16:15). Ngunit ang mga naunang alagad (kasama na si Pedro) ay nangaral lamang sa mga Judio at sa mga proselita sa kanilang mga sinagoga. Napagtanto lamang ito ni Pedro at ng mga apostol pagkalipas ng sampung taon na nais ng Diyos na ang lahat, Judio at Gentil, ay makarinig ng ebanghelyo (Gawa 10:28, 11:18).

**3. TUNAY NA PAGSAMBA, WALANG PAGTITIWALA SA LAMAN**— *"Sapagkat tayo ang pagtutuli, na sumasamba sa Diyos sa espiritu at nagmamapuri kay Cristo Jesus, at walang anumang pagtitiwala sa laman"* (Fil. 3:3-5). Narito ang tatlong iba pang mga katunayan ng pagtutuli sa puso.

***"Pagsamba sa Espiritu."*** Hinahanap ng Ama ang sasamba sa Kanya sa Espiritu at sa katotohanan (Jn. 4:23). May mga ilan na tinutuya ang pagpapalakpak at pagtataas ng kamay, pagkakagalak at pagsasayaw sa Panginoon, at iba pang anyo ng espirituwal na pagsamba. Ngunit ito ay di-pagkatuli! Ang mga paghamak sa mga ito ay natural lamang, ngunit hindi espirituwal. Ang mga paghahayag na ito ng Espiritu ay eksakto mismo sa kung ano ang iniutos ng Diyos upang mapalaya ang isang tao sa kanyang espirituwal na mga pagkagapos.

***"At magalak kay Jesu-Cristo."*** Magalak tayo, hindi lamang sa kung ano ang ginagawa Niya, o sa kung paano Niya tayo ginagamit sa ministeryo. Nawa ay magalak tayo sa Kanya, sa kung Sino lamang Siya. Ito ay isa pang tanda ng pagkatuli sa espiritu.

***"At walang pagtitiwala sa laman."*** "Pagtitiwala sa laman" ay pagmamalaki sa kung ano ang magagawa ko sa aking sarili. Minsan ang mga mangangaral ay mga mahuhusay at may mga karisma at personalidad, na pakiramdam nila ay hindi na nila kailangan pang humingi sa Diyos. Kasunod ay ang pagbagsak nila! Ito ay halos isang sumpa para sa isang babae at lalaki na maging sobrang mahusay. Mapalad ang tao na nararamdaman ang kanyang pangangailangan sa tulong ng Diyos (Jn. 5:19, 30). Tanging ang mga tao lamang na umaasa sa Diyos ang nananalangin…mga taong kagaya ni Jesus. Si Cristo ay walang tiwala sa kung ano ang magagawa Niya sa Kanyang sarili kung wala ang Kanyang Ama sa Langit. Sa susunod na pahina ay nagbigay kami ng listahan ng labinlimang sintomas ng pagiging "mapagtiwala sa laman"

*Mga halimbawa ng pagiging "mapagtiwa sa laman"*

- Tiwala sa sariling mga kakayahan o talento (1 Cor. 8:2, Gal. 6:3)
- Likas na karisma, personalidad, at magandang hitsura (Ezek.16:15, 28:17)
- Magagawa ko ito. May mga kasagutan ako (Jn. 5:30)
- Mapag-aaralan ko ito. Kaya kong gawin ang mga bagay (Kaw. 23:4)
- Magagawa ko ito sa aking sarili. Hindi ko kailangan ang sinuman. (Heb.10:25, 1 Cor.12:14)
- Mayroon akong pagkilala at intuwisyon. Nababasa ko ang mga tao. (1 Sam.16:7)
- Kaya kong alamin ang mga problema ng mga tao— (ang espiritu ng sikolohiya). (1 Kg. 8:39)
- Masasabi ko kung ito ba ay tama o mali sa pamamagitan ng aking kakayahan. (Obad. 1:3)
- Kaya kong gumawa ng sarili kong mga desisyon. Alam ko kung ano ang pinakamabuti. (Jer.10:23)
- Kaya kong pumunta dito, kumita ng pera, at planuhin ang aking kinabukasan. (San. 4:13-14)
- Kaya kong hulaan ang hinaharap. Kaya kong bigyan ng kahulugan ang Bibliya. (Ef.1:17-18)
- Naiintindihan ko kung paano kumikilos ang Espiritu. Marami na akong naging karanasan. (Jn. 3:8)
- Nagawa ko na ito sa loob ng maraming taon, alam ko kung ano ang ginagawa ko. (Lu. 4:4)
- Alam ko ang aking puso, Naiintindihan ko ang aking sarili. (Jer.17:9)
- Tumatakbo sa mga nakaraang bilis o nakaraang mga karanasan (Huk.16:20)

Ang lahat ng nasa itaas ay di-pagkatuli. Maaari nila tayong hadlangan mula sa pagkuha ng ating mamanahin.

**4. KAKAYAHANG MAIBABA ANG SARILI; KAKAYAHANG MAGSABI NG— "NAGKAMALI AKO"** Para sa mga di-natuli ang puso, napakabigat magsabi nang— "Nagkamali ako, nakagawa ako ng isang pagkakamali, patawarin mo ako." Mas pipiliin pa nilang sisihin ang iba kaysa tanggapin ang anumang pagkakamali o kahinaan. Ang mga tumalikod ay ayaw umaming— "Nagkasala ako" (Lev. 26:40-41). Sila na mga di-tuli ang puso ay tumatanggi din na tanggapin ang anumang parusa o pagbabawal para sa kanilang kasalanan. (Inaasahan ng Diyos na tanggapin natin ang kaparusahan o mga paghihigpit para sa malulubhang kasalanan.) Kapag ang isang lingkod ay may malubhang pagkakasalang moral, dapat siyang maging handa na bumaba para sa isang pagkakaton na muling mabawi ang katotohanan at upang ipakita sa iglesya na ang kasalanan ay hindi dapat binabalewala. Higit na malubha kapag isang Kristiyanong *lider* ang nahulog kaysa sa isang karaniwang tao ang makagawa nito. Ang Diyos ay may mas mataas na mga kwalipikasyon at pamantayan para sa isang lingkod kaysa sa isang karaniwang tao. Kapag ang isang nahulog na lider ay tumangging magpadisiplina o mapagbawalan, siya ay hindi totoong nagsisisi. Ito ay nagpapakita na hindi talaga siya nagsisisi, na ang Panginoong Jesu-Cristo at ang Kanyang Iglesya ay napahiya. Nagsisisi lamang siya na ang kanyang *posisyon* ay nasa panganib.

## Tatlong mga Dahilan sa Pagdidisiplina Kahit sa Pagkatapos ng Kapatawaran

**(Levitico 26:41)**

1.) **Upang makatulong na paalalahanan ang nagkasala—**Kung walang displina, ang mga tao ay madalas makalimot at inuulit muli ang parehong mga kasalanan. Ang ipinataw na kaparusahan ay nandoon upang tulungang ipaalala sa kanya ang bahaging iyon ng kahinaan. Ang kahinaang iyon ay nangangailangan ng espesyal na pansin.

2.) **Upang magsilbing babala para sa iba—**Ang iba ay mag-iisip ng dalawang beses kapag nakita nila ang kaparusahan. Pinasisigla nito ang banal na pagkatakot sa kanila. Bilang resulta ang parusa ay nagsasabi na— "Ang kasalanan ay seryoso."

3.) **Binababago ng kaparusahan ang Kristiyanong katangian at biyaya—**Ang mga paghihigpit at pagpapahirap ng pagdidisiplina pagkatapos ng kasalan ay nagbabago ng Kristiyanong katangian. Kahit na ang isang tao ay pinarusahan sa kanyang kasalanan, ang mga pagpaparusa ay gumagawa ng isang gawaing pangkaligtasan sa puso. Si David ay may mga kaparusahan sa kanyang kasalanan ng pangangalunya at pagpatay (2 Sam. 12:10). Ang lahat ng bagay na ginawa ng Diyos ay Kanyang habag.

### Mga Halimbawa nang Pagpaparusa sa Kasulatan

• **Tinanggap ni Moises ang isang paghihigpit.** (Deut. 3:26). Si Moises ay hindi nakapasok sa lupang pangako dahil sa pagkawala ng kontrol sa kanyang galit at nang padalus-dalos na pagsasalita sa kongregasyon. Nabali din niya ang isang walang hanggang *anyo* nang hampasin niya nang makalawang ulit ang bato. Ang Diyos ay nagnanais ng higit pa mula sa isang pinuno, lalo na mula sa isang tao na kagaya ni Moises. (Aw.106:32-33).

• **Tinanggap ni David ang parusa para sa pangangalunya at pagpatay.** (2 Sam.12:10). Sinabi kay David, “Kaya ngayon ay hindi kailanman hihiwalay ang tabak sa iyong sambahayan.” Ngunit nagkaroon siya ng tagumpay kahit na habang siya ay naghihirap. Ang Diyos ay gumawa ng isang malalim na gawain ng biyaya sa kanyang buhay sa pamamagitan ng kanyang karagdagang mga paghihirap. Gayunpaman, ay kinilala ni David na hindi siya binigyan ng Diyos ng kaparusahan na nararapat para sa kanya. (Aw.103:10). Alam niya na marami pang iba ang nakamit niya.

• **Tinanggap ni Hezekias ang parusa para sa kanyang kapalaluan** pagkatapos niyang ihayag ang kanyang mga lihim sa mga kaaway (Isa. 39:1-8).

• **Si Asa ay *ayaw* tumanggap ng pagsaway at kaparusahan** dahil umaasa ng tulong sa mundo, sa halip na magtiwala sa Panginoon. Sinabi ng Diyos sa pamamagitan ng isang propeta, “Ikaw ay gumawang may kahangalan sa bagay na ito, sapagkat mula ngayo’y magkakaroon ka ng mga digmaan.” (2 Cron.16:7-14). Galit na galit si Asa sa propeta. Sa paggawa nito, ay nagpapakita siya ng pagkagalit laban sa Panginoon na Siyang nagsasalita sa pamamagitan ng propeta. Sa gayon, si Asa ay di-tuli sa puso, sa espiritu.

**Ang espirituwal na pagtutuli ay nagbibigay ng kakayahan sa isang tao na ihayag ang kanyang mga pagkakamali, kabiguan, at kanyang pangangailangan para sa iba. Hindi mahirap para sa kanya na amining, “ako ay nagkamali.” Ang totoong pagtutuli ay kapakumbabaan, ang di-pagkatuli ay kahambugan (Lev. 26:40-41).**

**5. ANG KAKAYAHAYANG MAHALIN ANG PANGINOON AT TUPDIN ANG KANYANG MGA UTOS—** “Tutuliin ng Panginoon mong Diyos ang iyong puso at ang puso ng iyong binhi, upang ibigin mo ang Panginoon mong Diyos ng buong puso at kaluluwa mo, at susunod sa tinig ng Panginoon at iyong gagawin ang lahat ng kanyang mga utos na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito (Deut. 30:6, 8; 10:16). Sinabi ng Panginoon na gagawin Niya ito, ngunit kinakailangan ang kooperasyon sa ating bahagi! Ipinangako rin Niyang tutuliin ang puso ng ating mga anak. Ang Diyos ay nagsisimula sa mga magulang. Sa mga Taga-Corinto, binigyang-diin ni Pablo na ang totoong kahulugan ng pagtutuli ay upang “tuparin ang mga kautusan ng Diyos” (1 Cor. 7:19).

**6. ANG KATAPATAN SA PANGINOON AT SA ATING MGA KASAMA—** (Jer. 4:4, 3:14, 3:20). Sinabi ng Diyos kay Juda na Siya ay kasal sa kanila, ngunit sila ay nagtaksil sa Kanya sa parehong paraan nang kung paano iniiwang ng taksil na asawang babae ang kanyang asawa. Sinabi ng Diyos na ang kanilang problema ay ang pusong di-tuli (Jer. 4:4). Ang kawalang katapatan sa Panginoon o sa isang kasama ay dahil sa isang di-tuli at pinatigas na puso (Mat. 19:8). Ang dahilan para sa lahat ng pagdidiborsyo at lahat ng pagkakanulo ay isang pinatigas, di-tuling puso. Ang matigas na puso ay hindi na makapagpatawad o magkapagbigay ng malasakit. Samakatuwid, *ang hindi pagpapatawad ay hindi rin pagkatuli*. Nawa ay pahintulutan natin ang Diyos na tuliin ang ating nangangapal at walang pakiramdam na mga puso (Ezek. 36:26).

**7. ANG MALINIS NA DILA—** (Natuli na mga bibig - Ex. 6:12, 30). Inihayag ni Isaias na ang kanyang mga labi ay marumi sa Isaias 6:5. Siyempre, ang tunay na problema ay hindi ang mga bibig, sapagkat ito ay sa kasaganaan ng *puso* na ang bibig ay nagsasalita (Lu. 6:45). Ang di-tuli na mga labi ay nangangahulugan na ang mga salita ng tao ay marumi dahil marumi rin ang kanyang puso.

8. **MALINIS ANG BINIBIGKAS NG PUSO—**Si Jesus ay isang lingkod ng pagtutuli *para sa katotohanan ng Diyos, upang mapagtibay ang mga pangako na ginawa kay Abraham at sa mga ninuno*

(Rom.15:8). Tinutuli ng mga salita ni Jesus ang puso ng Kanyang mga tagapakinig. Siya'y dumating upang magdala ng katotohananan sa puso upang ang mga buhay ng tao ay tunay na magpanibagong-anyo. Ang isang pusong nabago at tinuli ay ang natatanging uri ng puso na may kakayahang maangkin ang mga pangako na ginawa sa mga ninuno. Tinutupad din ng isang natuli na puso ang Awit 15:2, "Mula [sa kanyang] puso ay nagsasalita ng katotohanan" Ang ganitong uri ng puso ay patuloy at sadyang pinipili na ipahayag kung ano ang totoo. Huminto tayo at pakinggan kung ano ang ating sinasabi sa ating mga sarili!

***9.*** **ISANG PUSONG SUMASAMPALATAYA—** "O napakakupad ang mga puso sa pagsampalataya" (Lu. 24:25, Mk.16:1). Ang isang pusong natuli ay mabilis na naniniwala. Hindi naintindihan ng Israel ang buong punto patungkol sa pagtutuli. Labis silang nasangkot sa mga ritwal nang pisikal na pagtutuli, ngunit hindi naging sensitibo sa mensahe nito. Ang mahalagang bagay ay hindi ang *simbolo*, kundi ang *kahulugan*! Ang kanilang mga puso ay di-natuli at hindi sumampalataya —ito ang dahilan kung bakit ang henerasyon ni Moises ay hindi nakaabot sa lupang pangako. Ito rin ang dahilan kung bakit hindi makilala ng henerasyon ni Cristo ang kanilang Tagapagligtas. Si Pablo ay nagbigay ng mga karagdagang kahulugan sa pagtutuli sa Galacia 5:6, 6:15. "Ang [pisikal] pagtutuli o di-pagtutuli ay walang kabuluhan, [at pagkatapos ay ibinigay niya ang espirituwal na kahulugan] kundi *ang pananampalataya na gumagawa sa pamamagitan ng pag-ibig"* at "*ang bagong nilalang*" o binagong buhay.

## *PAGSUPIL SA HULING MGA PANGKAT NG PAGTUTOL*

**Ang Talumpu't-Isang Mga Hari**

*Ayon sa A. B. Simpson's na babasahin*

**Ang Josue 12:9-24 ay isang talaan ng tatlumpu't-isang mga hari na kinailangang palayasin ng Israel mula sa Canaan upang siguraduhin ang pamana na ipinangako ng Diyos sa kanila. Bawat isa sa mga haring ito ay kumakatawan ng isang nakaluklok na bahagi ng pansariling buhay kung saan ang *kaakuhan* ay naghahari pa rin sa halip na si Cristo na ating Panginoon. Tatawagin natin silang *lukbutan ng pagtututol!* Ang mga haring ito ng sarili ay mayayabang, mapagsarili at mapaggiit ng sarili. Bawat isang hari ay maingat na nagbabantay ng kanyang sariling lugar na dinodomina, labis na sinasalungat ang sinuman na magtatangkang umapak kahit na isang pulgada man lang sa kanyang teritoryo. Subalit ang tatlumpu't-isang mga hari na ito rin ang dahilan ng hindi pagkakaisa sa mga kapatid, sapagkat kung saan naghahari ang *sarili*, kailanman ay walang pagkakaisa! Kaya nga, kung tayo ay kailangang makapasok sa ganap na *kapahingahan*, at kung tayo bilang mga indibidwal ay darating sa isang tunay na pagkikipag-isa sa ating mga kapatid na Kristiyano, ang tatlumpu't-isang mga hari na ito ay *dapat* mahatulan sa pamamagitang ng Tabak.**

**Yamang ang *mga hari* na ito ay kahanga-hangang naghahari sa ating mga buhay, tayo ay hinahadlangan nilang magkaroon ng totoong pagmamahal para sa mga kapatiran. Habang pinahihintulutan natin ang tabak ng Diyos na hatulan ang mga haring nakaluklok sa pansariling buhay, tayo ay darating sa kalagayan ng "tunay na pag-ibig sa mga kapatid" (1 Ped.1:22). Ang mensaheng ito ng tatlumpu't-isang hari ay para sa mga mananampalataya na nakarating na sa ilang, tumawid sa Jordan at may isang antas ng kaganapan. Gayunpaman, hinihingi nila ang pagpapako sa krus sa kalooban ng mga partikular na naghaharing mga panginoon ng pansariling buhay.**

***BAWAT ISANG HARI AY KUMAKATAWAN SA ISANG NAMUMUNONG PANGINOON NG PANSARILING BUHAY***

**HARI 1 – SARILING-KALOOBAN** (Isang taong nagtatakda ng kanyang sariling pagkilos) Ito ang isa sa pinakamatinding mga kakulangan ng tao. Siya ang amo ng kanyang sarili—siya ang nasa trono kapalit ng Diyos. Maraming mga Kristiyano ang may posibilidad na gumawa ng *sarili nilang* pagpipili at mga desisyon. Sa halip na magtanong sa Diyos, "Ano *ang kalooban Mo? Paano Kita mapaluluguran*?", sinasabi ng tao sa Diyos kung ano ang kanyang mga plano, at pagkatapos ay hinihiling sa Diyos na pagpalain ang mga ito. Nagbubunga tayo ng katulad na uri! Kapag ang isang tao ay may sariling kalooban, magbubunga siya ng mga anak na may sarili ring kalooban. Kapag ang mga anak ay may sarili ng pamamaraan, ang ama ay mayroon nang buhay na aralin sa kanyang harapan! Isang malungkot at naguguluhang ama ang nagtanong, "Bakit sinusunod ng aking anak ang sarili niyang kagustuhan!" Sumagot ang Diyos, "Ngayon alam mo na kung ano ang pakiramdam Ko tungkol sa iyo. Ni hindi ka kailanman nakinig sa Akin." Manalangin tayo para sa kalikasan ng Kordero na nagsabing, "Hindi ang kalooban ko ang mangyari kundi ang sa Iyo." (tingnan sa Santiago 4:13-16.)

**HARI 2 – PAGPAPALUGOD SA SARILI** (Pagpapakain sa isang kaakuhan) Ang paboritong aralin ng taong ito ay *Ako*. Sinasarili niya ang mga pag-uusap, tungkol sa kanyang sarili, ang kanyang mga karanasan, at mga naabot. Ang ating unang tungkulin, gayunpaman, ay ang maglapit nang tuon sa Diyos, at pagkatapos ay lumayo na sa larawan. Dapat ay palagi nating ituro kay Cristo. Sinabi ni Pablo, "Huwag tingnan ng bawat isa sa inyo ang kanyang sariling kapakanan, kundi ang kapakanan ng iba" (Fil. 2:3-4). "Purihin ka ng ibang tao at huwag ng iyong sariling bibig; ng dayuhan, at huwag ng iyong sariling mga labi" (Kaw. 27:2, 2 Cor.12:2-5).

**HARI 3 – PAGHAHANGAD PARA SA SARILI** (Anong meron dito para sa akin? Ano ang makukuha ko dito?). Sinabi ni Napoleon, "Ang mga taong tanging pinagmamalasakitan ko ay ang kapakinabangan sa akin!" Wala na siyang paggagamitan sa iba. Nawa'y hindi tayo magkasala ng *paggamit* ng mga tao para sa ating sariling kapakinabangan. Ang totoong pag-ibig ayon sa Unang Corinto 13, ay hindi makasarili. Ang pag-ibig ay hindi ipinipilit ang sariling kagustuhan, sa halip ay pinapasan ang lahat ng bagay, at tinitiis ang lahat ng bagay. Ang ganitong uri ng pag-ibig ay katangian; Iniisip muna nito ang pangangailangan ng iba.

**HARI 4 – PAGPAKAMPANTE SA SARILI** (Pagsawalang-kibo—Ako ay sapat na bilang ako, hindi ko na kailangang magbago.) Iniisip ng mga Taga-Laodicea na naabot na nila ang tuktok ng espirituwalidad (Pah. 3:17). Inakala nilang nasa kanila na ang lahat. Tunay nga na ito ay pagkabulag at pagkalinlang (1 Cor. 8:2, Gal. 6:3). Ang saloobing ito ay eksaktong kabaligtaran ng isang taong naghahanap sa Diyos (Aw. 42:1-2, Mt. 5:6). Ang mga taong *nakuntento* sa kung ano sila, ay tumigil na sa paglago. Kahit si Apostol Pablo ay nasabi, "Hindi sa ito'y nakamit ko na…nagpapatuloy ako tungo sa mithiin." Malibang mayroon tayong nagpapatuloy na paglago at pangitain, mamamalagi tayo nang walang-ingat (Kaw. 29:18). Kapag ang isang indibidwal o mga iglesiya ay tumigil sa paglago, ito ay dahil tumigil silang tumugon sa mga *sariwang katotohanan*. Sila ay namumuhay sa nakaraan at kuntento na sa nakaraan (Pah. 3:1) Isang kakila-kilabot na bagay ang hindi lumaki sa loob ng dalawampung taon!

**HARI 5 – PAGMAMALAKI SA SARILI** (kahambugan, pagmamalaki, nagmamayabang) "Baka ang Israel ay magmalaki laban sa akin, na sinasabi, 'Ang sarili kong kamay [ang nagligtas sa akin]'" (Huk. 7:2).

Bagaman sinasabi ng hari na ito na "Kaluwalhatian sa Diyos," ang ibig niya talagang sabihin ay *"Kaluwalhatian sa AKIN."* Ipinagmamalaki niya ang kanyang mga tagumpay at kakayahan. Marahil ay

gumagamit siya ng malalaki, kumplikadong mga salita at retorika upang maging importante pakinggan at mapabilib ang iba. Sinabi ni Cristo kung hinahangad natin ang papuri ng tao, ito lamang ang ating magiging gantimpala (Mt. 6:2, 6:6). Ang maling mga motibo ay nagpapahina sa puso ng tunay na mananampalataya (Jn. 5:44). Si Pablo ay nagbabala, "Huwag tayong maging palalo" (Gal. 5:26, Fil. 2:3).

**HARI 6 – PAGTITIWALA SA SARILI** (kalakasan ng tao, tiwala sa laman. Fil. 3:3) Ang matatag na haring ito ay nagtitiwala sa kanyang sariling pag-iisip at kanyang sariling paghatol. Siya ay may tiwala sa kanyang sarili. Hindi niya kailangan ang sinuman—alam niya kung ano ang kanyang ginagawa. May kontrol siya sa lahat ng bagay at kayang ayusin ang kanyang problema sa kanyang sarili. Siya ay taong ginawa ang sarili; mayroon siyang mga sagot. Ngunit ito ay kabaligtaran ng banal na pagtitiwala na mayroon si Jesus, na Siyang nagsabi; "Wala akong magagawa sa Aking sarili" (Jn.15:4, 5:30).

**HARI 7 – PAGKABAHALA SA SARILI** (Isang nakapangingilabot na pagkaalipin ng pag-aalala) Inuugnay ng haring ito ang lahat ng sinasabi o ginagawa sa kanyang sarili. Bawat salita, hitsura, at pagkilos ay maingat na inaaral. Ipinapalagay niyang pinag-iisipan at pinag-uusapan ng lahat ang tungkol sa kanya. Siya ay isang bilanggo ng sarili niyang imahinasyon. Minsan ang mga kabataang babae ay gumugugol ng mahabang oras sa salamin sa pag-ayos ng bawat buhok sa tamang lugar dahil iniisip nilang sinusuri sila ng lahat ng tao. Ito'y isang nakapakalaking ginhawa na *mapagtanto* na ang mga tao *kahit minsan* ay halos hindi nga makapag-isip ng tungkol sa atin. Ang katotohanan ay, katulad lang din natin sila, iniisip nila ang tungkol sa kanilang mga sarili.

**HARI 8 – LABIS NA PAGPAPAHALAGA SA SARILI** (Ang pakiramdam ng tao sa sariling kahalagahan o kadakilaan) Ang nakaupong hari na ito ay may napakalabis ng kaakuhan at napakabilis bumigay sa pagkagalit o depresyon kapag siya ay hindi natrato bilang isang hari (Jer. 48:29). Gaano karaming mga mananampalataya ang nakatanggap ng kaalaman at pagsasanay sa loob ng ilang taon, sa tingin nila ay nalampasan na nila ang kanilang mga guro at pastor! Ang ilan pa nga ay natatangay sa pagkalinlang na sila ay mga espesyal na mangangaral na ipinadala ng Diyos upang itama ang kanilang mga lider.

**HARI 9 – PAGPAPAKABABA NG SARILI** (Patuloy na pinabababa ang sarili) *Hindi* ito makatutulong na paulit-ulit nating ibinababa ang ating mga sarili o patuloy tayong nakabantay sa ating mga pagkukulang. Ito ay isang pag-kaabala sa *sarili* sa halip na isang pagtuon sa Panginoon, at iniiwan nito ang isang tao na walang kapangyarihan. Mas makabubuting sabihin na, "Magagawa ko ang lahat ng bagay sa pamamagitan ni Cristo na nagpapalakas sa akin," Sa gayon ang pagpapahalaga ay naka'y Cristo sa halip na nasa "AKIN". Sa Filemon 1:6 ay inuutusan tayo na, "Kilalanin ang bawat mabubuting bagay na nasa atin sa pamamagitan ni Cristo Jesus." Ibigay sa Banal na Espiritu ang pagkilala para sa lahat ng mabubuting bagay na Kanyang ginawa sa ating mga buhay. Alisin natin ang pagbibigay pansin sa ating mga sarili, at ibigay sa Kanya. Kung wala tayong mabubuting opinyon para sa ating mga sarili, malamang hindi rin tayo magkakaroon ng magandang opinyon para sa iba. Nais ng Diyos na magkaroon tayo ng kapaki-pakinabang na pagpapahalaga sa sarili. Ang pagtanggap sa sarili ay mahalaga rin para sa mabuting espirituwal na kalusugan. "Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong *sarili*." Kaya, dapat nating ibigin ang ating mga sarili sa isang kapaki-pakinabang na paraan.

**HARI 10 – PAGTATANGGOL SA SARILI** (Nagtatanggol sa mga karapatan, matibay na nakatayo para sa posisyon ng isang tao) Ang haring ito ay may pangangailangan na maging tama. Iginigiit niya ang kanyang mga karapatan, ipinaglalaban ang kanyang posisyon, at binibigyang katuwiran ang kanyang sarili at kanyang mga pamamaraan—kahit hanggang kamatayan. Mas gugustuhin ng haring ito ang mamatay kaysa sa sumuko. *Hindi* siya kumbinsido na ang "pagbaling ng kabilang pisngi" ay talagang para sa

ngayon. Ni hindi rin siya naniniwala na ang mga kawalang katarungan ay inordina ng Diyos upang dalhin siya nang mas malapit sa trono (Gen. 50:20). Ang ilang mga Kristiyano ay dumaraan sa buhay na hindi kailanman natututunan ang aral na ito. Ang pinaka-ideya ng pagkakatawang-tao ay *ang pagtatakwil ng mga karapatan!* Paano naman tayo? Mas mabuti pa ba tayo kay Cristo? Sinabi ni A.B Simpson "Taimtim akong naniniwala na karamihan sa mga pagpapalang ibinigay sa akin, sa aking buhay at ministeryo ay dumating dahil sa mga masasamang bagay na sinabi ng mga tao tungkol sa akin, at dahil ginawa ng Diyos na mapahintulutan ko silang gawin ito.

**HARI 11 – PAGKASENSITIBO SA SARILI** (Labis na pagkasensitibo, madaling matisod) Labis na pinoprotektahan ng haring ito ang kanyang sarili. Labis niyang iniintindi ang sarili niyang nararamdaman, ngunit kadalasan ay walang malay na nasasaktan na niya ang iba. Kakatwa lang na, kapag inaakusahan niya ang iba nang walang pagmamalasakit at walang pakiramdam sa kanya, hindi niya alintana kung gaano niya sila sinasaktan sa pamamagitan ng pag-aakusa sa kanila (Rom. 2:1). Hindi bibitawan ng hinanakit ng isang pagkakamali. Ang paghihinanakit ay isang tanikala, isang kawalan ng kakayahang bitawan ang isang pagkapinsala! Naiintindihan ng Diyos ang lahat ng mga dahilan na nahihirapan ang mga tao dito, at nais din Niyang bigyan tayo ng kasagutan! Hanapin natin Siya at pakinggan kung ano ang sasabihin Niya sa atin.

**HARI 12 – SARILING PANANAW** (Isang taong nakikita lamang ang mga bagay mula sa sarili niyang pananaw) Ito ay ang haring matigas na nagpapahayag, "May isang paraan lamang upang gawin ito!" Si Apostol Pedro ay nakipagpunyagi sa hari na ito sa kanyang buhay. Siya ang taong palaging nagsasabi na "hindi kailanman," ngunit kinailangang magsisi pagkatapos (Mat.16:22, 26:33, Jn.13:8, Gawa 10:14). Ang tatlong mga kaibigan ni Job ay *tumangging matinag* mula sa kanilang mga mapilosopiyang pagtaya sa kalamidad ni Job. Gayunpaman, hindi sila naging kwalipikado upang payuhan o aliwin siya dahil kailanman ay hindi pa nila nakita, narinig, o naranasan man lamang ang alinman sa pagsubok tulad ng kay Job. Samakatuwid, nagkulang sila ng wastong liwanag upang mabisang makapangusap sa kalunos-lunos na kalagayan ni Job. Gayunpaman, ipinagpipilitan nila, "Ito lamang ang tanging paraan upang tingnan ito!" ang saloobin ng *ito ang tanging paraan*, ay sintomas ng ilang pangangailangan. Ito ay nagpapahiwatig na ang lahat ng bagay na maaaring malaman tungkol sa isang paksa ay alam na. Ipinapakita rin nito ang saloobin ng *hindi pagkakamali*. Ngunit ang totoong karunungan ay may isang malawak na hanay ng mga bagay na maaaring mag-alok ng iba pang mga kapaki-pakinabang na alternatibo sa kahinahunan, at alam kung kailan sapat na ang nasabi.

**HARI 13 – MAPAGSIYASAT SA SARILI** (Palaging tinitingnan ang kalooban) Mga pangunahin sa haring ito ang mga talata gaya ng "Sapagkat nalalaman ko na walang mabuti na nananatili sa akin, samakatuwid ay sa aking laman" (Rom. 7:18, 24). Kailanman man ay hindi sinabi ng Diyos sa atin na analisahin o pag-aralan ang ating mga palaisipan sa pamamagitan ng ating isipan bilang tao. Sinasabi ni Jeremias sa 17:9 na hindi natin alam kung ano ang nasa ating puso. Ang Panginoon ang Siyang sumusubok at magpapakita sa atin kung ano ang kailangan nating malaman, sa Kanyang panahon. Hanggang sa sandaling iyon, kailangan nating maging positibo, mapayapa, at panatilihin ang kagalakan sa ating puso. Sinasabi sa Kawikaan 3:5-6, *Magtiwala* sa Panginoon ng lubusan, at huwag kang manangan sa sarili mong kaunawaan. Pahintulutan ang Diyos na ipakita sa iyo kung ano ang kailangan mong malaman tungkol sa iyong sarili, at hayaan mo Siyang dalhin ka sa Kanyang hakbangin. Alam Niya kung kailan ang pinakamabuting panahon upang magsalita.

**HARI 14 – PAGMAMAHAL SA SARILI** (Labis na pagpoprotekta ng sarili at sariling kapakanan) Ang haring ito ay nabubuhay para sa *kanyang sarili* at ipinaghihinanakit ang mga kaabalahan o mga panghihimasok sa kanyang pribadong buhay, oras o kabuhayan. Napakasalungat sa kalikasan ng Diyos, na kusang iniwanan ang kaginhawaan at kahit na ang Kanyang mismong buhay para sa iba! Hindi kailanman pinili ni Cristo ang landas ng kaginhawaan. Ang ilang mga Kristiyano ay tumatangging pumasok sa isang ministeryo o sa ibang larangan dahil sa pag-ibig sa sarili—iniibig nila ang kanilang buhay at ang kanilang seguridad. Ngunit sa paggawa nito, ay pareho itong mawawala. Ang kagalakan ay nasusumpungan kung saan tayo dinadala ng kalooban ng Diyos. Ang kaligayahan ay kung saan ang presensiya ng Diyos ay namamalagi. At ang pinakaligtas na dako sa mundo ay ang nasa gitna ng kalooban ng Diyos. Sinabi ni Cristo, "Ang sinumang nagnanais iligtas ang kanyang buhay [tumutukoy sa pagmamahal sa sarili at pagpapanatili ng sarili] ay mawawalan nito; at ang sinumang mawalan ng kanyang buhay dahil sa akin at sa ebanghelyo ay maililigtas iyon" (Mc. 8:34-35, Mt.19:29).

**HARI 15 – MAKASARILING PAGMAMAHAL** (Minamahal lamang ang mga umiibig sa atin—Lucas 6:32-33) Kapag pinahahalagahan lamang natin ang mga nagpapahalaga sa atin, tayo ay mga ordinaryong Kristiyano. Kahit ang mga makasalanan ay kayang gawin ito! Nagpapasalamat ba tayo para lamang sa mga sang-ayon sa atin at pinupuri tayo? Mayroon pa ba tayong maliit na kapakinabangan para sa iba? Ang ating sinasaklawang pagtitipon ba ay maliit at pili? Sa isang simbahan ng 300, tayo ba ay magiliw lamang sa tatlumpu? Hinahangad ng Diyos na palakihin at gawing mas mapagkawang-gawa pa ang mga puso ng bawat isa sa Kanyang bayan.

**HARI 16 – MAKASARILING MOTIBO** (Gumagawa ng mga pabor para sa iba sa pag-asang makakakuha ng isang bagay bilang kapalit- Lucas 6:34-35.) Ang maliit na haring ito ay nagbibigay ng pera sa Diyos sa pag-asang makakakuha ng higit na pagbabalik para sa kanyang sarili. Marami sa mga *mensahe ng kasaganaan* ngayon ay itinataguyod ang kaisipang ito— "Magbigay sa Diyos nang sa gayon ay muli Niyang maibalik ng makapitong beses sa iyo" Ang Diyos ay tunay na isang mapagbigay na Diyos, at ibig Niyang pagpalain ang Kanyang bayan; ngunit ang ating motibo sa pagbibigay ay hindi dapat na makakuha ng mas higit para sa ating mga sarili. At tandaan—mga totoong tagapaglingkod at ebanghelista, iwasang gamitin ang buong pagawain para lamang mag-apila ng pera!

**HARI 17 – MAKASARILING HANGARIN** (Kaimbutan, isang bagay na para sa AKIN!) Ang haring ito ay naghahangad na magmukhang matagumpay o mayroong seguridad. Hinahanap niyang magkaroon ng malapit na pakikipagkaibigan sa mga kilalang tao upang makakuha ng impluwensiya at kapangyarihan. Ang ilan ay nagsisikap na makapangasawa ng isang partikular na pamilya para sa kayamanan at katanyagan. Kailangang suriin natin ang ating mga motibo upang makita natin kung ano ang umuudyok sa ating mga pananalita at pagsisikap. *Panginoon, bakit gusto ko talaga ito?* Kayang ipakita sa atin ng Diyos ang ating mga motibo (Aw. 139:1-4).

**HARI 18 – MAKASARILING MGA PAGPILI** (Pinipili kung ano ang sa tingin natin ay makakapagpaligaya sa atin, sa halip na tanungin ang Diyos kung ano ang makakapagbigay-lugod sa Kanya) Nagawa ni Lot ang pagkakamaling ito nang piliin niyang manirahan sa Sodoma (Gen. 13:9-11). Ang haring ito ay hindi nagtatanong sa Diyos para sa Kanyang kalooban. Gusto niya ang kanyang sariling kalooban. Dahil nilikha tayo upang magbigay sa Kanya ng kaluguran, kailangang tanungin natin palagi ang Diyos kung saan sa ating mga pagpili ang pinakamakapagbibigay ng kaluguran sa Kanya (Pah. 4:11, Aw. 40:8). Kung hindi tayo nakakapagbigay ng kaluguran sa ating Tagapaglikha, tayo kung gayon ay nabubuhay sa kawalang kabuluhan. Ang buhay ay puno ng mga pagpipili. Kabilang dito ang kung sino ang dapat nating mapangasawa! Maraming mga Kristiyano ang hindi sinusunod ang Diyos sa puntong ito! Ang pag-aasawa sa maling tao ay maaaring makapinsala ng pagkakataon natin na matupad ang pagkatawag ng Diyos. Kaya nga, dapat piliin natin ang Kanyang pinili, sapagkat ito ay magdudulot ng mas maligaya at

kaaya-ayang pagsasama ng mag-asawa—isang pag-aasawa na lumuluwalhati sa Kanya (Fil. 2:13).

**HARI 19 – SARILING KALAYAWAN** (Upang magbigay-lugod sarili) Ang sosyedad ng taga-Kanluran ay mapaghangad sa kalayawan. Ngayon ay naganap ang kasulatan na nagsasabing— "Maibigin sa kalayawan sa halip na maibigan sa Diyos" (2 Tim. 3:4). Ang mga laro, kotse, damit at libangan ay maaaring maging mga idolo rin. Karamihan sa simbahan ay nahuhumaling sa isang walang kabusugan na gana para sa kalayawan. Maraming mga Kristiyano ang naghahangad na lumipat sa *Florida*, hindi dahil hinahangad nilang gawin ang kalooban ng Diyos, kundi ang magkaroon ng isang magaan na buhay sa isang pantropikong klima. Ang ilan naman ay pinahihintulutan ang isang *pagreretirong mentalidad* na makapasok sa kanilang buhay sa napakabatang edad. Ang totoong kaaliwan, gayunpaman, ay masusumpungan sa presensiya ng Diyos, at sa dako ng Kanyang kalooban para sa ating mga buhay. Sa Kanyang presensiya ay may kapuspusan ng kagalakan (Aw. 16:11, 45:7). Kung ako ay nabubuhay lamang upang bigyang-kasiyahan ang aking sarili, nabubuhay ako sa wala (tingnan din sa 1 Tim. 5:6).

**HARI 20 – MAKASARILING PAGMAMAY-ARI** (Isang mapangamkam na espiritu) Ang isang tiyak na paraan upang mahayag ang lihim na kasamaan mula sa kailaliman ng puso ay kapag binigay ang kalayaan ng interpretasyon ng isang *Huling kahilingan at Tipan!* Mga pamilya at pagkakaibigan ang nasira sa samaan ng loob ng isang pinaglalabanang habilin (Lu. 12:13-15). Hindi hinikayat ni Jesus ang lalaking may isang argumento laban sa isang pamana na makipaglaban para sa isang mas malaking bahagi. Nakita ng Panginoon ang isang motibo ng kasakiman sa kanyang puso (Lu. 12:15). Nagbabala si Jesus na ang kaligayahan ay hindi nasusukat sa kung gaano karaming pag-aari ang natitipon natin. Ang mga bagay na nakakamkam ng mga tao ay hindi rin naman nakapagbibigay kasiyahan. Lahat ng mahawakan natin ay nawawala natin, sa malao't madali. Maging bukas ang kamay! Ang mga taong nakakamit ang kayamanan o mga ari-arian sa pamamagitan ng mapanlinlang na pamamaraan ay nagiging mga mangmang at walang bunga (Jer. 17:9-11).

Kapag binigyan tayo ng Diyos ng kaloob o talento, ito ay sa dalawang mga pangunahing dahilan: 1.) Una, ito ay upang itatag at pagpalain tayo (Rom. 1:11); at 2.) ito para sa layuning pagpalain ang iba (1 Cor. 12:7). Ang kaloob ay hindi para itago sa ating mga sarili! Halimbawa, kapag binigyan tayo ng Diyos ng kalakasan sa isang bahagi, ito ay upang tulungan ang iba na mahina sa bahaging iyon. Kapag tayo ay may kalusugan, ito kung gayon ay para sa layunin ng pagtulong sa iba na hindi pinagpala ng mabuting kalusugan. Ang kasaganaan ng pinansiyal na pagpapala ay ipinagkatiwala sa iba upang matulungan nila ang mga mahihirap. Kapag ang ating mga asawa ay may bahagi ng kahinaan, malamang ay binigyan tayo ng Diyos ng dagdag na biyaya sa bahaging iyon upang mabawi ang kanyang kakulangan. Kung gayon, hindi natin dapat pinipintasan ang isang tao sa kanilang kakulangan, ngunit sa halip ay tulungan sila sa ating kasaganaan. Ang ating saloobin sa mga ari-arian ay dapat — "Hindi sa akin ang mga ito, ipinagkatiwala sila sa akin ng Diyos upang tulungan ang iba (Lu.12:15-21; Gawa 4:32).

**HARI 21 – MAKASARILING MGA TAKOT AT ALALAHANIN** (Ano ang mangyayari sa *akin*?) ipinapakita ng haring ito ang batas ng pag-iingat sa sariling buhay. Napakaprotektado niya sa kanyang sarili, at may malubhang problema sa pagtitiwala sa Diyos. "Hindi ako aalagaan ng Diyos!" o "Maaaring hayaan ako ng Diyos na mabigo!" ang ilang mga takot ay nagmumula sa pagmamataas—Baka magmukha akong katulad ng isang mangmang, o baka mapahiya lang ako. Ang mga tao ay nababahala ng ilang buwan tungkol sa isang darating na kaganapan, upang makita lamang nang dunating ito na ang kanilang mga kinatatakutan ay ganap na walang batayan. Kapag ang ating partikular na kinatatakutan ay nakaugat sa pagmamataas, ang kababaang-loob kung gayon ang makakasira ng ating tanikala.

**HARI 22 – MAKASARILING MGA KALUNGKUTAN** (Pinagdudusahan ang sariling kagagawan na mga kalungkutan, o mga kalungkutan mula sa nasugatang kahambugan) "Pinabayaan ako ng Diyos, ang Diyos ay hindi naging patas sa akin." Ang hari na ito ay napakabilis magpataw sa Diyos at sa iba ng pagiging iresponsable at hindi maalaga. Ang ganitong uri ng kalungkutan ay nagreresulta mula sa hindi natupad na mga inaasahan – mga inaasahan sa isang bagay na hindi kailanman nilayon ng Diyos na magkaroon ang sinuman! Kung pinigilan ng Diyos ang ilang pagsisikap o direksyon, ito ay dahil mayroon Siyang higit na mas mabuti sa isip, at ipinakita ang Kanyang kahabagan. Alalahanin na ang kalumbayan na nagmula sa Diyos ay nagdadala ng buhay, ngunit ang sapilitang kalungkutan sa sarili ay nagdudulot ng *kamatayan* (2 Cor. 7:10).

**HARI 23 – MAKASARILING MGA SAKRIPISYO AT PAGTATANGGI SA SARILI** (Pagbibigay upang bigyang kasiyahan ang sarili- 1 Cor.13:1-3). Maaaring ibigay ng isang tao ang lahat ng kanyang ari-arian upang pakainin ang mga mahihirap at ang kanyang katawan ay sunugin bilang isang martir ngunit hindi pa rin magkakaroon ng banal na pag-ibig bilang kanyang pinakapangunahing motibo. Ang mga tao ay maaaring magkaroon ng kakaibang mga motibo. Ang isa ay maaaring mag-ayuno ng apatnapung araw, hindi para lumapit sa Diyos kundi upang sirain ang isang nakatala na o magkaroon ng karanasan upang ipagmapuri. Ito ay isang pag-aayuno upang bigyang kasiyahan ang laman. Minsan ang pagtatanggi sa sarili ay nasa motibo ng pagpapakita ng pagiging relihiyoso. Bantayan ang mga sakripisyo at pagtatanggi sa sarili! Tiyakin natin na ang ating mga motibo ay tama. Naalala mo ba ang kwento ng isang lalaki na sa loob ng dalawampu't limang taon ay nakaupo sa tuktok ng isang haligi at namuhay sa ugat at mga rasyon lahat sa pangalan ng kabanalan? Ano ang nagawa nito? —ang mismong ehemplo ng sariling katuwiran at sariling kamalayan! Ang lahat ng nagawa nito ay ang maglapit ng pansin sa *kanyang sarili*.

**HARI 24 – MAKASARILING PAGKAHUWARAN AT MORALIDAD** (Mas *banal ako kaysa sa iyo.*) Ito ang saloobin— "Mas nakalalamang ako ng isa o dalawang antas kaysa sa iba dahil sa aking mataas na mga pamantayan at mga paniniwala." *Tayo ay mga espesyal na pinili*. Nagbubunga ito ng paglalayo ng sarili mula sa iba at ito ay umuugat sa isang espirituwal na pagmamataas. Ang mga Judio, sa pangkalahatan, ay may pakiramdam na ang mga Gentil ay nasa ilalim nila. Ayaw nilang kumain kasama sila o nakikihalobilo sa kanila. Kung nakipag-ugnayan man sila sa kanila sa pamamagitan ng pangangalakal, ay maingat nilang huhugasan ang kanilang mga kamay pagkatapos (Gawa 10:28, 11:3). Ang hari na ito at dapat patayin, o kanyang hahadlangan ang marami sa pagpunta sa ating mga simbahan.

**HARI 25 – SARILING KATUWIRAN** (Ako ay ako sa pamamagitan ng aking mga ginagawa at pagsisikap) ito ang saloobin at ideya na nagawa ko na maging mabuti ang aking sarili sa pamamagitan ng aking dedikasyon at pagsisikap (i. e. sa pamamagitan ng aking debosyon, sakripisyo, pag-iwas, paghihiwalay.) Bagaman totoo na ang pagsisikap sa ating bahagi ay kinakailangan upang mamuhay ng isang banal na pamumuhay, gayunpaman ang katotohanan ay nananatili na kung mayroon tayong anumang katuwiran o kabanalan sa ating kalooban, ito ay dahil lamang sa biyaya ng Diyos. Samakatuwid, wala tayong anumang maipagyayabang o maipagmamalaki. Si Job ay may isang partikular na problema sa sariling katuwiran. Nang masumpungan ni Job na ang pagkakamali ay nasa Diyos at wala sa kanyang sarili (27:1-6, 32:1, 35:2), siya ay nagkasala nang panlilinlang ng sariling katuwiran. Ang sariling katuwiran ay isang kabanalan na iniisip ng mga tao na kanilang nakamit sa pamamagitan ng kanilang paghihirap at mga pagsisikap. Kaya nga, pakiramdam nila ay nagbibigay ito sa kanila ng karapatan na hamakin ang iba na hindi naghirap nang husto kagaya nila (Lu.18:9-14, Fil. 3:9, Isa. 54:17, 64:4).

**HARI 26 – MAKASARILING KABANALAN AT PAGPAPAKABANAL** (Pamamalagi paikot sa isang pagbabagong karanasan ng nakaraan at pagmamapuri para dito) Ito ay nangyayari kapag ang isang lehitimong karanasan na mayroon tayo sa nakaraan ay nagiging isang idolo at hindi na tayo nakakapagpatuloy sa Diyos. Kapag ang mga tao ay nagkakampo palibot sa isang karanasan, ang karanasan ay nagiging maasim (Pah. 3:1).

Kailangang magkaroon tayo ng bagong buhay na dumadaloy sa atin sa lahat ng panahon, sapagkat walang *iisang* karanasan ang makakapagdulot sa atin na makarating ng mabilis sa kaganapan. Kailangang patuloy tayong lumago at magkaroon ng mga bagong karanasan sa lahat ng oras, o tayo ay matutuyuan. Sinabi ni Pablo na *hindi pa niya nakakamit* sa kabila ng dalawampu't walong taon ng kanyang paglakad kasama ng Diyos (Fil. 3:12-14).

**HARI 27 – MAKASARILING PAGKAKAWANGGAWA AT MGA KALOOB** (Pagbibigay nang may lihim na mga motibo) Minsan ang mga tao ay nag-aambag ng malaking halaga ng salapi sa isang simbahan o organisasyon, ngunit mayroong mga obligasyon. Nais nilang kontrolin ang gawain o gamitin ang mga tao na palaganapin ang sarili nilang mga ideya at paniniwala. Minsan ang mga tao nagbibigay ng pera at mga regalo upang magkaroon ng pampublikong pagkilala o papuri. Sinasabi ng Diyos "Hayaan mo na ito ay sa pagitan Ko at iyo lamang. Huwag mo na itong ipamalita" (Mt. 6:2-4).

**HARI 28 – MAKASARILING KRISTIYANONG GAWAIN** (Kapag ang ministeryo ay naging mas mahalaga kaysa sa relasyon) Ang iglesiya sa Efeso ay naging napakaabala sa paggawa sa pagawain ng Panginoon na napabayaan na nila ang kanilang relasyon sa Diyos (Pah. 2:2-4) Hindi kailanman nilaan ng Diyos ang gawain upang agawin ang lugar ng ating ugnayan sa Diyos. Ang ministeryo ay hindi dapat na maging diyos-diyusan! Ang isang batang lalaki ay ngumunguso kung kukunin mo ang kanyang mga laruan, at gayundin ang isang batang Kristiyano kapag sinabihan siya ng Diyos na umupo at manahimik ng ilang sandali. Sisimangot ba tayo at mawawala ang tagumpay kung aalisin tayo ng Diyos sa ating ministeryo para sa isang panahon upang mangusap sa atin? Ang ganap na Kristiyano ay may kakayahang umupo at maghintay. Ang isang hindi pa ganap ay halos tatalikod kung ang idolo niyang ministeryo ay ginalaw.

**HARI 29 – MAKASARILING PANANALANGIN** (Bigyan mo ako, bigyan mo ako, bigyan mo ako.) Sinabi ng alibughang anak, *Ama, ibigay mo sa akin!* Ngunit pagkatapos niyang lustayin ang kanyang kayamanan sinabi niya *"Ama, gawin mo ako!"* Gawin mo akong anak na nais mong maging ako (Lu. 15:12 vs. 15:19). Ang ngayong pagmamalabis na mensahe ng ebanghelyo ng kasaganaan ay binibigyang-diin ang *Bigyan mo ako!* Bigyan mo ako ng mabilis na sagot, mga probisyon, mga pagpapala, at ang pinakamadaling paraan sa aking mga problema. Ngunit ang mensahe ng kasaganaan ay nabigong bigyang-diin ang *Gawin mo ako!* Panginoon, gawin mo akong karapat-dapat para sa Iyong walang hanggang kaharian, kahit na ang aking kalagayan ay hindi palaging kaaya-aya, at ang mga kasagutan na aking hinahanap ay hindi kaagad na dumarating! Ipanalangin natin— "Ano ang magagawa ko upang makapagdala ng kaluguran sa iyo Panginoon?"

**HARI 30 – MAKASARILING MGA PAG-ASA** (Mga mundo ng panaginip, hindi makatotohanang mga inaasahan) Ang puso ng tao ay nagpapantasya tungkol sa pagiging sikat o mayaman, o nag-iingat ng isang bagay na pagmamay-ari ng iba. Nais ng Diyos na ang Kanyang bayan ay matuto ng kasiyahan sa kanilang kasalukuyang kalalagayan (Fil. 4:11). Dapat nating tiyakin na kung anuman ang ating inaasahan ay ang siya ring ninais ng Diyos na ibigay sa atin (Aw. 62:5).

**HARI 31 – ANG ATING BUONG BUHAY** (Pagkakait ng ating mga buhay mula sa Diyos) Kahit ang ating mismong mga buhay ay hindi dapat angkinin bilang isang makasariling pag-aari kundi isang sagradong pagtitiwala. Sinabi ni Pablo, "Kayo ay hindi sa inyong sarili, kayo'y binili sa isang halaga." "Ngunit hindi ko

itinuturing ang aking buhay na mahalaga sa aking sarili…upang maganap ko lamang ang aking katungkulan" (1 Cor. 6:19-20, Gawa 20:24).

## *PAGKAKATUTO NG TAMANG PAGTUGON SA KAPINSALAAN*

**Ang depresyon, emosyonal at mental na mga karamdaman, at kahit ang pagpapakamatay ay halos palaging nasusundan pabalik sa isang kapinsalaan na hindi natugunan sa tamang paraan. Kung paano tayo tumugon sa pagkadismaya, kabiguan, pagtanggi, at pinsala ay nagdedetermina kung tayo ba ay magkakaroon o hindi ng mabuting mental, emosyonal at espirituwal na kalusugan! Responsibilidad ng Simbahan na turuan ang mga bansa kung paano kayanin at tumugon sa kapinsalaan**

Ibinabaon ng isang tao palalim ang kanyang sarili sa mga hukay sa pamamagitan ng *maling pamamaraan* ng kanyang pagtugon sa mga kasakitan. Ang pamarisan na ito ay nagsisimula sa panahon ng pagkabata. Ang *ating pagtugon sa kapinsalaan* ay higit na mas mahalaga kaysa sa mismong pagkapinsala.

### Pangunahing mga Hakbang patungo sa Hukay

**A. Isang Sugatang Espiritu.** (Ang di-pagkatanggap, matinding kabiguan, o anumang uri ng kapinsalaan.) Ang hindi pagtugon sa kasakitan sa tamang paraan ang problema. Ito ay nagdadala sa hakbang B.

**B. Pagmamatigas ng Puso.** (Sama ng loob) Ang Kasulatan ay nagbabala ng paulit-ulit na huwag pagmatigasin ang ating mga puso. Narito basahin ang Hebreo 3:8, 3:15, 4:7, 4:16, 12:15. Kapag ang isang Kristiyano ay nasugatan o nasaktan, ang *biyaya* (banal na kakayahan) ay kaagad na nakalaan upang alalayan siya at dalhin siya hanggang sa dulo. Gayunpaman, ang mga tao ay madalas na nabibigong iangkop ang nakalaang biyaya na ito at pinipili na panatilihin ang kanilang kapinsalaan kung kaya nahahawaan ng kapaitan at pagkapoot.

**C. Paghihimagsik.** Kung ang isang tao ay patuloy na magmamatigas ng kanyang puso, ang *paghihimagsik* kung gayon ay gagapang papasok. (Ang paghihimagsik ay isang pagpapalaya sa lahat ng mga pagpipigil— isang "Wala na akong pakialam" na saloobin—na nagreresulta sa kawalang-ingat, kamangmangan, at seryosong kasalanan.) Sa tuwing pinatitigas ng isang tao ang kanyang puso at tinatanggihan ang biyaya, ay lumulubog siya *palalim* sa malusak na luwad.

**D. Desperasyon** (Panunumbat ng budhi para sa paggawa ng masama, pagkalito, at ang kawalan ng kakayahang makayanan ang pagdurusa ng pag-iisip. Pagkawala ng paggalang at pagpapahalaga sa sarili.) Ito ay isang pagtitipon ng lahat ng nasa taas at higit pa. Si Satanas kung gayon ay dumarating kasama ng kanyang pagsisinungaling na nagsasabi "Wala ng pag-asa, wala ng pagkagamit, wala ng paraan na makalabas. Tapusin mo nalang ang lahat."

**E. Pagpapakamatay.** (Pagwasak sa sarili, espirituwal o pisikal)
Ito ay napag-alaman sa medikal at sa kasulatan na karamihan sa mga mental at emosyonal na mga problema ay nagmumula sa katotohanan na ang kagalakan, kapayapaan, at isang pakiramdam ng pag-asa ay nawala mula sa kaluluwa ng isang maligalig na tao. Sa gayon, dapat nating isaalang-alang ang mga dahilan kung bakit ang isang indibidwal ay iniiwan ng kagalakan, kapayapaan at pag-asa.

**Ang PAGPAPAKAMATAY ay maaaring isa sa pinakamataas na mga uri ng pagkamakasarili dahil:**

- **Isinasaalang-alang lamang ng pagpapakamatay ang sarili** at iniisip lamang ang sarili, hindi ng iba o ng Diyos.

- **Pinapahamak nito ang iba.** (Pamilya, mga kaibigan, iba pa.) Minsan ang pagpapakamatay ay maaaring maging isang pagtatangka na galitin ang iba.

- **Sinasaktan nito ang Diyos.** Ninanakaw din nito ang isang bagay na pag-aari ng Diyos (Aw.100:3, 1 Cor. 6:19-20).

- **Sinisira nito ang sumusunod na henerasyon.** (Ang pagsira ng isang sarili ay maaaring pagsira din sa susunod na mga bata.)

- **Sinasalungat nito ang mga plano at layunin ng Diyos.** (Ang pagpapakamatay ay ang kabaligtaran ng "Ako ay naparito upang gawin ang Inyong kalooban O Diyos.")

- **Ito ay isang pagtakas** kapag **AKO** ay hindi maaaring maging PANGINOON ng aking sariling buhay o kontrolin ang aking buhay at mga pangyayari. Ito ay isang mapaghigmasik na pagtatangka na tumakas mula sa pamamahala ng Diyos o mula sa buhay.

- **Ito ay isang resulta ng isang pinilipit na mga inaasahan.** (Hindi nangyari kung ano ang gusto **KO**; kaya tatapusin ko na ang lahat nang ito.)

- **Ito ay kabaligtaran ng isang pusong naglilingkod.** Ang isang lingkod ay nagsasabi, "Panginoon, ano ang ibig mong gawin ko? Papaano kita mabibigyan ng lugod?" Ang mga tagapanglingkod ay hindi nagpapakamatay, kundi ang mga panginoon. Ang mga panginoon ang nagpapatakbo ng sarili nilang mga buhay, at ang sarili ang kanilang mga diyos. Kapag hindi nila makuha ang gusto nila o kontrolin ang kanilang buhay, sinisira nila ang kanilang mga sarili. Ang nasaktang kahambugan ay maaaring nasa ilalim ng pagpapakamatay.

- **Ito ay isang kawalan ng takot sa Diyos.** Ang pagkatakot sa Diyos ay naglalagay ng isang banal na pagkakilabot sa ating mga puso na hindi makaabot sa plano at layunin ng Diyos para sa ating mga buhay. Ang pagpapakamatay ay isang kasiraan sa planong iyan dahil sa isang kawalan ng banal na pagkatakot (Heb. 4:1).

- **Ang pagpapakamatay ay isang kahinaan ng pagkatao.** Ito ay isang *pagtakas*, upang maiwasang harapin ang buhay at ang sarili. Sa Silangan, ang mga tao ay nagpapakamatay dahil hindi nila kayang mapahiya, ngunit si Jesu-Cristo ay hinarap ang kahihiyan at pag-aalimura ng nakataas ang noo (Isa. 50:6).

Kamakailan nagbabasa ako ng isang kwento tungkol sa isang batang lalaki na sumubok para sa isang maliit na liga ng koponan ng *baseball*. Siya at ang ilan sa kanyang mga kaibigan ay sumubok para sa parehong posisyon, at lahat sa tatlo ay napakakwalipakado! Nang ang tagasanay ay kailangang gumawa ng mahirap na desisyon, ang batang lalaki ay hindi napili. Labis siyang nasaktan at hindi makayanan ang pakiramdam nang tinanggihan at kabiguan. Ang kanyang naging pagtugon dito at sa iba pang mga sitwasyon ng buhay ay bumuo ng isang pamarisan na magtatapos sa isang pagtatangkang magpakamatay at panahon sa mga mental ospital sa huling bahagi ng kanyang buhay. (Ang mental/ emosyonal na mga problema ay nagsisimula sa maling mga pagtugon na pinaparisan sa ating *kabataan*.)

Pinatigas ng kabataang lalaki ang sarili laban sa kanyang tagasanay at mga kasamahan sa koponan. Habang siya ay lumalaki ang parehong pag-uugali at nagpapatuloy kapag ang buhay ay hindi umaayon sa kanya. Sa kanyang buhay may-asawa hindi niya nakakayanan ang mga pagkainis o pagsuway, o makagawa man lang siya ng mas mahusay sa trabaho o sa kanyang amo. Ang lahat ng mga alitang ito sa kalooban, at ang pagkakasala ng pamumuhay kasama ng ibang babae ay nagdala sa kanya sa mga pagtatangkang magpakamatay. Ang kawawang lalaki na ito ay ibinabaon ang sarili palalim nang palalim sa kanyang sariling hukay at bilangguan ng kasakiman at pagkamakasarili sa loob ng maraming taon. Marahil siya ay lubos na walang kamalayan sa maraming mga batas ng kaharian ng Diyos na kanyang nilalabag. Kapag ang mga batas ng Diyos ay nilabag, ang mga batas ng *buhay* ay nalabag.

## *PAPAANO DINADALA NG MGA TAO ANG KANILANG MGA SARILI SA ISANG HUKAY*

### (Mga sanhi ng Mental-Emosyonal na Karamdaman)

**1.) ISANG SUGATANG ESPIRITU -** (Ang pagkabigo, hindi-pagkatanggap, nawalan, o kawalang-katarungan) Hindi kailanman pinahihintulutan ng Diyos ang Kanyang mga anak na subukin sa anumang bagay na hindi nila makakayang batahin (1 Cor.10:13). Palagi Niyang tinitiyak na ang Kanyang biyaya (kakayahan) ay nakahanda upang magamit kapag tayo ay nasugatan (Heb. 4:16, 2 Cor.12:9). *Ang isang sugatang espiritu* ay ang unang hakbang papunta sa hukay kapag ito ay hindi naayos ng tama (Heb.12:15).

**2.) PAGMAMATIGAS NG PUSO -** (Sama ng loob) Paulit-ulit tayong binabalaan ng kasulatan na huwag pagmatigasin ang ating mga puso. (Heb. 3:8, 3:15, 12:15). Kapag ang isang matanda o bata ay naging matigas at mapait, ito ay dahil nilabanan at tinanggihan niya ang nakalaang biyaya at sa halip ay pinili na pagmatigasin ang kanyang puso. Ang *espiritu ng biyaya* ay nainsulto pagkatapos ng paulit-ulit na pagtanggi (Heb.10:29). Si Karl Marx ay nagpokus sa mga kawalang-katarungan at pang-aapi ng isang manggagawang lalaki sa kanyang kapanahunan at naging mapait. Bilang isang kabataang Kristiyano, tinanggihan ni Marx ang nakalaang biyaya at sa halip ay pinatigas ang kanyang puso. Kayang pantayan o *higitan* ng biyaya ng Diyos ang anumang kawalang-katarungan o sakit na ating hinaharap.

**3.) HINDI PAGPAPATAWAD –** Ito ay nagpapahina ng emosyonal na enerhiya at nagdadala sa malubhang depresyon. Maaari itong makaapekto sa isip, at buong sistema ng katauhan, at lahat ng mga glandula at organo ng ating katawan. Ang hindi pagpapatawad ay nagbubukas din ng pintuan kay Satanas

(2 Cor. 2:10-11, Mt.18:32-35). Ang pangunahing sanhi ng *labis na pagkapagod* ay hindi ang sobrang pagtatrabaho. Ang labis na pagkapagod ay kadalasang sanhi ng mga hindi nalutas na suliranin sa puso (masamang nararamdaman, di-pagpapatawad, sama ng loob, mga takot, atbp). Sa isang nasugatang espiritu, ang isang matigas na puso at hindi pagpapatawad ay nagdadala ng mga depresyon, at marami pang iba, makikita natin kung paanong ang isang indibiduwal ay tiyak na patungo sa kanyang mga hukay. Ngunit sa ilalim ay ang isa pang mahahalagang kadahilanan na nag-aambag sa emosyonal na pagbagsak—ang mga maling inaasahan!

**4.) MGA INAASAHAN SA MALING KINALALAGYAN.** Ito ay pangunahing dahilan ng mga alitang nararamdaman ng tao. Ang mga maling inaasahan ay maaaring mag-iwan sa isang lalaki o babae ng lubos na pagkawasak. Hindi nilayon ng Diyos para sa isang tao na hanapin ang kanyang *lahat-lahat* sa iba pang tao (isang kasintahang babae, kasintahang lalaki, asawa, mga anak) o sa trabaho, propesyon, o anumang bagay. Ang ating mga inaasahan ay dapat nasa Diyos lang mismo at sa Kanya lamang (Aw. 62:5). Samakatuwid, kapag ang buong buhay ng isang tao ay nakabalot sa buhay ng iba, sa trabaho o iba pang bagay—kapag ang mga ito ay nasira ang kanyang buong mundo ay masisira din. Ito ang nangyari sa buhay ng isang batang lalaki na gustong maging tanyag na manlalaro ng *baseball*. Ang kanyang buong buhay at pagkakilanlan ay nakabalot sa *baseball*. Nang siya ay nilagpasan ng pagkakataon para sa isang posisyon na gusto niya, para sa kanya ito na ang katapusan ng mundo.

**5.) KAWALAN NG PANANAW NG DIYOS -** (Ang pananaw ng Diyos sa kawalang-katarungan) Kapag hindi nakikita ng mga tao ang mga bagay sa pananaw ng Diyos, iniisip nila ang ganitong mga kaisipan—"Dinaya ako." "Hindi ito patas." "May mga karapatan ako." Narito muli ang dahilan kung bakit ang mga tao ay lubhang naliligalig at nagdurusa sa kanilang mga kaluluwa! Ito ay dahil hindi nila makita ang nakatagong kamay ng Diyos sa likod ng mga kawalan ng katarungan (Gen. 50:20, Rom. 8:28). Naunawaan ni Jose na ang bawat kawalan ng katarungan o *hindi patas na pakitungo* na dumating sa kanyang buhay ay inordina ng Diyos upang dalhin siya palapit sa trono. Ang buhay ni Jesus ay puno ng kawalang katarungan. Gayunpaman, ang bawat kawalan ng katarungan, ay gumagawa sa ganang Kanya upang bigyan Siya ng isang Pangalan na higit sa lahat ng iba pang pangalan sa langit at sa lupa (Fil. 2:5-11). Nakalulungkot lang na ang kabataang manlalaro ng bola ay hindi sinanay sa mga prinsipyong Kristiyano, at hindi nakayang unawain na kapag hinahadlangan ng Diyos ang direksyon na ating tinatahak, ito ay dahil may mas mahusay Siyang alternatibo na nasa isip.

**6.) NAWAWALA ANG PAGPAPASALAMAT –** Ang ibang dahilan kung bakit ang mga tao ay hindi nasisiyahan ay dahil tumitingin sila sa iba at *inaasahan* ang pagkakapantay-pantay. Kapag ang iba ay nagtataglay ng isang bagay na wala sila, pakiramdam nila ay *nilalamangan* sila. Nagbabala ang kasulatan laban sa paghahambing ng ating mga sarili sa iba (2 Cor.10:12). Ang baluktot na opinyon ng pagkakapantay-pantay na itinataguyod ng sanlibutan ay nagdudulot lamang ng kapaitan. Ang ating saloobin ay dapat: "Ni hindi nga ako karapat-dapat sa kung anuman ang mayroon ako ngayon!" Nais ng Diyos na matutunan ng Kanyang mga tinubos ang biyaya ng pagiging mapagpasalamat **sa** at **para sa** lahat ng bagay. Ang pagpapasalamat ay *gumagamot* sa lahat ng pagrereklamo, kapaitan, at pamumuna. Maaari bang magpasalamat sa Panginoon ang kabataang manlalaro nang hindi siya nakasali sa koponan? Maaari ba niyang batiin ang isang kabataan na napili? Nagmalasakit man lang ba siya sa ikatlong kabataan na *hindi* rin nakasama sa koponan? (Rom.12:10,15, 1 Thes. 5:18). Syempre hindi. Iniisip lamang niya ang tungkol sa kanyang sarili.

**7.) PAGMAMATAAS -** (Isang bagay para sa AKIN) Marahil ang pinakamalaking sanhi ng emosyonal na alitan ay pagmamataas. Ang malalaking pagkamakaako ay hindi kayang palampasin ang masalungat o matanggihan sa kung ano ang gusto nila. Alalahanin na, hindi mga kordero ang nasasaktan at nananatili sa ganoong paraan, kundi ang mga panginoon. Isa sa matitinding dahilan na gusto ng mga taong "tapusin na ang lahat" ay dahil gusto nilang maging panginoon ng kanilang buhay at upang magkaroon ng kontrol sa kanilang

mga kalagayan. Kapag hindi nila kinakaya ang pananagutan, naghahanap sila ng lusot. Ano kung gayon ang daan sa kapayapaan at isang payapang isipan? Ito ay sa pagkakaroon ng isang naglilingkod na puso, at ikinalulugod na gawin ang kalooban ng Diyos at hindi ang sa ating sarili. Nilalabag ba natin ang Roma 12:3? Nakatuon ba tayo sa paggawa kay Jesus bilang Panginoon ng ating mga buhay o naghahanap tayo na maging panginoon? Tandaan— Ang ugat ng lahat ng kasalanan sa tao ay ang nais niyang maging panginoon ng kanyang buhay, sa halip na pahintulutan ang Diyos na magkaroon ng Kanyang tamang luklukan.

**8.) PAGHIHIMAGSIK –** Ito ay isang "Wala na akong pakialam" na saloobin. Tumigas na ang puso. Iningatan ang isang pagkakasala. Inilagay ang mga inaasahan sa kung saan ay hindi dapat. Ang pagpapasalamat at pananaw ng Diyos ay nawawala. Ang biyaya ay inayawan at tinanggihan. Ngayon ay nakaupo na ang paghihimagsik, at ang nasaktan ay nagpapatuloy na sa kasalanan sa pagtatangkang maging manhid at mangibabaw ang pakiramdam na hindi niya kaya o hindi niya inaayos ang—kasalanang moral, mga droga, o alak. Marahil ginagawa niya ang lahat nang ito upang galitin ang nakasakit…mga magulang, isang kasintahang lalaki, kasintahang babae, o isang dating asawa. Kapag ang biyaya ay inayawan, ang kakayahang makitungo ng may layunin at kakayahang makayanan ang mga nararamdaman ay nawawala. At ang kailaliman ay nagiging palalim nang palalim.

**9.) SUMBAT NG BUDHI – Ang resulta ng pamumuhay sa kasalanan.** (Isang maruming konsensiya, panghuhusga, pagkawala ng respeto at pagpapahalaga sa sarili, ang pakiramdam nang walang kabuluhan) Ang tanging lunas sa panunumbat ng budhi ay isang tapat na paghahayag ng kamalian at mga maling nagawa nang hindi sinisisi ang iba (Jer. 3:13). Ang bibig ng kailaliman ay nakabukas ng mas malaki dahil mayroon pa ring isang pagtatanggi upang kilalanin— "Nagkasala ako. Nasaktan ako. Pinatigas ko ang aking puso. Nagpatuloy ako sa sarili kong pamamaraan. Masama ang aking loob at napopoot. Ako ay hindi nagpapatawad. Mali ako."

**10.) DESPERASYON -** (Ang pagkawala ng lahat ng kagalakan at kapayapaan at isang pakiramdam ng kawalan ng pag-asa) ngayon ang kondisyon ay lalong lumala at ang kailaliman ay malapit ng lunukin ang kanyang biktima. Ang puso at isip ay pinahihirapan ng sumbat ng budhi at kalituhan, at ng marami pang ibang *nararamdaman*. Ang ang kakayahang harapin ang buhay ay halos mawala na. (Hos. 13:9). Oo, pinangingibabawan at pinipilit ni Satanas ang mga tao na gawin ang hindi tama, ngunit tandaan—*ang mga nagdaang ginawa at desisyon ng tao ang nagdala sa kanila sa lugar na ito ng kahinaan.*

**11.) PAGSISINUNGALING NI SATANAS –** Si Satanas ay marahas makipaglaban. Sinisipa niya ang isang tao kapag siya ay nadadapa (1Ped. 5:8). Kapag ang kanyang biktima ay napapagod na at sugatan, kaagad itong nililipos ni Satanas ng kanyang mga pagsisinungaling, na sinasabi, "Wala ng pag-asa, wala ng magagawa o anumang paraan, hindi ka na magiging masaya pang muli. Tapusin mo nalang ang lahat!"

**12.) PAGPAPAKAMATAY (pagkawasak ng sarili.)** Ito ang resulta ng hindi pagharap sa lahat ng nauna.

**Ang mga tao ay hindi ipinanganak sa isang *hukay!* Ibinabaon nila ang kanilang mga sarili dito sa pamamagitan ng maling mga pagtugon sa mga kahirapan ng buhay (Mang. 10:8). Sa bawat pagkakataon na pinatitigas ng tao ang kanyang puso, pinalalalim niya ang kanyang hukay. Kung ikaw ay nakababa sa loob ng isang hukay sa pamamagitan ng alinman o lahat ng mga nauna, kung ganoon ay makakaakyat ka ring muli palabas sa pamamagitan ng pagbabaligtad ng kung ano ang iyong ginagawa, sa biyaya ng Diyos na tumutulong sa iyo! Maaaring kakailanganin mo rin ang tulong ng iba.**

## *BUOD*

**Mga hakbang sa Hukay:**
**(at mga nag-aambag na kadahilanan)**

* **Ang Sugatang Espiritu –** isang pinsala, tinanggihan, o malubhang kabiguan

* **Pagmamatigas ng Puso –** maling kaaliwan. Inaalagaan nito ang sakit at inaayawan ang biyaya.

* **Hindi Pagpapatawad –** paghahangad na parusahan ang nakasakit o ang Diyos; iniingatan ang kasakitan.

* **Maling mga Inaasahan –** ang puso ay masyadong malapit sa isang bagay na mortal—isang paglabag sa Awit 62:5

* **Kawalan ng Pananaw ng Diyos –** pagkabigong makita ang nakatagong kamay ng pagpapala ng Diyos sa isang kawalang katarungan o kahirapan.

* **Nawawala ang pagpapasalamat –** hindi pagpapasalamat sa Diyos sa at para sa lahat ng sitwasyon—ang pakiramdam na nilalamangan sila.

* **Pagmamataas –** ito ang ugat ng mga alitan at pagpapahirap. Ang sinalungat na pagkaako ay naglalabas ng maraming iba pang "mga katas" (i. e. masasamang mga hilig).

* **Paghihimagsik –** paglalabas ng lahat ng hinanakit, pagbabalik sa kasalanan at pagpapakababa; isang "Wala na akong pakialam" na saloobin.

* **Sumbat ng Budhi –** pagkawala ng pagpapahalaga at paggalang sa sarili mula sa kahiya-hiyang pamumuhay.

* **Desperasyon –** lahat ng kapayapaan, kagalakan, at pakiramdam ng pag-asa ay nawala; kawalan ng kakayahan na makayanan ang pinahihirapan at litong isipan.

* **Mga pagsisinungaling ni Satanas -** "Walang pag-asa; Ano pa ang magagawa, Tapusin na lang ang lahat nang ito"

* **Pagpapakamatay –** pagkawasak ng sarili

Sa pamamagitan ng Kanyang katotohanan, ibubunyag at ilalantad ng Panginoon ang pagbabalatkayo ng hukay ni Satanas.

## *MAHALAGANG MGA GABAY UPANG TULUNGAN TAYONG MANATILING MALAYO SA MGA HUKAY*

### Pag-akyat palayo sa mga hukay at pananatiling nakalayo

PARA SA KALAYAAN MULA SA SARILI:

**Magtaglay ng isang pusong naglilingkod.** Unahin muna ang iba. Magbigay-tuon sa kanilang mga pangangailangan, hindi ang sa iyo, Hangarin ang kalooban ng Diyos, hindi sa iyong sarili.

**Alisin ang lahat ng awa sa sarili. —** (Ang "kawawa ako" na karamdaman) *Bawat isa* ay may mga pakikipagbaka at mga kabiguan (1 Cor.10:13).

**Huwag kailanman pagmamatigasin ang iyong puso.** Ito ay maling kaaliwan at isang maling mekanismo ng pagdedepensa. Manangan sa biyaya para sa mga kapinsalaan.

**Lubusang patawarin at palayain ang lahat ng nagkasala sa iyo.** Alisin ang iyong hangarin na parusahan ang mga nagkasala sa iyo. Ang Diyos ang magbibigay katuwiran.

**Huwag mong ipaghiganti ang iyong sarili.** Lalo ka lamang pinatitigas nito. Ang pagsasanay sa lumang pagkatao ay pinalalakas ito (Kaw.24:29).

**Alisin ang lahat ng pagkakasala; tigilan na ang paninisi sa iba.** Ang Diyos ang iintindi sa mga nagkasala, panatilihin mo lamang na tama ang iyong sariling mga saloobin.

**Ugaliing mag-isip ng mga mahahabaging kaisipan.** Ugaliing maging magiliw. Ang mga salita at pagkilos ay nabubuo sa ating isipan.

**Ipanalangin ang mga nagkasala.** Magsalita ng isang bagay na mabuti tungkol sa kanila (Lu. 6:28). Huwag ulit-ulitin ang mga pagkakasala.

**Magkaroon ng pananaw ng Diyos sa lahat ng bagay.** Pagtantuhin na ang mga kawalan ng katarungan ay inordina ng Diyos upang ikaw ay itaas at pagpalain.

**Ipaghihiganti ka ng Diyos sa malao't madali.** Dadalhin ng Diyos ang lahat sa liwanag sa araw ng paghuhukom. (Mang.12:14).

**Tandaan na si Jesus ay nagdusa rin sa mga kawalang-katarungan.** Hindi tayo nakahihigit sa Kanya. (Jn.15:20).

**Maalis mula sa "Hindi ito patas!"** Tanggapin ang lahat ng ipinadadala ng Diyos bilang higit pa sa makatarungan at dinisenyo para sa ating kapakinabangan.

**Isuko ang mga karapatan at sariling-kalooban.** Ang galit at ang alitan ay titigil kapag inihandog natin ang ating mga karapatan sa Diyos.

**Gawin ang gintong kautusan.** (Mt. 7:12). Ituring ang mga tao sa paraang gusto mong pakitunguhan ka nila.

**Pahintulutan ang Diyos na harapin ang kahambugan.** Ang pagmamataas ang pinagmumulan ng karamihan sa mga alitan at kaguluhan ng kalooban.  Ang kapakumbabaan ay kapayapaan!

**Magkaroon ng tamang mga inaasahan.** Tiyakin na ang iyong mga pagmamahal at mga inaasahan ay *hindi* nakatuon sa mga bagay na mortal.

**Huwag maghambing.** Ang sama ng loob ang nagiging bunga kapag inihahambing natin ang ating mga sarili sa iba at umasa ng pagkakapantay-pantay.

**Maging mapagpasalamat.** Hindi tayo karapat-dapat sa isang bagay na mas mabuti. Ni hindi tayo karapat-dapat sa kung anuman ang mayroon tayo. (Eph. 5:20).

**Huwag humingi ng pantay na karapatan.** Ang "mahirap sa espiritu" (Mt. 5:3) ay hindi humihingi ng pantay na karapatan, ngunit ginagawa ito ng mga panginoon.

**Maging kuntento.** Masiyahan sa kamangha-manghang presensiya ng Diyos. Ang Kanyang presensiya ay nagdudulot ng kapuspusan ng kagalakan (Aw. 16:11).

**Magkaroon ng Katuparan.** Ang pagkatupad ay ang paggawa ng kung para saan tayo nilikha—ang magdala ng kaluguran sa ating Tagapaglikha (Pah. 4:11).

**Magkaroon ng tamang mga motibo.** Hangarin lamang ang kung ano ang nais ng Diyos na magkaroon ka o magdudulot ka ng kalungkutan sa iyong sarili at sa lahat ng tao sa iyong paligid (1 Ha.1:5, Gawa 20:30).

**Huwag maging perpeksiyonista.** Kayanin na abutin ang mga hangarin at opinyon ng iba. Mahirap pakisamahan ang mga perpeksiyonista.

**Hanapin ang lubos na binagong isipan.** Tingnan ang lahat (mga kalagayan, ang iyong sarili, at iba pa) mula sa pananaw ng Diyos

Punuin ang iyong sarili ng Salita ng Diyos—Ang Kanyang Katotohanan ang magpapalaya sa iyo mula sa bawat pagkaalipin (Jn. 8:32).

**Panatilihin ang isang buhay na pananampalataya at isang positibong paghahayag.** (Pah.12:11). Si Satanas ay nadaig sa pamamagitan ng salita ng ating patotoo. Si Satanas ay napapalakas sa tuwing hinahayag natin kung ano ang kanyang sinasabi. Sa Diyos lamang sumang-ayon. Maaari nating pag-usapan ang ating sarili sa pagkatalo at pagkabuwag mula sa kiling ng pag-iingat ng Diyos sa pamamagitan ng paghahayag ng mga kasinungalingan ni Satanas— "Hindi ko kaya ito, napakahirap nito, ano pa ang saysay, hindi na ako magiging masaya muli." *Huwag bigyan si Satanas ng anumang kapangyarihan* (Mang. 10:8).

**Huwag mabuhay sa nakaraan.** Kalimutan na ang mga nagdaang kabiguan at panghihinayang— ang mga "ano kaya kung" at "kung sana" (Fil. 3:13, Heb. 9:25).

**Itigil na ang pag-aalala.** Ang *pag-aalala* ay nagiging sanhi ng lubhang pagkapagod at pagkabagsak higit pa sa labis na pagtatrabaho. Hilingin sa Diyos na kunin ang mga ugat ng kung ano ang nagiging sanhi ng pag-aalala. "Huwag kayong mabalisa sa anumang bagay" (Fil. 4:6).

**Humiling sa Diyos ng mga bagong pangako.** Ang bawat isa ay nangangailangan ng isang progresibo at nagpapatuloy na pangitain, isang bagong bagay na muling aasahan. Kahit man din si Jesus ay tumingin sa kabila ng Kanyang kasalukuyang kalagayan at nakapagtiis dahil sa kung ano ang itinakda sa Kanyang harapan (Heb.12:2).

**Sumunod; Tumugon sa anumang bagong liwanag na ibinibigay ng Diyos sa iyo.** (1 Ped.1:22). Ito ang susi sa paglago. Sa tuwing tayo ay sumusunod sa Diyos at tumutugon sa kung ano ang sinasabi Niya sa atin, tayo ay nababago. Ang paglago at ang tunay na gabay ay tumitigil kapag nagsabi tayo ng HINDI sa Diyos, o binabalewala natin kung ano ang Kanyang sinasabi.

**Baguhin ang iyong pakikipag-usap** (Aw. 50:23). Maaaring hindi tayo maililigtas mula sa ating mga pagsubok o mahirap na kinalalagyan hanggang sa ang ating pakikipag-usap ay hindi nababago. Si Job ay hindi napalaya hanggang sa tumigil siya sa pamumuna at panlalait (Job 42:1-12).

**Maging handa na dumaan sa apoy.** Ang mga nagniningas na mga pagsubok ay para sa layuning harapin ang mga problema sa ating mga buhay na hindi nakalulugod sa Diyos, at upang alisin din ang mga bagay na nagnanakaw sa atin ng kagalakan at kapayapaan. Ang tatlong kaibigan ni Daniel ay itinapon sa nagniningas na pugon, ngunit ang tanging bagay na nilamon ng apoy ay ang kanilang mga *pagkagapos* (Dan. 3:21-28).

**Maging bukas sa pagbabago.** Huwag makuntentong manatili sa iyong mga nakagawian sa buhay. Pahintulutan ang Diyos na palawakin at baguhin ang iyong isipan. Kailanman ay hindi tayo mababago hangga't ang ating mga *isipan* ay hindi nababago! Ang Diyos ay may napakaraming bago, sariwang mga karanasan sa hinaharap. Magpatuloy sa tulin ng paglakad!

**Mapuno ng Espiritu.** Ang bunga ng Espiritu na (kagalakan, kapayapaan atbp.) ay mahalaga para sa mabuting mental, emosyonal, at espirituwal na kalusugan. Sikaping mapuspos ng Banal na Espiritu at ng Kanyang banal na bunga. Hilingin sa Diyos na tulungan kang huwag tanggihan ang mga pagpapahayag ng Espiritu. Ang mga pagkilos ng Espiritu (pagkakagalak, pagpapalakpak ng kamay, atbp.) ay nagdadala ng kalayaan mula sa mga espirituwal na pagkagapos, at pupuspos sa iyo ng kalagalakan. Ito ang pinakatanging bagay na ating kailangan para sa espirituwal at emosyonal na kalusugan.

**Humingi ng karanasan sa Roma 6:6.** Ito ay ang "patay sa kasalanan" na karanasan. Hindi lamang binayaran ni Cristo ang ating mga kasalanan, Siya rin ay gumawa ng probisyon para sa ating *makasalanang kalikasan*. Sa krus ay binayaran Niya ang lahat ng ating kailangan upang maging buo, kasama na ang kakayahang mapagtagumpayan ang kasalanan. Bagaman binayaran na ni Cristo ang lahat ng ating kailangan (Efe. 1:3), kailangan nating lumakad kasama Niya upang makamit sila. Dadalhin tayo ng Diyos sa karanasan ng "patay sa kasalanan" habang patuloy tayong nagugutom at nauuhaw para sa katuwiran.

**Baliktarin ang mga maling pagtugon.** Kung ikaw ay nasa hukay dahil sa mga maling pagtugon, maaari kang umakyat palabas sa pamamagitan ng paggawa ng mga tama. Ang isang nagpapalayang lingkod o

lingkod ng Diyos ay hindi madalas na nagpapatong ng kamay sa isang tao at sasabihing, “Maging ganap ka ng malaya mula sa hukay.” Ang panalangin at ang kapangyarihan ng Diyos ay maaaring kinakailangan sa simula upang ang isang bihag ay makapagpatuloy sa tamang direksyon, ngunit napakabihirang siya ay magiging ganap na napalaya maliban na lamang kung siya ay gumagawa ng tamang mga paghakbang *sa kanyang sarili* patungo sa kanyang kalayaan.

Kahit na kapag ang pintuan ng isang bilangguan ay nasusian na at binuksan, ang bilanggo ay kinakailangan pa ring lumakad palabas upang siya ay makalaya. Minsan kahit na ang tarangkahan ay bukas na pinipili pa rin ng mga tao na manatili sa kanilang bilangguan. Ito ay totoo sa mga bihag na Judio sa Babilonia. Sa pagkakasakop sa Babilonia, binuksan ng Persianong hari na si Cyrus ang dalawang pintuang-daan at sinabi sa mga bihag na Judio na malaya na silang umuwi (2 Cro. 36:22-23). Iilan lamang ang tumugon sa nakalaang kalayaan. Maraming iba pa ang nanatili sa Babilonia, komportable sa kanilang pagkaalipin. Sa mga propesiya, inutusan ni Isaias ang mga bihag na “*Magpagpag ka ng alabok, ikaw ay bumangon* O bihag na anak na babae ng Zion” (Isa. 52:1-2). Ginawa ng Diyos ang Kanyang bahagi, ngunit kailangan ding gawin ng tao ang kanyang bahagi.

Ilang taon na ang nakalipas, may nakita akong isang dokumentaryo tungkol sa mga lobo. Ang isang inang lobo ay may isang maliit na grupo ng mga tuta na itinago sa isang maliit na kulangan sa loob ng apat na taon. Sila ay ipinanganak na bihag at kailanman ay hindi nakapunta kahit saan sa labas ng pagkakakulong sa may sampung sukat na hawla. Isang araw ay binuksan ng mananaliksik ang pintuan ng hawla. Kapansin-pansin na ang mga lobo ay natatakot na lumabas. Bawat araw ay dahan-dahan silang humahakbang palabas sa seguridad ng kanilang hawla kung saan sila namuhay ng buong buhay nila. Kalaunan ay nagkaroon na sila ng kumpiyansa at ang kanilang isipan ay sapat na muling naprograma upang mabuhay ng isang normal na pamumuhay. Kinailangan ang maraming mga bagong paghakbang upang makamit ang kalayaang ito at buhay na normal. Ang mga lobo ay maaaring manatili sa hawlang iyon sa buong buhay nila kahit malawak nang nakabukas ang tarangkahan.

Ang pagkakatulad na ito ay totoo rin para sa tao. Kahit nakabukas na ang pintuan ng bilangguan, kinakailangan ng taong humakbang ng marami palabas upang makakuha ng panibagong oryentasyon sa isang normal na buhay.  Tandaan, bawat hakbang ng Israel patungo sa Babilonia (pagkalito) bilang mga bihag, ay kailangan nilang ihakbang muli upang makabalik sa kanilang tahanan. At sa bawat hakbang ng isang tao pababa sa isang hukay ay kailangang mabawi nang may pagsisikap sa pamamagitan ng pag-akyat pataas upang makalabas rito. Kinakailangan ang *pagsisikap* at *pagnanais* upang makalabas sa isang hukay.

Isang babae ang pumunta sa kanyang Pastor para sa ilang panahon ng pagpapayo. Sinabi ng babae sa Pastor, “Pastor, nais ko sanang magkaroon ng ilang sesyon ng pagpapayo sa inyo isang oras kada linggo.” Ang makadiyos na Pastor ay tumingin sa kanya at sinabing, “Hindi maaari kapatid.” “Ngunit bakit hindi Pastor?” sagot ng naguguluhang babae. “Dahil uulit-ulitin mo lang ang parehong mga isyu sa akin, at bibigyan lang din kita ng parehong mga sagot.” Ganito ang nangyayari sa karamihan sa mga sesyon ng pagpapayo. At pagkatapos ay pinayuhan niya ang babae, na sinabing, “Malibang makatagpo mo muna mismo sa iyong sarili ang Diyos, walang magbabago.” Ito ang punto—Hindi natin maaaring asahan ang pastor o ebanghelista na palayain tayo mula sa ating mga pagkagapos. Kailangan nating humakbang sa ating sarili tungo sa kalayaan, o mananatili tayo sa ating mga bilangguan.

Upang makatanggap ng kalayaan mula sa ating mga pagkagapos ay kakailanganin nang maraming pagsisikap, panalangin, at maraming hakbang ng pagsunod. Upang ang punto ay matulungang isalarawan, ito ay katulad ng mga sukatan o timbangan.  Sa isang bahagi ay ang mabigat na pasanin, at tayo ang nasa

mas magaan na bahagi. Sa tuwing nananalangin tayo at sumusunod kung ano ang sinasabi ng Diyos sa atin na gawin, tayo ay naglalagay ng kaunting bigat sa magaang bahagi. Madalas ito ay tulad ng tila walang nangyayari, ngunit sa bawat pagkakataon tayo ay nagdaragdag ng isang maliit na bigat sa ating bahagi. Habang patuloy tayong nagiging tapat sa paghanap sa Diyos at hindi sumusuko, darating ang araw na ang balanse ay babagsak sa ating bahagi. Magkakaroon tayo ng kapangyarihan laban sa pagkaalipin. Kaya, huwag sumuko! (Lucas 18:1-8). Iniuutos sa atin ni Pablo na "*Makipaglaban* sa mabuting pakikipaglaban ng pananampalataya" (1 Tim. 6:12, 2 Tim. 4:7). Kung uupo lamang tayo at walang gagawin, mamamatay tayo sa ating mga tanikala. Laban, laban, laban, at huwag sumuko!

**"Magpagpag ka ng alabok, ikaw ay bumangon, O bihag na Jerusalem. Kalagin mo ang tali sa iyong leeg, O bihag na anak na babae ng Zion"**

**(Isaias 52:2)**

# *ANG PANGANGAILANGAN PARA SA BIYAYA AT ANG ESPIRITU NG PAGSISISI*

## KONKLUSYON

Sa mga naunang pahina, ang ating paksa ay ang pagkakaroon ng papapalaya mula sa makasariling buhay at kalayaan mula sa mga pagkagapos at kagawian. Binigyang-diin natin ang kahalagahan ng binagong-isipan, pagbabaliktad sa mga maling estilo ng pamumuhay at pinaparisang mga pagtugon, pagkaalam sa Salita ng Diyos, pagkakaroon ng tamang paghahayag, at maraming, marami pang iba. Ngunit upang magkaroon ng tagumpay, ang lahat nang ito, kahit na talagang kinakailangan, *ay hindi sapat!*

Ang tanggapin ito sa pamamagitan ng pananampalataya, o magkaroon ng kapangyarihan laban sa Diyablo ay madalas na hindi sapat. Ang pagsisikap na sundin ang lahat ng mga tamang hakbang, pagsasanay sa lahat ng mga tamang pamamaraan at pormula, at ang anumang buong lakas na kayang ibigay ng isang lalaki o babae ay hindi sapat. Kahit pa ang pagkakaroon ng pinakamahusay na katuruan mula sa Salita ng Diyos ay hindi kailanman makapagbabago ng isang indibidwal o mapalaya siya mula sa kanyang tanikala malibang ang Diyos ay makapangyarihang magbigay ng Kanyang biyaya. Gusto kong ulitin ito! Walang sinuman ang maaaring magbago mula kanyang pagiging tao, o ang makalaya mula sa kanyang mga bilangguan, mga gawain, mga pagkabagot, mga pagnanasa, mga pag-iisip o mga pagkagapos —maliban kung siya ay tatanggap ng ***biyaya*** mula sa Diyos. At ang Diyos ay nagbibigay lamang ng biyaya sa mga mapagpakumbaba.

*Ang kapangyarihan ng kagustuhan* ay hindi rin sapat! Ang kalayaan mula sa isang problema o pagbabago mula sa pagiging tayo ay manggagaling *lamang* mula sa isang banal na pagbabahagi ng biyaya mula sa Diyos mismo. Walang maaaring paglago, walang pagbabago, walang progreso o pagpapatuloy sa Diyos malibang hipuin Niya tao at makapangyarihang bigyan ng Kanyang biyaya. Sinabi ni Pablo na ang tanging bagay na nagpabago sa kanya ay ang biyaya ng Diyos. Sinabi niya, "Sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, ako ay ako" (1 Cor.15:10, 1 Tim.1:13-14).

*"Magpatuloy tayo"* (Heb. 6:1). Inutusan tayo ni Pablo na maitatag sa mga pang-elementaryang prisipyo ng doktrina, ngunit pagkatapos ay sinabi niya, "*Magpatuloy* tayo sa kasakdalan." Gayunpaman sa Heb. 6:3 ay idinagdag niya, "*Ating gagawin ito, kung ipahihintulot ng Diyos*." (i.e. Kung bibigyan lamang tayo ng Diyos ng Kanyang biyaya.) Samakatuwid, ang ating bahagi ay ang ibaba ang ating mga sarili at makiusap sa Diyos na bigyan tayo ng Kanyang pabor, hilingin sa kanya na makapangyarihang ibahagi sa atin ang Kanyang biyaya. Ang katotohanang ito ay hindi maaaring labis na bigyang-diin. Walang magbabago malibang tanggapin natin ang bagong biyaya mula sa Diyos. Ang biyaya ay nagmumula sa Diyos, habang ipinapakumbaba natin ang ng ating mga sarili sa Kanyang harapan. (San. 4:6, 1 Ped. 5:5-6).

### Ang Espiritu ng Pagsisisi

Ang *Pagsisisi* ay literal na nangangahulugan ng "isang pagbabago ng pag-iisip" na nagiging sanhi sa isang tao na baguhin ang kanyang pamamaraan. Ang pagsisisi ay kaloob ng Diyos. Hindi ito maaaring isuot o pagtrabahuan. Kung ang Diyos ay hindi magbibigay ng espiritu ng pagsisisi at biyaya, ang isang tao ay *hindi* lalambot o magbabago. Ito'y *sa kabutihan ng Diyos lamang* na nadadala ang isang tao sa pagsisisi (Rom. 2:4). Gayunpaman, kailangang sumuko ang tao sa kabutihang ito.

Walang tao ang makalalapit sa Diyos malibang ilapit at palalambutin siya ng Diyos. Hindi maaaring sabihin ng isang tao na, "Ipamumuhay ko ang aking buhay at kapag handa na ako, o kapag ako ay matanda

na at ako ay nasa banig na ng aking kamatayan, ay magsisisi na ako.” Hindi! Maliban kung ang Diyos ang maglalapit, ang tao ay hindi makadudulog. May *mga panahon* kung kailan ang Diyos ay kumakatok sa puso ng isang tao. Kung babalewalain ng tao ang Diyos o tumatangging buksan ang pinto, maaaring ang Diyos ay hindi na babalik muli sa ilang panahon. Kinakailangan ang isang himala ng banal na biyaya at espiritu ng pagsisisi para sa isang tao na maging malambot at bukas na tanggapin ang kaloob ng kaligtasan o anumang iba pang pagpapala ng Diyos ng pagpapalaya. (Pah. 3:20).

**“Inyong hanapin ang PANGINOON habang siya’y matatagpuan, tumawag kayo sa Kanya habang Siya’y malapit.” (Isaias 55:6)**

**“Walang taong makakalapit sa Akin malibang ilapit siya ng Ama na nagsugo sa Akin.” (Juan 6:44, 65)**

**Isang Buhay ng Pagkabasag at Pagsisisi**

Kailangan natin ng isang buhay ng pagkabasag at pagsisisi! Kailangan nating ang kakayahang iyan upang mabasag, upang mabago ang ating mga pag-iisip, upang maging malambot at sumusuko, at upang masabi na— “Mali ako, Patawad!” Ang kakayahang ito ay tinatawag na ang espiritu ng pagsisisi.
Ito ay isang *pagpapahid*, isang biyaya mula sa Diyos. Si Haring David ay may ganitong pagpapahid. Makikita mo itong lumalabas sa mga Awit.

**Isang Halimbawa ng Espiritu ng Pagsisisi**

Ang isang halimbawa ng espiritu ng pagsisisi ay makikita sa Zacarias 12:10 at Jeremias 31:18. Ito ay isang pagpapalambot, isang pagbabasag, isang saloobin ng— “Ano ang nagawa ko? Naging napakamangmang ko! Panginoon, patawad na nasaktan ko Kayo at ang iba pa.” Nais ng Diyos na mamuhay tayo *araw-araw* na may espiritu ng pagsisisi, at patuloy na manangan sa Kanya para sa Kanyang makapangyarihang biyaya.

(Job 27:1-5). Sinabi ni Job na tama siya, na kinuha ng Diyos ang kanyang katarungan, at na hindi magbabago ang kanyang isipan kahit na siya ay mamatay. Talagang nakamamangha kung papaano na maaaring masira ang kalusugan ng isang tao *ngunit hindi nababasag ang kanyang espiritu*. Si Job ay tumigas sa panahon ng kanyang pagsubok at ngayon ay inaakusahan ang Diyos nang pagiging iresponsable. Kailangan ni Job ng isang malambot, nagsisising espiritu. Nakipag-usap mismo ako sa mga Kristiyano na may mga malubhang pagkagapos (at ang ilan ay mamamatay na), na tumangging maging bukas o magbago ng kanilang mga pag-iisip tungkol sa kanilang pamamaraan o mga ideya. Kailangan nila ng espiritu ng pagsisisi, biyaya at pagkabasag.

Ang pagpapalaya ay hindi darating hanggang sa ibaba ng tao ang kanyang sarili at tanggapin ang biyaya mula sa Diyos upang magbago. Ang ilan ay ibinaon na ang kanilang mga sarili nang napakalalim na hindi na nila *hinahangad* pa na magbago…ngunit kaya ng Diyos kahit ang magpanumbalik pa ng hangarin! Kung kailangan mo ng himala sa iyong buhay, hilingin sa Diyos na ipakita saiyo kung ano ang kailangan mong itama sa iyong buhay upang maging handa kang tanggapin ang iyong himala. Ninanais ng Diyos na ikaw ay katagpuin at palayain!

**Narito ang ating konklusyon — Masidhing hanapin ang Diyos para sa Kanyang biyaya at espiritu ng pagsisisi.**